



Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon
Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Boses ipaglalaman!

BUMOTO at manindigan!

Nobyembre 3, 2020,
Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon



Para matiyak na ligtas na magagamit ng mga taga-San Francisco ang kanilang karapatang bumoto sa Nobyembre 3 na eleksyon, magpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga balota sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante sa Oktubre. Siguraduhing maibabalik ninyo ang inyong binotohang balota sa takdang panahon! Tingnan ang pahina 5 para sa karagdagang impormasyon.

Para sa Halimbawang Balota para sa eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari rin ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa [sfelections.org](https://www.sfelections.org).

Mabilisang Gabay para sa Nobyembre 3, 2020 na Eleksyon



Mahahalagang Bagay Tungkol sa Eleksyon

- Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang mga balota sa lahat ng rehistradong botante. Nangangahulugan ito na maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang rehistradong botante sa halip na pumunta sa botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Maaaring makuha ng sinumang rehistradong botante ang kanyang balota sa pamamagitan ng Accessible na Sistemang Vote-by-Mail (Madaling Magamit Na Sistema ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo).
- Ililipat sa lugar na nasa labas ng gusali at nasa harap ng Bill Graham Civic Auditorium ang maagang pagboto sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan).
- Ipatutupad sa lahat ng 588 lugar ng botohan ng Lungsod at sa Sentro ng Botohan ang mga patakaran para sa kalusugan at kaligtasan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pagboto, mangyaring tingnan ang pahina 5 ng pamplet na ito.

Mga Mahahalagang Petsa

Oktubre 5

Umpisa ng maagang pagboto (magsisimulang dumating ang mga balota sa mailbox ng botante, magbubukas ang City Hall Voting Center, at maglalagay ng mga estasyon para sa paghuhulog ng balota sa mga pasukan ng Sentro ng Botohan.)

Oktubre 19

Huling araw ng pagpaparehistro upang makaboto at makatanggap ng balota sa koreo. Matapos ang Oktubre 19, maaari pa ring personal na magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal ang sinumang kuwalipikado na bumoto.

Oktubre 31 – Nobyembre 3

Bukas ang mga karagdagang estasyon para sa paghuhulog ng balota sa mga ilang lokasyon sa Lungsod. Para sa mga lokasyon at oras pumunta sa pahina 6.

ARAW NG ELEKSYON, Martes, Nobyembre 3

Bukas ang lahat ng lugar ng botohan para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail at sa pagboto nang personal mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Dapat mai-postmark bago o sa araw na ito ang mga balotang ibinalik sa pamamagitan ng koreo upang mabilang.

Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan sa Nobyembre 3!

Tumulong sa inyong komunidad at makatanggap ng sahod na hanggang sa \$240 para sa inyong serbisyo. Itatalaga ang bawat manggagawa sa lugar ng botohan sa isa sa 588 na mga lugar ng botohan upang pangasiwaan ang pagboto sa Araw ng Eleksyon. Para mag-apply bilang manggagawa sa lugar ng botohan, bumisita sa sfelections.org/pwa o tumawag sa (415) 554-4310.



Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon — Nobyembre 3, 2020

Pangkalahatang Impormasyon

Mahahalagang Petsa at Bagay Tungkol sa Eleksyon (loob ng harap na pabalat)	
Sulat mula sa Direktor	2
Ang Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante	3
Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)	3
Batas sa mga Karapatan ng Botante	4
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)	4
Tatlong paraan para makaboto	5
Pagboto sa pamamagitan ng koreo	6
Mga estasyon na hulugan ng balota	6
Paano makakukuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	7
Pagboto sa Sentro ng Botohan	7
Pagboto sa lugar ng botohan	8
Pagmamarka sa inyong balota	9
Tungkol sa Ranked-Choice Voting	9
Mga pangunahing kaalaman tungkol sa sistema ng pagboto ng Lungsod	10
Panatiliing napapanahon ang impormasyon sa inyong rehistrasyon bilang botante	10
Impormasyon ukol sa pagkapribado ng inyong rehistrasyon	10
Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)	10
Accessible na pagboto at mga serbisyo	11
Multilingwal na serbisyo para sa mga botante	14
Libreng mga klase sa Ingles	14
Mapa ng Superbisoryal na mga Distrito ng San Francisco	15
Mga Madalas Itanong (FAQs)	16
Talatuntunan	110
Worksheet ng Balota	112
Maging poll worker (manggagawa sa lugar ng botohan) (loob ng harap na pabalat)	
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Website ng Departamento ng mga Eleksyon (likod na pabalat)	
Address ng inyong lugar ng botohan (likod na pabalat)	

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Impormasyon tungkol sa kandidato at katungkulan	18
Mga pag-endoso ng partido	18
Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos	20
Mga Kandidato para sa Senador ng Estado	21
Kandidato para sa Asembleya ng Estado	22
Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (kung naaangkop)	24
Mga Kandidato para sa Direktor ng BART (kung naaangkop)	39
Mga Kandidato para sa Board of Education	42
Mga Kandidato para sa Community College Board	47

Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas na nasa balota at mga argumento	53
Pangkalahatang buod ng utang ng San Francisco	54
Mga salitang dapat ninyong malaman	56
A Bond para sa Kalusugan at Kawalan ng Tahanan, mga Parke at Kalye	60
B Department of Sanitation and Streets, Sanitation and Streets Commission, at Public Works Commission	64
C Pagtatanggal ng Itinatakdang Pagiging Mamamayan para sa mga Miyembro ng mga Lupon ng Lungsod	68
D Pangangasiwa ng Sheriff	70
E Pag-eempleyo sa Pulisya	74
F Lubusang Pagbabago sa Business Tax	78
G Pagboto ng Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon	83
H Neighborhood Commercial Districts at Pagbibigay ng Permits ng Lungsod	86
I Real Estate Transfer Tax	90
J Parcel Tax para sa San Francisco Unified School District	94
K Awtorisasyon para sa Abot-kayang Pabahay	98
L Business Tax na Nakabatay sa Paghahambing ng Suweldo ng Pinakamatataas na Executive sa Suweldo ng mga Empleyado	102
RR Buwis sa Pagbebenta ng Caltrain	106

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco,

Setyembre 10, 2020

Sa pamamagitan ng napakalaking tulong mula sa ating Mayor, sa Administrador ng Lungsod, sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at sa maraming ahensiya ng Lungsod, nagsagawa na ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng maraming hakbang upang matiyak na ligtas kayong makaboboto sa Nobyembre 3, 2020, na Consolidated General Election (Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon).

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Para sa nalalapit na eleksyon, awtomatikong makatanggap ang lahat ng rehistradong botante ng balota sa pamamagitan ng koreo. Matapos ang huling araw ng pagpaparehistro na Oktubre 19, at sa kabuuan ng Araw ng Eleksyon, puwede pa ring magparehistro ang mga tao upang makaboto, pero kailangan na nilang gawin ito nang personal sa Voting Center (Sentro ng Botohan) o sa lugar ng botohan.

Pinahihintulutan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ang mga botante na markahan ang kani-kanilang balota sa bahay, at nang maiwasan ang pagbibiyahé sa kung saan upang personal na makaboto. Para makaboto sa pamamagitan ng koreo, punan ang mga oval na katabi ng mga kandidato at panukalang-batas, ilagay ang inyong ballot card sa pambalik na sobre na bayad na ang selyo, pirmahan ang sobre, at ipadala ang balota sa pamamagitan ng koreo sa Departamento. Puwede rin ninyong dalhin ang inyong balota sa lugar ng botohan o sa estasyon na hulugan ng balota.

Pagsasauli ng Inyong Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Ang paggamit sa United States Postal Service (Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos, USPS) ang pinakakaraniwang paraan ng pagsasauli ng nabotohan nang balota. Kapag inihulog ninyo ang sobre ng balota sa asul na kahon ng USPS, o sa letterbox (kahon para sa mga sulat), tiyaking matitingnan ninyo ang petsa at oras na kokolektahin ng USPS ang inyong balota. Ito ay dahil iyong lamang mga balota na nasa pambalik na sobre na may marka ng koreo sa petsa ng Araw ng Eleksyon, o bago nito ang bibilangin ng Departamento. Maaari ninyong mahanap ang lokasyon ng mga kahon ng USPS at ang mga oras ng pagpipick-up sa usps.com/locator.

Ang susunod na pinakakaraniwang paraan ng pagsasauli sa balota ay ang paghuhulog ng mga ito sa alinman sa 588 lugar ng botohan sa komunidad, na bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Naka-imprenta ang lokasyon ng lugar ng inyong botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito. Puwede ninyong isaui ang inyong balota nang hindi pumapasok sa lugar ng botohan dahil magkakaloob ang mga manggagawa ng eleksyon ng mga kahon ng balota sa pasukan ng bawat lugar ng botohan.

Simula sa Oktubre 5, maaari nang dalhin ng mga botante ang kanilang binotohang balota sa lugar ng hulugan na matatagpuan sa Civic Center Plaza. Simula Oktubre 31, magkakaloob na ang Departamento ng tatlong karagdagan lugar na itatalaga bilang estasyon na hulugan: Chase Center, Bayview Linda Brooks-Burton Branch Library, at Excelsior Branch Library.

Pagsabaybay sa Katayuan ng Inyong Balota

Maaaring masubaybayan ng mga botante ang kanilang mga balota, habang sumasailalim ang mga ito sa mga hakbang ng pagtitipon, paghahatid, pagpoproseso, at pagbibilang sa sfelections.org/voterportal. Puwede ring mag-sign up ang mga botante upang makatanggap ng abiso sa email, text, o voice message ukol sa katayuan ng kanilang balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Pagboto nang Personal

Tulad ng nakaraang mga eleksyon, mag-oorganisa ang Departamento ng 588 lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon para sa pagboto nang personal. Sa Oktubre 5, bubuksan din ng Departamento ang Sentro ng Botohan nito, na puwedeng magamit ng lahat ng botante ng Lungsod.

Itatayo ang Sentro ng Botohan sa labas ng gusali sa harapan ng Bill Graham Civic Auditorium sa 99 Grove Street. Bukas ang Sentro ng Botohan araw-araw mula Lunes hanggang Biyernes (maliban na lamang sa Oktubre 12), 8 a.m.–5 p.m., simula Oktubre 5 at hanggang Nobyembre 2, na dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, 10 a.m.–4 p.m., at Nobyembre 3 (Araw ng Eleksyon), 7 a.m.–8 p.m. Paglilingkuran ng lugar na ito ang lahat ng residente ng Lungsod—kasama na ang hindi mamamayan na kuwalipikadong bumoto sa labanan para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)—at gustong bumoto nang personal, ihulog ang kanilang balota, gumamit ng nagbibigay ng akses na kagamitan sa pagboto, o matapos ang huling araw ng pagpaparehistro sa Oktubre 19, gustong probisyonal na magparehistro at bumoto.

Sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang 588 lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at para sa mga serbisyo sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Kung magdedesisyon kayong bumoto nang personal, pakitandaan na magsuot ng pantakip sa mukha.

Mga Dapat Sundin para sa Kalusugan at Kaligtasan

Nagpapatupad na ang Departamento, nang ayon sa gabay ng Department of Public Health (Departamento ng Pamublikong Kalusugan), ng mga alituntunin para sa kalusugan at kaligtasan sa lahat ng lugar kung saan maaaring bumoto nang personal at lugar para sa paghuhulog ng balota. Itatayo ang mga lugar ng botohan upang mapahintulutan ang paglalayo-layo o social distancing, at regular na lilisin at didisimpektahin ng mga manggagawa sa lugar ng botohan ang mga gamit sa pagboto, kagamitan, at mga madalas hawakang lugar. Mag-aalok ang mga lugar ng botohan ng face mask, hand sanitizer, at guwantes sa lahat ng botante, at magpapakil ng mga abisong nasa iba't ibang wika upang maipalala sa mga botante ang pagsunod sa mga gabay sa kalusugan at kaligtasan.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Departamento, sa (415) 554-4310, mag-email sa sfvote@sfgov.org, o bisitahin ang sfelections.org.

Gumagalang,
John Arntz, Direktor



Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Ayon sa batas, kailangang bigyan ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang bawat botante nitong *Voter Information Pamphlet* (VIP, o Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco) bago ang bawat eleksyon.

Kasama sa VIP sa Filipino ang impormasyon tungkol sa pagboto, mga kandidatong tumatakbo para sa pang-lokal at ilang pang-estado at pampederal na mga katungkulan, at mga lokal na panukalang-batas.

Upang i-download ang VIP sa Filipino na nasa format na PDF, HTML at XML, pakipuntahan ang sfelection.org/vip.

Upang hilingin ang VIP na malaki ang pagkaka-imprenta, pakikontak ang (415) 554-4310.

Ang Gabay na Impormasyon para sa Botante ng California

Binibigay ng Kalihim ng Estado ng California (California Secretary of State) ang *Voter Information Guide* (VIG, o Gabay na Impormasyon para sa Botante), na may impormasyon tungkol sa mga kandidato sa ilang pang-estado o pampederal na katungkulan at mga pang-estadong panukalang-batas sa balota. Maaari ninyong makuha ang VIG sa sos.ca.gov.

Kung nais ninyong hindi na makatanggap ng mga papel na gabay sa koreo at sa halip ay matanggap na lamang ang mga ito sa pamamagitan ng email, maaari kayong tumanggi sa mga pagpapadala sa sfelections.org/voterportal.

Ang Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Bago sumapit ang bawat eleksyon, nagtatrabaho ang Komite para Gawing mas Simple ang Balota (BSC) sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbubuod sa simpleng salita ng bawat lokal na panukalang-batas sa balota. Tumutulong din ang BSC sa paghahanda ng “Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman” (Words You Need to Know) at ang “Mga Madalas Itanong” (Frequently Asked Questions, FAQs) na mga seksiyon ng VIP.

Ang mga miyembro ng BSC ay mga boluntaryo na nanggaling sa iba’t ibang karanasan, kasama na ang pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Ang mga kasalukuyang miyembro ng BSC ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo

Nominado ng:

*National Academy of Television Arts and Sciences
(Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng
Telebisyon)*

Lauren Girardin

Nominado ng:

*League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang
Botante)*

Scott Patterson

Nominado ng:

*National Academy of Television Arts and Sciences
(Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng
Telebisyon)*

Michele Anderson

Nominado ng:

*Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga
Manggagawa sa Media sa Pacific)*

Jenica Maldonado, *ex officio**

Deputy City Attorney (Katuwang na Abugado ng Lungsod)

Andrew Shen, *ex-officio**

Deputy City Attorney (Katuwang na Abugado ng Lungsod)

**Ayon sa batas, ang City Attorney (Abugado ng Lungsod),
o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot*

*Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga
pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.*



Batas sa mga Karapatan Ng Botante

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi nakabilanggo o parolado para sa isang peloni
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isang bagong balota; o
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan; o
 - Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota,** kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan sa California.**
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - Sa mail sa elections@sos.ca.gov

Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at sa pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pampederal, pang-estado, pandistrito at pang-munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Naatasan ang Komisyon sa pagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon, at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento na sinasaklaw ng mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya. Ang kasulukyang mga miyembro ng Komisyon para sa mga Eleksyon ay sina:

Viva Mogi, Presidente
itinalaga ng District Attorney

Bakante
itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Lucy Bernholz
itinalaga ng Tesorero

Roger Donaldson
itinalaga ng City Attorney

Christopher Jerdonek
itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Charles Jung
itinalaga ng Mayor (Punong-bayan)

Jill Rowe
itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)



May Tatlong Paraan para Makaboto ang mga Botante sa San Francisco


1. Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan at mahikayat ang pagboto sa pamamagitan ng koreo, lahat ng rehistradong botante sa California ay makatatanggap ng balota sa koreo para sa Nobyembre 3, 2020 na eleksyon. Sa Oktubre, padadalhan kayo ng pakete ng balotang vote-by-mail, na may kasamang opisyal na balota, nakalakip na instruksiyon, pambalik na sobre na bayad na ang selyo, at “Bumoto Ako!” na sticker. Tingnan ang pahina 6 para sa karagdagang impormasyon.



2. Bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Mag-aalok ang Sentro ng Botohan sa City Hall ng mga serbisyo para sa pagpaparehistro at pagboto mula Oktubre 5 hanggang sa magsara ang botohan ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3. Sa pagsisikap na maprotektahan ang pampublikong kalusugan, itatayo ang Sentro ng Botohan ng City Hall sa harap ng Bill Graham Civic Auditorium sa 99 Grove Street, na nasa pagitan ng mga kalye ng Polk at Larkin. Tingnan ang pahina 7 para sa karagdagang impormasyon.



3. Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan

Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3, magbubukas ang 588 na lugar ng botohan sa Lungsod para sa mga serbisyo sa pagboto nang personal at paghulog ng balota mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Sa pagitan ng Marso 2020 at Nobyembre 2020 na eleksyon, nilipat ng Departamento ng mga Eleksyon ang lokasyon ng humigit-kumulang sa 150 lugar ng botohan upang mapanatili ang sapat na espasyo sa pagboto at mapangalagaan ang pampublikong kalusugan. Nakaimprenta sa likod na pabalat ng pamplet na ito ang impormasyon tungkol sa inyong kasalukuyang nakatalagang lugar ng botohan.

Pinagtibay ng Departamento ng mga Eleksyon ang ilang bagong alituntunin ukol sa kalusugan at kaligtasan sa lahat ng mga lugar ng botohan. Tingnan ang pahina 8 para sa karagdagang impormasyon.



Paunawa: Kung napagpasyahan ninyong bumoto nang personal sa darating na eleksyon, mangyaring tandaan na magsuot ng pantakip sa mukha o face mask upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko. Maaari din ninyong pabilisin at gawing mas ligtas ang inyong pagboto sa pamamagitan ng paggamit ng *Tool para sa Lokasyon ng mga Botohan at Oras ng Paghihintay sa sfelections.org/myvotinglocation* upang i-check ang mga oras ng paghihintay sa Sentro ng Botohan sa City Hall at mga lugar ng botohan.



Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Inaatasan ng bagong batas ng estado ang mga opisyal ng eleksyon ng California na magpadala sa koreo ng mga balota sa lahat ng rehistradong botante sa darating na eleksyon.

Matatanggap ninyo ang inyong pakete ng balotang vote-by-mail sa Oktubre. Maglalaman ito ng opisyal na balota, nakalakip na instruksiyon, pambalik na sobre na bayad na ang selyo, at “Bumoto Ako!” na sticker.

Pinahihintulutan ng bagong batas ng estado na gumamit ng remote accessible na sistemang vote-by-mail ang lahat ng botante. Nagpapahintulot ang sistemang AVBM sa mga botante na markahan ang mga balotang nababasa sa screen at akma ito sa mga personal na aparatong may teknolohiyang nakatutulong, tulad ng screen reader, head-pointer at sip-and-puff. Simula Oktubre 5, maaari nang ma-access ng mga botante ang sistemang AVBM sa sfelections.org/access.

Tatlong Madaling Hakbang Upang Makaboto sa Pamamagitan ng Koreo

Kung boboto kayo sa regular na paraan gamit ang balotang vote-by-mail o sa pamamagitan ng accessible na sistemang vote-by-mail, ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay mayroong tatlong pangunahing hakbang: 1) pagmamarka ng inyong balota, 2) paghahanda sa inyong pambalik na sobre, at 3) pagbabalik ng inyong sobre sa takdang panahon.

	Regular na Vote-by-Mail (VBM)	Accessible na Vote-by-Mail (AVBM)
Hakbang 1: Markahan ang inyong balota	Punan ang mga oval sa tabi ng inyong mga napili gamit ang matinkad na asul o itim na panulat, alinsunod sa mga instruksiyong naka-imprenta sa bawat kard ng balota. Huwag magsulat ng anupaman sa inyong balota.	Markahan, suriin, at i-print ang inyong balota alinsunod sa mga instruksiyon para sa AVBM na nasa screen ng inyong aparato. Huwag magsulat ng anupaman sa inyong balota.
Hakbang 2: Ihanda ang inyong sobre	Kompletuhin at pirmahan ang inyong pambalik na sobre. Alisin ang mga resibo mula sa mga kard ng balota, ilagay nang magkakahiwalay ang bawat nakatuping kard sa loob ng pambalik na sobre, at selyuhan ito.	Kompletuhin at pirmahan ang inyong pambalik na sobre. Ilagay ang printout ng balotang AVBM sa loob ng sobre at selyuhan ito.
Hakbang 3: Ibalik ang inyong balota	Ibalik ang inyong balotang vote-by-mail sa lalong madaling panahon!	
	<ul style="list-style-type: none"> Upang ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, siguraduhin na ang sobre ng inyong balota ay mai-postmark bago o sa Nobyembre 3. Bayad na ang selyo ng sobre kaya’t hindi na ninyo kailangan ng selyo kung ipapadala ito sa loob ng Estados Unidos. Upang ibalik ang inyong balota nang personal, dalhin ang inyong sobre sa alinmang drop-off station o estasyon na hulugan ng balota o saanmang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon. 	

Bukas ang mga estasyon na hulugan ng balota sa mga sumusunod na oras:

Bill Graham Civic Auditorium, 99 Grove Street

Lunes–Biyernes, Oktubre 5–Nobyembre 2, 8 a.m.–5 p.m.

Sabado at Linggo, Oktubre 24–25 at Oktubre 31–Nobyembre 1, 10 a.m.–4 p.m.

Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3, 7 a.m.–8 p.m.

Bayview/Linda Brooks-Burton Library, 5075 3rd Street

Chase Center, 1655 3rd Street

Excelsior Branch Library, 4400 Mission Street

Sabado at Linggo, Oktubre 31–Nobyembre 1, 10 a.m.–4 p.m.

Lunes, Nobyembre 2, 8 a.m.–5 p.m.

Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3, 7 a.m.–8 p.m.





Mga Tip para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Suriin at sundang maigi ang instruksiyon na naka-imprenta sa bawat card ng balota. Matapos markahan ang inyong balota, i-check muli kung kayo ay nagkamali tulad ng hindi ninyo buong napunan ang oval ng inyong napili, nasobrahan ang inyong napili sa isang labanan, o nakagawa kayo ng mga hindi sinasadyang pagmamarka. Kung nagkamali kayo, maaari kayong humiling ng pamalit na balota.

Pirmahan ang inyong pambalik na sobre. Kung hindi ninyo napirmahan ang sobre o kung ang pirma ninyo sa sobre ay hindi maikumpara sa pirma sa inyong rekord bilang botante, hindi mabibilang ng Departamento ang inyong balota maliban na lang kung magbigay kayo ng karagdagang impormasyon. Kung nagbago na ang inyong pirma, mangyaring muling magparehistro gamit ang inyong bagong pirma.

Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon. Ibalik ang inyong balota nang maaga hangga't maari, ngunit kung plano ninyong ibalik ito sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, inirerekomenda naming dalhin ninyo ito sa alinmang estasyon na hulugan ng balota o saanmang 588 na lugar ng botohan sa Lungsod, na bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Kung ipapadala ninyo sa pamamagitan ng koreo ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon gamit ang asul na USPS box, home letterbox o business maildrop, [i-check ang mga oras ng pagpi-pick-up sa koreo](#). Kung ang huling pick-up ay nangyari na, ang inyong balota ay huli nang mai-popostmark at hindi na ito mabibilang.

Maaari ninyong mahanap ang lokasyon ng mga hulugan ng USPS at oras ng pag-pickup sa usps.com/locator.

Kung nais ninyong malaman ang katayuan ng inyong balota, subaybayan ito sa sfelections.org/voterportal. Ipaalam sa inyo ng ballot tracking system (sistema sa pagsubaybay ng balota) ng San Francisco kung nasaan na ang inyong balota, mula sa pagbubuo hanggang sa paghahatid, beripikasyon, at pagbilang. Maaari din kayong mag-sign up para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa katayuan ng inyong balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Kung kailangan ninyong humiling ng pamalit na balota, pumunta sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa (415) 554-4310. Matapos ang Oktubre 28, kung kailan huli nang makatanggap ng pamalit na balota sa koreo, makipag-ugnayan sa Departamento sa lalong madaling panahon para suriin ang inyong mga opsiyon.

Pagboto sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Upang maprotektahan ang kalusugan ng mga botante na nagnanais na makakuha ng mga serbisyo sa pagboto nang personal sa 29 araw na panahon ng maagang botohan, itatayo sa labas ng Bill Graham Civic Auditorium sa 99 Grove Street, na nasa pagitan ng mga kalye ng Polk at Larkin, ang Sentro ng Botohan sa City Hall.

Ang panlabas na Sentro ng Botohan sa City Hall ay magbibigay ng mga serbisyo para sa lahat ng residente ng Lungsod na nagnanais na kunin o ihulog ang kanilang mga balotang vote-by-mail, magparehistro upang makaboto (bago o sa deadline ng rehistrasyon), gumamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong mula sa mga kawani ng eleksyon, kumuha ng mga pamalit na balota, o bumoto nang personal.

Ang Sentro ng Botohan sa City Hall ay bukas:

- Lunes hanggang Biyernes, Oktubre 5–Nobyembre 2, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Sabado at Linggo, Oktubre 24–25 at Oktubre 31–Nobyembre 1, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3 mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.



Pagboto sa Lugar ng Botohan

Magbubukas ang 588 na lugar ng botohan sa San Francisco para sa mga serbisyong pagboto nang personal at paghulog ng mga balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Ang bawat botante sa San Francisco ay may itinakda para sa kanyang partikular na lugar ng botohan base sa kanyang address ng tirahan at distrito na pinagbobotohan.

Naglalaman ang mga balota sa lugar ng botohan ng iba't ibang kombinasyon ng mga labanan at kandidato, dahil ang mga botante na naninirahan sa iba't ibang parte ng lungsod ay nasasakupan ng iba't ibang pinagbobotohang distrito. Kung napagpasyahan ninyong bumoto sa lugar ng botohan na may uri ng balota na iba sa balotang ginagamit sa itinalaga sa inyong lugar ng botohan, dapat ninyong malaman na kailangan ninyong bumoto nang probisyonal at bibilangin lamang ng Departamento ang inyong mga pinagpilian sa mga labanang elihible kayong pagbotohan.

Naka-imprenta sa likod na pabalat ng pamplet na ito ang address ng inyong lugar ng botohan. Maaari din ninyong gamitin ang *Tool para sa Lokasyon ng mga Botohan at Oras ng Paghihintay* sa sfelections.org/myvotinglocation upang kumpirmahin ang address ng inyong lugar ng botohan, kasama na ang uri ng pasilidad (tulad ng paaralan o pampublikong aklatan), kanto ng mga kalsada, impormasyon ukol sa accessibility (tulad ng dalisdis sa pasukan).

Sa dami ng bagay sa balota sa darating na eleksyon, makatutulong ang Worksheet para sa Balota (tingnan ang pahina 112) na padaliin at pabilisin ang pagboto nang personal. Ang worksheet na ito, na naglilista ng bawat labanan at panukalang batas sa buong Lungsod, ay makatutulong sa mga botante na markahan nang maaga ang kanilang mga napili upang sila'y makatipid sa oras at makaiwas sa mga pagkakamali habang minamarkahan ang opisyal na balota.

Mga Magagamit sa Pagboto nang Personal

Magaalok ang lahat ng pasilidad kung saan maaaring makaboto nang personal ng mga bilingwal na balota sa Ingles at Tsino, Espanyol, o Filipino. Mag-aalok naman ang piling mga lugar ng facsimile (pang-reperensiya) na mga balota sa Burmese, Hapon, Koreano, Thai, o Vietnamese. Mayroon ding mga bilingwal na kawani ang karamihan sa mga botohan upang magbigay ng multilingwal na tulong.

Mag-aalok din ang lahat ng pasilidad, kung saan maaaring makaboto nang personal, ng mga accessible na kagamitan sa pagboto, kasangkapan, at personal na tulong, kasama na rin ang mga serbisyo para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail at pagboto sa gilid ng daan.

Maaaring humiling ng pagboto sa gilid ng daan ang sinumang botante sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o pakikiusap sa kasama na pumasok sa botohan upang humiling na ipadala sa botanteng nasa labas ang mga materyales sa pagboto.

Maaaring pakiusapan ng sinumang botante ang isa o dalawang tao na tulungan siyang markahan ang kanyang balota, basta't ang tutulong ay hindi tagapag-empleyo ng botante o kinatawan ng kanyang unyon. Dapat iwasan ng mga tumutulong na gumawa ng mga desisyon para sa botante o ihayag ang mga pinili ng botante.

Kalusugan at Kaligtasan sa Pagboto nang Personal

Bilang pagsunod sa kasalukuyang patnubay mula sa mga panlokal, pang-estado at pampederal na opisyal ng pampublikong kalusugan, pinagtibay ng Departamento ng mga Eleksyon ang ilang bagong alituntunin ukol sa kalusugan at kaligtasan sa lahat ng pasilidad kung saan maaaring makaboto nang personal.

Mag-aalok ang bawat pasilidad ng botohan ng mga pantakip sa mukha o face mask, hand sanitizer o panlinis ng kamay, at guwantes sa lahat ng botante at aayusin ang mga lugar na ito upang mapadali ang social distancing o pagpapanatili ng anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao. Bukod pa rito, isasama sa mga regular na gawain ng lahat ng mga manggagawa sa lugar ng botohan at kawani ng eleksyon ang paglilinis at pagdidisimpekta.

Upang mahikayat ang ligtas na mga pamamaraan sa pagboto, maglalagay ng mga multilingwal na abiso sa labas at loob ng lahat ng pasilidad ng botohan na magpapaalala sa mga botante na sundin ang mahahalagang gabay sa kalusugan, kabilang na ang patungkol sa mga face mask, kalinisan sa kamay, at social distancing.



Pagmamarka sa Inyong Balota

Para sa Lahat ng Uri ng Labanan

1. Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprenta sa bawat kard ng balota.
2. Gumamit ng panulat na itim o matingkad ang asul na tinta.
3. Punan ang oval sa tabi ng inyong pinili para sa labanan o panukalang-batas, gaya ng ipinakikita sa larawan ①.

Para bumoto ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval sa tabi ng espasyong iyon. (Simula Oktubre 23, magkakaroon ng listahan ng mga kandidatong isinusulat-lamang sa sfelections.org/writein at sa lahat ng lokasyon ng botohan na maaaring bumoto nang personal.)

Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, iwan itong blangko. Mabibilang pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukalang-batas.

Huwag magsulat ng personal na impormasyon, gaya ng inyong pangalan, saanmang bahagi ng balota.

Para sa mga Labanan na Ranked-Choice Voting (RCV)

Sa eleksyon, ang mga botante sa Superbisoryal na mga Distritong 1, 3, 5, 7, 9, at 11 ay gagamit ng RCV para maghalal ng mga miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) na kakatawan sa kanilang mga distrito.

Sa mga labanang RCV, nakalista sa mga hanay sa kaliwang bahagi ng grid ang mga pangalan ng kandidato. Makikita ang naka- numerong mga ranggo sa nasa itaas na hanay.

1. Para iranggo ang mga kandidato sa balota, punan ang mga oval mula kaliwa pakanan, gaya ng ipinakikita sa larawan ②.
 - Sa **unang kolum** para sa inyong unang pinili.
 - Sa **ikalawang kolum** para sa inyong **ikalawang pinili**.
 - Sa **ikatlong kolum** para sa inyong **pangatlong pinili**, at iba pa.
2. Maaari kayong magranggo ng gaano man karaming kandidato ayon sa inyong kagustuhan – hanggang sa 10 kandidato. Kung ayaw ninyong iranggo ang ilan sa mga kandidato, iwang blangko ang mga kolum.

Mahahalagang Punto na Dapat Tandaan

Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa isang hanay, gaya ng ipinakikita sa larawan ③. Sa madaling salita, huwag ninyong iranggo ang isang kandidato nang mahigit sa isang beses. Kung niranggo ninyo ang isang kandidato bilang inyong una, ikalawa, ikatlong pinili, at iba pa, para na rin ninyong iniwang blangko ang inyong pangalawang pinili, pangatlong pinili, at iba pa.

Huwag punan ang mahigit sa isang oval ang isang kolum, gaya ng ipinakikita sa larawan ④. Kapag binigyan ninyo ng parehong ranggo ang madaming kandidato, hindi mabibilang ang inyong boto para sa ranggong iyon at sa iba pang susunod na ranggo.

Paano Gumagana ang RCV?





Una, bibilangin ang unang pinili ng lahat.

Kapag may kandidatong nakatanggap ng mayorya ng boto bilang unang-pinili – higit sa kalahati – ang kandidatong iyon ang panalo.

Kapag walang kandidatong nakatanggap ng mayorya, tatanggalin ang kandidatong pinakahuli sa labanan.

Bibilangin ang susunod na pinili ng mga botanteng pumili sa kandidatong natanggal.

Uulitin ang siklong ito hanggang sa may manalo batay sa mayorya.





Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod

Nagsimulang gumamit ang mga botante ng San Francisco ng bagong sistema ng pagboto noong 2019. Maaaring makatulong ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga botanteng gagamit ng sistemang ito sa unang pagkakataon:

1. Upang markahan ang mga balota, pupunan ng mga botante ang mga oval sa tabi ng kanilang mga napili.
2. Magkakaroon ng mga ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota) at accessible na ballot-marking device (aparotong pang-marka ng balota) ang lahat ng lugar ng botohan. Ilan sa mga katangian ng aparotong pang-marka ng balota ay:
 - Audio at touchscreen na format ng mga balota (mayroong headphones at keypad na may nakaumbok na braille)
 - Akma sa mga aparotong nakatutulong tulad ng mga sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga) at head pointer (aparotong pangpindot na nakalagay sa ulo)
 - Seguridad sa lihim na balota at bilangan ng boto. Hindi nag-iimbak ng mga pinaggilian ng mga botante ang mga ballot-marking device; pagkatapos markahan ang balota, kailangang i-print ng mga botante ang kanilang balota at i-scan ito gamit ang ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota).
3. Bago ang bawat eleksyon, sinusuri ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng kagamitan sa pagboto ng Lungsod upang matiyak na ang mga kagamitang ito ay gumagana at nagbibigay ng mga lohikal at tiyak na mga resulta. Bukas sa pampublikong obserbasyon ang pagsusuring ito; sa personal o sa pamamagitan ng livestream sa sfelections.org/observe.
4. Walang anumang bahagi ng sistema ng pagboto ng Lungsod ang kumokonekta sa internet o tumatanggap o nagpapadala ng datos sa pamamagitan ng anumang panlabas na network ng komunikasyon. Sa pagsisikap na makapagbigay ng lubusang transparency (pagiging bukas sa pagsisiyasat), ipinopost ng Departamento ng mga Eleksyon sa website nito ang mga imahe ng mga binotohang balota, kabilang na ang impormasyon kung paano binasa at binilang ang mga marka sa bawat balota.

Panatilihing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante!

Mahalagang suriin ninyo ang impormasyon sa inyong rehistrasyon bilang botante bago ang bawat eleksyon. Kung naglalaman ang inyong rekord ng hindi napapanahong impormasyon tulad ng maling address na pang-koreo, maaaring hindi ninyo matanggap ang mga pang-eleksyong materyales, kasama na ang inyong balotang vote-by-mail. Maaari ninyong suriin ang impormasyon sa inyong rehistrasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa voterstatus.sos.ca.gov o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Para i-update ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon, (muling) magparehistro sa registertovote.ca.gov, o makipag-ugnayan sa Departamento upang humiling ng papel na form ng rehistrasyon.

Sa Oktubre 19, 2020 ang deadline sa (muling) pagpaparehistro online o sa pamamagitan ng koreo para sa Nobyembre 3, 2020 na eleksyon. Matapos ang nasabing petsa, kailangan ninyong i-update nang personal ang inyong impormasyon sa sentro ng botohan o lugar ng botohan.

Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante

Ginagamit ng opisyal ng eleksyon ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon upang mapadalan kayo ng mga opisyal na mga pang-eleksyong materyales. Ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor ang komersiyal na paggamit ng impormasyong nasa rehistrasyon ng botante. Maaaring ibigay ang impormasyon tungkol sa botante, kapag ito'y hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, politikal, o mga layunin ng pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Ang ilang impormasyon tulad ng lisensya sa pagmamaneho, mga numero ng social security at mga pirma sa rekord ay hindi maaaring maisiwalat para sa mga layuning ito. Kung kayo'y mayroong anumang katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung nais ninyong magreport ng pinaghihinalaang maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado, walang bayad sa: (800) 345-VOTE (8683).

Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Ang Safe at Home Program ay kumpidensyal na programa na pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ng California. Maaaring maging kuwalipikado ang ilang botante, na humaharap sa mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay, para sa status na kumpidensyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Safe at Home program ng Kalihim ng Estado sa walang bayad (877) 322-5227, o bumisita sa sos.ca.gov.



Accessible na Pagboto at mga Serbisyo

Nagbibigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng iba't ibang accessible na programa at mga serbisyo upang makatulong sa mga botante na bumoto nang pribado at independiyente.

Accessible na mga Materyales para sa Eleksyon

Makukuha ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (VIP) sa mga sumusunod na accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa format na PDF, HTML, at XML.
- Large print (malaki ang pagkakaimprenta).

Para humiling ng accessible na format ng VIP, tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Accessible na Sistemang Vote-By-Mail

Nagpapahintulot ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail (AVBM) sa sinumang botante na markahan ang online na balotang nababasa sa screen. Akma rin ito sa mga personal na aparatong may teknolohiyang nakatutulong, tulad ng head-pointer at sip-and-puff. Upang ma-access ang Sistemang AVBM, bumisita sa *sfelections.org/access*. Bukas ang sistemang AVBM mula Oktubre 5, 2020 hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, 2020.

Para sa mga dahilan na panseguridad, hindi nag-iimbak o nagpapadala ng mga boto ang sistemang AVBM sa internet. Pagkatapos markahan ang AVBM na balota, kailangang i-print at ibalik ng botante ang balota nang personal o sa pamamagitan ng koreo.



Ballot-Marking Devices (Mga Aparatong Pang-Marka ng Balota)

Mayroong mga accessible na ballot-marking device ang lahat ng lokasyon kung saan maaaring bumoto nang personal. Dahil hindi nagbibilang ng boto ang ballot-marking device, kailangang i-print ng botante ang papel na balota at i-scan ito gamit ang parehong makina na ginagamit upang i-scan ang mga regular na papel na balota.

Pinahihintulutan ng accessible na ballot-marking device ang sinumang botante na tingnan o masagutan ang iba't ibang bahagi at markahan ang kanyang balota gamit ang alinmang kombinasyon ng mga sumusunod na accessible na katangian:

- Mga opsiyon sa format ng touchscreen, audio, o touchscreen/audio format ng mga balota.
- Mga opsiyon para baguhin ang wika, laki ng letra, bilis ng audio, lakas ng tunog, at kulay.
- Mga instruksiyon na audio sa wikang Ingles, Cantonese, Mandarin, Espanyol, at Filipino.
- Mga privacy screen para sa mga touchscreen at headphone na natatangal ang suklob.
- Akma sa sip-and-puff, paddle, head-pointer at iba pang aparato.
- Audio o biswal na pagsusuri sa mga pinagpilian sa pagboto sa lahat ng labanan.

Personal na Tulong at mga Opsiyon sa Pagpapadala ng Balota

Maaaring humiling ang sinumang botante ng hanggang sa dalawang tao (maliban sa tagapag-empleyo ng botante, ahente ng tagapag-empeleyo ng botante, o opisyal o ahente ng unyon na miyembro ang botante) na tulungan siya sa pagmamarka ng kanyang balota. Maaari ding magtanong ang botante sa mga manggagawa sa lugar ng botohan para sa mga nabanggit na tulong. **Hindi dapat manghimasok**



sa proseso ng pagboto o gumawa ng desisyon para sa botante ang sinumang tumutulong sa botante sa pagmamarka ng kanyang balota.

Maaaring humiling ang sinumang botante na bumoto sa “gilid ng daan” sa kahit saanmang lugar ng botohan na maaaring bumoto nang personal sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o pakikiusap sa kasama na pumasok sa loob ng botohan upang humiling na ipadala sa botante sa labas ang mga materyales sa pagboto.

Simula Oktubre 28, ang sinumang botante na hindi kayang makalabas dahil sa sakit, kapansanan, o pagkapiit, kasama na ang sinumang botante na sumasailalim sa kuwarantenas na may kaugnayan sa COVID-19, ay maaaring mag-awtorisa ng ibang tao, pati na ng kawani ng Departamento ng mga Eleksyon, para kumuha at maghatid ng pang-emergency na balota na vote-by-mail para sa kanya. Upang humiling na mapadalhan ng pang-emergency na balota sa huling linggo ng panahon ng pagboto, kompletuhin ang form sa *sfelections.org/ballotservices*, o tumawag sa (415) 554-4310.

Iba pang Makukuhang Tulong para sa Accessible na Pagboto

Ang lahat ng lokasyon ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal ay mayroong mga accessible na kagamitan sa pagboto, kasama na ang mga lente at panulat na madaling hawakan para sa pagpirma ng listahan at pagmamarka ng balota. Ang lahat ng lokasyon ng botohan ay mayroon ding mga pasukan na accessible sa wheelchair, pati na rin ng mga booth ng botohan na accessible sa wheelchair at maaaring maupuan, at lahat ng ito ay markado ng pandaigdigang simbolo para sa pag-access.



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pampederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa sfelections.org o tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: ccsf.edu/esl

Civic Center Campus

1170 Market Street.....(415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street..... (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue(415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street (415) 561-1835 o (415) 561-1836

Mission Campus

1125 Valencia Street..... (415) 920-6000 o (415) 920-6067

Ocean Campus

50 Frida Kahlo Way (415) 239-3427 o (415) 239-3003


Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue(415) 550-4344



Mga Superbisoryal na Distrito ng San Francisco

Nahahati ang San Francisco sa labing-isang Superbisoryal na distrito. Para sa eleksyon sa Nobyembre 3, iboboto ng mga botante sa San Francisco na nakatira sa Distrito 1, 3, 5, 7, 9, at 11 ang kanilang miyembro sa Lupon ng mga Superbisor. Para makita ang inyong distrito, sumangguni sa mapa sa ibaba o bumisita sa sfelections.org/voterportal.



Nasasakop ng **Distrito 1** ang karamihan sa komunidad ng Richmond.

Kabilang sa **Distrito 2** ang mga komunidad ng Presidio, Cow Hollow, Marina at Pacific Heights, pati ang ilang bahagi ng komunidad ng Richmond.

Kabilang sa **Distrito 3** ang Chinatown, Nob Hill, Russian Hill, Telegraph Hill at ang bandang hilagang aplaya ng Embarcadero.

Nasasakop ng **Distrito 4** ang karamihan sa komunidad ng Sunset.

Kabilang sa **Distrito 5** ang Haight-Ashbury, Inner Sunset, Panhandle at ang mga komunidad sa Western Addition.

Kabilang sa **Distrito 6** ang Civic Center at ang mga komunidad sa South of Market, bahagi ng komunidad ng Potrero Hill, at Treasure Island.

Kabilang sa **Distrito 7** ang Lake Merced at Kanlurang bahagi ng Twin Peaks.

Kabilang sa **Distrito 8** ang Castro, Diamond Heights, Noe Valley, Glen Park at ang mga komunidad ng Upper Market.

Kabilang sa **Distrito 9** ang mga komunidad ng Mission at Bernal Heights, at karamihan sa komunidad ng Portola.

Kabilang sa **Distrito 10** ang mga komunidad ng Bayview at Hunter's Point, at bahagi ng mga komunidad ng Potrero Hill, Visitacion Valley at Portola.

Kabilang sa **Distrito 11** ang mga komunidad ng Ingleside, Excelsior, Ocean View at Merced Heights.



Mga Madalas Itanong (FAQs)

Sinagot ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota

Sino ang maaaring bumoto?

Ang mga mamamayan ng U.S., na nasa edad 18 taong gulang o higit pa, na nakarehistrong bumoto sa San Francisco ang maaaring bumoto. Ang mga hindi-mamamayang residente ng San Francisco na magulang, legal na tagapatnubay o tagapangalaga ng batang mas mababa sa 19 taong gulang ang edad ay maaaring magparehistro at bumoto para sa Nobyembre 3, 2020 sa Lupon ng Edukasyon na eleksyon.

Kailan ang deadline para magparehistro upang makaboto o para i-update ang impormasyon sa aking rehistrasyon?

Ang deadline para magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online para sa Nobyembre 3, 2020 na eleksyon ay Oktubre 19, 2020. Matapos ang araw na iyon, kinakailangan ninyong magparehistro at bumoto nang personal gamit ang probisyonal na balota sa sentro ng botohan o sa lugar ng botohan.

Maaari ba akong bumoto sa pamamagitan ng koreo sa Nobyembre 3 na eleksyon?

Opo. Upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan at mahikayat ang pagboto sa pamamagitan ng koreo sa Nobyembre 3, 2020 na eleksyon, ipadadala ng Departamento ng mga Eleksyon sa pamamagitan ng koreo ang pakete ng balotang vote-by-mail sa bawat rehistradong botante sa San Francisco.

Darating ang inyong pakete ng balotang vote-by-mail sa Oktubre at maglalaman ito ng opisyal na balota, kalakip na instruksiyon, opisyal na pambalik na sobre na bayad na ang selyo, at ng “Bumoto Ako” na sticker.

Maaari ba akong gumamit ng Accessible na sistemang Vote-by-Mail para makuha ang aking balota?

Opo, maaari ninyong makuha ang inyong balota gamit ang Accessible na sistemang Vote-by-Mail (AVBM) sa sfelections.org/access. Nagpapahintulot ang sistemang AVBM sa mga botante na markahan ang mga balotang nababasa sa screen at ito’y akma sa personal na teknolohiyang nakatutulong. Kailangan i-print at ibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal ang mga balotang AVBM.

Ang paggamit ng sistemang AVBM ay dating limitado lamang sa mga botanteng may kapansanan, at sa mga botanteng militar at nasa ibang bansa. Gayon pa man, para sa Nobyembre 3, 2020 na eleksyon, maaaring gumamit ng sistemang ito ang sinumang botante.

Mayroon bang mga paraan upang bumoto nang personal para sa Nobyembre 3 na eleksyon?

Opo. Magkakaroon ng 588 na lugar ng botohan na bukas para sa pagboto nang personal at para mahulugan ng balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Dagdag pa rito, bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa mga sumusunod na oras:

- Lunes hanggang Biyernes, Oktubre 5–Nobyembre 2, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.;
- Dalawang Sabado–Linggo, Oktubre 24–25 at Oktubre 31–Nobyembre 1, mula 10 a.m. hanggang 5 p.m.; at
- Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. (parehong oras ng pagboto sa mga lugar ng botohan).

Hinihikayat kayo na bumoto nang maaga. Kapag bumoto kayo nang maaga, sa pamamagitan ng koreo o nang personal, maaari ninyong maiwasan ang paghihintay at ang masisikip na pampublikong lugar, at makasisiguro kayong matatanggap ng Departamento ang inyong balota bago ang Araw ng Eleksyon upang ito’y mabilang.

Ang aking ika-18 na kaarawan ay pagkatapos ng deadline ng pagpaparehistro, ngunit ito’y bago o sa Araw ng Eleksyon.

Maaari ba akong bumoto sa eleksyon na ito?

Opo. Maaari kayong magpaunang rehistro bago ang inyong ika-18 na kaarawan at bumoto sa eleksyon na ito, basta’t nakamit ninyo ang lahat ng kuwalipikasyon sa pagpaparehistro bilang botante.

Kung nahatulan akong may-sala sa isang krimen, maaari pa rin ba akong bumoto?

Depende po.

Maaari kayong magparehistro at bumoto kung kayo ay:

- Nasa kulungan ng county at nagsisilbi ng sentensiya para sa kasong misdemeanor, bilang kondisyon ng probation, o naghihintay ng paglilitis

- Naka-probation
- Nasa ilalim ng ipinag-uutos na superbisyon (mandatory supervision)
- Nasa ilalim ng superbisyon sa komunidad matapos lumabas sa kulungan (post-release community supervision)
- Nasa ilalim ng superbisyon ng pederal na gobyerno matapos lumabas ng kulungan (federal supervised release)
- Nasa ilalim ng pormal na pagpapasya ukol sa pagpapatnubay sa menor de edad (juvenile wardship adjudication).

Hindi kayo maaaring magparehistro at bumoto kung kayo ay:

- Nakakulong sa pang-estado o pederal na kulungan
- Kasalukuyang nagsisilbi ng sentensiyang pangkulungan ng estado (state prison felony sentence) sa kulungan ng county o sa koreksiyonal na pasilidad nang dahil sa krimen
- Kasalukuyang nakakulong sa kulungan ng county at naghihintay na mailipat sa pang-estado o pederal na kulungan para sa hatol sa krimen
- Kasalukuyang nakakulong sa kulungan ng county para sa paglabag ng parole (paglayang may kondisyon)
- Kasalukuyang parolado sa California Department of Corrections and Rehabilitation (Departamento ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California).

Pagkatapos ng parole:

Pagkatapos ng parole, maibabalik ang inyong karapatang makaboto, subalit kailangan ninyong muling magparehistro upang makaboto.

Bago pa lamang akong naging mamamayan ng U.S. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo. Kung naging mamamayan kayo ng U.S. pagkaraan ng deadline ng pagpaparehistro (Oktubre 19), ngunit bago o sa mismong Araw ng Eleksyon, maaari kayong magparehistro at bumoto sa sentro ng botohan o lugar ng botohan bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon.

Lumipat ako sa loob ng San Francisco ngunit hindi ko na-update ang aking rehistrasyon bago dumating ang deadline ng pagpaparehistro. Maaari ba akong bumoto sa eleksyong ito?

Opo. Ang inyong mga opsiyon ay ang mga sumusunod:

- Pumunta sa Sentro ng Botohan bago o sa Araw ng Eleksyon, kompletuhin ang form para sa pagpaparehistro ng bagong botante at bumoto sa probisyonal na balota; o
- Pumunta sa inyong bagong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon at bumoto sa probisyonal na balota. Maaari ninyong hanapin ang address ng inyong bagong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pag-type ng inyong bagong address ng tirahan sa sfelections.org/myvotinglocation, o tumawag sa (415) 554-4310.

Mamamayan ako ng U.S. na nakatira sa labas ng bansa. Paano ako makaboboto?

Maaari kayong magparehistro upang makaboto at humiling ng balota sa pamamagitan ng koreo, fax, o email sa pamamagitan ng pagbisita sa registertovote.ca.gov o pagkumpleto ng Federal Post Card Application. I-download ang aplikasyon mula sa fvap.gov o kumuha nito mula sa mga embahada, konsulado o opisyal ng militar na tumutulong sa pagboto.

Kung hindi ko alam kung ano ang gagawin kapag nakarating na ako sa botohan, mayroon bang makatutulong sa akin doon?

Opo. Tutulungan kayo ng mga manggagawa sa lugar ng botohan, o maaari ninyong bisitahin ang sfelections.org o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 para sa tulong, bago o sa Araw ng Eleksyon.

Maaari din kayong magsama ng hanggang sa dalawang tao para tumulong sa inyo sa botohan, basta't sila'y hindi kinatawan ng inyong tagapag-employo o ng inyong unyon.

Maaari ko bang dalhin ang aking Halimbawang Balota o ang aking sariling listahan sa voting booth?

Opo. Nakatutulong kung nakapagpasya na kayo bago pa kayo pumunta sa botohan kung sino o ano ang iboboto ninyo. Maaari ninyong gamitin ang Ballot Worksheet o ang Sample Ballot (Halimbawang Balota) na nasa loob nitong pamplet, para sa layuning ito.

Kailangan ba akong bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas na nasa balota?

Hindi po. Bibilangin ang inyong mga ibinoto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukalang-batas.



Impormasyon Tungkol sa Kandidato

Kinakatigang Partido ng Kandidato

Kung tumatakbo ang kandidato para sa **hindi makapartidong** katungkulan, hindi ipapakita ang partido sa tabi ng pangalan ng kandidato. Ang pangalan ng partido sa tabi ng pangalan ng kandidato ay maaaring mangahulugan ng isa sa dalawang bagay, depende sa uri ng katungkulan kung saan tumatakbo ang kandidato:

- Kung tumatakbo ang kandidato para sa katungkulang **nominado ng partido**, nangangahulugan ito na nominado ng partido ang kandidato.
- Kung tumatakbo ang kandidato para sa katungkulang **nominado ng botante**, nangangahulugan ito na rehistrado ang kandidato sa nasabing partido.

Noong 2010, naging mga katungkulang nominado ng botante ang karamihan ng makapartidong pampederal at pang-estadong mga katungkulan sa California, kung kaya't ngayon, ang 2 pinakamataas ang boto sa primaryang eleksyon ang makikita sa balota sa pangkalahatang eleksyon, anuman ang kanilang partido. Bukod tangi rito ang katungkulan na Presidente ng U.S., na nananatili pa ring makapartidong katungkulan.

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Nagsumite sa loob ng takdang panahon ang ilang kandidato sa balota ng kani-kanilang pahayag ng mga kuwalipikasyon para mailimbag sa pamplet na ito. Magsisimula sa pahina 20 ang mga nasabing pahayag at gastos ng kandidato ang pagpapalimbag.

Hindi sinisiyasat para sa kawastuhan ng Direktor ng Departamento ng mga Eleksyon, o anumang iba pang ahensiya ng Lungsod, opisyal, o empleyado ang mga impormasyon na nilalaman ng mga pahayag ng kuwalipikasyon ng kandidato na nakalimbag sa pamplet na ito.

Maaari ninyong makita ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa mga sumusunod:

- Gabay na Impormasyon para sa Botante ng California, na makukuha sa voterguide.sos.ca.gov: mga kandidatong tumatakbo para sa mga labanang pang-estado at pampederal, kasama na ang mga kandidatong tumatakbo bilang Presidente at Bise Presidente ng U.S.
- Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco: mga kandidatong tumatakbo para sa mga sumusunod na katungkulan:
 - Kinatawan ng Estados Unidos
 - Senador ng Estado
 - Asembleya ng Estado
 - Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
 - Board of Education (Lupon ng Edukasyon)
 - Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)
 - Direktor ng BART

Mga Pag-Endoso ng Partido sa mga Kandidato

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endoso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante. Ang mga pag-endoso ng partidong natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon sa deadline ng pagsusumite ay ang mga sumusunod:

	Partidong Demokratiko	Partidong Republikano	Partidong Libertaryan
Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 12	Nancy Pelosi		
Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 14	Jackie Speier	Ran Petel	
Senador ng Estado, Distrito 11	Scott Weiner		
Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17	David Chiu		Starchild
Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19	Phil Ting	John McDonnell	



Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Ipinag-uutos ng California Government Code (CA Gov. Code) §85600 na ilathala ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga pangalan ng mga kandidatong kusang pumayag na sumunod sa mga limitasyon sa paggastos na itinataguyod ng CA Gov. Code §85400. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod na kandidato ay sina:

Senador ng Estado, Distrito 11
Jackie Fielder

Miyembro ng Asembleya ng Estado,
Distrito 17
David Chiu

Miyembro ng Asembleya ng Estado,
Distrito 19
Phil Ting

Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

Miyembro, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang sangay sa pagbabatas ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Nagsasabatas at nag-aaprubang mga miyembro nito ng taunang budget para sa mga departamento ng Lungsod.

Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Board of Supervisors. \$140,148 sa bawat taon ang bayad sa mga Superbisor.

Mayroong labing-isang miyembro ang Board of Supervisors. Boboto ang mga botante sa Distrito 1, 3, 5, 7, 9, at 11 para sa kanilang miyembro sa Board of Supervisors sa eleksyong ito. Para makita ang mapa ng mga Superbisoriyal na Distrito ng San Francisco, pumunta sa pahina 15.

Miyembro, Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Ang Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ang pamunuang entidad para sa San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco). Pinamamahalaan nito ang kindergarten hanggang sa ika-labindalawang grado.

Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Board of Education. \$6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila.

Mayroong pitong miyembro ang Board of Education. Sa eleksyong ito, boboto ng apat na miyembro ang mga botante.*

Miyembro, Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

Ang Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad) ang pamunuang entidad para sa San Francisco Community College District (Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco). Pinamamahalaan nito ang City College at ang ibang sentro ng pag-aaral para sa mga nasa hustong gulang.

Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Community College Board. \$6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila.

Mayroong pitong miyembro ang Community College Board. Sa eleksyong ito, boboto ng apat na miyembro ang mga botante.

*Pagboto ng mga Hindi Mamamayan sa Eleksyon Para sa Lupon ng Edukasyon

Sa ilalim ng Proposisyon N, na inaprubahan ng mga botante ng San Francisco noong 2016, sinumang hindi mamamayan na residente ng San Francisco at "magulang, legal na tagapatnubay, o tagapag-alaga (na tinutukoy sa California Family Code Seksiyon 6550) ng bata na mas mababa sa 19 taong gulang at nakatira sa loob ng San Francisco Unified School District", na sa ibang pagkakataon ay hindi kuwalipikadong makaboto sa San Francisco dahil sa katayuan ng kanilang imigrasyon, ay maaaring makaboto para sa mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon sa Nobyembre 3, 2020 na eleksyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa rehistrasyon at pagboto ng hindi mamamayan, pumunta sa sfelections.org/noncitizen o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.



Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 14

JACKIE SPEIER

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Itinuturing ko ang aking responsibilidad na paglingkuran kayo bilang seryosong bagay, at iyan ang dahilan kung bakit nagdaraos ako ng regular na mga townhall (pampublikong pulong) upang mapakinggan kayo. Batay sa inyong mga inaalala, nagawa ko na ang mga sumusunod:

COVID-19/mga inireresetang gamot- pagsuporta sa pagpapababa sa presyo ng mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng pakikipagnegosasyon ng gobyerno sa mga kompanya, gamit ang kapangyarihan ng gobyerno sa panahon ng giyera upang magkaroon ng supplies para sa COVID-19, at matiyak ang personal na kagamitang nagbibigay ng proteksiyon sa mga nagkakaloob ng pangangalaga sa kalusugan.

Kanser/diskriminasyon-- nakakuha ng pondo para sa pananaliksik ukol sa pediatric cancer (kanser sa mga bata) at bumoto upang mawakasan ang diskriminasyon laban sa taglay nang mga medikal na kondisyon.

Katarungan - naging katuwang sa pagtataguyod ng George Floyd Justice In Policing Act (Batas George Floyd ukol sa Katarungan sa Pagpapatakbo ng Pulisya) at nang magkakaroon ng malalaking pagbabago sa pagpapatakbo ng pulisya.

Klima – naging katuwang sa pagtataguyod ng Green New Deal (Plano kaugnay ng Pagbabago ng Klima), naging awtor ng mga batas na nagpapabili ng kumbersiyon ng industriya sa sasakyan ng US tungo sa mga electric na sasakyan.

Trapiko/pabahay/ingay sa airport – tumulong sa pagkuha ng \$647 milyon na pederal na grant (tulong pinansiyal) para sa elektripikasyon ng Caltrain, at nang mabawasan ang polusyon, at nakipaglaban para sa abot-kayang pabahay sa mga pampublikong lupa, nagtaguyod ng 8 panukalang-batas na nagpapahintulot sa mga curfew sa airport, pera sa insulasyon ng bahay, at bagong mga ruta upang maiwasan ang ingay sa gabi.

Pagiging makatarungan sa ekonomiya---bumoto para sa mas matataas na bayad para sa unemployment (tinatanggap na pera ng nawalan ng trabaho mula sa estado), pagpapatigil ng pagbabayad sa utang ng estudyante, pagpigil sa mga pagpapaalis sa tirahan, pagpapautang sa maliit na negosyo, nagtaguyod ng panukalang batas na naggagarantiya ng pederal na benepisyo sa pagkamatay upang masuportahan ang pamilya ng mahahalagang manggagawa, sinuportahan ang unibersal na pangangalaga sa bata/Pre-K.

Mga baril – nagtaguyod ng 3 pagbili ng pribadong armas, sinuportahan ang komprehensibong background check (pagsisiyasat ukol sa pagkatao at rekord ng indibidwal) at pagbabawal sa assault weapons (semiautomatic na riple, shotgun o pistola).

Mga Beterano – nabawi ang mahigit sa \$200,000 na mga benepisyo.

Pagkakapantay-pantay para sa kababaihan/ pagkakapantay-pantay para sa lahat – nag-awtor ng resolusyon upang mapabilis ang ratipikasyon ng Equal Rights Amendment (Pag-amyenda sa Konstitusyon para sa Pantay na mga Karapatan), ng Me Too Congress Act (Nag-aamyendang Batas ng Kongreso ukol sa Proteksiyon Laban sa Seksuwal na Pangha-harass at Diskriminasyon), tagapagtanggol ng mga karapatang LGBTQ, nag-aadbokasiya para sa mga karapatang reproductibo, katarungan para sa mga nakalampas sa seksuwal na pag-atake sa military (hukbong sandatahan) at kolehiyo, at pagharap sa mga krimen na ibinubunsod ng pagkasuklam.

Kayo ang aking prayoridad. Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

Jackie Speier

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Kandidato para sa Senador ng Estado, Distrito 11

JACKIE FIELDER

Ang aking trabaho ay Edukador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong LGBTQ na ikinararangal ito, babaeng Natibong Amerikano at Latina, at pinalaki ako ng single mother o ina na walang ibang katuwang, at nagkaroon ako ng edukasyon sa mga pampublikong paaralan ng California. Nagtapos ako sa Stanford nang may B.A. sa Public Policy (Pampublikong Polisy) at M.A sa Sociology (Sosyolohiya), at isa akong edukador sa San Francisco State University.

Kasama sa aking mga nagawa ang:

- Pagsama sa aking tribu at mga kaalyado upang labanan ang Dakota Access Pipeline
- Pamumuno sa kampanya laban sa panukalang-batas ukol sa labis-labis na paggamit ng dahas ng pulisya, na sinusuportahan ng unyon ng mga pulis at ng Republican Party (Partido Republikano)
- Pagiging kasamang tagapagtatag ng San Francisco Public Bank Coalition (Koalisyon para sa Pampublikong Bangko) upang muling ipamuhunan ang mga dolyar na kita mula sa buwis sa ating mga komunidad sa halip na sa mga bangko ng Wall Street
- Pagkakapasa ng batas AB 857 na ukol sa mga pampublikong bangko, at nang mapahintulutan ang pampublikong pagbabangko sa kabuuan ng California

Tumatakbo ako para sa Senado ng Estado dahil kailangan natin ng mas mapangahas na pagbabago:

- Pagbayarin ang mga bilyonaryo at korporasyon ng makatwiran nilang bahagi
- Bigyan ng bagong direksiyon ang pagpopondo mula sa pulisya tungo sa mga komunidad na Itim at Kayumanggi
- Ibalik ang pagpopondo sa mga pampublikong paaralan at pampublikong transportasyon
- Tunay na pagbibigay ng totoong tulong sa mga umuupa at maliliit na may-ari ng tahanan, at nang maiwasan ang pagpapaalis sa tahanan at pagkakaremate o foreclosure ng tahanan
- Unibersal na pangangalaga sa kalusugan at pang-ekonomiyang tulong sa mga nagtatrabahong indibidwal
- Pagtugon sa pangmatagalang mga usapin na kinakaharap ng ating estado: pagbabago ng klima, krisis sa abot-kayang pabahay, epidemya ng kawalan ng tahanan

May pananagutan akong huwag tumanggap ng mga donasyon mula sa unyon ng mga pulis, malalaking korporasyon, kompanya ng langis, o kompanya ng seguro. Sandaang porsiyento (100%) akong independiyente at handang lumaban para sa inyo.

Pakisamahan ang aking mga tagsuporta:

California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
 United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)
 Kaguruan ng San Francisco Community College (Kolehiyo ng Komunidad) AFT 2121
 California Faculty Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
 California Progressive Alliance (Progresibong Alyansa ng California)
 International Longshore & Warehouse Union (Pandaigdigang Unyon sa mga Dalampasigan at Bodega) - Northern California District Council (Konseho ng Distrito ng Northern California)
 Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Samahang Demokratiko ng Harvey Milk LGBTQ)
 San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)
 Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
 Latino Democratic Club (Latino na Samahang Demokratiko)
 San Francisco Young Democrats (Kabataang Demokrata ng San Francisco)
 Progressive Democrats of America (Progresibong mga Demokrata ng Amerika) - San Francisco

Tagapangulo ng Democratic Party (Partido Demokratiko) David Campos*
 Mga Superbisor Gordon Mar, Dean Preston, Matt Haney, Hillary Ronen
 Mga Miyembro ng School Board (Lupon ng mga Paaralan) Mark Sanchez, Gabriela Lopez, Alison Collins, Faauga Moliga
 Mga Miyembro ng Lupon ng Community College Shanell Williams, Brigitte Davila
 Dating Mayor ng San Francisco Art Agnos
 Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon.

Jackie Fielder

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

DAVID CHIU

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa panahon ng pandemyang ito, pagbagsak ng ekonomiya, at paghiyaw laban sa struktural na rasismo, naiaangat natin ang mga tao sa pamamagitan ng pakikipagtrabaho sa isa't isa. Magmula noong huling pagkakahalal sa akin, masipag na akong nagtrabaho upang maprotektahan ang mga taga-San Francisco sa kasalukuyan, habang nagtatayo ng mas matibay na Lungsod tungo sa hinaharap. Nagawa ko nang:

- Maisabatas ang bago at makasaysayang mga proteksiyon para sa 8 milyong umuupa laban sa labis na pagtataas ng upa at hindi makatwirang pagpapaalis sa tahanan, habang nakikipaglaban upang maprotektahan ang mga umuupa mula sa pagpapaalis sa panahon ng COVID-19.
- Matiyak na makalilikha ang mga lungsod ng California ng mga pam-publikong bangko, habang ipinupuhunan ang pera ng publiko sa mga lokal na komunidad.
- Maghatid ng bilyon-bilyong dolyares para sa ating abot-kayang pabahaya at krisis sa kawalan ng tahanan, habang itinutulak ang Bay Area na harapin ang mga krisis na ito bilang iisa at nagkakaisang rehiyon, at papanagutin ang mga lungsod.
- Labanan si Trump sa pamamagitan ng pagpapanagot sa mga kolehiyong for profit (nakatuon sa pagkita ng pera) para sa mga kinahihinatnan ng mga estudyante, pagtitiyak na tama ang pagkakasalaman sa identidad ng mga nagsisipagtapos na transgender at non-binary (hindi eksklusibong babae o lalaki) sa kanilang pang-edukasyong rekord, at pagtatanggol sa mga proteksiyon ng migranteng manggagawa.
- Sa panahon ng pagsubok na ito, nakibaka ako laban sa pagkasuklam na anti-Asyano, laban sa struktural na rasismo sa ating criminal justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas), pagkaantala ng mga singil para sa unemployment (tinatanggap na pera ng nawalan ng trabaho mula sa estado), at pagtatapyas sa ating mga programa para sa nakatatanda, pangangalaga sa kalusugan, mga paaralan at social safety net (mga paraan upang maprotektahan ang mabababa ang kita mula sa paghihirap).

Lubhang naging mapanghamon na panahon ito para sa mga taga-San Francisco. Gayon pa man, nananatili akong optimistiko, na sa pamamagitan ng pagtindig para sa bulnerableng mga komunidad, muling pagtatayo ng mas makatarungang ekonomiya, at pakikipaglaban para sa katarungan, makapagtatayo tayo ng mas matibay na San Francisco at California para sa lahat.

Kasama sa aking mga taga-suporta ang/sina:

California Democratic Party (Partido Demokratiko ng California)
Sierra Club
Equality California (Pagkakapantay-pantay California)
California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)
California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
Speaker Nancy Pelosi
Mga Senador ng US Kamala Harris at Dianne Feinstein
Gobernador Gavin Newsom
Mayor London Breed
Mga Superbisor Rafael Mandelman, Aaron Peskin, Ahsha Safai,
Catherine Stefani, Shamann Walton, Norman Yee

Sulong! www.VoteDavidChiu.org

David Chiu

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

JOHN P. MCDONNELL

Ang aking trabaho ay Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak ako at pinalaki sa Outer Mission sa San Francisco. Nagtapos ako sa St. Ignatius High School, sa University of San Francisco, at sa UC Berkeley Law School. Mahigit 35 taon na akong abugado para sa negosyo at pagbubuwis sa San Francisco at Silicon Valley. Gusto kong dalhin ang karanasan na ito sa totoong mundo sa Sacramento, at nang malutas ang malubhang problema sa totoong mundo.

Kailangang-kailangan na nating muling itayo ang ekonomiya ng California at ibalik ang mga trabaho. Walang plano para dito ang mga Demokrata. Nang dahil sa kanilang nakaraang mga polisiya ukol sa matataas na buwis at labis-labis na reglamento, ang California na ang pinakapangit na estado sa Amerika para sa pagnenegosyo.

Sumasabog na ang mga krimen. Nagawa na nating legal ang pagnanakaw nang hanggang sa \$950. Nakalikha ito ng biglang pagdami ng panloloob sa mga sasakyan, at shoplifting (pagnanakaw sa tindahan habang nagpapanggap na kustomer), na banta sa maraming maliliit na tindahan. Ang San Francisco na ngayon ang may pinakamataas na porsiyento ng krimen sa ari-arian sa U.S. Kailangan nating igalang ang kapangyarihan ng batas, suportahan ang pulisya, at protektahan ang First Amendment (Unang Pag-amyenda sa Konstitusyon). Ang mga polisiyang "santuwaryong lungsod" ng mga Demokrata ang nagtataguyod sa ilegal na imigrasyon, na nagdudulot ng pinsala sa mabababa ang kita at naghahanap ng trabaho, at nagiging pabigat sa ating sistema ng pangangalaga sa kalusugan at mga pampublikong paaralan.

Masisikip na ang ating mga kalye nang dahil sa mga indibidwal na tinatawag nating "homeless o walang tahanan." Gayon pa man, nakararanas ang mga indibidwal na ito ng pagkagumon sa alak, adiksiyon sa droga, at mga problema sa kalusugan ng isip, hindi sila "homeless," kundi "helpless o walang magawa para sa sarili." Kailangan natin ng mga polisiya upang mailipat ang mga wasak nang tao na ito tungo sa mga medikal na paggamot na makatutugon sa kanilang totoong mga problema.

Hindi ko karera ang pagiging politiko. Magdadala ako ng perspektibang bagong-bago at mula sa taga-labas, at ng mga solusyong nakabatay sa sentido komun, at kakayahan sa paglilingkod ng pamahalaan. Mayroong mas mahusay na paraan!

John P. McDonnell

PHIL TING

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang Tagapangulo ng Assembly Budget Committee (Komite ng Asembleya para sa Pagbabadyet), dumaraan sa aking mesa ang halos lahat ng mungkahi para sa paggasta. Misyong ko ang tiyakin na epektibong naggagasta ang inyong pinaghirapang pera na ibinabayad sa buwis, habang inoorganisa natin ang pagbangon mula sa COVID-19.

Upang makatulong sa pagtugon sa mga hamon sa hinaharap, naging isa ako sa mga awtor ng mapangahas na plano para sa pagbangon ng ekonomiya, at nang mapabalik ang mga taga-California sa trabaho ng pagtatayo ng pabahay, paglikha ng enerhiyang mabuti sa kapaligiran, at pagkukumpuni sa ating mga imprastruktura.

Bilang Tagapangulo ng Badyet, maaari kong tiyakin na natatanggap nating mga nasa San Francisco ang ating makatwirang bahagi. Nitong nakaraang dalawang taon, nakapag-uwi na tayo ng daan-daang milyon ng ating pera mula sa pagbubuwis upang:

- Makalikha ng mas maraming abot-kayang pabahay.
- Magtayo ng mas maraming supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta), at nang matulungan ang mga walang tahanan na magtransisyon mula sa lansangan.
- Mapalawak ang mga opsiyon para sa daycare o pangangalaga sa mga bata at sa pre-school.

Upang maprotektahan ang kalidad ng ating buhay, nagawa ko nang maipasa ang lehislyasyon na:

- Nakatutulong sa pagkuha ng mga baril mula sa kamay ng posibleng mapanganib na mga indibidwal.
- Napabilibilis ang transisyon tungo sa mga electric na sasakyan.
- Nakalilikha ng abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas madaling pagtatayo ng cottage o maliliit na bahay sa bakuran – partikular na sa mga malalapit na lungsod sa sentro, na siyang tumututol sa mga ito.

Ikinararangal kong makuha ang suporta ng California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California), California Professional Firefighters (Mga Propesyonal na Bumbero ng California), Sierra Club, at marami pang iba. Umaasa akong sasamahan ninyo kami sa www.PhilTing.com.

Naipakita na ng ating lungsod kung paano natin mapoprotektahan ang isa't isa kung gagawin nating lahat ang ating bahagi. Mangyaring manatiling ligtas sa pamamagitan ng pagsusuot ng inyong maskara, patuloy na paglalayo-layo upang maging ligtas, madalas na paghuhugas ng kamay, at pananatili sa bahay kung may sakit.

Mas malakas tayo kaysa sa virus na ito! Mangyaring manatiling ligtas.

Phil Ting

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 1

CONNIE CHAN

Ang aking trabaho ay Tagapayo ukol sa mga Polisiya sa Lehislatura.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kailangan ng San Francisco ng bagong simula at nang mapanatili ang kaluluwa ng ating lungsod.

Isa akong imigrante na lumaki sa pabahay na kontrolado ang upa, at nakatanggap ako ng de-kalidad na pampublikong edukasyon sa San Francisco. Nakinabang ang aking ina sa pagsasanay sa trabaho sa City College. Bago pa ang COVID-19, alam ko nang ang mga programang tulad nito ang siyang nagpapahintulot sa mga pamilyang tulad ng sa amin na umunlad - at na sinasalamang ng mga programang ito ang mga pinahahalagahan ng San Francisco, na siyang makatutulong sa ating lungsod sa pagbangon.

Mahigit 15 taon na akong pampublikong tagapaglingkod, at nakapaglingkod na ako sa City Hall (Munisipyo), Rec and Parks (Paglilibang at mga Parke), City College, at opisina ng District Attorney (Abugado ng Distrito). Taglay ang aking karanasan, ilalagay ko ang Lungsod sa landas ng tagumpay sa pamamagitan ng pagpu-puwesto sa mga nagtatrabaho at komunidad sa unahan. Bibigyan ko ng prayoridad ang pagpapanatili at pagpapaunlad sa 100% abot-kayang pabahay, mga proteksiyon sa manggagawa, at pagtulong sa maliliit na negosyo. Itutulak ko ang higit na pagiging bukas sa pag-sisiyasat at pagkakaroon ng pananagutan sa City Hall laban sa mga interes ng mga korporasyon at mga espesyal na interes.

Ikinararangal kong ma-endoso ng Senador ng U.S. Kamala Harris, dating Senador ng Estado, Mark Leno, Miyembro ng Asembleya ng Estado Phil Ting, at ng siyam na miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), kasama na ang ating kasalukuyang Superbisor Sandra Lee Fewer. Ipinagmamalaki kong nasa akin ang suporta ng mga kapitbahay at lider ng Distrito ng Richmond, mga edukador ng AFT 2121 City College, San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), at ng SF Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay), na mga naniniwala na sa pagsasama-sama, makababangon tayo nang mas malakas kaysa sa noon.

Alamin pa ang tungkol dito sa ConnieChanSF.com at umaasa akong makuha ang suporta ninyo sa ika-3 ng Nobyembre.

Connie Chan

SHERMAN R. D'SILVA

Ang aking trabaho ay Tagapamahala ng mga Operasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ilagay sa unahan ang kondisyon ng ating komunidad

- Malilinis na Kalye - Walang basura, graffiti (bandalismo sa pader at dingding), karayom o dumi sa ating mga kalye
- Kawalan ng Tahanan - Wala nang pagkakampo o pagtulog sa kalye - Ligtas na mga shelter at mga serbisyo para sa rehabilitasyon
- Kaligtasan - Mas malaking presensiya ng pulisya para maiwasan ang pagnanakaw at bandalismo
- Kaligtasan ng mga Tumatawid sa Kalye - Nakatakdang oras sa mga ilaw-trapiko sa lahat ng pinakamalalaking kalye
- Krimen - Pagpapatupad ng mga batas ng lungsod
- Madaling Lapitan - Pagkakaroon ng opisina sa komunidad na may mga takdang oras
- Pagkakaroon ng pananagutan - Pagtutuan sa mga departamento ng lungsod at nang mapag-alaman kung epektibong nagagamit ang pera
- Imprastruktura - Pansampung taon na plano para sa pagpapalit ng mga bangketa at kalye
- Kapaligiran - Pagkakaroon ng dagdag na bukas na espasyo - Distribusyon ng na-recycle nang tubig para sa paglilinis at irigasyon
- Pagkakaroon ng Pananagutan ng Pulisya - Higit na pamamahala at pagiging bukas sa pagsisiyasat
- Negosyo - Pagpapasimple sa proseso ng pag-aapply at pagkuha ng permit
- Pagiging Independiyente - Walang tinatanggap na pera mula sa mga espesyal na interes, korporasyon o unyon

Bilang natibong taga-San Francisco at residente ng Distrito ng Richmond, nakita ko na ang pagbaba ng kalidad ng komunidad taon-taon. Ang pagkakaroon ng malinis at ligtas na komunidad ang dapat unang asikasuhin ng gobyerno - bago gawin ang ano pa mang ibang bagay

Palaging may isang bagay na kailangang tugunan, pero kung hindi natin aasikasuhin ang mga pangunahing pangangailangang ito, mali ang ating mga prayoridad

Kung naniniwala kayong dapat nating unang pagtuunan ang mga problemang ito, ikararangal ko ang inyong boto

Sherman R. D'Silva

www.DSILVA2020.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 1

AMANDA INOCENCIO

Ang aking trabaho ay Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

May potensiyal ang demokrasya na magkaloob ng kalayaan, pagkakapantay-pantay, katarungan, at kasaganaan para sa lahat, kung nagkakaisa nating pinaninindigan ang bawat karapatan. Noong Marso 3, 2020, na siyang ika-100 anibersaryo ng Martsa ng Kababaihan sa Washington para sa ating karapatang bumoto, mapagkumbaba akong tumindig sa balikat ng ating mga ninuno at naghain ng kandidatura para sa pagka-Superbisor sa Lungsod na itong maliit sa sukat, ngunit malaki sa boses at pagkakapatiran.

Sa deka-dekadang matagal kong paninirahan sa San Francisco, nakapagsanib-puwera na ako upang tumulong sa pagpapatatag sa lungsod, bilang tagapagtaguyod, aktibista, at abugado sa karapatang sibil at tagapagtanggol na abugado, kung saan tinugunan ko ang mga karapatan at problema na may kaugnayan sa imigrasyon, mga umuupa, reporma sa criminal justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas), LBGTO, pag-eempleyo, kahirapan, edukasyon, mga bata, at kapaligiran.

Dahil itinatakda sa akin, batay sa sinumpaang katawanin ang naipahayag na interes ng aking kliyente, nang may kahusayan at puspusang pagtataguyod, ipagkakaloob ko ito sa inyo nang walang pagkukulang bilang superbisor ng distrito; masigasig akong magtatrabaho para sa praktikal na mga solusyon sa mga usaping ukol sa tunggalian, hindi mabuting kalagayan, o mga kinakailangang mapaghusay, na kagyat na kinakaharap natin. Ang inyong boto para sa akin ay mahalagang regalo na tatanggapin ko nang may dangal at nang taglay ang inyong pagtitiwala.

Salamat sa inyong pagsasaalang-alang. Mangyaring makipag-ugnay sa akin sa: AmandaForSupervisor.com

“Sama-sama Ngayon, at Hanggang sa Kinabukasan”

Amanda Inocencio

DAVID E. LEE

Ang aking trabaho ay Lider para sa mga Karapatang Sibil.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Narapat lamang sa Richmond na magkaroon ng Superbisor na inilalagay sa unahan ang komunidad.

Bilang lider ng nonprofit para sa mga karapatang sibil sa loob ng mahigit sa 27 taon, naparami ko na ang pagpaparehistro at sibikong partisipasyon ng mga minorityang botante sa Richmond. Nakalikha na ako ng bagong pondo para sa mga pamilyang ESL at walang dokumentasyon; napalakas ko na rin ang boses ng 100,000 kabitbahay na matatanda, umuupa, at mabababa ang kita.

Ang diversity o pagkakaiba-iba ang pinakakalakasan ng Richmond, at nangangako akong ipagpapatuloy ang aking trabaho para sa mga karapatang sibil upang mabigyang-lakas ang mga boses sa komunidad bilang Superbisor.

Tatlumpu't anim (36) taon na akong nakatira sa Richmond, kapwa bilang umuupa at may-ari ng tahanan, at pareho kong pinalaki ang aking mga anak dito. Nagpapatakbo kami ng aking asawa ng maliit na negosyo sa Geary, at nagtuturo na ako sa San Francisco State magmula pa noong 2005. Nakapaglingkod na rin ako sa San Francisco Recreation and Parks Commission (Komisyon para sa Paglilibang at mga Parke ng San Francisco).

Kailangan ng Richmond ng mapangahas at independiyenteng pamumuno. Mayroon na akong karanasan sa paghihikayat sa mga tao na magkaisa tungo sa progresibo at realistikong mga solusyon upang:

- Maparami pa ang Abot-kayang Pabahay at nang mapanatili ang mga pamilya sa San Francisco;
- Maprotektahan ang mga Umuupa mula sa pagpapaalis sa tinitirhan, at nang matulungan ang vulnerableng mga residente;
- Makapagpasimula ng ating mga Negosyo sa Komunidad;
- Mapalawak ang Healthy SF at nang makapagbigay sa mas maraming taga-San Francisco ng pangangalaga sa kalusugan;
- Makapaghanap ng Totoong mga Solusyon sa Kawalan ng Tahanan, at
- Makapagpatayo ng Lagusan sa ilalim ng Geary upang mapahaba ang MUNI o BART patungong Richmond.

Ikararantal kong makuha ang inyong suporta.

www.VoteDavidLee2020.com

David E. Lee



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 1

ANDREW N. MAJALYA

Ang aking trabaho ay Nagbebenta ng Software Technology.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kumusta, Andrew Majalya ang pangalan ko at tumatakbo ako para sa Lupon ng mga Superbisor, Distrito 1. Wala akong karanasan sa pagtakbo sa politikal na posisyon, pero naiintindihan ko ang mga hamon na kinakaharap ng ating mga komunidad sa Distrito 1, dahil 15 taon na akong nakatira sa Distrito ng Richmond. Dahil taga-labas ako at tumatakbo bilang independiyente, may kakayahan akong maging tunay na malaya mula sa pagsuko sa kagustuhan ng mga Demokrata man o Republikano. Umaasa ako na kapag nakilala ninyo ako at ang aking tindig sa mahahalagang usapin na tulad ng: Pabahay, Pamublikong Kalusugan, Pamublikong Kaligtasan, Kapaligiran, Kawalan ng Tahanan at Pamublikong Transportasyon, sasamahan ninyo ako sa pagtatrabaho upang maging inklusibo, ligtas, at masaya para sa lahat ang ating mga komunidad sa Distrito 1. "Ang Inyong Boses ang Aking Boses"

Andrew N. Majalya

MARJAN PHILHOUR

Ang aking trabaho ay May-ari ng Negosyo sa Richmond.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak ako sa Richmond sa mga magulang na nagmigrante mula sa Pilipinas at Iran. Pinalalaki ko ang aking tatlong anak dito kasama ang aking asawang si Byron, habang pinatatakbo rin ang negosyo ng aming pamilya sa Balboa Street.

Nasa kritikal na punto na ang Richmond. Pinahintulutan na ng mga politiko na lumala ang mga hamon sa ating komunidad nang hindi gumagawa ng aksiyon. Patuloy na dumarami ang nawawalan ng tahanan, karaniwan na ang panloloob sa mga sasakyan, mas marumi pa kaysa rati ang mga kalye, nagsasara na ang maliliit na negosyo, at napakatataas ng upa.

Naipakita na ng mapangwasak na epekto ng COVID-19 at ng pang-angailangan sa reporma ng ating criminal justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas) na higit na napakahalaga ngayon, kung ihahambing sa iba pang panahon, ang mahusay at hands-on o lubusang nakikilahok na pamumuno sa City Hall.

Walang kapaguran na akong nakapagtrabaho upang masuportahan ang ating mga kapitbahay, maliliit na negosyo, at empleyado sa Distrito ng Richmond, nakapag-organisa at nakapaghatid na ng PPE, nakapamahagi na ng pagkain sa mga nangangailangan, at nakapaghatid na ng groseriya at iniresetang gamot sa mga kapitbahay na hindi makaalis sa kani-kanilang tahanan.

Bilang inyong Superbisor, gagamitin ko ang gayon ding paraan na hands-on, na nagkaloob ng kinakailangang pamumuno at aksiyon upang matugunan ang mga hamon na napakatagal nang panahon na nararanasan ng ating komunidad.

Handa akong magtrabaho para sa INYO – dahil TAYO ang Richmond.

Ikinarantal kong ma-endoso nina:

Mayor London Breed

Senador Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya David Chiu

Miyembro ng Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis) Malia Cohen

Tesorero ng Estado Fiona Ma

Assessor (Tagatasa) Carmen Chu

Sheriff Paul Miyamoto

Superbisor Catherine Stefani

Mga Miyembro ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) Jenny Lam at Faauuga Moliga

Plumbers & Pipefitters Local 38 (Mga Tubero at Tagakabit ng Tubo Lokal 38)

LiUNA! Laborers (Mga Manggagawa) 261

African American Democratic Club (Samahang Demokratiko ng mga Aprikano Amerikano)

www.VoteMarjan.com

Marjan Philhour

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 1

VERONICA SHINZATO

Ang aking trabaho ay Edukador ukol sa Buwis, May-ari ng Maliit na Negosyo, Konsultant.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Lumaki ako sa Distrito ng Richmond. Ito ang tahanan ko, at ang lugar kung saan pinalalaki ko ang aking dalawang anak na lalaki at inaalagaan ang aking matatanda nang magulang. Isa akong imigrante mula sa Peru na may mga ninunong Hapon, at ipinagmamalaki ko ang pagtatapos sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco, nang may Master's degree sa Public Administration (Pampublikong Administrasyon) at Bachelor of Arts mula sa Universty of San Francisco. Isa akong may-ari ng restawran sa San Francisco at walang asawa at nagtatrabahong ina, na may dalawang dekada ng karanasan sa gobyernong lokal at gobyerno ng estado. Nagtrabaho na ako para sa; Lupon ng mga Superbisor ng Lungsod at County ng San Francisco, Lehislatura ng Estado ng California, Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis) ng Estado ng California, at sa kasalukuyan, Department of Tax and Fee (Departamento para sa Pamamahala ng mga Buwis at Singil). Nitong nakaraang siyam na taon, inilaan ko na ang sarili sa pagpapatupad ng mga klase at programa upang matulungan ang mga May-ari ng Maliliit na Negosyo at Organisasyong Nonprofit sa kabuuan ng estado. Naging aktibo na ako sa paglilingkod sa komunidad; gayon pa man, hindi ko matatamasa ang aking kalayaan kung kukunin ito mula sa iba, at hindi rin ako makapagtatamasa ng hustisya kung dumaranas ang iba ng kawalang katarungan. Hindi ako tumatakbo bilang bahagi ng listahan ng mga kandidato ninuman o ng anumag pangkat na may espesyal na interes; magiging bagong boses ako sa City Hall na may pananagutan lamang sa aking mga pinaglilingkuran.

Veronica Shinzato



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 3

AARON PESKIN

Ang aking trabaho ay Superbisor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang aking mga prayoridad ay:

- Pagtulong sa San Francisco na makatugon sa pandemyang COVID-19 at makabangon mula rito
- Pagharap sa ating krisis sa pagiging abot-kaya ng pamumuhay at kawalan ng tahanan
- Pagbibigay ng proteksiyon sa maliliit na negosyo sa komunidad, pampublikong kaligtasan at seguridad sa trabaho
- Pagpapanatili sa mga pagkakaiba-iba sa kultura ng San Francisco

Sa pagsasama-sama, nagkaroon na tayo ng mga resulta:

- Nakatulong sa pamumuno sa pang-emergency na tugon sa pandemya: pagbabawas sa pagkalat ng virus, pangunguna sa pagbibigay ng ayuda sa maliliit na negosyo, pagpigil sa mga pagpapaaalis sa tirahan, pagpapahinto sa labis na pagtaas ng presyo sa pagdedeliber ng pagkain, paglaban upang mabigyan ng matutuluyan at ma-test ang ating pinakabulnerableng mga komunidad, kasama na ang mga umuupa sa SRO at walang tirahan.
- Naipasa ang mas maraming batas sa panahon ng panunungkulan ko kaysa sa sinumang iba pang Superbisor.
- Napamunuan ang paglikha at pagpapanatili ng daan-daang abot-kayang tahanan sa Distrito 3, at libo-libo sa kabuuan ng lungsod
- Naipagbawal ang pag-upa ng mga korporasyon sa mga gusaling kontrolado ang upa; naging awtor ng batas na lumilikha ng libo-libong Accessory Dwelling Units (residensiyal na unit sa parehong lote ng istruktura na pang-isang pamilya) sa kabuuan ng lungsod.
- Nakapagdala ng sampung bagong proyekto para sa kaligtasan sa kalye at sa mga naglalakad sa ating distrito
- Naipasa ang kauna-unahang buwis sa bansa na ipinapataw sa Uber at Lyft, kung kaya't nakalikom ng pondo para sa Muni at sa kaligtasan ng mga naglalakad

Inendoso ng/nina: Sierra Club, United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco), Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay), San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), San Francisco Firefighters (Mga Bumbero ng San Francisco), Unite HERE Lokal 2, mga Miyembro ng Asembleya David Chiu at Phil Ting, Mga Superbisor Fewer, Stefani, Mar, Preston, Haney, Yee, Mandelman, Ronen, Walton, at Safaí, dating Senador ng Estado Mark Leno, at marami pang iba. Ikararantal kong makuha ang inyong suporta.

Aaron Peskin
AaronPeskin2020.com

DANNY SAUTER

Ang aking trabaho ay Direktor ng Nonprofit sa Komunidad.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Malinaw sa sandaling ito na hindi natin kayang bumoto para sa establisyamento at umasa ng ibang mga resulta. Kailangan nating muling hubugin ang City Hall upang mabigyan ng upuan sa mesa ang ating mga kapitbahay.

Umuupa ako, Direktor ng nonprofit, at organisador sa komunidad na may rekord ng paghahatid ng totoong mga pagpapahusay sa San Francisco sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga tao.

Bilang Presidente ng North Beach Neighbors (Mga Magkakapitbahay sa North Beach), nakapanalo na ako ng grants (tulong pinansiyal) para sa maliliit na negosyo, nakapag-udyok ng batas upang mapunan ang bakanteng mga tindahan, nalampasan ang mga pasikot-sikot sa burukrasya upang mapasimulan ang North Beach Farmers Market, naipanalangin ang abot-kayang pabahay para sa matatanda, at nakapag-adbokasya para sa mas mahusay na pampublikong transportasyon at mas ligtas na mga kalye.

Bilang inyong susunod na Superbisor sa Distrito 3, ako ay:

- Magdaragdag ng mga serbisyo sa paglilinis ng kalye, basurahan, at pampublikong banyo na magagamit nang 24 oras
- Lilikha ng bagong mga programa upang maprotektahan ang mga umuupa at maiwasan ang pagpapaaalis sa tirahan
- Magtatayo ng abot-kayang pabahay para sa mga pamilya at matatanda
- Magpapalawak ng subok nang mga paraan upang matugunan ang kalusugan sa isip at kawalan ng tahanan
- Magbibigay ng prayoridad sa pagkakaroon ng tiwala at pagpapinatag sa mga tagapagpatupad ng batas
- Tatanggalin ang red tape o mahihirap na proseso upang maging mas madali sa maliliit na negosyo na magbukas at umunlad

Alamin pa ang tungkol dito: www.dannyd3.com o tawagan ako: (415) 562-6441

Ikinararantal kong ma-endoso ng mga lider ng Distrito 3:
Wilma Pang, A Better Chinatown Tomorrow (Mas Magandang Chinatown sa Kinabukasan)
Tina Moylan, Lider ng Komunidad ng Russian Hill
Rene Colorado, Tenderloin Merchants (Mga Negosyante ng Tenderloin)
Martha Mahony, Friends of Joe DiMaggio Playground (Mga Kaibigan ng Joe DiMaggio Playground)
Mike Chen, Northern Neighbors (Mga Kapitbahay sa Hilaga)
Brenda Jewett, Local Homeless Coordinating Board (Lokal na Tagapag-ugnay na Lupon para sa Walang Tahanan)
Richard Manso, Lider ng Komunidad ng Nob Hill
Lynn Jefferson, Francisco Park Conservancy (Pagbibigay-Proteksiyon at Pagpapanatili sa Francisco Park)
China Halton, North Beach Kids (Mga Bata ng North Beach)

Danny Sauter

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 3

STEPHEN (LULU) SCHWARTZ

Ang aking trabaho ay Imbestigador ng mga Karapatang Pantao.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Habambuhay na akong lumalaban para sa hustisya, aktibistang LGBTQ, at taga-San Francisco na magmula pa noong pagkabata. Pagkatapos ng 9-11, inilantad ko ang papel ng Saudi Arabia sa terorismo. Lubos akong nakapagsasalita ng dalawang wika, na Espanyol at Ingles. Nakapagsasalita ako ng 10 wika at nakapag-lathala na ng 33 libro. Nakapaglingkod na ako bilang imbestigador ng mga karapatang pantao sa Latin America at sa Balkans, para sa United Nations at gobyernong Dutch, sa Pilipinas, Korea, at dating Gitnang Asya ng Soviet, at pati na rin sa tahananang bansa. Naging manunulat ako sa San Francisco Chronicle sa loob ng 10 taon. Isa akong historyador ng paggawa (Sailors' Union of the Pacific) at lider ng unyon (Transportation Communications Union o Unyon ng mga nasa Komunikasyon sa Transportasyon at ang Bay Area Media Workers Guild o Samahan ng mga Nagtatrabaho sa Media sa Bay Area). Naging miyembro ako ng SF Ballot Simplification Commission (Komite para Gawing mas Simple ang Balota) sa loob ng dalawang termino. Isa akong tagapagtaguyod ng kapayapaan sa Gitnang Silangan at nakatulong na sa pamumuhay na nakabatay sa relihiyon at lipunan ng mga Hudyo sa Sarajevo. Mayroon akong buong programa para sa TOTOONG reporma sa San Francisco, para sa mahusay na community policing (pagpapatakbo ng pulisya nang may pakikipagtulungan sa komunidad). Susuportahan ko ang mga guro. Bibigyang-lakas ko ang naaapi upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Hindi ako matitinag kahit kaunti.

Stephen (Lulu) Schwartz

SPENCER SIMONSEN

Ang aking trabaho ay Nagkakaloob ng Serbisyo sa Matatanda.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Palaging inilalagay sa unahan ng aking mga solusyon ang mga kahihinatnan para sa bulnerableng mga residente. Ang ganitong pilosopiya na ibinubunsod ng mga kinahihinatnan ang siyang magtatakda sa aking trabaho bilang Superbisor.

Natulongan ko na ang libo-libong pinakabulnurable sa ating lungsod sa pamamagitan ng pagpipinansya sa mabababa ang kita, legal na tulong, at mga serbisyo sa matatanda.

Noong nasa pagpipinansya para sa mabababa ang kita pa ako, natulongan ko ang milyon-milyon upang mapunan ang pang-araw-araw at pang-emergency na gastos gamit ang mga alternatibong paraan bilang kapalit ng mapanilang payday loan.

Bilang may-ari ng maliit na negosyo sa San Francisco, napagkaloo-ban ko na ang libo-libong indibidwal na mabababa ang kita ng daan tungo sa justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas) at nakipagtrabaho na ako sa mga lokal na non-profit na nagbibigay ng legal na tulong.

Sa ngayon, tumutulong ako sa pagkakaloob sa matatanda ng transportasyon, pagkain, at groseriya, at nang manatili silang ligtas at mapanatili ang pagiging independiyente.

Bilang inyong Superbisor, ako ay:

- Magbabago ng mga batas sa pagsosona upang makalikha ng pabahay na abot-kaya ng lahat
- Direktang harap sa krisis natin sa kawalan ng tahanan, magtatayo ng pabahay, mag-o-audit ng pondo ng lungsod, tutugon sa conservatorship (pamamahala o paggawa ng desisyon para sa walang kakayahan) at susuportahan ang mga tagabigay ng serbisyo (kung бага: case workers o tagapamahala ng kaso, mga serbisyo sa umuupa)
- Magbibigay-suporta sa maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagpapasimple ng pagkuha ng permit at pagpapababa sa mga singil ng lungsod
- Magtutuon sa kaligtasan sa kalye at harapin ang mga batas na nakaaapekto sa krimen sa negatibong paraan
- Lilikha ng mga komunidad kung saan inuuna ang mga naglalakad, nagbibisikleta, at pampublikong transportasyon

Ikinararangal ko ang pagiging Asyano Amerikano at kasalukuyan akong nakatira sa Nob Hill, Bush & Mason, kasama ang asawa ko sa loob ng 10 taon.

Alamin pa ang tungkol dito: VoteSimonsen.com o

[Facebook.com/spensimon](https://www.facebook.com/spensimon)

Tumawag / Mag-text / Mag-email sa akin: (415) 570-8698 o

Spencer@VoteSimonsen.com

Spencer Simonsen

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 5

VALLIE BROWN

Ang aking trabaho ay Tagapayo ng Programa sa Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Para makabangon mula sa krisis na ito, kailangan natin ng pamumuno na malikhain, nakatutugon agad, at nakikipagkolaborasyon.

Naging bahagi na ako ng komunidad na ito sa loob ng 25 taon. Bilang organisador sa komunidad, naranasan ko ang krisis sa AIDS at ang karahasan sa lugar. Bilang kawani ng City Hall, nakatulong ako sa pagpasa ng mahihirap na badyet sa panahon na bagsak ang ekonomiya. Noong nahalal si Superbisor London Breed bilang mayor, tumindig ako upang makapaglingkod bilang Superbisor ng Distrito 5 at makapasa ng batas ukol sa kawalan ng tahanan, katarungan sa pagkakakantay-pantay ng mga lahi o racial equity, abot-kayang pabahay, at mga karapatan ng kababaihan sa reproduksiyon. Lumaki akong mahirap, at naulila sa magulang noong bata pa lamang ako, kung kaya't alam ko ang ibig sabihin ng pakikibaka sa buhay.

Naipakita ko nang kaya kong ipaglaban ang ating komunidad at ipagsama-sama ang mga tao para sa kolektibong pagkilos. Mayroon akong plano para sa Distrito 5:

- Tulungan ang maliliit na negosyong maibalik ang kasiglahan sa komunidad
- Tulungan ang bulnerableng mga komunidad sa pagkain, pabahay, pangangalaga sa bata at mahahalagang pangangailangan
- Muling pag-isipan ang mga pampublikong espasyo upang ligtas na makapagsama-sama
- Muling patakbuhan ang Muni at bawasan ang kasikipan para sa kaligtasan
- Tigilan na ang pagdadahilan sa pabahay — ang Distrito 5 ay para sa lahat
- Ituring ang kawalan ng tahanan bilang pampublikong krisis sa kalusugan sa pamamagitan ng ligtas na mga matutuluyan
- Igiit ang pagkakaroon ng makabuluhang pantay at walang kinikilingang pagtrato sa lahat ng lahi o racial justice at magkaroon ng mga reporma sa pulisya

Nakaharap na ang San Francisco sa trahedya at palagi itong nakabalik nang mas malakas kaysa sa noon. Naranasan ko na ito sa aking buhay at magagawa ko ito para sa Distrito 5.

Vallie Brown

www.votevallie.com

DANIEL LANDRY

Ang aking trabaho ay Direktor, Nonprofit sa Sining.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak ako at lumaki sa D-5 sa co-op na bahay para sa mabababa ang kita sa komunidad ng Fillmore. Matapos lumaki sa kahirapan at mapasok sa gulo noong ako'y tinedyer, nagdesisyon akong baguhin ang aking buhay, at nang makapagbigay pabalik sa komunidad sa pamamagitan ng pagiging tagapagtaguyod/aktibista sa loob ng 27 taon na ngayon. Kasalukuyan akong nag-aaral ng Political Science sa CCSF. At, ako rin ang tagapagtatag at direktor ng SF CATS Academy.

Ilan sa aking karanasan sa nakaraan ang paglikha ng Prop. F na inisyatiba para sa abot-kayang pabahay sa Bayview noong 2008, pagiging miyembro ng (RAB) sa US Navy, pagiging tagapag-ugnay sa programang NERT ng SF Fire Dept, at pagiging miyembro ng Citywide Community Policing Relations Board (Pangkabuuan ng Lungsod na Lupon para sa Pakikipag-ugnay ukol sa Pagpapatakbo ng Pulisya nang may Pakikipagtulungan sa Komunidad). Naging Miyembro din ako ng Justice for Mario Woods Coalition (Koalisyon sa Paghingi ng Hustisya para kay Mario Woods) noong 2016.

Kasama sa aking mga prayoridad ang:

- Kalidad ng buhay para sa lahat ng taga-San Francisco
- Pangangalaga sa kalusugan, kalusugan ng isip, at kawalan ng tahanan
- Pagkontrol sa upa, abot-kayang pabahay, mga may-ari ng tahanan
- Kaligtasan, panloloob sa mga sasakyan, at transportasyong MUNI
- Pagsasaayos ng maliliit na negosyo mula sa COVID-19

Bilang Superbisor, ako ay:

- Magpaparami ng Foot Patrols (mga nagpapatrolya sa paligid na mga pulis) ng SFPD
- Lilikha ng D-5 na tagapayong lupon
- Magkakaroon ng polisiyang bukas lagi ang pintuan
- Magdadala ng mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon sa maliliit na negosyo

Magalang kong hinihingi ang inyong boto.

Daniel B. Landry

www.daniellandry2020.com

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 5

NOMVULA O'MEARA

Ang aking trabaho ay Organisador at Aktibista, Producer ng Pelikula.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong ina ng tatlong bata na pinalaki ko sa San Francisco. Mayroon akong Bachelors in Creative Writing English Literature, mula sa University of Cape Town sa South Africa at nag-aral ako ng MFA in Motion Picture and Television sa isang Unibersidad sa San Francisco. Ang aking trabaho bilang independiyenteng producer ng pelikula ang higit na nagbigay kaalaman sa aking perspektiba at pagkaunawa sa mga hamon na karaniwan sa maraming umuupa. Isa akong renter o umuupa nitong nakaraang 21 taon. Nagkaroon na rin ako ng personal na karanasan sa homelessness o kawalan ng tahanan, hindi dahil sa anumang kapabayabaan, kundi dahil sa biglaang pagkawala ng trabaho. Noong panahong iyon, inilagay kami sa shelter para sa homeless. Sa kalaunan, nakahanap din kami ng pabahay. Alam ko nang personal ang mga hamon na hinaharap ng mga umuupa dahil sa patuloy na nagbabadyang banta ng hindi makatarungang pagpapaalis. Sa lungsod kung saan palaging pinagbabantaan ang ating kakayahan na panatilihin mayroong bubong na masisilungan. Hindi tayo nabibigyan ng katiyakan na mayroong katatagan ang pagpapanatili ng pabahay sa harap ng hindi makatwirang pagpepresyo at kasakiman ng mga korporasyon. Gusto kong lumaban tayo at palakasin ang karapatan ng mga umuupa, humanap ng pabahay para sa homeless at sa populasyon ng mga may sakit sa pag-iisip. Sama-sama, at nagkakaisa, kaya nating maabot ang ating mga tunguhin. Magalang ko pong hinihiling ang inyong boto sa balota sa Nobyembre 2020.

Nomvula O'Meara

DEAN PRESTON

Ang aking trabaho ay Superbisor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dalawampu't apat (24) na taon na akong residente ng Distrito 5 at may dalawang anak na nasa mga pampublikong paaralan ng San Francisco. Ang aking mga patuloy na prayoridad bilang inyong Superbisor ay:

- Paglilingkod sa mga pangangailangan ng distrito at mga residente ng lungsod sa panahon ng pandemya
- Pagpigil sa mga pagpapaalis sa tirahan at paglikha ng abot-kayang pabahay
- Pagtugon sa kawalan ng tahanan
- Mas mahusay na Muni at pampublikong transportasyon
- Malulusog na komunidad at mas matitibay na lokal na maliliit na negosyo
- Pagtataguyod sa pangangasiwa at pagkakaroon ng pananagutan ng pulisya

Magmula nang manungkulan ako noong Disyembre, nakagawa na tayo ng malalaking pag-unlad:

- Namobilisa ang daan-daang boluntaryo upang matugunan ang mga pangangailangan ng matatanda at nahihirapang mga residente sa panahon ng pandemyang COVID-19
- Naipagbawal ang pagpapaalis sa mga umuupa na hindi makababayad sa upa
- Nailipat ang mga pamilyang walang tahanan na nasa Distrito 5 mula sa hindi ligtas na shelter tungo sa mga hotel gamit ang mga pribadong donasyon
- Nakipagtrabaho sa lungsod at mga kapitbahay upang makalikha ng lugar para sa Safe Healthy Sleeping (Ligtas na Pagtulog na Mabuti sa Kalusugan)
- Natutulan ang pagtataas ng pamasaha sa Muni sa gitna ng pandemya
- Nakapagtrabaho upang magkaloob ng pagkokontrol sa upa sa mga residente ng Midtown

Ikinararangal kong ma-endoso ng United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco), California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California), Sierra Club, San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco), Affordable Housing Alliance (Aliyansa para sa Abot-kayang Pabahay), ILWU, NUHW, SEIU 2015, Unite Here! Lokal 2, Mga Superbisor Peskin, Mar, Haney, Ronen, Mandelman at Walton, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, at iginagalang na mga lider ng lungsod Tom Ammiano, Mark Leno, Art Agnos, David Campos at Jane Kim.

Dean Preston

www.votedean.com

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 7

JOEL ENGARDIO

Ang aking trabaho ay Mamamahayag.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Independiyenteng boses ang kinakailangan upang papanagutin ang City Hall para sa malilinis na kalye, mas kaunting krimen, at mas mahuhusay na serbisyo.

Nakapagtrabaho na ako bilang mamamahayag at taga-adbokasya para sa komunidad sa loob ng 22 taon sa San Francisco. Ang aking kolum sa Examiner, na nanalo na ng mga karangalan, at ang aking pamumuno sa mga grupong tulad ng Stop Crime SF (Itigil ang mga Krimen SF) ay nagdulot ng pagbabago sa batas at nakagawa ng mga resulta.

Nakatuoan ako sa pagtulong sa mga pamilya na makayanan ang pamumuhay sa San Francisco at maramdamang ligtas sila. Kailangang ihinto na ng City Hall ang hindi pagpansin sa ating mga pangangailangan pagdating sa pabahay, mga paaralan, at kalidad ng buhay.

Gusto kong maging mas madali ang pagpasok sa paaralan sa komunidad at ang pagbubukas ng maliit na negosyo. Gusto kong makapagrekut ng mas maraming pulis at tiyakin na sineseryoso ang krimen. Gusto kong i-audit ang bawat programa ng lungsod at iyon lamang gumagana ang bayaran.

Matapos ang coronavirus na pandemya, hindi na tayo makababalik sa dati nating mga ginagawa. Hindi na mapananatili pang epektibo ang pagsandig sa mga residente upang sila ang maging ATM o napagkukunan ng pondo ng City Hall. O ang pagtulak sa maliliit na negosyo hanggang sa mawala na ang mga ito nang dahil sa labis-labis na singil at permit.

Tumatakbo ako para maging superbisor upang magdala ng responsable at may pananagutang pamumuno sa City Hall. Naniniwala akong ang pinakamagagandang araw ng San Francisco ay nasa hinaharap – kung susuungin natin ang ating mga problema nang may inobasyon at sentido komun.

Alamin pa ang tungkol dito sa engardio.com

Joel Engardio

STEPHEN MARTIN-PINTO

Ang aking trabaho ay Bumbero / Reserbista sa Militar.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikinatutuwa ba ninyo ang gobyerno ng lungsod at sa palagay ba ninyo ay dinadala tayo nito sa tamang direksiyon? Gumanda ba ang kalidad ng buhay ninyo nitong nakaraang ilang taon? Pakiramdam ba ninyo ay ligtas kayo sa kalye o maging sa inyong bahay? May pananalig ba kayo na alam ng San Francisco kung paano lulutasin ang mga problema na ito o na mayroon man lamang itong political will o determinasyon na magkaroon ng kahihinatnan ang mga ginagawa?

Ang pangalan ko ay Stephen Martin-Pinto, at sa sandaling manungkulan ako, magtatrabaho ako upang muling papanagutin sa mga mamamayan ang gobyerno ng lungsod. Magkakaroon ako ng polisiyang zero-tolerance o walang palalampasin sa krimen. Palalawakin ko ang MUNI Metro light rail sistem. Tatapyasan ko ang mga singil sa maliliit na negosyo. I-o-audit ko ang mga ahensiya ng gobyerno upang makita ang nasasayang na gastos at labanan ang korupsiyon. Mag-eempleyo ako ng mas maraming opisyal para sa pampublikong kaligtasan upang maging mas ligtas ang San Francisco. Magdadala ako ng karanasan sa pamumuno na nakuha ko mula sa panahong ginugol bilang opisyal ng Marine Corps, bumbero, union tradesman (naka-unyong manggagawa na may espesipikong kakayahan), at lider ng komunidad. Wala nang iba pang kandidato na mayroong malalim at maraming iba't ibang uri ng karanasan sa buhay na tulad ko. Isa akong natibong taga-San Francisco at apo ng mga imigrante mula sa Ecuador. Ikararantal kong maging inyong susunod na superbisor. Hayaan ninyong mapatunayan ko sa inyo na ang lungsod na dati nang alam kung paano ang paggana, ay alam pa rin kung paano. Salamat po.

Stephen Martin-Pinto

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 7

BEN MATRANGA

Ang aking trabaho ay Direktor para sa Katarungan sa Pagkakapantay-pantay sa Teknolohiya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinangalak ako at pinalaki sa komunidad na ito, at bilang Superbisor, magtatrabaho ako araw-araw para sa mga pamilyang nasa pang-gitnang uri, at ibabalik ang independiyenteng pamumuno. Ang aking mga prayoridad ay:

- Pamumuno sa ating tugon sa COVID-19 upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan at masuportahan ang pagbangon ng maliliit na negosyo
- Pagpigil sa mga pagbabawas sa mga paaralan sa komunidad
- Pagtitiyak na lahat ng nangangailangan ng de-kalidad na trabaho ay makahahap nito
- Pagpapanatili sa San Francisco na abot-kaya para makapanirahan tayong lahat dito
- Pagharap sa kawalan ng tahanan: pagtulong sa mga beterano, pamilya, at indibidwal na may mga hamon sa kalusugan ng isip
- Pagtutuo ng mga rekurso para sa pampublikong kaligtasan tungo sa pag-iwas sa krimen

Nagkakilala kami ng aking asawa noong high school sa St. Ignatius at ngayon, pinalalaki namin ang aming anak na babae sa West Portal. Ang aking karanasan ang nagbibigay sa akin ng natatanging kuwalipikasyon upang katawanin tayo sa City Hall:

- Direktor para sa Katarungan sa Pagkakapantay-pantay sa Teknolohiya –kumokonekta sa mga residente, na may kasaysayan na hindi lubos na nakatatanggap ng mga serbisyo, sa mabilis o high-speed na Internet , at nang sa gayon, makapag-aral at makapagtrabaho tayong lahat mula sa magkakalayong lugar.
- Direktor para sa Kaligtasan ng mga Kalye ni Mayor Ed Lee – pamamahala sa plano para sa kaligtasan na Vision Zero, kung saan nakapaghatid ng 13 milya ng mga pagpapahusay, at nakalikha ng daan-daang trabaho sa konstruksiyon.
- Lider sa komunidad – tumutulong sa pamumuno sa Matatag na Pagtugon ng West Portal sa COVID-19.

Aktibo rin ako sa ating komunidad:

- Miyembro, St. Brendan's Catholic Church
- Delegado, West of Twin Peaks Central Council (Sentral na Konseho ng West of Twin Peaks)
- Miyembro ng Lupon, Greater West Portal Neighborhood Association (Asosasyon ng Komunidad ng Greater West Portal)

Pakisamahan ang Tesorero ng Estado ng California na si Fiona Ma at ang daan-daang kapitbahay sa pagsuporta sa ating kampanya.

May mga tanong ba kayo? Bisitahin ang www.benmatranga.com o direktang tawagan ako: 415-484-5870.

Ben Matranga

MYRNA MELGAR

Ang aking trabaho ay Tagaplano sa Lungsod.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako para maging Superbisor dahil kailangan ng Westside ng independiyenteng lider na ilalagay ang mga tao sa unahan ng politika at makagagawa ng mga bagay-bagay sa City Hall. Napamunuan ko na ang matatagumpay na inisyatiba para sa pabahay at pagpapaunlad sa ekonomiya, at handa akong magtrabaho nang husto para sa ating mga komunidad bilang inyong Superbisor.

Mayroon akong graduate degree sa Urban Planning na may konsentrasyon sa pabahay mula sa Columbia University. Habang nagtatrabaho ako noon para kay Mayor Gavin Newsom, lumikha ako ng bagong mga programa para sa pagmamay-ari ng tahanan para sa mga guro at pamilya. Nakapagpatakbo na ako ng mga nonprofit na nagbigay ng suporta sa maliliit na negosyo at pag-unlad ng mga bata. Bilang Komisyoner sa Pagpapalano, binalanse ko ang pangangailangang panatilihin ang karakter ng komunidad sa pangangailangang magpanatili at magtayo ng mas maraming pabahay.

Alam ko kung paano pagaganahin ang City Hall para sa atin at ipagsasama-sama ko ang mga tao upang:

- Masuong ang kawalan ng tahanan, malipat ang mga tao mula sa ating mga kalye at mapagkalooban sila ng kailangang-kailangan na pangangalaga
- Makalikha ng mas maraming pabahay para sa lahat ng antas ng kita – matatanda, mga guro, pamilya, first responders (unang tumutugon)
- Makatulong sa pagbangon ng mga negosyo sa komunidad
- Matiyak na ligtas at malinis ang ating distrito, napananatili sa maayos na kondisyon ang ating mga parke, at masigla at matatag ang ating mga komunidad.

Ikinararantal kong magkaroon ng suporta nina:

Superbisor Norman Yee
Miyembro ng Asembleya David Chiu
Dating Abugado ng Distrito Suzy Loftus
Presidente ng City College Shanell Williams
Marami pa sa MyrnaMelgar.com

Myrna Melgar



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 7

EMILY MURASE

Ang aking trabaho ay Direktor ng Ahensiya sa Lungsod at County.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong NAPATUNAYAN NANG LIDER.

Bilang Presidente ng San Francisco Board of Education (Lupon ng Edukasyon), nakipaglaban ako upang mapanatili ang programang JROTC para sa mga estudyanteng nagpahayag na gustong-gusto nilang makalahok dito. Bilang Direktor ng ahensiya ng lungsod sa loob ng mahigit sa 15 taon, nakipaglaban ako upang matanggal na ang pandarahas sa tahanan at wakasan ang human trafficking o pangangalakal sa tao rito sa San Francisco.

May pangako akong PANATILIHIN, PROTEKTAHAN, at PAGHUSAYIN ang kalidad ng buhay sa Distrito 7 sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa katangian ng pagkakaiba-iba sa marami sa ating mga komunidad at pagpapalakas ng mga boses sa komunidad.

SAMA-SAMA, ating:

- Gagawing Mas Ligas ang Ating mga Komunidad
- Susuportahan ang mga Negosyo sa ating Komunidad
- Wawakasan ang Pagkakampo ng mga Homeless o Walang Tahanan
- Pararamihin ang Abot-kayang Pabahay/Pagmamay-ari ng Tahanan
- Palalawakin ang Paglikha ng mga Trabaho.

Nangangako akong pagkakalooban kayo, ang inyong pamilya, mga kapitbahay at mga negosyante ng ating Distrito ng PINAKAMAHUHUSAY NA POSIBLENG MGA SERBISYO. Walang kapaguran akong makikipaglaban para sa mga inaalala ng ating mahigit sa 40 komunidad sa Westside.

MGA PAG-ENDOSO

Tesorero ng Estado Fiona Ma (pangalawa)

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Sheriff Paul Miyamoto

Miyembro ng Lupon ng mga Paaralan Rachel Norton

Katiwala ng City College Thea Selby (pangalawa)

Dating Superintendente ng mga Paaralan Gwen Chan

Dating Sheriff Vicki Hennessy (pangalawa)

Hukom (retirado) at Dating Superbisor Quentin L. Kopp

Dating Direktor ng Department of Emergency Management

(Departamento para sa Pamamahala ng mga Emergency) Anne

Kronenberg

Tagapagtaguyod ng Pampublikong Kaligtasan Suzy Loftus (pangalawa)

Tagapagtatag na Presidente ng United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco) Joan-Marie Shelley

www.EmilyMurase.com

Emily Murase

VILASKA NGUYEN

Ang aking trabaho ay Abugado para sa mga Kriminal na Paglilitis.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Panahon na upang ilagay natin sa unahan ang mga pamilya.

Naging abugado na ako para sa mga kriminal na paglilitis sa loob ng 15 taon. Ibinuhos ko ang aking karera sa pagtiyak na napoprotektahan ng batas ang mga pamilya.

Lumikas ang aking mga magulang mula sa mga komunista noong Fall of Saigon (Pagbagsak ng Saigon). Naniwala ang aking ama sa masipag na pagtatrabaho at sa American dream (pangarap na magtatagumpay ang sinuman sa Amerika), kung kaya't matapos makakuha ng visa, nagmigrante ang aking pamilya sa dakilang estado ng Alaska. Noong ipinanganak ako, ibinigay nila sa akin ang pangalan na mula sa salitang Inuit para sa "Mainland (malaki at pangunahing isla)."

Ikinararalang kong maging Ama sa komunidad, na nagpapalaki ng dalawang bata rito sa Westside at nagko-coach sa basketball sa paaralan ng aming mga anak. Ipinaalala sa atin ng pandemya kung gaano kahalaga ang bawat uri ng pamilya sa lungsod. Kung wala ang malalakas at malulusog na pamilya, hindi tayo magkakaroon ng malakas at malusog na lungsod.

Iyan ang dahilan kung bakit bilang Superbisor, masipag akong magtatrabaho upang muling maitayo ang ekonomiya ng ating lungsod, dalhin ang mga rekurso sa mga pamilya ng Westside at itigil na ang laro na pass-the-buck (pagpasa sa iba ng responsibilidad) na humantong sa krisis sa mga homeless o walang tahanan.

Hindi ako insider o tagaloob sa city hall. Gayon pa man, ikinararalang kong ma-endoso ng mga lider ng lungsod na ito, at ng libo-libong pamilya sa komunidad na gustong makita ang ating lungsod na mas mahusay ang ginagawa.

Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

Tagapangulo ng Democratic Party (Partido Demokratiko) David Campos

Superbisor Matt Haney

Superbisor Hillary Ronen

Komisyoner ng Pulisya Petra DeJesus

Komisyoner ng Pulisya Cindy Elias

Komisyoner ng Pulisya John Hamasaki

Vilaska Nguyen

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 7

KEN PIPER

Ang aking trabaho ay May-ari ng Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kaligtasan, Komunidad, Pamublikong Transportasyon.

Lumipat kami ng aking asawa sa San Francisco 25 taon na ang nakararaan. Nagpapalaki kami ng tatlong anak na pumapasok sa mga pampublikong paaralan. Pinaunlad namin ang aming mga karera at nagtatag ng matibay na komunidad sa loob ng ating lungsod. Nakatira na kami sa maraming komunidad at nakasakay na sa bawat linya ng MUNI, at sa wakas ay nag-ugat kami sa Westwood Park 13 taon na ang nakararaan.

Maraming malalaking pagbabago na ang naganap, bagamat hindi para sa ikabubuti ang lahat ng ito. Dumarami na ang matatayog na gusali at mga bagong negosyo – habang lumalaki naman ang kawalan ng tahanan, nabawasan ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba, mas marumi na ang lungsod, at mas hindi na abot-kaya ang pamumuhay.

Magtatrabaho ako upang matiyak na magiging mas napupuntahan ang mga lugar ng lungsod, mas inklusibo o bukas ito sa lahat, at mas abot-kaya ang pamumuhay. Natatangi ang Distrito 7 dahil sa pagkakaroon nito ng mga pagkakaiba-iba at sa pinagtutuunan ng komunidad. Kailangang maging ligtas na lugar ito para sa pamumuhay, pagtatrabaho, at pagreretiro, kung saan makatuwirang nakukuha ang lahat ng naihandog ng lungsod. Gayon pa man, tinanggal na ng mga lider ng lungsod ang mga daanan sa kalye at nagdagdag ng mga panukalang-batas, kung kaya't malaki ang inihaba ng pagbi-biyahe sa Distrito 7.

Paparating na ang malalaking pagtatapyas sa badyet. Malalaki kung gumasta ang ating kasalukuyang mga superbisor. Isa akong mahusay at nakikipagkolaborasyong lider na may napatunayan nang karanasan sa negosyo. Natiyak na ng trabaho ko sa mga kompanya sa SF ang mga pagbabago sa operasyon na mahusay ang pagpipinansiya, kung kaya't mapahihintulutan ang pangmatagalang tagumpay. Bahagi ako ng susunod na henerasyon ng mga lider, at hinihingi ko ang inyong boto.

PiperD7.com

Ken Piper



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 9

HILLARY RONEN

Ang aking trabaho ay Superbisor ng Distrito 9.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong abugado para sa mga karapatang sibil at ina na nagkaroon na ng karangalang maglingkod bilang inyong Superbisor.

Sa una kong termino, sinuong ko ang pinakamalalaking problemang kinakaharap ng San Francisco at nilabanan ang pagiging kampante sa City Hall:

- Nakipagtrabaho ako sa komunidad upang matiyak ang pagkakaroon ng 1366 abot-kayang pabahay para sa ating Distrito.
- Nalikha ang Mental Health SF, ang programa na naglilipat sa homeless o walang tahanan na may karamdaman din sa isip mula sa kalye tungo sa pangangalaga.
- Nabawasan ang bilang ng homeless na natutulog sa kalye – isa sa dalawang Distrito lamang na nakakita ng pagkabawas at nagtatrabaho pa rin upang makakita ng iba pang mabubuting pagbabago araw-araw.
- Naipasa ang batas na lumikha ng independensiya mula sa PG&E at nagpatakbo ng pampublikong serbisyo na greenest o pinakamabuti sa kapaligiran sa bansa.
- Nalikha ang Office of Sexual Harassment and Assault Response and Prevention (Opisina para sa Pagtugon at Pag-iwas sa Seksuwal na Panliligalig at Pandarahas) upang matiyak na magalang ang pakikitungo sa mga nakaalpas sa seksuwal na karahasan.
- Nagawang apat na beses na mas marami ang pang-araw-araw na paglilinis sa 16th Street Bart Station at sa maraming lugar sa Distrito.
- Naitaas ang suweldo ng mga manggagawa sa homecare sa San Francisco.
- Nakalikha ng mga programa upang mailigtas ang maliliit na negosyo at matulungan ang pinakabulnurable sa panahon ng krisis sa COVID-19.
- Nakasulat ng batas upang mabigyan ang kabataan ng karapatan na magkaroon ng kasamang magulang habang kinukuwestiyon ng pulisya.

Ikinarangal kong ma-endoso ng/nina:

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)

San Francisco Firefighters Union (Unyon ng Mga Bumbero ng San Francisco)

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)

National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)

Sierra Club

Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)

Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Tagapangulo ng Democratic Party (Partido Demokratiko) David Campos

Superbisor Matt Haney

Superbisor Shamann Walton

Pampublikong Tagapagtanggol Manoj Raju

Abugado ng Distrito Chesa Boudin

Komisyoner ng Pulisya Cindy Elias

Komisyoner ng Pulisya Petra de Jesus* (Para lamang sa mga layunin ng identipikasyon.)

Hillary Ronen

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 11

JOHN AVALOS

Ang aking trabaho ay Organisador ng Unyon ng mga Tagapangalaga ng Kalusugan.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong residente ng Excelsior sa loob ng 22 taon, ama ng dalawang bata, at organisador ng komunidad at mga manggagawawa. Pinalaki akong may matibay na paniniwala sa importansiya ng masipag na pagtatrabaho at pagpapahalaga sa pagdamay sa kapwa.

Nakapagtrabaho na ako para sa Coleman Advocates for Children and Youth (Mga Tagapagtaguyod ng mga Bata at Kabataan ng Coleman) at para sa Justice for Janitors (Hustisiya para sa mga Dyanitor). Ngayon, bilang organisador ng National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan), pinamumunuan ko ang mga pagsusumikap na panatilihin bukas ang Seton Medical Center bilang rehiyonal na ospital para sa COVID-19.

Bilang Superbisor ng Distrito 11 mula 2009 hanggang 2017, pinamunuan ko ang pagbangon ng San Francisco mula sa Great Recession (panahon ng matinding pagbagsak ng ekonomiya) at:

- Naging tagapangulo ng Budget Committee (Komite sa Badyet) at naisara ang dalawang tig-\$500 milyon na kakulangan sa badyet, nang walang tinatapyas na mahahalagang serbisyo,
- Naipasa ang pinakamatibay na batas sa bansa ukol sa lokal na pag-eempleyo,
- Muling naisulat ang buwis sa pagnenegosyo ng Lungsod upang maprotektahan ang mga trabaho at maliit na negosyo,
- Napalawak ang pagpopondo para sa mga serbisyo sa kabataan at edukasyon,
- Nabigyang-buhay ang ating mga komunidad sa pamamagitan ng bagong mga parke, mas mahusay na pampublikong transportasyon, at masisiglang lugar na nakatalaga sa pagnenegosyo.

Sa ngayon, humaharap tayo sa pandaigdigang pandemya at krisis sa ekonomiya. Handa akong pamunuan ang ating distrito at Lungsod sa pagsulong tungo sa:

- Pagtatayo ng ekonomiya batay sa mga pangangailangan ng mahahalagang manggagawawa at kani-kanilang pamilya,
- Pagtanggap sa mga ugat ng korupsiyon sa gobyerno, upang matiyak na hindi mawawala ang mga dolyar mula sa buwis nang dahil sa panlilinlang at pang-aabuso,
- Pagbubuwis sa mga korporasyon na nakikipagsapalaran sa real estate, at nang maprotektahan ang nahihirapang mga umuupa at may-ari ng tahanan,
- Pagbibigay ng proteksiyon sa mga negosyo sa komunidad na pinakanakararanas ng hirap,
- Paglikha ng balanseng badyet na nagpapanatili sa mahahalagang serbisyo para sa mga nagtatrabaho.

John Avalos

Avalos2020.com

MARCELO COLUSSI

Ang aking trabaho ay May-ari ng Maliit na Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong imigrante na napamahal na sa akin ang San Francisco 20 taon na ang nakararaan noong nagbiyahe ako mula sa Argentina papunta sa Alaska nang nakabisikleta, kung saan \$800 lamang ang dala ko, at ginawa ko ito sa loob ng halos dalawang taon, upang makapaghatid ng mensahe sa mga komunidad na aking dinaanan. Noong nasa San Francisco na ako, nagtrabaho ako sa mga restawran, sa SPCA at sa konstruksiyon, naging EMT, at pagkatapos nito, ay naging Cardiologist Technician (technician para sa mga kagamitang sumusuri sa puso) sa SFSU, at nagboluntaryo sa SF General Hospital, na siya namang nagdala sa akin sa trabaho sa Stanford Children's Hospital. Nitong huling 15 taon, nagpatakbo ako ng sariling negosyo at naging Realtor (ahente ng mga ari-arian) dalawang taon na ang nakararaan. Kasal ako sa aking kahanga-hangang asawa at mayroon akong dalawang kagila-gilalas na anak na pumapasok sa SFUSD. Walang anumang pangkat na may espesyal na mga interes na sumusuporta sa akin at hindi ako mangongolekta ng donasyon para sa aking kampanya dahil gusto kong mapunta ang ekstrang pera sa krisis na ito sa mga tao na nawalan ng trabaho, o mga frontline worker (mga nagtatrabaho sa mahahalagang industriya). Naniniwala ako sa pagprotekta sa kapaligiran, naniniwala ako sa pampublikong edukasyon na mataas ang kalidad, malalim ang pagpapahalaga ko sa abot-kayang pabahay at sa ligtas at malilinis na kalye, at tumatakbo ako para sa superbisor dahil kailangan natin ng pagbabago na dapat nang agad na maisagawa kung saan tayo nakatira at kung saan tayo nagtatrabaho!

Marcelo Colussi

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 11

AHSHA SAFAI

Ang aking trabaho ay Superbisor ng Distrito 11.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nasa malalim na krisis ang San Francisco. Humaharap ang mga tao sa pandemya sa kalusugan, tensiyon sa pagitan ng mga lahi, at kagipitan ng ekonomiya habang hindi pa rin abot-kaya ang pabahay. Karapat-dapat ang ating mga nagtatrabahong pamilya sa pagkakaroon ng subok nang pamumuno.

Noong 2016, nangako akong ilalagay sa unahan ang mga nagtatrabahong pamilya at titiyakin na hindi na malilimutan ang ating mga komunidad.

Nitong nakaraang 4 taon, natiyak na natin ang pagkakaroon ng mahigit \$600 milyon:

- Napondohan na ang 370 unit ng abot-kayang pabahay
- Nakakuha ng libo-libong mask, kagamitan at mga proteksiyon para sa ating mahahalagang manggagawa
- Nabuksan ang ating unang Job Center (Sentro para sa Trabaho) sa Broad Street
- Nagawan ng renobasyon ang ilang parke, kasama na ang Merced Heights, Alice Chalmers at ang Geneva Car Barn
- Nakapaglagay ng 100 speed hump (pangkontrol sa bilis ng mga sasakyan) at nasementohan muli ang maraming kalye
- Nakapagtanim ng mahigit sa 2,000 puno na pinananatili ng Lungsod

Dati akong organisador ng mga manggagawa at anak na lalaki ng imigrante – ang mga ito ang aking mga ugat. Sa pamamagitan ng inyong suporta, patuloy akong lalaban para sa mas makatarungang San Francisco na gumagana para sa lahat.

Kung muli akong mahahalal:

- Ibabalik natin sa trabaho ang mga tao
- Bibigyan ng mga tahanan ang pinakabulnerableng mga pamilya
- Susuportahan ang maliliit na negosyo
- Pananatilihin ligtas at malinis ang mga komunidad

Ikinararangal kong ma-endoso ni Gobernador Gavin Newsom, Tesurero Fiona Ma, Kongresista Jackie Speier, Mayor London Breed, Senador ng Estado Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya David Chiu, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, Presidente ng Lupon Norman Yee, SF Firefighters (Mga Bumbero ng SF) Lokal 798 at daan-daan pang ibang unyon, kasama na ang libo-libo nating kapitbahay.

Umaasa akong makuha ang inyong suporta.

www.ahshaforsupervisor.com

Ahsha Safai

Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 7

SHARON KIDD

Ang aking trabaho ay Nag-aadbokasiya para sa Reporma sa Pulisya / Tagapayo ukol sa Reporma sa Pulisya / Edukador / Komisyoner ng Berkeley.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang BART ay tungkol sa mga tao.

Itinayo ang BART para makapagbigay ng mga oportunidad sa mga tao sa kabuuan ng Bay Area, pero kailangang-kailangan na ngayon ng reporma ng napakahalagang serbisyo na ito. Bilang matagal nang lider ng komunidad, at sumasakay sa pampublikong transportasyon sa loob ng halos 40 taon, nakita ko na ang patuloy na pagbagsak ng sistemang ito na dating kahanay ng pinakamahuhusay sa mundo. Panahon nang ayusin ang BART para sa lahat.

Sa kasalukuyan, may mga problema ang BART sa pagkakaroon ng pananagutan, maling pamamahala, at kaligtasan. Nararapat lamang sa mga sumasakay at nagbabayad ng buwis ang maaasahang serbisyo, at nang magkaroon sila ng oportunidad na makapunta sa trabaho, paaralan, at pakikipagkita sa Doktor nang nasa oras. Kailangang malinis, ligtas, at maaasahan ang BART para sa bawat sumasakay. Walang sinuman na dapat mag-alala na mauupuan niya ang nakalantad na karayon, aksidenteng matatayuan ang higaan ng kung sino sa gabi, o kung ligtas na maka-uwi sa bahay matapos ang araw na kasama ang mga kapatid na babae.

Tumatakbo ako upang ireporma ang sistema na hindi lang talaga nakapaglilingkod na sa mga tao. Magdadala ako ng iba't ibang uri ng deka-dekadang propesyonal na karanasan, mula sa mga posisyon sa pamamahala ng pinansiya sa San Francisco tungo sa pagbibigay ng edukasyon sa kabataan sa Oakland, at paglilingkod bilang nag-aadbokasiya para sa Reporma sa Pulisya sa kabuuan ng Bay Area.

Bilang Direktor ng Lupon ng BART, bibigyan ko ng prayoridad ang ligtas, malinis, at maaasahang pagbibiyahе, at titiyakin ang pagpapanagot sa publiko ukol sa pagpapatakbo ng pulisya, pagtataas ng pamasaha, at paggasta para sa paglilinis. Pakisamahan ang mga lider ng komunidad sa pagsuporta kay Sharon Kidd para sa Direktor ng BART.

Sharon Kidd

LATEEFAH SIMON

Ang aking trabaho ay Direktor ng BART.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Humaharap ang BART sa hindi pa nararanasan kailanman na krisis sa 50-taon na kasaysayan nito. Maghahatid ako ng mahigit sa 35 taon ng ehekutibong pamumuno sa pampubliko at pribadong sektor - na may malinaw na bisyon para sa ligtas, maaasahan, at equitable o may katarungan sa pagkakapantay-pantay na sistema.

Dahil isa akong nagtatrabahong ina na umaasa sa pampublikong transportasyon, palagi akong umaasa sa BART upang makapagbiyaha papuntang trabaho at sunduin ang aking dalawang anak na babae. Nakikibaka ako upang matiyak na naririyang ang BART para sa ating lahat.

Bago ang pandemya, gumagawa na kami ng tuloy-tuloy na pag-unlad sa paglilinis sa mga estasyon, matagumpay na pagsusulong ng reporma sa pulisya, at paggawang mas ligtas sa BART.

Malayo pa ang ating lalalabayin. At ginagawang mas mahirap ang mga bagay-bagay ng krisis sa badyet nang dahil sa COVID-19. May pangako akong mapagsasama-sama ang mahahalal na koalisyon at miyembro ng komunidad upang mapanatiling gumagalaw ang BART.

Hindi tayo dapat kailanman sumuko sa paggawa sa BART na sistemang maihahanay sa pinakamahuhusay sa mundo. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bisyon, kaalaman, at determinasyon, malulutas natin ang mga problema at makikita ang mas maliwanag na kinabukasan para sa pangmasang transportasyon sa Bay Area.

Noong inihalal ninyo ako, nangako akong papalitan ang kalakaran sa BART. Iyan mismo ang aking ginawa.

Ikararantal kong makuha ang inyong suporta.

Lateefah Simon



Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 9

BEVAN DUFTY

Ang aking trabaho ay Direktor ng BART.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa kabuuan ng aking karera sa serbisyo publiko, naitaas ko na ang aking mga manggas, na ang ibig sabihin, ay lagi na akong naging handa sa mahihirap na trabaho, at nang maisagawa ang mga bagay-bagay.

Bilang bagong halal na Direktor ng BART, nangilabot ako sa marumi at masama sa kalusugang mga kondisyon sa mga Plaza ng 16th & Mission. Tinanggihan ng Pinuno ng mga Operasyon ng BART ang kahilingan ko para sa mas maraming custodian o tagalinis.

Dahil dito, nagdala ako ng guwantes at walis, at sinimulan ko na mismong linisin ang mga plaza. Sinamahan ako ni Superbisor Hillary Ronen. Magkasama kaming nagwalis nang linggo-linggo sa loob ng apat na buwan. Tumugon ang publiko at ang media. Nagbago ng tono ang pamunuan ng BART - naglaan sila ng mas maraming rekurso upang malinis ang mga Estasyon ng BART na marami ang gumagamit.

Sa gayong paraan nagaganap ang pagbabago.

Kasama sa iba pang bagay na matagumpay kong naisagawa ang:

- Pagtatatag ng Ambassador Program (Programang mga Embahador) upang maitaguyod ang kaligtasan sa pamamagitan ng may pagsasanay at walang armas na mga kawani sa mga tren at plataporma.
- Pagpapalawak sa 50% diskuwento para sa kabataan na nasa edad 12 hanggang 18.
- Pinaka-una sa anumang panahon na diskuwento (20%) ng BART Pilot Low-Income Rider (Pinagsisimulang Programang BART para sa Sumasakay na Mababa ang Kita)
- Pagbuo ng plano upang muling mapag-isipan ang Polisiya ng BART at matugunan ang sistemikong rasismo.

Nakatulong ang aking 25 taon sa gobyerno ng Lungsod ng San Francisco upang matiyak ang pakikipagkolaborasyon sa BART ukol sa kawalan ng tahanan, kaligtasan, at mga operasyon.

Sa hindi pa nararanasan kailanman na panahong ito sa kasaysayan ng BART, nagtatrabaho na tayo upang mapanatili ang pampublikong kalusugan at kaligtasan habang dahan-dahang bumabangon ang pagsakay mula sa pandemya.

Inendoso ng/nina: Sierra Club, Nancy Pelosi, Dianne Feinstein, Lateefah Simon, London Breed, David Campos, Mark Leno, Jane Kim, Dean Preston.

Hinihingi ko po ang inyong boto.

bevandufty.com

Bevan Dufty

PATRICK MORTIERE

Ang aking trabaho ay Direktor ng Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang BART ang inaasahan sa buhay ng maraming indibidwal na mabababa ang kita at nangangailangan ng mabilis at murang transportasyon. Napakahalaga na hindi na mapunta pa ang pasanin para matugunan ang badyet sa mga sumasakay na dumaranas na ng pinansiyal na hirap nang dahil sa pandemya.

Ang magiging prayoridad ko bilang Direktor ng BART ay ang lalo pang pagpapahusay sa ating batayang network ng mga tren, pagiging mas madali sa paggamit sa BART para sa nagbibisikleta, naglalakad, at sumasakay sa pampublikong transportasyon, at ang pagpapahusay sa serbisyo, kaligtasan, at kalinisan. Bilang nag-aadbokasiya para sa episyenteng mga polisiya, makikipagtrabaho ako sa Lupon at sa mga gumagawa ng polisiya upang lalo pang mapalakas ang BART para sa mga henerasyon sa hinaharap.

Kailangan natin ng mas kaunting salita at mas maraming gawa. Kailangang-kailangan nating mapanatili ang BART na para sa pangmatagalang panahon sa pamamagitan ng pagbabawas sa pag-asa nito sa kita mula sa mga pamasaha. Matagal nang north star o tinatanaw na pangarap ang San Francisco para sa inobasyon at pagkakaroon ng katarungan sa pagkakapantay-pantay. Sa sandaling ito, mayroon tayong pagkakataon upang magawa ang BART na libreng sistema ng transportasyon para sa lahat balang araw.

Maaaring wala akong deka-dekadang karanasan, pero may matinding pagmamahal ako para sa pampublikong transportasyon, matibay na pagkaunawa sa mga proseso sa paggawa ng polisiya at badyet na kinakailangan para sa trabaho, at napakahusay na rekord ng pakikipagtrabaho sa iba upang maraming hindi nakatatanggap ng sapat na serbisyo.

Ikararantal kong makuha ang inyong suporta.

Patrick Mortiere
patrickforbart.com

Mga Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 9

MICHAEL PETRELIS

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako para sa katungkulan sa BART na nakalaan sa Distrito 9. Kasama sa aking agenda o listahan ng gagawin ang:

- Pagbubukas ng mga banyo sa lahat ng estasyon, kung saan susubaybayan ang mga ito ng mga empleyadong attendant o taga-asikaso.
- Pagde-defund o paglilipat ng pondo mula sa pulisya ng BART tungo sa iba pang ahensiya o gawain.
- Pagbabawal sa mga direktor sa pagtanggap sa mga donasyon mula sa unyon ng mga pulis.
- Pagtataguyod ng mga prinsipyo ng Black Lives Matter (Mahahalaga ang Buhay ng Iitim) ukol sa mga elektronikong karatula sa plataporma, adbvertisement sa tren
- Pag-eempleyo ng karagdagang mga embahador upang matulongan ang mga walang tahanan at indibidwal na nangangailangan
- Pagpapalahok sa mga lokal na politiko sa pagbubuwis sa mga bangko at bilyonaryo upang magbayad sila, at nang maging libre para sa lahat ang pagsakay sa BART.
- Pagwawakas sa anumang pakikipagkolaborasyon sa ICE.
- Pagbabahagi ng lingguhang newsletter ng aking mga aktibidad
- Pagpapalawak sa mga mauupuan at paglikha ng bulletin board na na may papel at panulat, upang masulatan ng mga sumasakay ng komento sa mga plaza ng 16th at 24th Street.
- Pagsasagawa ng buwanang town hall (pampublikong pulong) sa pamamagitan ng internet.
- Pagpapanatili sa rekord ng lahat ng pampublikong komento sa mga pulong ng lupon sa minutes o mga tala ng pulong.
- Pagtatalaga ng Rider's Representative (Kinatawan ng mga Sumasakay).
- Pagpapahusay pa sa mga proteksiyon laban sa Covid-19 para sa lahat ng manggagawa at sumasakay.
- Pagtataguyod ng mga pagpapahalaga sa pantay at walang kinikilingang pagtrato sa lahat ng lahi o racial justice at kata-rungang panlipunan sa bawat antas ng mga operasyon.
- Pagtatakda ng buwanang mga sesyon para sa pakikinig kasma ang General Manager (Panglahatang Tagapamahala) sa lahat ng estasyon.
- Pakikipagkolaborasyon sa lahat ng lokal na nonprofit na naghardin, at nang makapagtanim at makapagpanatili ng mga puno.

Habambuhay na akong LGBT na nagbibisikleta, at hindi ako kailanman natuto kung paano magmaneho ng kotse at hindi kailanman nagmay-ari nito. Hinihingi ko po ang inyong boto.

Michael Petrelis

DAVID WEI WEN YOUNG

Ang aking trabaho ay Inhinyero.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Una akong sumakay sa BART bilang bata noong dekada 1990, sa panahong ito pa ang tren ng kinabukasan.

Ngayon, sa kabilang direksiyon na ang pinatutunguhan ng BART. Bumababa na ang bilang ng mga sumasakay taon-taon. Mas hindi na ligtas ang mga estasyon, mas hindi na maaasahan ang mga tren, at tama lamang na nag-aalala ang mga sumasakay na malantad sila sa COVID-19.

Nawala na sa BART ang 90% ng mga sumasakay rito at 90% ng kita nito. Dahil mayroon itong \$1B sa wala pang pondong pensiyon, may panganib na mabangkarote ang BART at magkaroon ng malalalang pagbabawas ng serbisyo. Habang bumabangon tayo, pinipili ng mga sumasakay ang mga kotse, kaya't sumisikip ang ating mga kalye at nagkakaroon ng polusyon sa hangin. Kailangan nating radikal na mapaghusay ang BART bago natin mapabalik ang mga sumasakay.

Hanapbuhay ko na ang paglutas sa mga problema. Sa 20-taon na karera ko sa high tech o abanteng teknolohiya, napamunuan ko na ang mga pangkat na diverse o may pagkakaiba-iba tungo sa tagumpay, kung saan nalutas namin ang mahihirap na problema sa pag-iinhinyero sa pamamagitan ng pagtutuo sa kasiyahan ng kostumer. Nakalimutan na ng kasalukuyang mga lider na tren ang BART, at kailangang gumana nito. Panahon na para sa bagong pamumuno sa BART, kung saan ilalagay sa unahan ang karanasan ng mga sumasakay.

Gagawa ako ng:

Pagtitiyak na ligtas, mabuti sa kalusugan, at walang krimen ang mga tren at estasyon.

Pamumuhunan sa imprastruktura na nagbibigay-lakas sa umuunlad na kinabukasang mababa sa carbon.

Pagpapahusay sa akses sa pamamagitan ng madaling pagbayad at programa sa pagbibigay ng diskuwento, na tulad ng Clipper Start.

Bumoto kayo upang masamahan ako sa paglutas sa mga problema ng BART at muling pagtatayo sa tren ng kinabukasan.

Bisitahin ang <https://daveforbart.com/>

David Wei Wen Young

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

MATT ALEXANDER

Ang aking trabaho ay Edukador at Organisador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mayroon na akong 20+ taon na karanasan bilang guro at principal (punong-guro) sa pampublikong paaralan ng SFUSD. Kasama akong tagapagtatag ng June Jordan School for Equity, na de-kalidad na pampublikong paaralan, at mayroon na itong subok na rekord ng tagumpay sa mga estudyanteng Aprikano-Amerikano, Latinx, Asyano, at taga-Isla Pasipiko. Bilang organisador ng komunidad sa Faith in Action Bay Area, nakikipagtrabaho ako sa pangkat ng mga lider, na mula sa iba't ibang kultura, sa mga paaralan at kongregasyon, upang makipaglaban para sa mga karapatan ng imigrante at sa katarungan sa pabahay.

Sa panahong ito ng pandemya at krisis sa ekonomiya, kailangan mag-isip tayo ng malalaking plano at maging mapangahas, at nang maipagkaloob natin ang pinakamahusay na pampublikong edukasyon para sa kinabukasan ng ating mga anak at ng ating lungsod. Kasama sa aking mga prayoridad ang:

- Pagsasara ng digital divide o ng siwang sa pagitan ng may teknolohiya at ng walang teknolohiya
- Pagbubukas ng mga paaralan sa pinakamaagang posibleng panahon na magagawa ito nang ligtas, kung saan binibigyan ng prayoridad ang mga estudyanteng musmos at may espesyal na pangangailangan.
- Pagtataas ng pondo: Pagreperorma sa Prop 13 at paghahabol sa dagdag na pondo mula sa estado at pederal na gobyerno
- Pagbabago ng alokasyon ng badyet mula sa sentral na opisina at administratibong gastos upang direktang mapunta sa mga paaralan
- Paglikha ng mas maraming Community Schools (Mga Paaralan ng Komunidad) na may magkakasama o integrated nang mga serbisyo at sosyo-emosyonal na suporta
- Pamumuhunan sa edukasyon sa mga unang taon ng pagkabata

Kasama sa mga nag-endoso sa akin ang:

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)

Service Employees International Union (Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo) SEIU 1021

Coleman Action Fund for Children (Pondo sa Pag-aksiyon para sa mga Bata ng Coleman)

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)

Bernal Heights Democratic Club (Samahang Demokratiko ng Bernal Heights)

San Francisco Board of Education (Lupon ng Edukasyon): Mark Sanchez, Presidente; Gabriela Lopez, Bise-Presidente; Alison Collins; Jenny Lam; Faauuga Moliga

San Francisco Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor): Norman Yee, Presidente; Sandra Fewer; Matt Haney; Gordon Mar; Dean Preston; Hillary Ronen; Shamann Walton
Jane Kim, Dating Superbisor

Tom Ammiano, Dating Miyembro ng Asembleya ng Estado
David Campos, Tagapangulo, SF Democratic Party (Partido Demokratiko ng SF)

BART Board of Directors (Lupon ng mga Direktor): Bevan Dufty; Janice Li

Jackie Fielder, Kandidato para sa Asembleya ng Estado
Jeremiah Jeffries at Karen Zapata, Mga Tagapagtatag, Teachers 4 Social Justice (Mga Guro para sa Katarungang Panlipunan)

www.mattalexandersf.org

Matt Alexander

ANDREW DOUGLAS ALSTON

Ang aking trabaho ay Guro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako para sa San Francisco School Board (Lupon ng mga Paaralan) dahil sa aking palagay, ang lungsod na ito ang pinakamagan-da, pinaka-diverse o mayroong mga pagkakaiba-iba, at pinakaprogresibo sa daigdig, at naniniwala akong dapat salaminin ito ng ating mga pampublikong paaralan. May mahahalagang usapin na naka-aapekto sa ating mga estudyante at kani-kanilang pamilya, at gusto kong maging bahagi ng solusyon. Nahihirapan ang ating mga paaralan na makahikayat ng bawat estudyante at pamilya at lalo pang nagkakaroon ng segregasyon batay sa lahi at katayuang sosyo-ekonomiko. Kailangan ng San Francisco ng mapangahas na plano upang magkaroon ng integrasyon sa paaralan sa pamamagitan ng pagbabago sa pagsosona at libreng pampublikong paghahatid ng bus, at nang matiyak na maibabalik ang mga paaralan sa ating mga komunidad. Bilang guro sa pampublikong paaralan, naniniwala ako na mga institusyon ng pag-asa ang ating mga paaralan. Patagin natin ang landas para sa kinabukasan ng ating mga anak sa pamamagitan ng pag-angat sa ating mga paaralan upang matugunan ng mga ito ang kanilang matatayog na pangarap. Salamat sa inyong boto.

Andrew Douglas Alston

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

KEVINE BOGGESS

Ang aking trabaho ay Direktor para sa mga Polisy sa Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa loob ng mahigit 10 taon sa Coleman Advocates for Children and Youth (Mga Tagapagtaguyod ng mga Bata at Kabataan ng Coleman), nagtrabaho ako upang makapag-organisa at makapagpalahok ng daan-daang pamilya, estudyante, at edukador, at nang magkaroon ng transpormasyon sa mga pampublikong paaralan ng San Francisco. Bilang Direktor para sa mga Polisy sa Edukasyon at magulang na ipinanganak at pinalaki sa San Francisco, nakita ko mismo ang mga hamon at oportunidad sa ating mga pampublikong paaralan, at naiintindihan ko kung ano ang kinakailangan upang mapaghusay pa ang kaligtasan sa paaralan at maparami ang mga oportunidad para sa lahat ng kabataan.

Tumatakbo ako para sa Board of Education upang:

- Makapaghatid ng mapangahas at may kolaborasyong pamumuno na magbibigay ng prayoridad sa kalusugan at akademikong tagumpay ng mga estudyante at pamilya, lalo na sa panahon ng COVID-19;
- Maipatupad ang aming pangako na matiyak na may karapatan ang bawat bata na magkaroon ng edukasyong mataas ang kalidad, anuman ang lahi, kita, wika, o komunidad;
- Makapagkaloob ng ligtas at nakapanghihikayat na kapaligiran sa pag-aaral para sa lahat ng estudyante, kasama na sa panahon ng distance learning (uri ng pag-aaral na isinasagawa sa pamamagitan ng internet o learning kits); at
- Matupad ang ating pangako na maibalik ang tiwala sa ating pampalarang distrito sa pamamagitan ng higit na pagiging bukas sa pagsisiyasat at pagpapanagot sa pamunuan ng distrito.

Gawin nating pinakamahusay sa bansa ang mga pampublikong paaralan ng San Francisco.

Ang mga Nag-endoso sa Akin:

United Educators of San Francisco
Service Employees International Union-SEIU 1021
Coleman Action Fund for Children
San Francisco Berniecrats
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)
Jeremiah Jeffries at Karen Zapata, Mga Tagapagtatag ng Teachers 4 Social Justice
Tom Ammiano, Miyembro ng Asembleya ng Estado ng CA (Nakaraan)
Mga Komisioner ng Board of Education:

- Mark Sanchez, Presidente
- Gabriela Lopez, Bise-Presidente
- Alison Collins
- Jenny Lam
- Faauuga Moliga
- Stevon Cook

Board of Supervisors:

- Norman Yee, Presidente
- Sandra Lee Fewer
- Aaron Peskin
- Gordon Mar
- Dean Preston
- Matt Haney
- Rafael Mandelman
- Hillary Ronen
- Shamann Walton

Alamin pa ang tungkol dito sa www.kevineboggess.org

Kevine Boggess

ALIDA FISHER

Ang aking trabaho ay Nag-aadbokasiya para sa Espesyal na Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang dating magulang ng mga batang foster (nasa pangangalaga ng gobyerno) at nag-ampong magulang ng apat na anak na iba ang lahi sa akin, napakapersonal ng mga usapin ng equity o katarungan sa pagkakapantay-pantay at hustisyang panlipunan sa akin. Ginugol ko ang huling 15 taon sa walang humpay na pag-aadbokasiya para sa mas mahuhusay na interbensiyon sa pagbabasa, pagsasanay upang magkaroon ng kamalayan sa mga kakayahan, at mas masisiglang sosyo-emosyonal na suporta sa ating mga paaralan.

Aktibo ako sa pangangasiwa sa SFUSD:

Tagapangulo para sa Pag-aadbokasiya at dating Tagapangulo ng Community Advisory Committee for Special Education (Tagapayong Komite ng Komunidad para sa Espesyal na Edukasyon) ng SFUSD
Miyembro, African American Parent Advisory Committee (Tagapayong Komite ng mga Magulang na Aprikano Amerikano)
Miyembro, LCAP Task Force (Espesyal na Pangkat para sa LCAP)
Miyembro, Equity Studies Task Force (Espesyal na Pangkat para sa Pag-aaral ukol sa Katarungan sa Pagkakapantay-pantay)
Miyembro, Charter School Oversight Committee (Tagapangasiwang Komite ng mga Paaralang Tsarter)
Miyembro, Logistics Committee of Reopening Task Force (Komite para sa Detalyadong Koordinasyon ng Espesyal na Pangkat para sa Muling Pagbubukas ng mga Paaralan).
PTA, SSC at miyembro ng lupon sa pitong paaralan ng SFUSD

Ginagamit ko ang aking posisyon sa mga komiteng ito upang matugunan ang mga problema ng institusyonalisadong diskriminasyon sa ating mga paaralan.

Ang aking mga prayoridad:

Magkaloob ng mga programa sa lahat ng paaralan upang maging mahuhusay na mambabasa ang lahat ng estudyante pagdating sa ikatlong grado. Kakaunti lamang ang mga kakayahang mas mahalaga pa kaysa sa pagbabasa para sa tagumpay sa kinabukasan. Mamuhunan sa propesyonal na pag-unlad at magkasamang pagpapalano sa oras para sa mga larangang may prayoridad tulad ng restorative practices o mga gawain para sa panunumbalik, paglaban sa rasismo, hayag na pagkiling, pagsasanay sa de-escalation o pag-iwas sa pagpapalaki pa ng mga insidente, at unibersal na disenyo para sa pag-aaral. Taasan ang badyet at higit na magkaroon ng pagpapanagot at pagiging bukas sa pagsisiyasat sa paggawa ng mga desisyon sa lahat ng antas. Ang mga badyet ay pahayag ng pagpapahalaga na kailangang sumalamin sa mga pangangailangan ng ating mga estudyante.

www.alidafisher.com

Alida Fisher

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

DR. PAUL KANGAS, JD, PhD

Ang aking trabaho ay Imbestigador para sa Pagdepensa sa mga Kasong Kriminal.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dr. Paul Kangas, JD, PhD

Maaring mataasan ng SF ang suweldo ng mga guro, nang hanggang sa \$100K sa pamamagitan ng paglalagay ng 1,000 solar panel sa bawat paaralan, kung saan ilalaan lamang para sa suweldo ng guro ang perang mula sa solar na ibebenta sa grid nang \$0.49 kwh.

Magtayo ng 4-plex na mga tahanan, na may 100 solar panel, para sa mga guro.

Lumikha ng ekonomiyang solar.

Buksan na ngayon ang lahat ng paaralan. Pinatutunayan ng siyentipikong mga pag-aaral mula sa Sweden na walang bata o guro sa Sweden ang namatay mula sa covid-19.

Nakatamo na ang Sweden ng ZERO kamatayan mula sa covid, magmula pa noong 7/24/20.

Kailangan ng mga Guro at manggagawa ng Pederal na gobyerno ng 30 oras na linggo ng pagtatrabaho, kung saan para sa 40 oras ang suweldo.

Black Lives Matter (Mahalaga ang Buhay ng mga Itim). Apat (4) na beses na mas maraming Itim na estudyante ang nababakunahan ng mga Paaralan ng SF, at nawawalan sila ng kakayahang magbasa at magsulat, at nabibigyan ng expulsion (mahabang suspensiyon). Ipagbawal ang ipinag-uutos na pagbabakuna.

Noong 2015, nagkaroon tayo ng 1 sa 50 batang lalaki na may autismo. Pagdating ng 2030, magkakaroon tayo ng 1 sa 2 batang lalaki na may autismo! WWW.Highwire.com

Nakatrabaho ko na ang Black Panther Party (Partidong Black Panther). Nagtapos ako sa Hastings Law College noong 1975 at nagtrabaho sa loob ng 44 taon sa mga hukuman ng SF.

Nagpalaki ako ng 3 anak sa sistemang pampaaralan ng SF. Nakakuha ang aking anak na babaeng pawang A ang grado ng buong iskolarship sa UCSC. Sapilitan siyang binakunahan ng UCSC, nang walang malay na pagsang-ayon, at nawala sa kanya ang kakayahan na magbasa at magsulat.

Nagtapos ako ng Medical School (Paaralang Medikal) noong 2010. Katrabaho ko si Dr. Joel Wallach sa "Talk" 877-912-7529, nang 1pm araw-araw. #3101.

US Navy (Hukbong-dagat ng Estados Unidos) 1960-64. Naging guwardiya ako ni Presidente Kennedy. Beterano ako ng pananalakay na Bay of Pigs.

Bumoto nang dalawang beses: Isulat ang Paul Kangas para sa Presidente, at opisyal na kandidato ng FEC.

Dr. Paul Kangas

JENNY LAM

Ang aking trabaho ay Tagapayo sa Edukasyon ng Alkalde ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nabaligtad na ng COVID-19 ang ating mga paaralan, at ang ating mga buhay. Lalo pang nailantad ng pandemya ang kawalan ng katarungan sa pagkakapantay-pantay at ang mga siwang sa mga oportunidad sa ating Lungsod at mga pampublikong paaralan.

Bilang Komisyoner ng Lupon ng Paaralan at Tagapayo sa Edukasyon ni Mayor London Breed, pinamamahalaan ko na ang mga desisyon at polisiya sa kabuuan ng pagtugon sa COVID-19.

Kasama sa aking mga natamo ang:

- Paglalaan ng pondo para sa pagpapanatili sa mga paaralan.
- Pagpaparami ng bilang ng mga social worker sa paaralan.
- Pagbuo ng mga pakikipagpartner upang magkaroon ng higit na akses sa kompyuter at teknolohiya.
- Paghahatid ng karagdagang mga rekurso para sa pagtamo ng akademikong tagumpay ng mga estudyanteng Itim.

Bilang magulang ng dalawang anak na nasa pampublikong paaralan, naiintindihan ko ang matinding pakiramdam ng hirap at kawalang-katiyakan na nararanasan ng mga magulang. Nananatili akong may pananagutan sa pagtiyak na taglay ng mga pamilya, estudyante, at edukador ang kailangan nila upang maipatupad ang epektibong distance learning at ligtas na mabuksang muli ang mga paaralan.

Sa loob ng 20 taon, nakipaglaban na ako upang mapahusay pa ang akses sa de-kalidad na edukasyon, nabigyang-lakas na ang kabataan upang makapamuno, napalawak na ang mga karapatang sibil ng imigrante, at nadala na ang pag-akses sa teknolohiya sa mga paaralan.

Ikinararangal kong magkaroon ng suporta nina:

Mayor London Breed

Senador ng Estado Scott Wiener
Mga Miyembro ng Asembleya ng Estado:
David Chiu
Phil Ting

Assessor (Tagatasa) Carmen Chu

San Francisco Board of Supervisors:	Board of Education:
Matt Haney	Mark Sanchez, Presidente
Rafael Mandelman	Gabriela Lopez, Bise-Presidente
Gordon Mar	Stevon Cook
Hillary Ronen	Faauga Moliga
Ahsha Safai	Rachel Norton
Catherine Stefani	Dating Presidente, Hydra Mendoza
Shamann Walton	
Dating Superbisor Jane Kim	

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)
Coleman Action Fund
Latinx Young Democratic Club (Samahang Demokratiko ng Kabataang Latinx)
Rose Pak Democratic Club (Samahang Demokratiko ni Rose Pak)

Jenny Lam

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

GENEVIEVE LAWRENCE

Ang aking trabaho ay Guro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dati akong guro ng Oakland Unified at kasalukuyang guro sa San Mateo para sa mga estudyanteng may mga espesyal na pangangailangan. May karanasan ako sa mga pagpapahusay upang lalong maging epektibo ang mga guro, pagpapahusay sa akademiko at sosyo/emosyunal na kurikulum, at paglikha ng nagbibigay ng suportang kultura sa paaralan. Pinamumunuan ko rin ang pagpapalano at pagpapatupad ng distance learning at ligtas na in-person (pisikal na nasa paaralan) na pag-aaral para sa aking dibisyon. Bumalik ako sa aking pagmamahal sa pagtuturo matapos magtrabaho sa pagbebenta sa Clorox Company, kung saan nagkaroon ako ng karanasan sa pamamahala sa milyon-milyong dolyar na badyet, pamumuno sa mga pamproyektong pangkat, at pagtupad sa mga pangangailangan ng pangkat ng stakeholders o may interes na may mga pagkakaiba-iba.

Pakikipagkolaborasyon at pagiging inklusibo ang aking mga batayang pinahalalagahan bilang lider. Pagtitibayin ko pa ang mga pinahahalagahang ito sa pamamagitan ng pagtingin sa mga usapin mula sa iba't ibang perspektiba at mula sa pananaw ng pagkakaroon ng katarungan sa pagkakapantay-pantay, at sa pamamagitan ng pag-aangat sa mga boses at pangangailangan ng mga estudyante.

Ang aking mga prayoridad:

- Mga estudyante: pagiging handa para sa kinabukasang pinipili nila; karagdagang suporta sa mga estudyanteng hindi lubusang napaglingkuran, tulad ng ELL, may mga espesyal na pangangailangan, estudyanteng may kulay, mababa ang kita, LGBTQ, at iba pa
- Mga guro: mas maraming propesyonal na suporta at mas mataas na suweldo
- Mga paaralan: ligtas, mahigpit ang akademikong pamantayan, inklusibo, at nasa isip ang katarungan sa pagkakapantay-pantay; nagagabayang ang epektibong mga gawain sa distance learning at ligtas na in-person na pag-aaral
- Pamunuan ng Lupon: paghusayin ang pakikipagkomunikasyon, pagiging bukas sa pagsisiyasat, at pananagutan; paglaban para sa karagdagang pondo para sa mga paaralan

Genevieve Lawrence

MICHELLE PARKER

Ang aking trabaho ay Magulang / Direktor ng Nonprofit.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong single parent o nag-iisang magulang ng tatlong estudyanteng nasa pampublikong paaralan ng San Francisco, at naging lider na ako ng mga magulang, nag-aadokasiya, at organisador sa loob ng 15 taon. Naniniwala akong trabaho ng Lupon ng Paaralan na lumikha ng mga kondisyon upang maging matagumpay ang bawat estudyante, at na maaaring mapalakas ng mataas ang kalidad na pampublikong edukasyon ang ating mga komunidad at ang ating demokrasya. Hindi natin maaaring pahintulatang makasagabal ang pamumulitika sa mga desisyon na itinutulak ang katarungan sa pagkakapantay-pantay at nakasentro sa mga estudyante.

Mayroon akong malawak na karanasan sa pamumuno, mga polisiya sa edukasyon, pamamahala, at pangangasiwa. Nakapaglingkod na ako bilang Presidente ng San Francisco PTA, na nagbibigay ng suporta sa mahigit sa 60 paaralan; naging kasamang tagapangulo ng SFUSD Parcel Tax Oversight Committee (Komite para sa Pangangasiwa ng Buwis sa Parsela ng SFUSD), na nagtitiyak ng \$32M na taunang suporta para sa de-kalidad na pagtuturo; kasalukuyang tagapangulo ng SFUSD Charter School Oversight Committee (Tagapangasiwang Komite para sa mga Paaralang Tsarter ng SFUSD); at naging presidente ng nonprofit para sa edukasyon sa sining. Natiyak ko na ang pagkakaroon ng akses, kung saan may katarungan sa pagkakapantay-pantay, sa mga programang afterschool, napamunuan ang trabaho laban sa rasismo, nakatulong sa mga stakeholder o may interes na maka-alpas sa mga sitwasyong may tunggalian, naiangat ang mga boses na kulang sa representasyon para maging bahagi ng paggawa ng mga desisyon, at nakatulong na sa pamumuno sa ilang matatagumpay na panukalang-batas sa balota para sa SFUSD.

Ang aking mga prayoridad:

- Protektahan ang mga estudyante mula sa krisis sa ekonomiya, iayon ang badyet ng SFUSD sa ating mga prayoridad, tumukoy ng bagong pondo mula sa lokal na gobyerno at estado
- Magkaloob ng akademiko, pisikal, at emosyonal na suporta sa mga estudyante sa kabuuan ng pandemya
- Pabilisin ang pagtatanggal sa malaking pagitan sa natatamang tagumpay ng mga Aprikano Amerikano kung ihahambing sa iba
- Palakasin pa ang hanay ng mga nagtatrabahong edukador

www.michelleparker.org

Mga Pag-endoso

Mayor London Breed

Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala) Carmen Chu

Mga Superbisor Catherine Stefani, Rafael Mandelman

Malia Cohen, California Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis)

Senador Scott Wiener

Mga Miyembro ng Asembleya David Chiu, Phil Ting

Direktor ng Lupon ng BART Janice Li

Komisyoner ng Board of Education Rachel Norton

Michelle Parker

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

NICK ROTHMAN

Ang aking trabaho ay Guro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kumusta, Nick Rothman ang pangalan ko, at isa akong magulang sa SFUSD at Tagapangulo ng Automotive, Construction, and Custodial Departments (Mga Departamento para sa mga Sasakyan, Konstruksiyon, at Paglilinis) ng San Francisco City College. Ikinatuwa ng aking dalawang anak na babae ang K-high school sa SFUSD at kasalukuyang nasa high school silang dalawa. Napamamahalaan ko na ang CCSF Trade Skills o Mga Kakayahan sa mga Partikular na Trabaho (Auto, Construction and Custodial departments) sa loob ng humigit-kumulang 5 taon. Nakikilala ko ang dose-dosenang kabataan kada semestre at tinutulungan silang makapasok sa hanay ng mga nagtatrabaho. Sa panahon ng panunungkulan ko bilang tagapangulo ng Departamento, nakapagsanay at nakapagbigay ng puwesto na kami ng aking mga kasamahan sa trabaho sa daan-daan na kabataang lalaki at babae para sa mga trabahong Trade Skill dito sa San Francisco. Nakapagpasimula na rin kami ng pakikipag-partner sa Muni, mga lokal na taga-empleyo, at lokal na unyon. Naniniwala ako sa CTE. Sa kasalukuyan, hindi sapat ang representasyon para sa CTE at hands-on o estudyante mismo ang gumagawa na pagsasanay sa Board of Education. Mas mahusay na nakakatawan ang paggabay para sa 4-taong kolehiyo at sa landas tungo rito, kung ihahambing sa suporta na naghahatid sa mga estudyante sa mga trabahong trades o bokasyonal. Mahahalaga ang mga karerang Trade Skills, at madalas na hindi napapansing paraan ito upang kumita nang sapat para mabuhay, habang nagpapanatili ng balanse sa pagitan ng pagpapamilya at trabaho. Iniimbita ko kayong isipin kung paano nabibigyan ng enerhiya ang mga estudyante ng trabaho sa paaralan sa unang pagkakataon sa kanilang buhay. Ang mga estudyante na dating nahihirapan sa pagkompleto sa gawain sa paaralan ay maaaring lubusang makilahok habang nagkakaroon ng hands on na kakayahan sa mga gawaing tulad ng pagkakar-pintero at pagmemekaniko sa sasakyan. Nagiging mahuhusay ang kabataang mag-aaral kapag nabibigyan ng pagkakataon na magtrabaho gamit ang kanilang mga kamay. Hinihiling ko ang inyong boto upang mabigyan ng boses sa Board of Education ang landas tungo sa karera sa trades.

Salamat po
Nick Rothman

MARK SANCHEZ

Ang aking trabaho ay Guro sa Pamublikong Paaralan, Presidente ng San Francisco Board of Education.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong guro sa pamublikong paaralan at ikinararangal kong maglingkod bilang Presidente ng San Francisco Board of Education. Naging karangalan ko nang maglingkod sa mga paaralan ng San Francisco sa loob ng mahigit sa 25 taon. Ang mga estudyante, pamilya, at edukador ng San Francisco ang puso at kaluluwa ng ating sistema ng pamublikong edukasyon at nararapat lamang sa kanila ang kinakailangang mga rekurso upang maging dinamikong sentro ng pagtuturo, pag-aaral, at malikhaing ekspresyon ang bawat klasrum.

Sa panahong ito ng COVID-19, kinakailangan ng SFUSD ng pamumuno na naitindihan ang klasrum at kung paano matutulungan ang mga pamilyang magawa ang pinakamakakayanan sa mahirap na panahong ito. Kailangang-kailangan na ng mga estudyante at paaralan ang koneksiyon, katatagan, at sapat na mga rekurso upang maabot ang matataas na kinahihinatnang akademiko, pisikal mang nasa klasrum, o sa pamamagitan ng distance learning.

Makatutulong ang aking karanasan at pamumuno sa Board of Education upang mas mahusay na mapaglingkuran ang ating mga estudyante at pamilya sa pamamagitan ng:

- Pag-aadbokasiya para sa pamumuhunan, at pagkakaroon nito, sa Pamublikong Edukasyon sa lokal, pang-estado, at pambansang mga antas
- Pagbuo ng Distance Learning Recovery Plan (Plano para Pagpapanumbalik sa Pamamagitan ng Pag-aaral Gamit ang Internet at Learning Kits), at nang matugunan ang mga hindi nagagawang pag-aaral sa panahon ng pandemyang ito
- Pagtatayo ng Mas Maraming Abot-kayang Pabahay para sa mga Edukador at Pamilya

Ikinatutuwa kong kasama sa mga nag-eendoso sa akin ang/sina:

United Educators of
San Francisco
Service Employees International
Union (SEIU)1021
Coleman Action Fund
San Francisco Berniecrats
Bernal Heights Democratic Club

Mga Komisyoner ng San Francisco
Board of Education:
Gabriela Lopez, Bise-Presidente
Stevon Cook
Jenny Lam
Faauga Moliga

San Francisco Board of
Supervisors:
Norman Yee, Presidente
Gordon Mar
Rafael Mandelman
Hillary Ronen
Shamann Walton
Jane Kim (dating Superbisor)

Trustees (Mga Katiwala) ng
San Francisco City College:
Shanell Williams, Presidente
Tom Temprano
Chesa Boudin, San Francisco
District Attorney (Abugado
ng Distrito)
Jeremiah Jeffries at Karen Zapata,
Mga Tagapagtatag, Teachers 4
Social Justice

www.marksanchezsf.org

Mark Sanchez

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

DOMINIC ASHE

Ang aking trabaho ay Mangangalakal ng Futures o Kasunduan sa Pagbebenta / Retirado sa Unyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nitong nakaraang tatlong taon, lubhang napakalaki na ang naging kaku-langan sa badyet ng Community College Board. Nagtapos ang iresponsa-bleng maling pamamahala sa pinansiya na ito sa labis na paggasta ng 14 milyong dolyar sa pagitan ng 2018-19. Patuloy nilang binayaran ang mga sarili ng napakatatayog na suweldo, at may kakapalan pang biyayaan ang sarili ng 10% pagtaas ng suweldo.

Ipinakikita ng kasalukuyang mga numero na may humigit-kumulang 63,000 estudyante na pumapasok sa SF City College at mayroong sampung lokasyon ang paaralan sa kabuuan ng lungsod. Sa mga ito, dalawa ang walang estudyante pero may gastos pa rin para sa administrasyon at pagpapanatili sa paaralan sa maayos na kondisyon, na sinasagot ng mga nagbabayad ng buwis. Dalawa pang lokasyon ang mas kaunti pa sa 200 ang full-time na estudyante na gayon din ang gastos sa pagpapatakbo. Nakikita ba ninyo ang nagpapaulit-ulit na tema ng maling pamamahala, kung saan tumatakpong muli para sa panunungkulan ang pareho pa ring mga tao na nasa puwesto?

Upang maiwasto ang maling pamamahala sa pinansiya na ito, kailangang mabawasan nang malaki ang mga suweldo ng Community College Board. Kailangang maisara o mabago ang layunin ng hindi na gumaganang lokasyon ng paaralan upang hindi na lumaki pa ang kasalukuyang kakulangan sa badyet.

Bilang miyembro ng twenty-five union, at dahil kumukuha ako ng Juris Doctor degree sa panahong iyon, alam ko ang patuloy na tunggalian sa pagitan ng paggawa at mga tagapamahala. Sa kasamaang palad, dapat kapwa harapin ng dalawang panig ang malupit na katotohanan na kailangan ng responsibilidad sa pananalapi. Hindi na natin kaya pang umupo na lamang at panoorin ang pagkakabangkarote ng ating mga pang-edyukasyong institusyon nang dahil sa walang patumanggang paggasta, at hindi na rin natin kayang gumawa ng mga pangako sa pinansiya nang walang intensiyon na bayaran ito sa hinaharap.

Dominic Ashe

ALIYA CHISTI

Ang aking trabaho ay Tagapayo sa Polisiya sa Edukasyon, Tagasuri sa Polisiya ukol sa Libreng Kolehiyo ng Lungsod.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako upang maging bagong lider para sa kinabukasan ng City College. Dati akong guro sa klasrum, Fulbright Scholar, at mayroon na akong mahigit 10+ taon na karanasan sa edukasyon. Mayroon akong Master's sa Education Policy mula sa Columbia University, kung saan ako nag-aral sa mas mataas na sistema ng edukasyon. Pinangangasiwaan ko ang CCSF Free City College Program, (Programa para sa Libreng Kolehiyo ng Lungsod), nagsasagawa ng mahihigpit na pangangasiwa sa pinansiya para sa +160 milyong dolyar na badyet nito, at tinitiyak na matagumpay ang makasaysayang programa na ito para sa ating mga residente. Mag-aadbokasiya ako para sa ating mga estudyante at guro upang matiyak na pinaglingkuran ng City College ang ating komunidad.

Naipakita na ng COVID-19 kung gaano kahalagang mamuhunan sa edukasyon. Kailangan natin ng bagong mga ideya upang maitayo ang isang City College na para sa kinabukasan. Bibigyan ko ng prayoridad ang:

- Paglikha ng COVID-19 Emergency Grant (Tulong-pinansiyal na Pang-emergency) para sa mga estudyante
- Pagtatayo ng Jobs Guarantee Program (Programa para sa Pagtiyak ng mga Trabaho) upang magkaroon ng landas sa mga karera
- Pagpapalago pa sa Free City College, upang ang pagpasok sa CCSF ay tunay na maging malaya sa pagkakaroon ng utang
- Pamumuhunan sa Student Support Services (Mga Serbisyo para sa Pagbibigay-suporta sa mga Estudyante) para sa mga walang tahanan, undocumented (walang legal na papeles), at iba pang populasyon ng estudyante na hindi lubusang napaglingkuran

Ang City College of San Francisco ang "kolehiyo ng bayan," at patuloy akong makikipaglaban upang mapanatiling gayon ito.

Kasama sa mga nag-endoso sa akin ang:
American Federation of Teachers (Pambansang Pederasyon ng mga Guro) Lokal 2121

San Francisco Building and Construction Trades Council (Konseho para sa Pagtatayo ng mga Gusali at Pangangalakal sa San Francisco)
Latinx Young Democrats (Latinx na Kabataang Demokrata)

Miyembro ng CA Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis) Malia Cohen

San Francisco Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor):
Sandra Lee Fewer
Catherine Stefani
Shamann Walton
Asha Safai

Mga Miyembro ng San Francisco Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Mark Sanchez, Presidente
Gabriela López, Bise-Presidente
Jenny Lam
Alison Collins
Faauga Moliga

Alex Randolph, Katiwala ng City College
Bevan Dufty, Direktor ng Lupon ng BART

Jeremiah Jeffries at Karen Zapata, Teachers 4 Social Justice (Mga Guro para sa Katarungang Panlipunan)

At marami pang iba! Bumisita sa www.aliyachisti.org

Aliya Chisti

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

MARIE HURABIELL

Ang aking trabaho ay Rehente ng Unibersidad / Negosyante.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bago pa ang COVID-19, isiniwalat na ng mga auditor ng CCSF ang malakihang maling pamamahala sa pinansiya, kasama na ang tatlong taon ng labis na paggasta. Nagdulot ng malubhang pag-aalala ang pinansiyal na datos na ito ukol sa kakayahan ng CCSF na magpatuloy ng mga operasyon.

Itinulak ako ng ulat na ito na kumilos; lubos akong nagmamalasakit sa edukasyon at gusto kong magkaroon ng akses ang lahat ng taga-San Francisco sa mas mataas na antas ng edukasyon. Kailangan nating iligtas ang napakahalagang institusyon na ito.

Hindi ako politiko. Independiyente ako, walang kinikilingan, at walang utang na loob sa anumang pangkat na may interes. Dahil dito, kaya kong gumawa ng aksiyon upang magkaroon ang CCSF ng matibay na tuntungan, at mapanatili ang akses sa edukasyon.

Kailangang-kailangan na ng City College ng:

- Pananagutan para sa \$300,000,000 badyet
- Akademikong pagtutuhan
- Pagiging bukas sa pagsisiyasat ng: Mga operasyon, proseso ng pagpili sa Tsanselor

Bilang natibo ng San Francisco, magdadala ako ng makabuluhang karanasan:

- Pamumuno sa Board of Regents (Lupon ng mga Rehente) ng Georgetown University.
- Pangalawang Tagapangulo: Presidio Trust Board.
- Kasamang tagapagtatag/miyembro ng lupon: Ellipsis Health (nangunang kompanya para sa kalusugan ng isip).
- Nagpasimula ng mga inobasyon sa kurikulum: Georgetown University.
- Nagtatrabahong ina.
- Malawak na karanasan sa pangangalap ng pondo: mahigit sa \$40,000,000 para sa kapakanan ng edukasyon at komunidad.
- 22 taon ng pamumuno sa lupon/pagboboluntaryo sa mga edukasyonal na institusyon.
- Pinakamahuhusay na gawain at inobatibong mga solusyon para sa CCSF upang maihanda ang lahat ng estudyante para sa tagumpay at mga oportunidad sa karera, at magawang ligtas ang pangmatagalang pagpapatuloy ng CCSF.
- May pananagutan sa pagbibigay-inspirasyon sa mga estudyante upang maging mga mamamayan ng mundo na may kaalaman at malasakit.
- Nagtapos nang may karangalan: Georgetown University; University of Pennsylvania Law School.

Mangyaring bisitahin ang VoteMarie2020.com.

Salamat sa inyong pagsasaalang-alang,
Marie Hurabiell, Esq.

TINANGGIHAN KO ANG LAHAT NG PAG-EENDOSO UPANG:
MAGING INDEPENDIYENTENG TINIG PARA SA MAS MALAKAS NA CCSF

Marie Hurabiell

ANITA MARTINEZ

Ang aking trabaho ay Retiradong Guro / Administrador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong aktibistang naniniwala sa lakas ng lokal na kolektibong pagkilos, magmula pa noong panahon ko sa kolehiyo, at isa rin akong retiradong guro ng CCSF, Dekana ng mga Estudyante, at Bise Tsanselor ng Instruksiyon. Nahalal akong presidente ng AFT 2121 nang tatlong beses; ineendoso ako ng AFT 2121. Nahalal din akong presidente ng Akademikong Senado sa lokal, at opisyal ng organisasyon sa kabuuan ng estado. Dati akong Dekana ng Language Arts (Mga Sining ng Wika) sa Skyline College at Bise-Presidente ng Student Learning (Pag-aaral ng mga Estudyante) sa College of Marin. Nakababasa at nakapagbabalanse ako ng badyet; may karansan ako sa pagmumungkahi/pag-aaprubang mga polisiya; nakalahok na ako sa pagpili ng mga tsanselor. Ang mga ito ang tatlong pangunahing responsibilidad ng Lupon: pagsubaybay at pagbalanse ng badyet; pagmumungkahi at pag-aaprubang polisiya; at pag-eempleyo, pamamahala, at pagtatanggal sa tsanselor.

Nakapagtrabaho na ako sa City College sa loob ng 28 taon at naudyukan akong tumakbo ng aking mga kasamahan, estudyante, at guro na nag-organisa nang dahil sa mga problemang kinaharap na ng City College magmula noong magkaroon ng hindi makatarungang pag-atake noong 2012 sa akreditasyon ng City College. Ang aking batayang kaalaman, karanasan, at karunungan nakuha mula sa karera sa pagtuturo at pag-aaral sa mga kolehiyo ng komunidad ang siyang nagbibigay sa akin ng kakayahan upang makapaghatid ng maalam na pananaw sa Lupon, at nang matugunan ang mga hamon, at makapagbigay ng inspirasyon sa bisyon ng maaaring kahantungan ng kolehiyo.

Pakitingnan ang aking website: anitamartinezforcollegeboard.com

Anita Martinez

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

DR. VICTOR OLIVIERI

Ang aking trabaho ay Propesor sa Kolehiyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dalawang dekada ng propesyonal na karanasan sa mas mataas na edukasyon at pampublikong polisiya, nang may buong-pusong paniniwala na mayroon tayong responsibilidad na tulungan ang bawat estudyanteng makatamo ng akademikong tagumpay, tagumpay sa karera, at habambuhay na tagumpay.

Bilang imigrante, dating estudyante ng ESL at unang henerasyon na nakapagtapos ng kolehiyo, binago ng kolehiyo ng komunidad ang aking buhay. Pagkatapos ng panahong iyon, naging US Army Officer (Opisyal ng Sandatahang Hukbo ng US) ako na may medalya, nagkaroon ng PhD, at naglingkod bilang nakatataas na administrador sa University of California, Presidente ng SF Veterans Affairs Commission (Komisyon para sa mga Usapin ukol sa mga Beterano).

Kailangan natin ng mapagmalasakit at may karanasang mga lider na naintindihan ang mga pakikibakang kinahaharap ng ating mga estudyante upang sa wakas ay madala ang City College sa tamang direksiyon, matapos ang taon-taon ng krisis, at daan-daang pagtatanggal ng mga klase at guro.

Gagamitin ko ang aking karanasan upang makapagtrabaho para sa ating mga estudyante at sa ating komunidad, at palalakasin ang City College nang may apat na progresibong prayoridad:

- Palawakin ang FREE CITY upang masakop ang LAHAT ng edukasyon at mapangalagaan ang habambuhay na pag-aaral sa kabuuan ng ating komunidad
- Palawakin ang Workforce Education & Recovery Fund (Pondo para sa Edukasyon at Pagbangon ng mga Nagtatrabaho) at nang makuha ng mga estudyante ang pagsasanay nila para sa mga trabaho ng kinabukasan
- Pasimulan na ang mga pasilidad na marami ang gamit, at magtayo ng pabahay para sa mga estudyante at guro
- Palitan ang formula ng pagpopondo ng estado upang matiyak na makatatanggap tayo ng napananatiling pondo para sa LAHAT ng estudyante

Plataporma at mga pag-endoso: www.VictorForSF.com

Dr. Victor Olivieri

JEANETTE QUICK

Ang aking trabaho ay Abugado / Manunulat.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang abugado sa kompanyang may dedikasyon sa pagbibigay-lakas sa maliliit na negosyo, natulungan ko na ang mga negosyong ito at ang kani-kanilang empleyado na umunlad. Ang nakatulong sa aking umunlad sa San Francisco ay ang patuloy na pagpasok sa CCSF at ang paghahabol sa aking mga pangarap. Nitong nakaraang semestre, naging Fiction Editor (Patnugot para sa Kuwento) ako para sa Forum, ang magasin ng CCSF, at nakuha ko rin ang aking Creative Writing Certificate (Sertipiko sa Malikhaing Pagsulat). Bagamat nakita ko ang mga indibidwal mula sa iba't ibang pinagmulan na may kanya-kanyang pangarap, nakita ko rin ang 300 klase na natanggal nang walang babala, ang masisipag na guro na nasesante nang walang abiso, at ang CCSF sa isa pang krisis sa pinansiya – bago pa ang COVID-19.

Ang CCSF ang isa sa pinakamalalaking Amerikanong kolehiyo ng komunidad na nasa isa sa pinakamayayamang lungsod – at kailangang kapantay ito ng iba pang pinakamahuhusay sa mundo at abante sa teknolohiya. Gayon pa man, magaganap lamang ito kung mawawaksan ang siklo ng maling pamamahala at hindi matatag na akreditasyon sa CCSF.

Sa Ingles man o sa Vietnamese, binigyan ako ng aking mga magulang ng parehong mensahe: ang edukasyon ang susi sa tagumpay. Bilang pangunahing tagapayo ukol sa pangungutang ng mga estudyante at proteksiyon sa konsumer sa Senado ng Estados Unidos – at matapos ang sarili kong \$200,000 na utang mula sa Georgetown at Berkeley – alam ko kung gaano kahirap na makakuha ng gayong edukasyon. Ito ang dahilan kung bakit kritikal na maging libre at napapasukan ng lahat ang CCSF, at kung ano ang ipaglalaban ko bilang inyong Katiwala.

Jeanette Quick



Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

GERAMYE TEETER

Ang aking trabaho ay Propesyonal sa Pamamahala sa Pagpapanatili sa Kapitaligiran.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Black Lives Matter (Mahalaga ang Buhay ng mga Itim). Bilang unang henerasyon na nakapagtapos ng kolehiyo at Itim na lalaki, alam ko ang kahalagahan ng pagkakaroon ng akses sa mataas ang kalidad at walang matrikulang edukasyon. Karapatang pantao ang edukasyon. Nagkaroon ng epekto sa aking buhay at sa buhay ng hindi mabilang na nangangarap at imigranteng indibidwal ang “Libreng Kolehiyo ng Lungsod.” Layunin kong makalikha ng City College na pinakanakapagahanda sa mga estudyante na maging mga tagapamahala ng ating palagiang nag-iiba-ibang mundo, at matiyak na taglay ng lahat ng nagsisipagtapos sa CCSF ang mahahalagang kakayahan upang matugunan ang nagbabagong mga kahingian mula sa hanay ng mga nagtatrabaho. Dahil mayroon akong MBA sa Environmental Management and Sustainability (Pamamahala at Pagpapanatili sa Kapitaligiran), at isa akong propesyonal sa pagtitipid sa enerhiya, nakikita kong magkakasalikop ang pagpapanatili sa akademya, kapitaligiran, at pinansiya. Makikipagtrabaho ako sa lahat ng stakeholder o may interes upang matiyak na nagpapatupad ng pinakamahuhusay na gawain sa pagpapatayo ng mga gusali sa paraang nakapagpapanatili sa kapitaligiran ang paggasta kaugnay ng Proposisyon A na bond (utang ng gobyerno). Magsusulong ako ng polisiya ukol sa klima na nakatuon sa “Decarbonizing (pagtatanggal sa mga sangkap na masama sa kapitaligiran)” sa mga pasilidad ng CCSF, at magtatrabaho upang maging batayang stratehiya ng Lupon ang carbon neutrality (kawalan ng mga sangkap na masama sa kapitaligiran) para sa pagpapatupad ng etikal na responsibilidad nitong pangalagaan ang pinansiya at mga pag-aari. Ang susunod na Tsanselor ay kinakailangang lider na nakatuon sa kominidad, na maghikayat sa paglahok ng malawak na hanay ng mga stakeholder sa CCSF, kasama na ang boses ng mga estudyante. Nangangako ako na matutugunan ng susunod na Tsanselor ang mga pamantayang ito; mababago para sa kasalukuyan at maipatutupad ang stratehikong plano tungo sa naipagpapatuloy na akreditasyon, pinansiyal na katatagan, at pagpapanatiling matibay ang CCSF para sa mga henerasyon sa hinaharap. www.voteteeter.org.

Geramyte Teeter

TOM TEMPRANO

Ang aking trabaho ay Bise-presidente ng Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikinararangal ko na nagmula ako sa pagiging estudyante ng kolehiyo ng komunidad tungo sa paglilingkod bilang Bise-Presidente ng Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) ng City College.

Sa loob ng huling 4 taon bilang inyong inihalal na Katiwala ng City College, nakipaglaban ako upang protektahan ang ating mga estudyante at guro, at upang makapasok sa kolehiyo ang lahat. Naging lider ako sa paglaban upang maging libre ang matrikula sa City College. Nagtrabaho ako upang makalikha ng bagong Cannabis Studies Degree. At pinamunuan ko ang laban upang matiyak ang \$845 milyon upang maitayong muli ang ating sira-sira nang mga klasrum.

Binabago na ng pandemya ang ating mundo at ang ating Lungsod, pero alam natin na ang edukasyon ang magiging susi sa mas magandang kinabukasan.

Bilang dating instruktur na nagtuturo sa mga taga-San Francisco na mabababa ang kita ng mga kakayahan upang makapagbukas sila ng kani-kaniyang negosyo, alam ko ang kapangyarihan na mayroon ang edukasyon upang maiangat ang mga tao at ang mga komunidad. Kapag muli akong naihalal, masipag akong magtatrabaho upang matiyak na malalampasan ng City College ang kasalukuyang mga hamon at maging mas malakas pa ito kaysa sa anumang ibang panahon.

Ikararangal kong maglingkod muli bilang inyong Katiwala ng City College.

Mga Pag-endoso:

Tagapagsalita ng Kongreso Nancy Pelosi

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Dating Senador Mark Leno

Presidente ng Lupon ng City College Shanell Williams

Presidente ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) Mark Sanchez

Bise-Presidente ng Board of Education Gabriela López

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Shamann Walton

Dating Superbisor Jane Kim

Dating Superbisor John Avalos

Sierra Club

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Umuupa sa San Francisco)

www.tomtemprano.com

Tom Temprano

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

SHANELL WILLIAMS

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naglilingkod ako bilang Presidente ng City College Board of Trustees. Bilang nagtapos sa City College, naituon ko na ang nakaraang walong taon sa pagpapanatili sa kolehiyo na bukas at may akreditasyon. Humarap na sa mahihirap na panahon ang City College - sa pamamagitan ng malakas na pamumuno, gumagawa na tayo ng pag-unlad tungo sa pagkakaroon ng kolehiyo kung saan matutupad ng lahat ang kanilang mga pangarap.

Kapag inihalal ninyo akong muli sa lupon, ang magiging mga prayoridad ko ay:

- Katatagan sa pinansiya – pagbabalanse sa badyet at pagpapahusay sa pagkontrol sa pinansiya.
- Pagpapalawak sa mga pakikipag-partner para sa pagsasanay sa pagpaunlad ng hanay ng mga nagtatrabaho.
- Pagtitiyak sa tagumpay ng ating \$845 milyon na bond para sa mga pasilidad at imprastruktura.
- Pagpapahusay pa sa diversity o pagkakaroon ng pagkakaiba-iba, equity o katarungan sa pagkakapantay-pantay, at inklusiyon sa kabuuan ng ating kolehiyo.
- Pagkakaloob ng wrap-around o may buong hanay ng suporta sa bulnerableng mga estudyante na nakararanas ng hamon sa panahon ng COVID-19.

Kasama sa aking mga taga-suporta sina:

Nancy Pelosi, Tagapagsalita ng United States House of Representatives (Kongreso)

David Campos, Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko)

Jane Kim, Dating Superbisor at miyembro ng San Francisco Democratic Party

San Francisco Tenants Union

Sierra Club

American Federation of Teachers Lokal 2121 Dating Presidente, Jenny Worley

San Francisco Black Residents Coalition (Koalisyon ng mga Itim na Residente)

San Francisco Building and Construction Trade Council

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Miyembro ng Asembleya David Chiu

Board of Supervisors: Sandra Fewer, Catherine Stefani, Aaron Peskin, Gordon Mar, Dean Preston, Matt Haney, Rafael Mandelman, Hillary Ronen, Shamann Walton

Mga Komisioner ng School Board: Mark Sanchez, Jenny Lam, Gabriella Lopez, Faauga Moliga

Shanell Williams

ALAN WONG

Ang aking trabaho ay Tagapayo para sa mga Polisyang sa Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong pampublikong tagapaglingkod, organisador ng unyon, at beterano. Ipinanganak at pinalaki ako sa San Francisco, at pumasok ang buong pamilya ko sa City College of San Francisco.

Makalipas ang maikling panahon matapos magmigrante ang aking ama sa San Francisco, natanggal siya sa kanyang trabaho sa pabrika Dahil natagpuan niya ang sarili na walang trabaho at limitado ang mga oportunidad, nag-enroll siya sa programang Culinary Arts Certificate (Sertipiko sa mga Sining ng Pagluluto) ng City College, kung kaya't naging UNITE HERE Lokal 2 na hotel cook siya, at tanging kumikita para sa aming pamilya sa loob ng dalawang dekada. Bilang tinedyer, kumuha ako ng mga klase nang libre sa City College sa pamamagitan ng waiver o pagwawaksi ng matrikula para sa mabababa ang kita, at nakatulong ito sa akin upang makakuha ng units at makapagtapos sa U.C. San Diego nang may bachelor's degree noong 19 taong gulang ako.

Bilang tagapayo sa mga polisiya sa edukasyon sa City Hall, tumulong ako sa pagsusulat at pagsusulong ng lehislasyon upang matiyak ang isang dekada ng "Free City College" para sa lahat ng residente ng San Francisco at mapalawak ang City College tungo sa Sunset District. Sa City College Board of Trustees, magtataguyod ako ng mga polisiya upang lalo pang magkaroon ng pagsasanay sa trabaho, maiutos ang pangangasiva sa pinansiya, at matanggal ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng tagumpay at mga oportunidad ng mga estudyanteng Aprikano-Amerikano at Latino kung ihahambing sa iba pang estudyante.

Mga Pag-endoso:

American Federation of Teachers Lokal 2121

California Faculty Association (Asosasyon ng mga Guro ng California) - Tsapter ng San Francisco State University

San Francisco Building and Construction Trades Council

SEIU United Healthcare Workers (Nagkakaisang mga Manggagawa ng Pangangalaga sa Kalusugan)

Teamsters Lokal 2785

San Francisco Tenants Union

Tesurero ng Estado ng California Fiona Ma

Mga Miyembro ng Asembleya Phil Ting, David Chiu

Dating Senador ng Estado Mark Leno

Pampublikong Tagapagtanggol Mano Raju

Sheriff Paul Miyamoto

Tagapangulo ng Democratic Party David Campos

San Francisco Board of Supervisors: Norman Yee, Gordon Mar, Rafael Mandelman, Sandy Fewer, Aaron Peskin, Hillary Ronen, Matt Haney, Dean Preston, Shamann Walton

City College Board of Trustees: Shanell Williams, Tom Temprano, Thea Selby, John Rizzo, Brigitte Davila

San Francisco Board of Education: Mark Sanchez, Gabriela Lopez, Jenny Lam, Alison Collins, Faauga Moliga

Jane Kim, Matt Gonzalez, Suzy Loftus

Jane Kim, Matt Gonzalez, Suzy Loftus

www.votealanwong.com

Alan Wong

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

HAN ZOU

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Alam kong may kapangyarihan ang edukasyon na magbago ng buhay. Nagmigrante ako papunta sa Estados Unidos mula sa Tsina noong 6 taong gulang ako. Makalipas ang maraming taon ng masipag na pagtatrabaho, naging mga mamamayan ng US ang aking pamilya, at naging propesor sa kolehiyo ang aking ina, na nagtuturo ng mga kurso sa Public Health (Pamublikong Kalusugan).

Ikinararantal kong nagmula ako sa pag-aaral ng pagsasalita ng Ingles sa ating mga pampublikong paaralan tungo sa paglilingkod bilang Ehekutibong Direktor ng pinakamalaking politikal na partido sa San Francisco. At ikinararantal kong magkaroon ng pag-eendoso at pagtitiwala ng mga guro at kaguruan ng City College.

Tumatakbo ako para sa City College Board of Trustees dahil naiintindihan ko ang kahalagahan ng pagkakaroon ng akses sa edukasyon. Nailaan ko na ang aking buong karera sa pakikipagtrabaho sa mga estudyante, bata, at pamilya, at pagtatrabaho upang maalis ang puwang na nasa pagitan ng mga komunidad na Itim, Kayumanggi, at Asyano.

Bilang katiwala, gusto kong dalhin ang karanasan ko sa pakikipagtrabaho sa mga imigranteng pamilya upang matiyak na magagamit ng mga pamilyang pinakaapektado ng pandemya ang City College bilang oportunidad na magpalit ng karera at matuto ng mga bagong kakayahan sa bagong ekonomiya.

Pakisamahan ako at ang aking mga taga-suporta:

AFT2121 Kaguruan ng City College
San Francisco Tenants Union
Presidente, City College Board Shanell Williams
Bise Presidente, City College Board Tom Temprano
Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party David Campos
Pangalawang Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party Honey Mahogany
Komisyoner ng Pulisya Petra De Jesus
Abugado ng Distrito Chesa Boudin
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Matt Haney
Superbisor Dean Preston
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Shamann Walton
Superbisor Gordon Mar

Han Zou



Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Ibinibigay ang mga sumusunod na walang kinikilingang impormasyon para sa lahat ng lokal na panukalang-batas sa balota:

- 1.** Pagkilala sa bawat panukalang-batas sa pamamagitan ng letra at titulo
- 2.** Pahayag o tanong ng City Attorney (Abugado ng Lungsod) para sa bawat panukalang-batas
- 3.** Buod o digest ng bawat panukalang-batas na inihanda ng Komite para Gawing mas Simple ang Balota
- 4.** Pahayag ng City Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) tungkol sa epekto sa pananalapi o gastos ng bawat panukalang-batas
- 5.** Paliwanag kung paano naging kuwalipikadong mailagay sa balota ang panukalang-batas
- 6.** Legal na teksto para sa bawat panukalang-batas (para sa legal na teksto, tingnan ang Ingles na bersiyon ng pamplet na ito)
- 7.** Anumang karagdagang impormasyon na hinihingi ng Municipal Elections Code ng San Francisco (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon, SFMEC) §500.

Maaaring ibigay ang mga sumusunod na argumento para sa bawat lokal na panukalang-batas:

- 1.** Isang argumento ng may-panukala (pabor sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad
- 2.** Isang argumento ng katunggali (laban sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad
- 3.** Isang sagot sa argumento para sa bawat argumento ng may-panukala at katunggali ng panukalang-batas, pinili ayon sa SFMEC §550 at nakalimbag nang walang bayad
- 4.** Nakalimbag sa mga pahinang kasunod ng mga argumento ng may-panukala at katunggali at mga sagot ang anumang may bayad na argumento na nai-sumite alinsunod sa SFMEC §555-570. Maililimbag nang magkakasama ang lahat ng may bayad na argumento na pabor sa panukalang-batas. Kasunod naman nito ang mga may bayad na argumento na laban sa panukalang-batas. Nakalimbag batay sa pagkakasunud-sunod ng pagsusumite ang mga may bayad na argumento para sa bawat panukalang-batas.

Lahat ng argumento ay pawang opinyon ng mga may-akda. Inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type, spelling, o grammar.



Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto, na binabayaran na agad at ibinabalik sa mga investor o namumuhunan sa loob ng mas mahabang panahon. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking capital project (mga proyektong pangmatagalan na nakatuon sa mga ari-arian) tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga capital project na ito nang maraming taon at kailangang bayaran sa loob ng takdang panahon ng mga residente ng San Francisco na makikinabang din sa pagdaan ng panahon nang dahil sa mga pagpapahusay na kaugnay ng mga proyektong ito. Bukod rito, mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos ng mga proyektong ito.

Mga Uri ng Bond. Mayroong dalawang pangunahing uri ng bond – General Obligation at Revenue.

Ang mga **General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang sa sarili nila). Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

Ang mga **Revenue Bond (Bond na Kumikita)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya. Walang revenue bond sa balotang ito.

Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na \$1.74 para sa bawat dolyar na inutang — \$1 para sa halagang inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na \$1.18 para sa bawat \$1 na inutang.

Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2019–2020, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na \$496 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayaranang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga general obligation bond debt (utang na bond para sa pangkalahatang obligasyon), (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District at Bay Area Rapid Transit District). Ang netong halaga ng buwis sa ari-arian para sa taon upang makasunod sa mga itinatakda para sa utang at sa utang na para sa espesyal na pondo ay tinataya na magiging 18.01 sentimo kada \$100 ng tinatayang halaga, o \$1,068 sa bahay na natasang \$600,000, na sumasalamin sa eksempsiyong \$7,000 ng may-ari ng bahay.

Legal na Limitasyon sa Pag-utang. Ipinag-uutos ng Tsarter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na \$9.04 bilyon. Ang mga botante ang

nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Noong Agosto 1, 2020, mayroong \$2.15 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.71% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang \$2.18 bilyon na mga bond na nabigyan na ng *awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas*. Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga ng utang ay 1.44% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Tsarter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago-bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng San Francisco Unified School District, San Francisco City College District, o BART.

Matipid na Pamamahala ng Utang. Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamumuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college o kolehiyo ng komunidad. Ang “direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari),” na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.21% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ng mga bond rating agencies ang direct debt ratio na ito na pasaning utang na “katamtaman (moderate)” kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang utangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens’ General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, hanggang sa maisagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Ben Rosenfield*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)



Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman

Mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing Mas Simple ang Balota)

Abot-kayang Pabahay: Pabahay na puwede lamang makuha ng mga kabahayan na mababa ang kita o ibang kabahayan na nakapaloob ang kinikita sa isang tiyak na saklaw ng mga kita. (Tingnan ang Proposisyon I)

Administrative Office Tax (Buwis sa Administratibong Opisina): Ang buwis sa negosyo batay sa gastos sa payroll (listahan ng mga empleyado at suweldo) na ipinatutupad sa negosyong mahigit sa \$1 bilyon ang gross receipts (kabuuang kita), mahigit sa 1,000 ang empleyado sa kabuuan ng bansa, at may administratibong opisina sa San Francisco. (Tingnan ang Proposisyon F, L)

Balotang Vote-by-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo): Mga balotang ipinadadala sa koreo sa botante o ibinibigay nang personal sa botante sa Departamento ng mga Eleksyon. Maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang vote-by-mail sa Departamento ng mga Eleksyon, isumite bago o sa Araw ng Eleksyon sa opisina ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall o sa Sentro ng Botohan ng City Hall (para sa eleksyon sa Nobyembre 3, 2020, matatagpuan ito sa labas ng gusali sa harap ng Bill Graham Civic Auditorium na nasa 99 Grove Street), o isumite ito sa Araw ng Eleksyon sa anumang lugar ng botohan sa California. Kilala rin ito bilang balotang absentee (sa pamamagitan ng koreo).

Baseline Funding (Pinakamababa nang Pinagsisimulang Pondo): Pinakamababa nang halaga ng pondo na ipinagkaloob taon-taon ng Lungsod para sa ilang serbisyo ng Lungsod na nakatukoy sa Tsarter, kasama na ang: transportasyon, mga parke at paglilibang, programa para sa kabataan, pampublikong edukasyon, mga puno sa kalye, at mga serbisyonag nagbibigay ng suporta sa nakatatanda. (Tingnan ang Proposisyon F)

Bayad sa Trabaho: Sa pangkalahatan, mga sahod, suweldo, komisyon, bonus, at ari-arian na ipinagkaloob o inilipat bilang kapalit ng paggawa ng serbisyo (kasama na ang stock options, ngunit hindi nalilimitahan dito). (Tingnan ang Proposisyon L)

Bukas na Espasyo: Hindi pa nade-develop na lupa na puwedeng magamit ng publiko bilang parke o iba pang gamit sa paglilibang. (Tingnan ang Proposisyon A)

Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond): Ang may siyam na miyembrong pangkat na sumusubaybay sa paggamit ng Lungsod sa pondong nakukuha sa pamamagitan ng paglalabas ng general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno). Itinatalaga ang mga miyembro ng komiteng ito ng Mayor (Alkalde), Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukom Sibil). (Tingnan ang Proposisyon A)

Early Care and Education Commercial Rents Tax (Buwis sa Komersiyal na Pagpapaupa para sa Pangangalaga at Edukasyon ng mga Musmos na Bata): Buwis na ipinapataw sa pangkalahatan sa mga negosyong tumatanggap ng gross receipts mula sa pagpapaupa ng komersiyal na espasyo. Pinopondohan ng kita mula sa buwis na ito ang pangangalaga at edukasyon ng mga musmos na bata. (Tingnan ang Proposisyon F)

Espasyo sa Pagtatrabaho: Espasyong nasa tindahan o iba pang komersiyal na gusali na maaaring gamitin ng pangkalahatang publiko para sa pagtatrabaho nang orasan o arawan. (Tingnan ang Proposisyon H)

General Obligation Bond (Utang ng Estado o Lokal na Gobyerno): Pangakong ibinibigay ng entidad ng gobyerno na bayaran ang inutang na pera, nang may kasamang interes, sa takdang petsa. Binabayaran ng entidad ng gobyerno ang pera, nang may kasamang interes, sa pamamagitan ng property tax (buwis sa ari-arian). Kailangang maaprubahan ang mga panukulang-batas ukol sa general obligation bond ng mga botante ng San Francisco sa pamamagitan ng botong two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi). (Tingnan ang Proposisyon A)

Gross Receipts (Kabuuang Kita): Ang kabuuang pera na natatanggap ng negosyo, sa anumang anyo, para sa mga produkto at serbisyo nito. (Tingnan ang Proposisyon F, L)

Gross Receipts Tax (Buwis sa Kabuuang Kita): Buwis na nakabatay sa pangkalahatan sa kabuuang gross receipts na natatanggap ng negosyo sa San Francisco. (Tingnan ang Proposisyon F, L)

Guro: Indibidwal na nagtuturo, pati na rin ang mga paraedukador, na binibigyang-depinisyon bilang mga indibidwal na kasama sa mga tungkulin ang pagtulong sa mga guro sa silid-aralan, pamamahala sa mga estudyante sa labas ng silid-aralan, at pagkaloob ng administratibong suporta para sa pagtuturo. (Tingnan ang Proposisyon J)

Homelessness Gross Receipts Tax (Buwis sa Kabuuang Kita para sa Kawalan ng Tahanan): Buwis na ipinapataw sa pangkalahatan sa mga negosyong mahigit sa \$50 milyon ang gross receipts sa San Francisco. Pinopondohan ng kita mula sa pondo ng buwis na ito ang mga serbisyo para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan. (Tingnan ang Proposisyon F)

Kuwalipikadong Isinusulat-Lamang na Kandidato: Indibidwal na nakakompleto na ng kinakailangang papeles at mga lagda para maisali bilang kandidatong write-in (isinusulat lamang ang pangalan). Bagamat hindi lalabas sa balota ang pangalan ng indibidwal na ito, puwedeng maiboto ang indibidwal na ito ng mga botante sa pamamagitan ng pagsulat sa pangalan ng indibidwal sa espasyo sa balotang nakalaan para sa botong isinusulat-lamang at sumusunod sa mga espesipikong instruksiyon ukol sa balota. Binibilang lamang ng Departamento ng mga Eleksyon ang botong isinusulat-lamang para sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato.

Kuwalipikadong mga Nonprofit para sa Abot-kayang Pabahay: Nonprofit na kuwalipikadong lumahok sa Community Opportunity to Purchase Act (Batas ukol sa mga Pagkakataon ng Komunidad na Makabili ng Pabahay) ng Lungsod at nagpapakita ng pananagutan sa abot-kayang pabahay, pagpapalahok sa komunidad, at kakayahan na magkaroon at mangasiwa ng mga ari-ariang pabahay. (Tingnan ang Proposisyon I)

Lubusang Naglilingkod: Mga pulis na buo ang kakayahang magpatupad ng mga tungkulin ng pulis. (Tingnan ang Proposisyon E)

Lupon o Komisyon: Pangkat para sa mga polisiya na nilikha o binigyan ng awtorisasyon ng Tsarter o ng ordinansa, at nang makapagpatupad ng ilang gawain ng gobyerno, at kung saan, karaniwan nang itinatalaga ang mga miyembro. (Tingnan ang Proposisyon C)

Lupong Tagapayo: Pangkat ng mga itinalagang indibidwal na sa pangkalahatan ay gumagawa ng mga rekomendasyon sa mga lupon, komisyon, at departamento ng Lungsod. (Tingnan ang Proposisyon C)

Mababa ang Kita: Walumpung porsiyento (80%) ng area median income (panggitnang kita ng lugar). (Tingnan ang Proposisyon K)

Mga Entidad ng Lungsod: Lupon, komisyon, o tagapayong entidad ng Lungsod. (Tingnan ang Proposisyon C)

Mga Kita: Kita mula sa karamihan sa mga buwis ng Lungsod. Kasama rin dito ang mga halagang binabayaran ng Estado ng California sa Lungsod kapag itinatakda ng Estado sa Lungsod na magtayo ng bagong programa o ng mas mataas na antas ng serbisyo para sa programang mayroon na ito. (Tingnan ang Proposisyon F, I, L)

Mga Paaralan ng Komunidad: Bumubuo at nagpapatibay ang mga pampublikong paaralan ng partnership o pakikipag-balikatan sa komunidad upang makapaghatid ng mga serbisyo sa paaralan, kasama na ang programang after-school (pagkatapos ng klase), programa para sa pagpapayaman ng pag-aaral sa tag-araw, pangangalaga sa pisikal na kalusugan at kalusugan ng isip, programa sa pagkain, pagtu-tutor at paggabay o mentoring, at programa sa pagbibigay ng edukasyon at pagpapalahok sa mga pamilya. (Tingnan ang Proposisyon J)

Mga Pasilidad para sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health): Mga pampublikong pasilidad sa kalusugan na para sa mga tao na nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip o paghinto sa pang-aabuso sa alak, droga, at iba pang sangkap. (Tingnan ang Proposisyon A)

Mga Proyekto para sa Pinauupahang Pabahay: Development na binubuo ng mga tirahan, apartment, o iba pang akomodasyon na pamumuhay na maaaring maupahan. (Tingnan ang Proposisyon K)

Nabubuwisang Ari-arian: Lupa o istrukturang sakop ng parcel tax. (Tingnan ang Proposisyon J)

Nakapanumpa nang Empleyado o Nakapanumpa nang Pulis: Empleyado ng ahensiya para sa pagpapatupad ng batas, tulad ng Pulisya o Departamento ng Sheriff, na awtorisado sa ilalim ng batas ng estado bilang opisyal na tagapagpatupad ng batas, at may awtorisasyong magdala ng baril, may kapangyarihan na mang-aresto, at nagdadala ng badge o tsapa ng tagapagpatupad ng batas. (Tingnan ang Proposisyon D, E)

Neighborhood Policing (Pagpupulisya sa Komunidad): Pamamaraan ng pagpupulisya na nagbibigay-diin sa pakikipagrelasyon sa mga miyembro ng komunidad. (Tingnan ang Proposisyon E)

Nonprofit: Entidad o organisasyong inorganisa para sa pampublikong layunin, at may eksempsiyon o hindi kasali sa pederal na pagbubuwis ng kita sa ilalim ng Seksiyon 501(c) ng Kodigo sa Pagbubuwis ng 1986 (Internal Revenue Code of 1986). (Tingnan ang Proposisyon K)

Ordinansa: Lokal na batas na pinagtibay na ng Lupon ng mga Superbisor o ng mga botante. (Tingnan ang Proposisyon C)



Pampubliko na Paaralang Tsarter: Paaralang pinopondohan ng publiko pero pinatatakbo ng independiyente na pribadong organisasyon. (Tingnan ang Proposisyon J)

Pangkalahatang Pondo: Ang bahagi ng badyet ng Lungsod na maaaring gamitin para sa anumang layunin ng Lungsod. Nanggagaling ang pera ng Pangkalahatang Pondo sa mga buwis at singil sa ari-arian, negosyo, pagbebenta, at iba pang pinagkukunan. (Tingnan ang Proposisyon I)

Parcel Tax (Buwis sa Parsela): Buwis sa lupa at mga istruktura sa Lungsod. (Tingnan ang Proposisyon J)

Payroll Expense Tax (Buwis sa mga Gastos sa Payroll): Buwis na ibinabatay sa pangkalahatan sa halagang ginagasta ng negosyo sa pagbabayad para sa trabaho. (Tingnan ang Proposisyon F, L)

Pinahihintulatang Paggamit: Paggamit sa ari-arian na naaayon sa naaangkop na pagsosona, kung saan hindi nangangailangan ang paggamit ng espesyal na pag-aaral o pag-apruba ng Lungsod. (Tingnan ang Proposisyon H)

Pinakamataas ang Suweldo na Tagapamahalang Empleyado: Ang indibidwal na may responsibilidad bilang tagapamahala na nakatanggap ng pinakamalaking bayad sa indibidwal sa loob ng isang tax year (taon batay sa pagbabayad ng buwis). (Tingnan ang Proposisyon L)

Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano): Ang komisyon ng Lungsod na may responsibilidad sa pagpapatupad at pagpapanatili ng komprehensibo at pangmatagalan na pangkalahatang plano para sa mga pagpapahusay at pagpapaunlad sa hinaharap. (Tingnan ang Proposisyon H)

Probisyonal na Balota: Balotang isinumite sa lugar ng botohan na hindi bibilangin hanggang sa matiyak ng Departamento ng mga Eleksyon ang pagiging kuwalipikado ng botante na nagsumite ng balotang iyon.

Propesyonal na Pagpapaunlad: Pagpoprograma para sa mga propesyonal na guro upang makakuha sila ng karagdagang edukasyon, pagsasanay, paggabay o mentorship, o sertipikasyon. (Tingnan ang Proposisyon J)

Proposisyon: Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para aprubahan o hindi aprubahan.

Rehistradong botante: Upang maging kuwalipikado para sa pagpaparehistro sa pagboto, kailangang mamamayan ng Estados Unidos ang indibidwal; residente ng San Francisco; 18 taong gulang o mas matanda pa, bago o sa araw ng eleksyon; wala sa pang-estado o pampederal na kulungan, o parolado sa pagkakasentensiya sa krimen; at hindi napagpasyahan sa kasalukuyan ng hukuman na walang sapat na katinuan upang makaboto. (Tingnan ang Proposisyon C)

Singil para sa Pagpaparehistro ng Negosyo: Taunang buwis na nag-iiba-iba sa pangkalahatan, batay sa mga gawain ng negosyo at gross receipts. (Tingnan ang Proposisyon F)

Suweldo ng Pinakamatataas na Executive: Ang suweldong ibinabayad sa tagapamahalang empleyado ng negosyo na tumatanggap ng pinakamataas na bayad. (Tingnan ang Proposisyon L)

Taon na Nakabatay sa Buwis: Nagsisimula nang Hulyo 1 ng taon na nakabatay sa kalendaryo at nagtatapos nang Hunyo 30 ng susunod na taon. (Tingnan ang Proposisyon J)

Transfer Tax (Buwis para sa Paglilipat ng Ari-arian): Buwis na ipinapataw sa pangkalahatan kapag ipinasa ang ari-arian mula sa isang indibidwal o entidad tungo sa isa pang indibidwal o entidad. (Tingnan ang Proposisyon I)

Tsarter: Ang tsarter ang konstitusyon ng Lungsod na pinagtitiyag ng mga botante ng San Francisco, at may kaugnayan ito sa pamamaraan ng pamamahala sa Lungsod. Puwede lamang mabago ang Tsarter sa pamamagitan ng mayorya ng mga botante ng San Francisco. (Proposisyon B, C, D, E, G)

Saan ang Lokasyon ng Itinalaga sa Aking Lugar ng Botohan para sa Nobyembre 3?

Kasalukuyang Itinalagang Lugar ng Botohan

Sa pagitan ng Marso 2020 at ng Nobyembre 2020 na eleksyon, nilipat ng Departamento ng mga Eleksyon ang lokasyon ng humigit-kumulang sa 150 lugar ng botohan upang mapanatili ang sapat na espasyo sa pagboto at mapangalagaan ang pampublikong kalusugan. Mangyaring i-check ang impormasyon ukol sa kasalukuyang nakatalaga sa inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito:

1 Ang address ng inyong lugar ng botohan.

2 Indikasyon na ang inyong lugar ng botohan ay **aksesible sa mga indibidwal na may kapansanan**. Para mahanap ang karagdagang impormasyon ukol sa aksesibleng pagboto, tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman.

DEPARTMENT OF ELECTIONS
City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4388
sfelections.org

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2790

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.

Address ng inyong botohan: **Address na Pang-koreo / Mailing Address:**

1

Accessible ba ang pasukan at ang lugar ng botohan? **2**

Manatiling Malusog at Bumoto nang Ligtas, San Francisco!

I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail.
Awtomatikong magpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng balota sa karon sa lahat ng rehistradong botante sa San Francisco sa

Mga Huling Pagbabago ng Lugar ng Botohan

Kung nilipat ang inyong lugar ng botohan matapos maimprenta ang pamplet na ito, papadalhan kayo ng Departamento ng mga Eleksyon ng Abiso para sa Pagbabago ng Lugar ng Botohan. Dagdag pa rito, ang mga karatulang Pagbabago ng Lugar ng Botohan ay ipapaskil sa mga nilipat nang mga dating lugar ng botohan sa San Francisco sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3.



Bago kayo bumisita sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, nirerekomenda ng Departamento ng mga Eleksyon na inyong i-check muli ang lokasyon at katayuan ng inyong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagpunta sa sfelections.org/myvotinglocation.



A

Bond (utang ng gobyerno) para sa Kalusugan at Kawalan ng Tahanan, mga Parke, at Kalye

MGA BOND PARA SA KALUSUGAN AT PAGBANGON. Upang mapondohan ang pagkakaroon o pagpapaunlad sa ari-arian, kasama na ang: magawang panatag, mapaunlad, at makagawa ng permanenteng pamumuhunan sa mga pasilidad para sa supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta), shelter, at/o pasilidad na naghahatid ng mga serbisyo sa mga tao na nakararanas ng hamon sa kalusugan ng isip, problema sa pang-aabuso sa alak, droga o iba pang sangkap, at/o kawalan ng tahanan; mapahusay ang aksesibilidad, kaligtasan at kalidad ng mga parke, bukas na espasyo, at pasilidad para sa paglilibang; pagpapahusay sa aksesibilidad, kaligtasan at kondisyon ng mga kalye ng Lungsod at iba pang karapatan sa daan ng publiko at kaugnay na mga pag-aari; at upang mabayaran ang kaugnay na gastusin; dapat bang maglabas ang Lungsod at County ng San Francisco ng \$487,500,000 na general obligation bonds (utang ng estado o gobyerno) na magtatagal ng hanggang sa 30 taon mula sa panahon ng paglalabas, may tinatayang karaniwang porsiyento ng buwis na \$0.014/\$100 ng natasang halaga ng ari-arian, at inaasahan na karaniwang taunan na kita na \$40,000,000, kung saan mapasasailalim ito sa independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na pag-o-audit? Kasalukuyang polisiya ng Lungsod ukol sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa porsiyento ng buwis sa ari-arian para sa general obligation bonds ng Lungsod na mas mababa sa porsiyento nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang inireretro ang mas matatandang bond at lumalaki ang tax base (kabuuang pag-aari na puwedeng mabuwisan), bagamat posibleng mag-iba-iba ang porsiyento ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang salik o factor.

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagkakaloob ang Lungsod ng iba't ibang uri ng proyekto at serbisyo, kasama na ang:

- Mga programa para sa kalusugan ng isip at kawalan ng tahanan;
- Mga parke, bukas na espasyo at pasilidad sa paglilibang; at
- Mga kalye, curb ramp (kumokonekta sa bangketa sa kalye), at plaza.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon A ay panukalang-batas para sa bond na magbibigay ng awtorisasyon sa Lungsod na umutang nang hanggang sa \$487.5 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng general obligation bond.

Posibleng gastahin ang pera mula sa bond ayon sa mga sumusunod:

- \$207 milyon sa mga proyekto para sa kalusugan ng isip at kawalan ng tahanan, kasama na ang pabahay, mga shelter,

kalusugan ng komunidad, pasilidad para sa saykayatrikong kalusugan at kalusugan ng pag-uugali;

- \$239 milyon sa mga parke, bukas na espasyo, at pasilidad sa paglilibang; at
- \$41.5 milyon sa pagpapahusay sa mga kalye, curb ramp, at plaza.

Itatakda ng Proposisyon A sa Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond) na pag-aralan kung paano ginagasta ang perang ito mula sa bond.

Kung kinakailangan, pahihintulutan ng Proposisyon A ang pagtaas ng property tax (buwis sa ari-arian) para mabayaran ang mga bond. Polisiya ng lungsod na limitahan ang halaga ng pera na inutang nito sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bond habang nababayaran ang nauna nang mga bond. Posibleng ipasa ng mga nagpapaupa ang hanggang sa 50% ng anumang magrerresultang pagtaas sa property tax sa mga umuupa.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66 $\frac{2}{3}$ % botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong maglabas ang Lungsod ng \$487.5 milyon ng mga general obligation bond upang mapondohan ang mga proyekto para sa kalusugan ng isip at kawalan ng tahanan, parke, bukas na espasyo at pasilidad para sa paglilibang, pati na rin ng mga pagpapahusay sa mga kalye, curb ramp, at plaza.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong maglabas ang Lungsod ng mga bond na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa “A”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Kapag binigyan ng awtorisasyon at nagbenta ng iminumungkahing \$487.5 milyon na mga bond at ibenta ang mga ito sa kasalukuyang mga ipinapalagay, ang mga sumusunod ang tinatayang gastos:

- a) Sa piskal na taon (FY) 2021–2022, matapos maglabas ng unang serye ng mga bond, at sa taon na pinakamababa ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito sa halaga ng buwis sa ari-arian na \$0.00095 kada \$100 (\$0.95 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- b) Sa piskal na taon FY 2029–2030, matapos maglabas ng unang serye ng mga bond, at sa taon na pinakamababa ang porsiyento ng buwis, magresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito sa halaga ng buwis sa ari-arian na \$0.01402 kada \$100 (\$14.02 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- c) Ang pinakamaganda nang pagtaya ng karaniwan o average na halaga ng buwis para sa mga bond mula FY 2021–2022 hanggang FY 2052–2053 ay \$0.01066 kada \$100 (\$10.66 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- d) Batay sa mga pagtatayang ito, humigit-kumulang \$83.13 ang pinakamataas nang tinatayang taunang halaga ng property tax para sa mga bond para sa may-ari ng bahay na may natayang halaga na \$600,000.

Ang pinakamaganda nang pagtataya ng kabuuang serbisyo sa utang, kasama na ang principal (halagang inutang) at interes, na kinakailangang mabayaran kung nailabas at naibenta ang lahat ng iminumungkahing \$487.5 milyon na mga bond, ay humigit-kumulang \$960 milyon. Nakabatay lamang ang mga pagtatayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtataya

dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, dami ng bond na natitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa bond. Dahil dito, posibleng iba sa mga pagtataya na nasa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan maipatutupad ang mga porsiyentong ito. Kasalukuyang non-binding (walang legal na obligasyon) na polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili ng halaga ng buwis mula sa mga general obligation bond na mas mababa kaysa sa porsiyento noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang papa-retiro na ang mas matatandang bond, at tumataas ang halaga pag-aaring nabubuwan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang porsiyento ng property tax batay sa iba pang salik o dahilan.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “A”

Noong Hulyo 21, 2020, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Bumoto ng Oo sa Proposisyon A, ang San Francisco Health & Recovery Bond (Utang ng Gobyerno para sa Kalusugan at Pagbangon ng San Francisco)!

Dumarating ang Proposisyon A, ang Bond para sa Kalusugan at Pagbangon ng San Francisco, sa kritikal na panahon. Naging malagim ang naging epekto sa kalusugan at ekonomiya ng pandemyang COVID-19 at hinamon nito ang ating Lungsod sa paraang hindi pa kailanman nararanasan.

Ginawang mas mapanghamon ng pandemyang COVID-19 ang krisis sa kawalan ng tahanan at kalusugan ng isip, at binigyang-diin ang pangangailangan sa paglikha ng mas maraming shelter o masisilungan, permanenteng supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta), at sa pagpapalawak sa ating mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon para sa kalusugan ng isip.

Nakita na natin ang pagfa-file ng halos 200,000 taga-San Francisco para sa unemployment (tinatanggap na pera ng nawalan ng trabaho mula sa estado), at ng lumalaking pangangailangan para sa ligtas at napupuntahan na pampublikong mga espasyo sa labas ng gusali, habang nagtatrabaho at nag-aaral ang mga indibidwal at pamilya mula sa tahanan.

Nagkakaloob ang Proposisyon A ng \$487.5 milyon para sa tatlong prayoridad: kalusugan ng isip at kawalan ng tahanan; mga parke at pampublikong espasyo; at pagkukumpuni sa mga kalye, at isasagawa ang lahat ng ito habang lumilikha ng bagong mga trabaho na makatutulong sa agad na pagpapasimula sa pagbangon ng ating ekonomiya.

Ang Proposisyon A ang resulta ng may kolaborasyon na mga pagsusumikap, at sinasalamon nito ang opinyon ng maraming departamento ng Lungsod, ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at ng mga may interes o stakeholder sa komunidad.

HINDI nagtataas ng buwis ang Proposisyon A nang naaayon sa polisiya ng Lungsod na pagreretiro ng lumang mga bond bago ang paglalabas ng bagong bond.

Ang Proposisyon A ay:

- Magpopondo sa permanenteng supportive housing, shelter, at mga pasilidad upang makapagbigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng isip at paggamot sa pang-aabuso sa alak, droga, at iba pang sangkap.
- Magpopondo sa pagpapahusay sa mga parke sa komunidad, trails o malalakaran, palaruan, hardin ng komunidad, at sentro sa paglilibang sa kabuuan ng Lungsod, kasama na ang: Gene Friend Recreation Center sa SOMA, India Basin sa Bayview, Japantown Peace Plaza, Buchanan Mall sa Western Addition, mga parke sa Chinatown, Herz Playground sa Visitacion Valley, mga Parke ng Golden Gate at McLaren, na ilan lamang sa marami pang iba.
- Magpopondo sa pagpapakumpuni sa mga imprastruktura ng lungsod, kasama na ang street resurfacing o pagpapalit ng aspalto, curb ramp o kumokonekta sa bangketa sa kalye, at mga plaza, kung kaya't lalong nagkakaroon ng kaligtasan at paggamit ng lahat.
- Liikha ng libo-libong bagong trabaho upang makatulong sa pagbangon ng ating ekonomiya.
- HINDI magtataas ng buwis.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon A upang mamuhunan sa kagalingan ng kalusugan at ekonomiya ng lahat ng ating komunidad.

www.SFRecoveryBond.com

Mayor London Breed

Presidente Norman Yee, San Francisco Board of Supervisors

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Shamann Walton

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

May nakapaloob nang kapasidad ang mga politiko para sa pag-iisip na pang-maiksing panahon: ang siklo ng eleksyon. Gumagawa sila ng mga pangako at nagpapalutang ng mga polisiya na dinisenyo para agad na magkaroon ng epekto – paggasta para sa mga boto ngayon. Problematiko ito nang dahil mismo sa mga katangian nito, dahil maliit ang pagpapahalaga nito sa ideya na may epekto ang mga aksiyon sa kasalukuyan sa loob ng maraming taon, at minsan, sa loob ng mga dekada sa hinaharap. Hindi magiging produktibo ang paggasta nang dahil sa **Proposisyon A**, na sayang lamang habang nagpapanggap na may mga pakinabang na pang-maiksing panahon.

Malala na ang pagbagsak ng ekonomiya ng San Francisco at aabutin ng taon-taon ang pagbangon nito. Lalo pang lalala ang krisis sa pinansiya ng Lungsod. Ang walang pondo na utang sa pensiyon ng Lungsod ay \$3.6 bilyon na at umaabot ang gastos ng Lungsod para sa mga benepisyo sa pensiyon ng kada empleyado sa 25% ng suweldo ng bawat empleyado sa 2021. Kasama sa lumobo nang burukrasya sa San Francisco ang mahigit sa 38,000 empleyado, na mahigit pa sa populasyon ng Burlingame at sapat na upang magkaloob ng isang manggagawa para sa bawat 28 na taga-San Francisco. Noong 2016,

kumita ang karaniwang manggagawa ng lungsod ng San Francisco ng \$108,774 sa suweldo at \$49,864 sa mga benepisyo.

Ang pinagsamang utang nang dahil sa **Proposisyon A** at ang tumataas na gastos sa pensiyon at dagdag na benepisyo ay hindi kayang mapanatili sa kasalukuyan o sa hinaharap.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A – MAHALAGA ang Inyong boto! Maghahatid ang inyong boto ng malakas na mensahe sa Mayor at sa Board of Supervisors na hindi katanggap-tanggap ang kanilang mga polisiya sa pinansiya at maaksayang paggasta.

“Huwag magkaroon ng pag-aagam-agam na kayang baguhin ang mundo ng maliit na pangkat ng nag-iisip at may pananagutang mga mamamayan; sa katunayan, ito ang tanging bagay na nakapagdulot nito.” Ang Antropolohistang si Margaret Mead

Craig Weber, CPA

Awtor, Ulat ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukom Sibil) ng San Francisco: “Pension Tsunami – the Billion Dollar Bubble (Ang Sunami sa Pensiyon - Ang Bilyon Dolyar na Paglobo)”

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Kailangan nating suportahan ang kalusugan at pagbangon ng mga taga-San Francisco sa panahong ito ng Krisis sa Covid-19, pero ang may lamat na paraan ng pagpipinansiya ng Proposisyon A ay masamang sitwasyon para sa San Francisco.

Peligrosong pagsusugal ang Proposisyon A. Tinataya ng opisina ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) na kapag naglabas at nagbenta ng iminumungkahing \$487.5 milyon sa mga bond, ang kabuuang gastos sa interes at principal (halagang inutang) ay magiging \$960 milyon.

Saan mapupunta ang perang ito? Naibadyet na ng Mayor ang sumusunod:

\$16.5M para sa Pang-emergency na Pakikipagkomunikasyon

\$184.9M para sa mga Operasyon sa Kalusugan

\$61.8M para sa Seguridad sa Pagkain at Human Resources (Mga Manggagawang Bumubuo ng Ekonomiya)

\$182.9M para sa Pabahay

Bakit tayo umuutang ng mas maraming pondo para sa mga serbisyo sa pagbibigay ng suporta kung may badyet na ito para sa paggasta na mula sa Pangkalahatang Pondo?

Walang pinansiyal na pananagutan na nakapaloob sa Proposisyon A, na tulad ng paggamit ng Citizens Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa) na nagamit na sa naunang mga panukalang-batas na ukol sa pagpopondo.

Magtayo tayo ng komunidad, huwag magpalaki ng utang. Hindi lang talaga makakayanan pa ng Lungsod na magkaroon ng mas malaking utang na dagdag pa sa walang pondong dapat bayaran sa pensiyon para sa libo-libo na retiradong manggagawa ng lungsod. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A.

Craig Weber, Certified Public Accountant (Sertipikadong Pampublikong Accountant)

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Ang Proposisyon A ay panukalang-batas na may pananagutan sa pinansiya at napakahalagang aksiyon na kailangan nating isagawa upang agad na mapasimulan ang ating lokal na ekonomiya at makalikha ng mga trabahong magaganda ang suweldo, habang namumuhunan sa kalusugan at kagalingang pang-ekonomiya ng lahat ng ating komunidad.

Tinitiyak ng polisiya ng Lungsod ukol sa pagreretiro ng mga lumang bond bago ang paglalabas ng bagong mga bond na **HINDI magtataas ng buwis ang Proposisyon A** sa mga may-ari ng tahanan.

Pinamamahalaan ang lahat ng paggastos sa bond ng Citizen's General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond).

Nawasak na ng COVID-19 ang ating lokal na ekonomiya at subok nang kasangkapan para sa muling pagpapasigla ang mga panukalang-batas ukol sa mga bond. Nakalikha ang mga bond ng San Francisco ng humigit-kumulang sa 9,500 trabaho sa panahon ng Great Recession (panahon ng matinding pagbagsak ng ekonomiya), kung kaya't alam natin na magsisilbi ang panukalang-batas na ito bilang makina na pampaandar sa ekonomiya, habang gumagawa ng pagpapahusay sa mga imprastruktura sa ating Lungsod.

Nagsasagawa ang Proposisyon A ng mahalagang pagpapahusay sa ating kalusugan ng isip at sa imprastruktura para sa supportive housing, pati na rin ng pamamaraang makakuha ng paggamot para sa kalusugan sa isip at paggamot sa pang-aabuso sa alak, droga at iba pang sangkap, at nang sa gayon, makuha ng mga tao na nakararanas ng kawalan ng tahanan ang tulong na kinakailangan nila.

Gumagawa ang Proposisyon A ng kailangang-kailangan na pagpapahusay sa ating mga parke, sentro para sa paglilibang, at plaza, kung kaya't napapahusay ang mga paraang makagamit ng ligtas na mga espasyo sa labas ng gusali para sa mga taga-San Francisco sa bawat komunidad. Habang nagtatrabaho at nag-aaral tayo mula sa tahanan, lalo pang mas mahalaga ang ating mga parke at palaruan para sa kagalingan ng isip at katawan.

Popondohan ng Proposisyon A ang pagpapakupuni sa mga imprastruktura ng lungsod, kasama na ang street resurfacing, mga curb ramp, at mga plaza, kung kaya't lalong magkakaroon ng kaligtasan at pamamaraan sa paggamit ang lahat.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon A upang makatulong sa agad na pagpapasimula sa ating ekonomiya at makalikha ng mga trabaho, habang namumuhunan sa kalusugan at kagalingan ng lahat ng taga-San Francisco.

www.SFRecoveryBond.com

Mayor London Breed

Presidente Norman Yee, San Francisco Board of Supervisors

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Shamann Walton

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



B

Department of Sanitation and Streets (Departamento para sa Kalinisan at mga Kalye), Sanitation and Streets Commission (Komisyon para sa Kalinisan at mga Kalye), at Public Works Commission (Komisyon ng mga Pampublikong Gawain)

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang lumikha ng Department of Sanitation and Streets na may pamamahala mula sa Sanitation and Streets Commission, at magtayo ng Public Works Commission para pamahalaan ang Department of Public Works?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang Department of Public Works ng Lungsod, na nilikha ng Tsarter ng Lungsod, ay may apat na dibisyon:

- Mga Operasyon, na nagpapanatili sa maayos na kondisyon sa mga gusali, imburnal, mga kalye ng Lungsod, mga puno sa kalye, basurahan sa bangketa at bangketa, at nagtatanggal sa graffiti;
- Pagdidisenyo at Konstruksiyon ng mga Gusali, na nagdidisenyo, nagtatayo at gumagawa ng mga renobasyon sa mga gusali at istruktura ng Lungsod;
- Disenyo at Konstruksiyon ng Imprastruktura, na nagpapanatili sa maayos na kondisyon sa mga kalye, bangketa, curb ramp (kumokonekta sa bangketa sa kalye), plaza, tulay, lagusan o tunnel, at hagdanan; at
- Pinansiya at Administrasyon.

Pinamamahalaan ng City Administrator (Administrador ng Lungsod) ang Department of Public Works at nagtatalaga ng direktor nito nang may pag-apruba ng Mayor.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon B ay pag-amyenda sa Tsarter na lilikha ng Departament of Sanitation and Streets, na siya nang magpapatupad sa ilan sa tungkulin ng Department of Public works.

Magiging responsibilidad ng bagong Department of Sanitation and Streets ang:

- Pagwawalis ng kalye at paglilinis sa bangketa;

- Pagkakaloob ng basurahan sa mga bangketa at pagpapanatili sa mga ito sa maayos na kondisyon;
- Pagtatanggal sa graffiti at basurang ilegal na itinapon; at
- Pagpapanatili sa maayos na kondisyon sa mga gusali, pampublikong banyo, at puno sa kalye ng Lungsod.

Sa ilalim ng Proposisyon B, posibleng baguhin ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang mga tungkuling ito, sa pamamagitan ng botong two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi).

Patuloy na ipagkakaloob ng Department of Public Works ang lahat ng iba pang serbisyo, ayon sa itinatakda ng batas.

Lilikha ang Proposisyon B ng Sanitation and Streets Commission na may limang miyembro para pamahalaan ang Department of Sanitation and Streets. Magtatalaga ang Board of Supervisors ng dalawang miyembro sa komisyoning ito, magtatalaga ang Mayor ng dalawa pa, at magtatalaga ng isa ang City Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod).

Magtatalaga ang Mayor ng Direktor ng Sanitation and Streets mula sa mga kandidatong napili ng Sanitation and Streets Commission.

Lilikha rin ang Proposisyon B ng Public Works Commission na magkakaroon ng limang miyembro, upang pamahalaan ang Department of Public Works. Magtatalaga ang Board of Supervisors ng dalawang miyembro sa komisyoning ito, magtatalaga ang Mayor ng dalawa pa, at magtatalaga ng isa ang City Controller.

Magtatalaga ang Mayor ng Direktor ng Public Works mula sa mga kandidatong napili ng Public Works Commission.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.

Itatakda ng Proposisyon B sa Services Audit Unit (Pangkat para sa Pag-o-audit ng mga Serbisyo) upang magawan ng ebalwasyon at malaman kung nagkaroon ng hindi mahusay na pagganap o pag-aaksaya sa administrasyon, mga operasyon, at paggasta ng dalawang departamento kada taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong lumikha ng Department of Sanitation and Streets na may pamamahala mula sa Sanitation and Streets Commission, at magtayo ng Public Works Commission para pamahalaan ang Department of Public Works.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa “B”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang pag-amyenda sa Tsarter ng mga botante, magkakaroon ng malaking epekto ito sa gastos ng gobyerno, simula sa fiscal year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet) 2022–23, na tinatayang mula sa \$2.5 milyon hanggang sa \$6 milyon taon-taon. Hindi kasama sa pagtatayang ito ang mga pagbabago sa kasalukuyang mga antas ng serbisyo. Pahihintulutan ng panukalang-batas ang Board of Supervisors na ipagpaliban ang ilang bahagi ng pagpapatupad sa panukalang-batas, na posibleng makapaliban sa bahagi ng mga gastos na ito sa ibang panahon.

Lilikha ang panukalang pag-amyenda sa Tsarter ng bagong Department of Sanitation and Streets na magpapatupad sa mga espesipikong tungkulin na kasalukuyang isinasagawa ng Department of Public Works. Ililipat ng pag-amyenda ang humigit-kumulang na 835 sa 1,711 na full-time na katumbas na empleyado na kasalukuyang nagtatrabaho sa Public Works sa bagong Sanitation and Streets Department.

Mangangailangan ang paghihiwalay ng magkakasama na administratibong serbisyo ng 10–25 porsiyentong paglaki ng dami ng kawani para sa mga gawaing ito dahil hindi na mahusay na maiipatupad ang magkakasamang mga serbisyo. Gayon pa man, itinatakda ng pag-amyenda sa Board of Supervisors na itakda sa City Administrator, Department of Public Works, at/o iba pang departamento ng Lungsod na magkaloob ng administratibong mga serbisyo para sa Department of Sanitation and Streets sa unang dalawang taon at tatlong buwan, o higit pa rito, ng pagpapatupad sa pag-amyenda. Kasama sa mga bagong posisyon para sa Department of Sanitation and Streets ang pinuno ng departamento, opisyal para sa pampublikong impormasyon,

punong administratibong opisyal, at mga manager para sa mga kontrata, pagganap o performance, at pang-impormasyong teknolohiya, at nang mapamahalaan ang administratibong mga serbisyo na ipinagkaloob ng iba pang departamento. Malamang na tataas ang gastos sa mga taon sa hinaharap kapag nagbigay ang Board ng awtorisasyon para sa independiyente na administratibong suporta para sa bagong departamento, na pinahihintulutan kasunod na pinaka-unang panahon na ito ng implementasyon.

Lilikha din ang pag-amyenda ng dalawang bagong komisyon na may tig-lilimang miyembro: isa para pamahalaan ang kasalukuyang Department of Public Works, at isa para pamahalaan ang bagong Sanitation and Streets Department. Kasama sa mga gastos ang sekretarya ng komisyon, suweldo ng mga komisyoner, at gastos tulad ng paghahanda ng pampublikong materyales.

Pangwakas, pahihintulutan din ng pag-amyenda ang Board of Supervisors na limitahan, baguhin, o tanggalin ang mga tungkulin ng Department of Sanitation and Streets sa pamamagitan ng two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi) ng boto at ilipat ang mga serbisyong ito sa iba pang departamento ng Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “B”

Noong Hulyo 21, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 7 sa 4 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Haney, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Walton.

Hindi: Fewer, Mandelman, Stefani, Yee.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Sa panahon ng pandemyang COVID-19, naging mahalaga na, nang higit pa sa anumang panahon, ang sanitasyon at kalinisan.

Ang San Francisco ang isa sa pinakamalalaking lungsod na walang Department of Sanitation (Departamento para sa Kalinisan). At sinasabi ng mga eksperto sa nakahahawang mga sakit na napakarurumi ng ating mga kalye kung ang panganib natin na magkaroon ng impeksiyon ay kasintaas na ng panganib sa mga komunidad na nasa mga bahagi ng mundo na nakararanas ng matinding kahirapan.

Kailangan natin ng Departamento na nakatuon sa paglilinis sa mga kalye at bangketa at nang manatiling malilinis ang ating mga pampublikong lugar at malulusog ang ating mga komunidad... sentido komun lamang ito.

ANO ANG GAGAWIN NG DEPARTAMENTO OF SANITATION?

- Paglilinis na Nakabatay sa Datos: Sa ngayon, pabugso-bugso ang pagsasagawa ng paglilinis sa mga kalye. Gamit ang modelong nakabatay sa datos, titiyakin ng Department of Sanitation & Streets (Departamento para sa Kalinisan at mga Kalye) na nalilinis ang bawat komunidad nang naaayon sa mga pamantayan ng modernong lungsod.
- Paglilinis sa mga Kalye at Bangketa: Magkakaloob ang Department of Sanitation and Streets ng araw-araw na paglilinis sa mga kalye at bangketa upang mapanatiling malilinis ang ating mga pampublikong lugar at malulusog ang ating mga komunidad sa panahon ng COVID-19 at matapos ito.
- Malilinis at Ligas na Pampublikong Banyo: Kailangan ng lahat ng madaling pamamaraan upang makagamit ng malilinis at ligas na pampublikong banyo. Batayan at mahalagang responsibilidad ito ng Lungsod na hindi sapat na natutugunan sa ngayon.

- Pagkakaroon ng Pananagutan at Pamamahala: Magkakaroon ang bagong Departamento ng Citizen Oversight Commission (Komisyon ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa) na magtatakda ng pinakamababa nang pinagsisimulang mga pamantayan para sa Departamento, magkokontrol sa paggasta, at mag-iimbestiga sa korupsiyon.

Pakisamahan ang Laborers (Mga Manggagawa) Lokal 261 – ang masisipag na kababaihan at kalalakhian na naglilinis sa ating mga bangketa, nagkukumpuni sa ating mga kalye, at kumukuha sa ating basura – at bumoto para sa panukalang-batas na itong batay sa sentido komun, na sa wakas ay tutugon sa pinakamalaking kahihyan ng ating lungsod.

Inendoso ng/nina:

San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko)

San Francisco Labor Council (Konseho ng Manggagawa)

Dating Senador ng Estado Mark Leno

Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

Superbisor Matt Haney

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Dean Preston

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Shamann Walton

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Aaron Peskin

Abugado ng Distrito Chesa Boudin

Pampublikong Tagapagtanggol Mano Raju

Presidente, City College Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala ng Kolehiyo ng Lungsod) Shanell Williams

Presidente ng Board of Education (Lupon sa Edukasyon) Mark Sanchez

Direktor ng Lupon ng BART Bevan Dufty

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Nagdudulot ang Prop B ng kaguluhan, deteryorisasyon o hindi na pagpapanatili sa maayos na kondisyon, at panlilimahid sa ating nahihirapan nang Lungsod.

“Hahatiin” ng Prop B ang Department of Public Works (Departamento ng mga Pampublikong Gawain) nang hindi nagdaragdag ng bagong serbisyo – kung kaya’t inilulubog nito ang mga nagtatrabaho sa Lungsod sa kalituhan at pagkapanalisan.

Gagasta ang City Hall ng sampu-sampung milyon, at gugugol ng taon-taon, kung saan magdodoble-doble ang mga kawani na nagbibigay-suporta.

Walang kinalaman ang Prop B sa paglilinis sa San Francisco.

Hindi ito nagtatakda ng mga bagong pamantayan para sa malilinis na kalye. Hindi ito nagpapataw ng mga bagong kautusan.

Kailangang hindi kailanman pahintulutan ng Lungsod ang pagkakaroon ng mga karayon, hiringgilya, at dumi ng tao sa ating mga bangketa. Matitibay na bagong mga solusyon sa kawalan ng tahanan, pang-aabuso sa droga, at karamdaman sa isip. Mga raid o pagsalakay sa merkado ng droga na nasa labas ng mga gusali. Pagpapatupad sa mga batas ukol sa *Quality of Life (Kalidad ng Buhay)*. Hindi ito ginagawa ng Prop B, at hindi rin ginagawa ng ano pa mang nasa balota.

Kinakamkam ng mga Superbisor ang kapangyarihan, habang nasa likod ng tabing.

Binibigyan nila ang mga sarili ng awtoridad, nang walang pag-amyenda sa tsarter, na ilipat ang alinman sa mga tungkulin ng Department of Public Works sa iba pang ahensiya ng Lungsod. Maghahanap ang mga

superbisor ng masunuring mga ahensiya at babagu-baguin ang paggasta.

Ipinagkakait ng Prop B ang gayong pagkakaroon ng awtoridad ng ordinansa sa mga citizen ballot measure o panukalang-batas sa balota na inisyatiba ng mga mamamayan.

Hindi napigilan ng COVID-19 ang mga Superbisor sa pagpapatong-patong sa balota ng labis-labis na paggasta at mabibigat na buwis.

Ipinagkait sa mga panukalang-batas na inisyatiba ng mamamayan ang pagkakaroon ng ganitong mga pamamaraan.

(Isa ako sa naging awtor ng “Regulation of Navigation Centers (Superbisyon sa mga Sentrong Tumutulong sa mga Taong Homeless)”, na panukalang-batas na tumutugon sa mga ugat na sanhi ng kawalan ng tahanan. Naging sanhi ng mga restriksiyon sa pangangalap ng balota ang Shelter in Place o Kautusan ukol sa Pananatili sa Tahanan.)

Ang mga magagastos na “komisyong” ito ay hindi mga superhero na bukas sa pagsisiyasat at nakikibaka laban sa mga pandaraya.

Ang *Abugado ng Lungsod* ang siyang regular na nagbubunyag sa pampublikong korupsiyon. Ang FBI ang umaresto sa Direktor ng Public Works na si Mohammed Nuru.

Igiit ang pagkakaroon ng pananagutan, katatagan, pampublikong kalusugan, at katinuan sa pinansiya.

Bumoto ng HINDI sa B.

Larry Marso

<http://cleancityhall.com>

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Bumoto ng HINDI sa Prop B, na walang saysay na kakatay at mamumulitika sa Department of Public Works.

Lilikha ito ng dalawang bagong burukrasya, ililipat ang kapangyarihan sa Board of Supervisors at sa Mayor, at pagbabawalan ang mga botanteng tulad ninyo sa pag-impluwensiya sa polisiya.

Habang katatapos pa lamang ng pag-aresto ng FBI nang dahil sa mga bintang ng *korupsiyon* sa dating Direktor ng Public Works na si Mohammed Nuru — na may nakababagabag na koneksiyon sa City Hall — **kailangan natin ng mga bagong diskarte sa pangangasiwa sa malalaking paggasta sa pampublikong gawain, kasama na ang mga ordinansang mula sa mamamayan.**

Humahabi ang Prop D ng bagong Department of Sanitation and Streets, at pagkatapos, inililipat nito ang awtoridad *kapwa* sa bagong ahensiyang ito, at sa kung ano pa ang natitira sa lumobo na at magagastos na komisyon ng mga politikal ang pagkakatalaga sa posisyon. (Dating gawi, dating gawi).

Ayon sa Controller ng Lungsod, lilipat ang kalahati sa mga empleyado ng DoPW at tataas ang paggasta nang hanggang sa *\$6 milyon kada taon*. Pero bakit?

Wala ritong nagtatakda ng mga bagong obligasyon o pamantayan. **Karaniwan na ang pagkakaroon ng mga hiringgilya, karayom, at dumi ng tao sa mga kalye, at ang pagkakaroon ng mga hamon dahil sa pagkakampo ng homeless sa panahon ng pandemya.**

(Napalagpas na naman ng mga Superbisor ang isa pang oportunidad ngayong eleksyon: ang pag-amyenda sa tsarter upang itakda sa Abugado ng Distrito na si Chesa Boudin na ipatupad ang *Mga Batas sa Kalidad ng Buhay* na kritikal sa pampublikong kalusugan).

Kinakamkam ng Board of Supervisors at ng Mayor ang *eksklusibong* awtoridad na gumawa ng ordinansa ukol sa pagtatakda ng mga pamantayan at paglilipat ng mga tungkulin sa pagitan ng mga Departamento. **Ipinagbabawal ng Prop B ang paggamit ng mga ordinansang pinasisimulan ng mamamayan upang baguhin ang polisiya sa Department of Public Works o sa Department of Sanitation and Streets.**

Larry Marso

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Masasabi sa inyo ng sinumang nakapaglakad na sa mga kalye ng San Francisco na hindi lang talaga gumagana ang programa sa paglilinis at sanitasyon ng Lungsod. Napakarumi na ng maraming bahagi ng ating magandang lungsod, kung kaya't ginagamit ito ng mga lider – tulad ni Larry Marso – ng Republican Party (Partido Republikano) ni Trump bilang kanilang paboritong magagamit na linya sa pag-atake.

Magmula noong nanungkulan ako, iginiit ko na ang pagkakaroon ng mga sagot kung bakit bigo ang lungsod na kasingyaman ng San Francisco na mapanatiling malilinis ang ating mga kalye.

Kagitla-gitlang napakasimple ng sagot: kaiba sa karamihan sa mga lungsod na kasinlaki natin, wala tayong Department of Sanitation na nakatuon sa paglilinis sa ating mga kalye. Dahil walang sinumang umaako ng responsibilidad, paglilipat ng responsibilidad at pagtuturo sa iba ang ginawang laro ng City Hall, at humantong ito sa napakaruruming kalye at milyon-milyon na naaksayang dolyares.

Kabilang na ako sa pangkat ng kalalalahanan at kababaihan na nagtatrabaho araw-araw upang linisin ang ating mga kalye. Sama-sama kaming nakabuo ng nakabatay sa sentido komun at ibinubunsod ng mga resulta na panukalang-batas, na magpapanatili sa ating mga kalye na malinis, at na magtataas lamang sa paggasta ng lungsod nang mas maliit pa sa .0005%.

Ang Prop B ay:

- Lilikha ng departamento na may lubos na pagtutuo sa paglilinis ng mga kalye at bangketa, at ng mga pampublikong banyo.
- Magtatakda ng pinagsisimulang mga pamantayan para sa paglilinis ng mga kalye at bangketa.
- Lilikha ng citizen oversight commission upang makontrol ang paggasta.
- Magpapatigil sa pag-aaksaya at korupsiyon sa pamamagitan ng taunang pag-o-audit.

Hindi magpapadala sa maling impormasyon at mga taktika ng pananakot ng kanan. Pakisamahan ako, ang San Francisco Democratic Party, at ang masisipag na kalalalahanan at kababaihan na nagpapanatili sa ating mga kalye sa maayos na kondisyon, at bumoto upang makagawa ng aksiyon sa wakas at malinis na ang ating lungsod: OO sa Prop B.

Matt Haney

Superbisor ng Lungsod at Residente ng Tenderloin

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



C

Pagtatanggal ng Itinatakdang Pagiging Mamamayan para sa mga Miyembro ng mga Lupon ng Lungsod

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang matanggal ang itinatakdang pagiging rehistradong botante at mamamayan ng U.S. ng mga tao na naglilingkod sa mga lupon, komisyon, at tagapayong lupon, at patuloy na itakda sa tao na makaabot ng sapat na edad upang makaboto sa mga eleksyon ng Lungsod at maging residente ng San Francisco?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Kasama sa gobyerno ng Lungsod ang maraming lupon, komisyon, at tagapayong entidad (City Bodies o Mga Entidad ng Lungsod). Sa pangkalahatan, nililikha ang City Bodies sa pamamagitan ng alinman sa dalawang ito: ang Tsarter ng Lungsod (ang Tsarter) o sa pamamagitan ng ordinansa.

Kailangang nakarehistro para sa pagboto ang mga indibidwal na naglilingkod sa City Bodies na nilikha sa pamamagitan ng Tsarter, maliban na lamang kung nagtatakda ng ibang patakaran ang Tsarter.

Kinakailangan ding nakarehistro para sa pagboto ang mga indibidwal na naglilingkod sa City Bodies na nilikha ng ordinansa, maliban na lamang kung:

- Tinanggal na ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang pangangailangan para sa espisipikong City Body na iyon; o
- Iwawaksi ng pampublikong opisyal na gumagawa ng pagtatalaga sa City Body ang itinatakdang pagiging residente ng San Francisco, dahil walang makuha na kuwalipikadong residente ng San Francisco.

Kailangang mamamayan ng U.S. ang lahat ng indibidwal na naglilingkod sa lahat ng City Bodies, nilikha man ito sa pamamagitan ng Tsarter o ng ordinansa.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon C ay pag-amyenda sa Tsarter na magtatanggal sa pangangailangan na dapat rehistradong botante at mamamayan ng U.S. ang indibidwal upang makapaglingkod sa anumang City Body. Patuloy na itatakda ng Proposisyon C na nasa sapat nang edad upang makaboto sa mga eleksyon ng Lungsod at residente ng San Francisco ang mga indibidwal na naglilingkod sa City Bodies, maliban na lamang kung nagtatakda ang Tsarter o ang ordinansa ng ibang patakaran para sa isang partikular na City Body.

Para sa City Bodies na nilikha sa pamamagitan ng ordinansa, patuloy na pahihintulutan ng Proposisyon C ang pagwawaksi sa mga pangangailangang ito kung walang matagpuan na indibidwal na nakatutugon sa mga ito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong amyendahan ang Tsarter ng Lungsod upang matanggal ang itinatakdang pagiging rehistradong botante at mamamayan ng U.S. ng mga tao na naglilingkod sa mga lupon ng Lungsod, komisyon, at tagapayong lupon, at patuloy na itakda sa tao na makaabot ng sapat na edad upang makaboto sa mga eleksyon ng Lungsod at maging mga residente ng San Francisco.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa “C”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing pag-amyenda ng tsarter ng mga botante, magkakaroon ito ng kaunting epekto sa gastos ng gobyerno.

Pahihintulutan ng pag-amyenda ang mga hindi mamamayan na maglingkod sa mga entidad para sa mga polisiya, tulad ng mga lupon, komisyon, at iba pang tagapayong entidad. Itatakda sa mga miyembro ng mga entidad na ito para sa mga polisiya na maging residente ng San Francisco, at nasa sapat na edad upang makaboto, maliban na lamang sa ilang sitwasyon.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “C”

Noong Hunyo 23, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon C sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

OO sa C: Mga Komisyon na para sa LAHAT!

Ang San Francisco ay tahanan at santuwaryo para sa mga tao na mula sa lahat ng uri ng katayuan sa lipunan. Kailangang masalamin ng mga komisyon ng ating lungsod ang populasyong diverse o may mga pagkakaiba-iba, pero hindi ito nagagawa sa kasalukuyan. Kumakaunti na nang kumakaunti ang mga taong may kulay sa mga lupon at komisyon taon-taon magmula noong 2015, at kulang pa rin sa representasyon ang mga residente ng San Francisco na Asyano at taga-Isla Pasipiko, Latinx, Aprikano Amerikano, Kababaihan, at LGBTQ.

OO sa C: Pagkakalooban ng **Mga Komisyon na Para sa LAHAT** ang **LAHAT ng Taga-San Francisco**, ng boses, representasyon, at pantay na karapatan upang maglingkod sa mga lupon at komisyon, anuman ang katayuan bilang migrante.

OO sa C: Palalawakin ng **Mga Komisyon na para sa LAHAT** ang batas ng San Francisco upang maiayon sa umiiral nang batas ng California, upang mapahintulutan ang LAHAT ng residente, anuman ang katayuan sa imigrasyon, upang maglingkod sa lokal at pang-estadong mga lupon at Komisyon ng California.

Naitataguyod ang ating mga demokratikong pinahahalagahan kapag mayroong pantay at makatarungan o equitable na representasyon sa ating gobyerno. Makatutulong sa mas mahusay na paghahatid ng mga serbisyo ng Lungsod ang pagpapalawak sa kasapian sa mga komisyon at lupon upang makasama ang bawat isa sa mga taga-San Francisco. Makatutulong ang magkakaibang karanasan sa buhay sa paglikha at pagrerepaso ng mga pampublikong polisiya na sumusuporta at nagpoprotekta sa lahat ng tao.

Oo sa C: Ang **Mga Komisyon para sa LAHAT** ay magkakasamang itinaguyod at isinumite sa balota ng lahat ng miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco.

Pakisamahang kaming LAHAT at bumoto ng OO sa C: Mga Komisyon na para sa LAHAT!

*Superbisor Shamann Walton, Awtor
Presidente, Board of Supervisors Norman Yee
Superbisor Sandra Lee Fewer
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Gordon Mar
Superbisor Dean Preston
Superbisor Matt Haney
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Ahsha Safai
San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko)
United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga
Edukador sa San Francisco)*

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



D

Pangangasiwa ng Sheriff

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makalikha ng Department Office of Inspector General (Departamentong Opisina ng Inspektor Heneral) at ng Department Oversight Board (Lupon para sa Pangangasiwa sa Departamento) ng Sheriff, na siyang gagawa ng mga rekomendasyon sa Sheriff at sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) tungkol sa mga operasyon ng Departamento ng Sheriff?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Inihahalal ang Sheriff ng mga botante ng San Francisco. Sa San Francisco, pangunahing mga tungkulin ng Sheriff ang pamamahala at pagpapatakbo sa mga kulungan ng Lungsod, pagkakaroon ng responsibilidad para sa mga indibidwal na nasa kustodiya, at pagpapanatili sa kapayapaan.

Pinangangasiwaan ng Sheriff ng San Francisco ang humigit-kumulang sa 800 nakapanumpa nang empleyado. Iniimbestigahan ng Bureau of Internal Affairs (Kawanihan para sa mga Gawain sa Loob ng Organisasyon) ng Sheriff ang maling asal at gawi ng mga empleyado na nasa Departamento ng Sheriff.

Iniimbestigahan naman at isinasakdal ng District Attorney (Abugado ng Distrito) ang labag sa batas na maling asal ng Sheriff at ng mga empleyado ng Departamento ng Sheriff. Ang Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain) ng Lungsod ang nag-iimbestiga ng paglabag sa mga batas ukol sa etika. May polisiya ang Departamento ng Sheriff na siyang namamahala sa paggamit sa dahas ng mga nakapanumpa nang empleyado nito.

Walang departamento, lupon, o komisyon ang Lungsod na nakatuon lamang sa pangangasiwa sa Sheriff o sa Departamento ng Sheriff.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon D ay pag-amyenda sa Tsarter na lilikha ng Department Office of Inspector General (OIG) ng Sheriff at ng Department Oversight Board (Oversight Board) ng Sheriff.

Magiging departamento ng Lungsod na independiyente sa Departamento ng Sheriff ang OIG. Ang Inspector General (Inspektor Heneral) ang mamumuno sa OIG. Magkakaroon ang OIG ng isa o higit pang imbestigador para sa bawat 100 alagad ng batas ng Departamento ng Sheriff. Mag-uulat ang OIG sa Oversight Board at magkakaloob ng impormasyon at mga rekomendasyon sa Sheriff.

Bagamat nasasakop ng ilang limitasyon, magkakaroon ang OIG ng kapangyarihan upang:

- Mag-imbestiga sa ilang reklamo ukol sa mga empleyado at kontratista ng Departamento ng Sheriff;
- Mag-imbestiga ng mga pagkamatay habang nasa kustodiya, maliban na lamang kung manghihimasok ang imbestigasyong ito sa imbestigasyon ukol sa isang krimen;
- Magrekomenda na gumawa ang Sheriff ng pandisiplinang aksiyon kapag napagpasyahan ng OIG na lumabag ang empleyado sa batas o sa polisiya sa Departamento ng Sheriff;
- Gumawa ng mga rekomendasyon ukol sa polisiya sa paggamit ng dahas ng Departamento ng Sheriff;
- Sumubaybay sa mga operasyon ng Departamento ng Sheriff; at
- Isangguni ang mga kaso sa District Attorney o sa Ethics Commission ng Lungsod.

Pananatilihin ng Bureau of Internal Affairs ng Sheriff ang kaka-yahan nitong mag-imbestiga ng pagkamatay habang nasa kustodiya, maling asal ng empleyado, at paglabag sa polisiya ng departamento. Isasangguni pa rin ang labag sa batas na maling asal sa District Attorney.

Bubuuin ang Oversight Board ng pitong miyembro, kung saan apat ang itatalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at tatlo ang itatalaga ng Mayor. Kailangang may karanasan sa pagkatawan sa mga unyon ng manggagawa ang isa sa mga itatalaga ng Board of Supervisors.

Bagamat nasasakop ng ilang limitasyon, magkakaroon ang Oversight Board ng kapangyarihan upang:

- Italaga, gawan ng ebalwasyon, muling itatalaga, at tanggalin ang Inspektor Heneral;
- Gawan ng ebalwasyon ang pagganap ng Office of the Inspector General; at

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



- Kumuha ng opinyon mula sa publiko at mga indibidwal na nasa kustodiya ukol sa mga operasyon ng Departamento ng Sheriff at mga kondisyon sa kulungan.

Batay sa impormasyon mula sa OIG at sarili nitong mga proseso, gagawa ang Oversight Board ng hindi bababa sa apat na ulat sa isang taon sa Sheriff at sa Board of Supervisors. Ang Oversight Board ang may responsibilidad para sa taunang ulat sa Sheriff at sa Board of Supervisors ukol sa mga aktibidad ng OIG at ng Oversight Board.

Bagamat nasasakop ng ilang limitasyon kapwa may kapangyarihan ang OIG at ang Oversight Board upang magsagawa ng mga pagdinig at magpatawag ng mga saksi.

Hindi ipagbabawal ng Proposisyon D sa Sheriff ang pag-iimbestiga, o lilimitahan ito sa pag-iimbestiga, ng asal ng empleyado o kontratista, o sa paggawa ng pandisiplina o pagwawastong aksiyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong amyendahan ang Tsarter ng Lungsod upang makalikha ng Department Office of Inspector General at ng Department Oversight Board ng Sheriff, na siyang gagawa ng mga rekomendasyon sa Sheriff at sa Board of Supervisors tungkol sa mga operasyon ng Departamento ng Sheriff.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa “D”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing pag-amyenda ng Tsarter ng mga botante, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno.

Lilikha ang mungkahing pag-amyenda ng Tsarter ng bagong Sheriff’s Department Oversight Board (SDOB) na may pitong miyembro at bagong Sheriff’s Department Office of Inspector General (OIG), na hiwalay sa Departamento ng Sheriff. Magtatalaga ang SDOB ng Inspektor Heneral at gagawan nito ng ebalwasyon ang trabaho ng OIG. Tatanggapin, pag-aaralan, at iimbestigahan ng OIG ang mga reklamo laban sa Departamento ng Sheriff, mga empleyado at kontratista nito, at iba pang empleyado ng Lungsod na naglilingkod sa mga indibidwal na nasa kustodiya, at iimbestigahan ang mga pagkamatay habang nasa kustodiya. Magrekomenda rin ang OIG ng polisiya ukol sa paggamit ng dahas at ng proseso para sa internal review (imbestigasyon sa loob ng ahensiya ukol sa reklamo) ukol sa paggamit ng dahas at kritikal na mga insidente para sa

Departamento ng Sheriff. Aakuin ng OIG ang ilang gawain sa pag-iimbestiga na kasalukuyang isinasagawa ng Whistleblower unit (unit na tumutugon sa mga bintang ukol sa maling gawain ng mga empleyado ng lungsod) ng Opisina ng Controller.

Ang tinatayang taunang gastos para sa SDOB, kasama na ang mga kawani at materyal na gastos para sa mga komisioner, sekretarya ng lupon, at tagasuring mga kawani ay \$400,000. Espesipikong isinasaad ng pag-amyenda na ang mga kawani para sa OIG ay ang mga sumusunod: ang Inspektor Heneral, isang Abugado, at isang Imbestigador kada 100 alagad ng batas sa kawanihan ng Departamento ng Sheriff. Ang tinatayang taunang gastos para sa OIG, kasama na ang mga gastos para sa 13 kawani, espasyo para sa opisina at mga materyales/gamit ay \$2 milyon hanggang sa \$2.5 milyon.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “D”

Noong Hulyo 21, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon D sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Panahon na para sa pangangasiwa at pagpapanagot sa Departamento ng Sheriff, bumoto ng Oo sa D!

Kailangang kumilos na tayo ngayon upang makalahok sa pambansang kilusan para sa reporma sa sistema ng hustisya at wakasan na ang deka-dekadang diskriminasyon at hindi makatarungang pagtrato na palasak sa loob ng Departamento ng Sheriff. Panahon na para magkasama tayong magtrabaho at nang matigil na ang kawalan ng hustisya at pang-aabuso sa mga indibidwal na nasa kustodiya at sa mga kawani, at bigyan ng boses ang mga naaapektuhan.

Lilikha ang **pag-Oo sa D** ng tagapangasiwang lupon na:

- **Magtatalaga ng Inspektor Heneral** na gagawa ng ebalwasyon sa trabaho ng Departamento ng Sheriff, magtitipon at magrekomenda ng pinakamahuhusay na gawain, at makikipag-ugnay sa nakararami sa komunidad upang mapakinggan ang opinyon ng publiko ukol sa mga operasyon at kondisyon sa kulungan.
- **Bubuo ng polisiya ukol sa paggamit ng dahas** at ng proseso sa komprehensibong pagrerepaso na magagamit para sa lahat ng paggamit ng dahas at kritikal na mga insidente.
- **Mag-iimbestiga sa pagkamatay ng sinumang indibidwal** na nasa kustodiya ng Departamento ng Sheriff.
- **Tatanggap, magsusuri, at mag-iimbestiga** sa mga reklamo ng hindi kriminal na maling gawain ng mga empleyado at kontratista ng Departamento ng Sheriff at ng mga pagkamatay habang nasa kustodiya.
- **Bubuo ng mga rekomendasyon ukol sa mga polisiya**

Gumasta na ang lungsod ng milyon-milyon sa pag-aareglo sa mga kaso sa hukuman laban sa Departamento ng Sheriff sa San

Francisco, kung saan hindi kasama rito ang oras ng mga kawani at mga rekursong ginamit sa mga kasong ito. Ang pagkakaroon ng Oversight Board (Lupon para sa Pangangasiwa) sa Departamento ng Sheriff at ng Inspektor Heneral ay magkakaloob ng kabukasan sa pagsisiyasat ng publiko, kapag iniimbestigahan ang mga insidenteng ito ng maling gawain, maling pagtrato, at pang-aabuso.

Oo sa D: Magtatakda ang **Pangangasiwa sa Sheriff** ng tunay na kabukasan sa pagsisiyasat ng publiko, pangangasiwa, at pagpapanagot sa Departamento ng Sheriff ng San Francisco. Isinumite ang panukalang-batas na ito sa balota sa pamamagitan ng pagboto ng lahat ng miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco.

Pakisamahan kami at bumoto ng Oo sa D: Pangangasiwa sa Sheriff ngayon!

Superbisor Shamann Walton

Superbisor Matt Haney

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Dean Preston

Superbisor Norman Yee

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Sandra Lee Fewer

Abugado ng Distrito Chesa Boudin

Pampublikong Tagapagtanggol Manu Raju

San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko)

San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D.

Ipinahahayag ng mga may-panukala na lilikha ito ng pangangasiwa at pagpapanagot. Lubos na tagahanga ako ng dalawang bagay na ito, pero sa aking palagay, hindi ang Proposisyon D ang tamang paraan para makarating doon.

Hindi ako sigurado kung bahagi ito ng pambansang kilusan para sa reporma sa sistema ng hustisya, at hindi ako kumbinsindo na nagkaroon ng deka-dekadang diskriminasyon at hindi makatarungang pagtrato, kawalan ng hustisya, at pang-aabuso ang Departamento ng Sheriff ng San Francisco.

Ang Departamento ng Sheriff ay:

- Nagsasagawa na ng internal na mga imbestigasyon;
- Mayroon nang polisiya ukol sa paggamit ng dahas;
- Nag-iimbestiga na ng mga pagkamatay habang nasa kustodiya;
- Nag-iimbestiga na ukol sa ibinibintang na maling gawain ng empleyado; at
- Bumubuo na (at nagpapatupad) ng mga rekomendasyon ukol sa mga polisiya.

Seryoso ang lahat ng pagkamatay habang nasa kustodiya at iniimbestigahan na ang mga ito ng Departamento ng Sheriff, ng Departamento ng Pulisya, ng Medikal na Taga-eksamen, at ng Abugado ng Distrito, sa minimum.

Bilang ahensiya ng estado para sa pagpapatupad ng batas, may iba't ibang tungkulin na isinasagawa ang Departamento ng Sheriff. Dapat manggaling sa Sacramento ang mga bagong responsibilidad na may kinalaman sa pangangasiwa, at dapat pantay-pantay ang pagpapatupad sa mga ito sa lahat ng 58 county ng California.

Bagamat bumoto ang lahat ng nasa Board of Supervisors para dito, wala pa ring garantiya ng anumang makabuluhang pangangasiwa o ng pagtitipid ng anumang pera mula sa pag-aareglo sa mga kaso sa hukuman. Isa na naman itong bagong departamento ng Lungsod na hindi natin kailangan sa ngayon.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D. Salamat po.

David Pilpel

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D.

Maaaring iniisip ninyong kailangan ng higit na pangangasiwa sa Departamento ng Sheriff. Isang punto ito na maaaring pagtalunan, pero hindi ako sumasang-ayon dito. Buong galang kong iminumungkahi na hindi ang Proposisyon D ang solusyon na kinakailangan natin sa panahong ito.

Mayroon nang Internal Affairs Unit (Yunit para sa Mga Gawain sa Loob ng Organisasyon) upang magsagawa ng administratibong mga imbestigasyon at Training Unit (Yunit para sa mga Pagsasanay) upang mabigyan ng pagsasanay ang mga nakapanumpa nang mga kawani. Habang mas kaunti na ang mga tao na nasa kustodiya nito, pinalalawak ng Departamento ng Sheriff ang naririyang nang Department of Police Accountability o Departamento para sa Pagpapanagot ng Pulisya (dating Office of Citizen Complaints o Opisina para sa Reklamo ng mga Mamamayan), pati na rin ang pagrerekomenda sa pagkakaroon ng imbestigasyon sa mga kawani na isasagawa ng iba pang independiyenteng ahensiya sa labas, kapag hinihingi ng mga sitwasyon.

Kung gusto ninyo ng mas maraming serbisyo ng gobyerno, dapat kayong bumoto para sa dagdag na buwis (tulad ng mga Proposisyon F, I, at L sa balotang ito) o maghanap ng iba pang mga rekurso upang mabayaran ang mga ito.

Kung sinusuportahan ninyo ang kahusayan at pangangasiwa sa gobyerno, may naririyang nang mga kasangkapan na magagamit, kasama na ang:

- Budget and Legislative Analyst (Tagasuri ng Badyet at Batas) ng Board of Supervisors at ang kapangyarihan nito na magsagawa ng mga pagdinig at pagsisiyasat;

- Mga imbestigasyon at civil enforcement (paghahain ng mga kasong sibil) ng Abugado ng Lungsod;
- Mga imbestigasyon at ulat sa publiko ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukom Sibil);
- Pag-o-audit sa pinansiya at pagganap ng Opisina ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya);
- Mga imbestigasyon at pagpapatupad sa batas ukol sa mga krimen ng Abugado ng Distrito; at
- Mga imbestigasyon at administratibong pagpapatupad ng mga batas ukol sa ethics o mga prinsipyo ng Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain).

Sinasabi ng Controller ng Lungsod na magkakaroon ng katamtaman hanggang sa malaking epekto ang Proposisyon D sa gastos ng gobyerno. Tiyak ngang magdaragdag ito ng mas maraming administrasyon, burukrasya, at dagdag na gastos, pero walang garantiya ng anumang makabuluhang pangangasiwa.

Hindi natin kailangan ng bagong mga Departamento ng Lungsod, hindi kinakailangang paggasta, o iba pang gimik sa panahon ng pandemya. Dapat ay ginagamit natin ang naririyang nang mga rekurso at mekanismo sa pangangasiwa sa mas epektibong mga paraan. Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D. Salamat po.

David Pilpel

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



E

Pag-eempleyo sa Pulisya

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang tanggalin ang itinatakda na magpanatili ang San Francisco Police Department (Departamento ng Pulisya) ng hindi bababa sa 1,971 lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis, at palitan ang itinatakda ng mga regular na ebalwasyon sa mga antas ng pag-eempleyo sa pulisya?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Noong 1994, inaprubahan ng mga botante ng San Francisco ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod (Tsarter) na nagtatakda sa San Francisco Police Department (Departamento ng Pulisya, Police Department) na:

- Magkaroon ng hindi bababa sa 1,971 lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis; at
- Magpanatili ng minimum na bilang ng lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis para sa pagpupulis at pagpapatrolya sa mga komunidad.

Kabilang sa mga tungkulin ng San Francisco Police Commission (Komisyon ng Pulisya, Police Commission) ang pangangasiwa sa badyet at pag-eempleyo ng Police Department.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon E ay pag-amyenda sa Tsarter na magtatanggal sa mga itinatakda na magpanatili ang Police Department ng minimum na bilang ng mga lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis at minimum na bilang ng lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis para sa pagpupulis at pagpapatrolya sa mga komunidad, at palitan ang mga ito ng regular na mga ebalwasyon ng mga antas ng pag-eempleyo sa pulisya.

Sa ilalim ng Proposisyon E, magbibigay ang Chief of Police (Hepe ng Pulisya) ng ulat sa Police Commission kung saan may ebalwasyon ukol sa kasalukuyang bilang ng lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis at bilang ng mga pulis na inirerekomenda sa hinaharap. Magsasagawa ang Police Commission ng pampublikong pagdinig ukol sa ulat.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong tanggalin ang itinatakda ng Tsarter ng Lungsod na magpanatili ang San Francisco Police Department (Departamento ng Pulisya) ng hindi bababa sa 1,971 na lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis, at palitan ang itatakda ng mga regular na ebalwasyon ng mga antas ng pag-eempleyo sa pulisya.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa “E”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing pag-amyenda ng Tsarter ng mga botante, hindi maaapektuhan ng mga katangian nito ang gastos ng gobyerno.

Tatanggalin ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang itinatagda minimum na pagpapanatili ng hindi bababa sa 1,971 na nakapanumpa na at lubusang naglilingkod na pulis, at sa halip, itatakda nito sa Police Department na maghanda ng ulat na naglalarawan sa kasalukuyang bilang ng lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis, at magrekomenda ng mga antas ng pag-eempleyo ng lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang mga pulis.

Kasama sa ulat na ito ang pagtatasa ng pangkalahatang pag-eempleyo, dami ng trabaho, mga layunin sa serbisyo publiko, legal na tungkulin, at iba pang makabuluhang impormasyon upang mapagpasyahan ang naaangkop na antas ng pag-eempleyo ng lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang mga pulis. Itatakda sa Police Commission na magsagawa ng pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang ulat ukol sa pag-eempleyo kapag inaaprubahan ang mungkahing badyet ng Police Department kada fiscal year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet), pero hindi itatakda rito na tanggapin o ipatupad ang alinman sa mga rekomendasyon na nasa ulat.

Gagawing posible ng pag-amyenda ang pagtitipid ng Lungsod sa gastos sa taunang proseso ng pagbabadyet sa pamamagitan ng paglilipat ng pondo na kasalukuyang nakalaan para matugunan ang itinatagda minimum na pag-eempleyo, at magkakaroon ng karagdagang kapangyarihan na magpasya ang Mayor at ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



ukol sa paggamit ng bahagi ng pondong ito para sa anumang pampublikong layunin, sa ilalim ng mga normal na probisyon ukol sa badyet at pinansiya ng Tsarter. Ang tinatayang taunang suweldo at gastos para sa mga benepisyo ng lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis ay \$155,000.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "E"

Noong Hulyo 21, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon E sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Bumoto ng 00 sa Proposisyon E - tanggalin ang hindi na napapanahon na ipinag-uutos na minimum (pinakamababang bilang na pinahihintulutan) na kinakailangan para sa pag-eempleyo ng pulisya, at magpatibay ng regular na proseso sa pagtatakda ng mga antas ng pag-eempleyo sa pulisya, na nakabatay sa datos at sa mga pangangailangan ng ating mga komunidad.

Noong 1994, inaprubahan ng mga Botante ang Pag-amyenda sa Tsarter, na nagtatakda sa Lungsod na magpanatili ng 1,971 lubusang naglilingkod at nakapanumpa nang pulis. Hindi nakabatay sa katwiran ang itinakdang ito ukol sa pag-eempleyo at hindi nagpapahintulot ng pagkakaroon ng pagbabago na tumaas o bumaba bilang pagtugon sa datos, pangangailangan ng lungsod, o dami ng krimen.

Pahihintulutan ng pagpapatibay ng prosesong ito na ang regular na pagsasagawa ng Police Commission (Komisyon ng Pulisya) ng regular na pagtatasa, nang kasama ang pampublikong opinyon, upang malaman kung gaano kaepektibo ang departamento sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga komunidad, at upang makapagsagawa ng mga pagbabago para mapaghusay ang mga serbisyo. Nararapat lamang magkaroon ng maingat na pagsasaalang-alang sa mga desisyon ukol sa pag-eempleyo. Naaapektuhan ng mga antas ng pag-eempleyo kung aling mga komunidad ang mas marami ang pulis kaysa sa iba pang komunidad, kung gaano kabilis na nakatutugon ang mga pulis sa pang-emergency na tawag, kung gaano kakilala ng pulis ang ating mga komunidad, kung gaano kadaling nakakukuha ng serbisyo ng pulis ang mga komunidad ng migrante at miyembro ng komunidad na limitado ang kakayahan sa Ingles.

Mahirap ang trabaho ng mga pulis, at hindi tayo dapat umasa sa kanila para maging social worker, propesyonal sa kalusugan ng isip, o tagapayo para sa pag-aabuso sa alak, droga, at iba pang sangkap. Inanunsiyo na ng Mayor at ng iba pang lider na sasama sila sa dumaraming bilang ng lungsod na nagpapadala ng pangkat ng mga social worker at tagapayo para sa pag-aabuso ng alak, droga, at iba pang sangkap, at nang sa gayon, matugunan ang mga tawag na nangangailangan ng kakayahan at serbisyo ng mga ito kapag naaangkop. Ginagawang mas mahirap ang transisyong ito ng minimum na antas ng pag-eempleyo na nasa Tsarter ng Lungsod.

Nangangahulugan ang pagiging “matalino ukol sa krimen” ng pagkakaroon ng layunin kung paano natin gagamitin ang lahat ng makukuhang rekurso upang mapaghusay pa ang kaligtasan ng publiko. Pinahihintulutan tayo ng Pag-amyenda sa Tsarter na maging mas mapag-isip at epektibo sa pagpapanatiling ligtas sa San Francisco.

Samahan kami sa pagboto ng 00 sa Proposisyon E.

Presidente ng Lupon, Norman Yee

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Shamann Walton

Walang Isinuniteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

BUMOTO NG HINDI SA E!

Noong 1994, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) upang mailagay sa Tsarter ang minimum na bilang ng inaatasang maging pulis. Pinahintulutan ito ng walang kamalay-malay na mga botante. Dahil nangailangan ito ng karagdagan at hindi kinakailangang gastos ng mga nagbabayad ng buwis, dapat sanang naging ordinansa ang gayong lehislasyon, at hindi na nangailangan ng gastos ng mga nagbabayad ng buwis para sa pag-amyenda sa eleksyon habang nagbabago ang populasyon.

Bumoto ng HINDI sa E.

San Francisco Taxpayers Association (Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa San Francisco)
Hukom Quentin L. Kopp (Retirado)

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Bumoto ng OO sa E. Kahit ang Katunggali sa panukalang-batas na ito ay sumasang-ayon na hindi kailanman dapat nakasama sa Tsarter ng Lungsod ang itinatakdang minimum na pangangailangan ukol sa pag-eempleyo ng mga pulis. Matitipid ng Proposisyon E ang pera ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagtitiyak na nagagamit ang mga serbisyo ng lungsod sa pinaka-epektibong posibleng paraan. Sa pamamagitan ng pagpopondo sa departamento ng pulisya batay sa datos at pangangailangan ng komunidad – sa halip na sa ilang dekada nang ipinag-uutos na kinakailangang pag-eempleyo – mas responsableng makapaglalaan ng mga rekurso at serbisyo ang Lungsod.

Sa loob ng nakaraang 25 taon, naposasan na ng minimum na itinatakdang pag-eempleyo ang mga taga-San Francisco at ang ating badyet, at hindi nito nagawang mas ligtas ang ating lungsod. Nagbabago ang populasyon ng ating lungsod. Nagbabago ang mga pangangailangan ng ating mga komunidad. Nagbabago ang mga pangangailangan ng mga magkakapitbahay. Iyan ang dahilan kung bakit hindi bagay ang ipinag-uutos na pag-eempleyo sa pagtiyak na natutugunan ang mga pangangailangan para sa kaligtasan ng publiko sa San Francisco. Pahihintulutan ng Proposisyon E ang Lungsod na mag-empleyo para sa departamento ng pulisya sa mga antas na nakabatay sa pinag-isipan nang mabuting pagsusuri ng kasalukuyang datos.

Hadlang sa pag-unlad ang hindi nakabatay sa katwiran na itinatakdang pag-eempleyo na idinagdag sa Tsarter ng Lungsod. Itatakda ng Proposisyon E sa ating Hepe ng Pulisya at sa Police Commission na gumawa ng mga desisyon na nakabatay sa aktuwal na mga pangangailangan sa pag-eempleyo. Bumoto ng OO sa Proposisyon E upang mabigyan ang San Francisco ng kapangyarihan na matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente nito at ang mga hamon sa mga sandaling ito.

Samahan kami sa pagboto ng OO sa proposisyon E.

Presidente ng Lupon, Norman Yee

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Shamann Walton

*Komisyoner ng Pulisya Petra DeJesus**

*Komisyoner ng Pulisya John Hamasaki**

*Komisyoner ng Pulisya Cindy Elias**

Bar Association of San Francisco (Asosasyon ng mga Abugado sa San Francisco)

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



F

Lubusang Pagbabago sa Business Tax (Buwis sa Negosyo)

Dapat bang tanggalin ng Lungsod ang payroll expense tax (buwis sa mga gastos sa suweldo, bonus, komisyon at iba pa); kung saan permanenteng tataasan ang registration fee (singil sa pagpaparehistro) para sa ilang negosyo nang \$230–460, bababaan ito para sa iba; permanenteng tataasan ang mga porsiyento ng gross receipts tax (buwis sa kabuuang kita) tungo sa 0.105–1.040%, habang binibigyan ng eksempsiyon ang mas maraming maliliit na negosyo; permanenteng tataasan ang porsiyento ng administrative office tax (buwis sa administratibong opisina) tungo sa 1.61%; kapag natalo ang Lungsod sa ilang kaso sa hukuman, tataasan ang porsiyento ng gross receipts tax sa ilang negosyo nang 0.175–0.690% at ang porsiyento ng administrative office tax rate nang 1.5%, at magpapataw ng bagong 1% o 3.5% buwis sa gross receipts mula sa komersiyal na pagpapaupa, sa loob ng 20 taon; at gagawa ng iba pang pagbabago sa business tax; para sa tinatayang taunang kita na \$97 milyon?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nangongolekta ang Lungsod ng mga buwis mula sa mga negosyong nasa San Francisco, kasama na ang:

- Payroll expense tax (buwis sa mga gastos sa payroll);
- Gross receipts tax;
- Administrative office tax;
- Taunang singil sa pagpaparehistro ng negosyo;
- Early care and education commercial rents tax o buwis sa komersiyal na pagpapaupa para sa pangangalaga at edukasyon ng mga musmos na bata (Child Care Tax o Buwis para sa Pangangalaga ng Bata); at
- Homelessness gross receipts tax o buwis sa gross receipts para sa kawalan ng tahanan (Homelessness Tax o Buwis para sa Kawalan ng Tahanan).

Nahamon na sa hukuman ang Child Care and Homelessness Taxes at hindi pa naggagasta ng Lungsod ang perang nakolekta sa pamamagitan ng mga buwis na ito.

Nililimitahan ng batas ng estado ang halaga ng kita, kasama na ang kita mula sa buwis, na puwedeng magasta ng Lungsod sa bawat taon. Binibigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ang mga botante ng San Francisco na pahintulutan ang mga pagtataas sa limitasyong ito, na magtatagal nang apat na taon.

Ang Mungkahi: Babaguhin ng Proposisyon F ang ilang buwis na kinokolekta ng Lungsod mula sa mga negosyo na nasa San Francisco, kasama na ang:

- Pagtatanggal sa payroll expense tax;
- Pagtataas sa porsiyento ng gross receipts tax nang yugto-yugto, pagpapalawak sa eksempsiyon para sa maliliit na negosyo, at pagtatanggal sa credit para sa mga negosyong nagbabayad ng katulad na buwis sa ibang lugar;
- Pagtataas sa porsiyento ng administrative office tax nang yugto-yugto; at
- Pagpapalit sa singil para sa pagpaparehistro ng negosyo.

Maaantala ang ilan sa mga pagbabago sa mga porsiyento ng gross receipts tax at administrative office tax kung hindi natugunan ang minimum ng kabuuang gross receipts ng San Francisco.

Sa ilalim ng Proposisyon F, ipatutupad lamang ang iba pang pagbabago kung matugunan ang ilang tiyak na kondisyon:

- Kapag natalo ang Lungsod sa kaso sa hukuman ukol sa Child Care Tax, itatakda sa Lungsod na mangolekta ng bagong buwis sa gross receipts mula sa pagpapaupa ng ilang komersiyal na espasyo;
- Kapag natalo ang Lungsod sa kaso sa hukuman ukol sa Homelessness Tax, tataas ang mga porsiyento ng gross receipts tax at administrative office tax para sa ilang negosyo; at

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.

- Kapag natalo ang Lungsod sa alinman sa dalawang kaso sa hukuman na ito, aamyendahan ang Tarter ng Lungsod upang mabago ang paraan ng pagkalkula sa baseline funding (pinakamababa nang pinagsisimulang pondo).

Tataasan ng Proposisyon F ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong:

- Tanggalin ang payroll expense tax;
- Taasan ang mga porsiyento ng gross receipts tax at ng administrative office tax nang yugto-yugto;
- Bawasan ang business tax (buwis sa negosyo) para sa ilang maliliit na negosyo; at
- Lalo pang taasan ang business taxes ng Lungsod kapag natalo ang Lungsod sa alinman sa dalawang kaso sa hukuman ukol sa Early Care and Education Commercial Rents Tax o sa Homelessness Gross Receipts Tax, pero hindi kasama ang pera na nakolekta na mula sa mga pagtaas na ito sa panahong pinagpapasyahan pa ang baseline funding.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa “F”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahi na pinagsamang pag-amyenda sa tarter at sa ordinansa ng mga botante, magresulta ito sa karagdagan na taunang kita sa Lungsod na humigit-kumulang \$97 milyon taon-taon, na magpapatuloy hanggang sa maging lubusan na ang pagpapatupad. Idedeposito ang makukuhang kita sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng Lungsod. Bukod rito, pahihintulutan ng panukalang-batas ang minsanang paggasta ng humigit-kumulang \$1.5 bilyon para sa maikasing panahon, na makukuha mula sa dalawang buwis na kasalukuyang sinisingil at nakatabi habang naghahintay ng resolusyon sa kasalukuyang isinagawang paglilitis sa hukuman.

Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang kasalukuyang Business and Tax Regulations Code (Kodigo sa Buwis sa Negosyo at mga Regulasyon) sa ilang paraan, kasama na ang pagpapahinto sa payroll expense tax ng Lungsod, pagtataas ng porsiyento ng gross receipts business tax, at pagtataas ng bilang ng maliliit na negosyong may eksempsiyon sa pagbabayad ng business tax. Tataasan ang pangkalahatang porsiyento ng business tax para sa ilang industriya, at karaniwan nang

magiging yugto-yugto ito sa loob ng tatlong taon, na magsisimula sa tax year (taon batay sa pagbabayad ng buwis) na 2022. Iminungkahi rin ang pansamantalang pagbabawas sa porsiyento para sa mga tax year na 2021, 2022, at 2023 para sa iba pang industriya na lubos na naapektuhan ng kasalukuyang mga kondisyon ng ekonomiya, kasama na iyong ibinabayad ng mga sektor sa hospitality (halimbawa, mga otel), restawran at pagbebeenta. Sinasalamin ng mga tinatayang kita ang inaasahang pagbabago sa kita ng Lungsod kung ihahambing sa kasalukuyang istruktura ng business tax, at sa kasalukuyang puwedeng magamit na nakolekta nang kita mula sa buwis, na nasasakop ng aksiyon ng hukuman.

Bibigyan ng awtorisasyon ng mungkahing ordinansa ang contingent taxes (buwis na nakabatay ang pagpapataw sa aksiyon) sa pagkakataong tanggalin ng aksiyon ng hukuman ang dalawang kasalukuyang sinisingil na halaga ng buwis na nakatuon sa mga serbisyo para sa walang tahanan at sa pangangalaga ng bata. Magkapareho ang istruktura ng mungkahing kapalit na buwis at ang mga nakatuon na buwis. Hindi kasama sa panukalang-batas ang kita na makukuha mula sa contingent taxes na mula sa pagkakakalkula ng iba’t ibang naaprubahan na ng mga botante na itinatakdang pangangailangan para sa minimum na paggasta sa pampublikong transportasyon, mga parke, serbisyo sa kabataan, at iba pang set-asides (pinaglalaanan) at baselines.

Mahalagang tandaan na posibleng malaki ang pagkakaiba-iba ng business taxes batay sa kondisyon ng ekonomiya, at posibleng hindi magamit ang kasalukuyang mga pagtaya para malaman ang kita sa hinaharap.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “F”

Noong Hulyo 28, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon F sa balota. Bumoto ang mga Supervisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Bumoto ng Oo sa Prop F, ang Batas para sa Maliliit na Negosyo at Pagbangon ng Ekonomiya!

Humaharap tayo sa hindi pa nararanasan kailanman na mga hamon, habang winawasak ng pandemyang COVID-19 ang kalusugan at ekonomiya ng ating lungsod, pinalalalim ang mga agwat sa lipunan, at itinutulak ang mga nahihirapang mga pamilya at negosyo sa kasukdulang sitwasyon. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan nating ipasa ang Prop F, ang Batas para sa Maliliit na Negosyo at Pagbangon ng Ekonomiya, na siyang tutulong upang mabilis na makapagsimulang muli ang ating ekonomiya, makalikha ng mas makatwirang sistema ng pagbubuwis sa mga negosyo, at magkakaloob ng bagong mapagkikitaan para sa mga kritikal na serbisyo ng lungsod na kailangan natin upang makabangon mula sa pandemyang ito. Tinatangal din ng Prop F ang pagkakatali sa mahigit \$700 milyon, na kasalukuyang nakatiwangwang sa hindi nagagamit na pondo, kahit na naaprubahan na ito ng mga botante para sa maagang pangangalaga at edukasyon, kawalan ng tahanan, at mahahalagang serbisyo ng lungsod.

Kailangan nating ipasa ang Prop F ngayon, nang higit sa anumang nakaraang panahon, kung kaya nga't sinusupportahan ito ng Mayor, ng buong Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at ng malawak na koalisyon, kung saan kasama ang mga manggagawa, maliliit na negosyo, at mga organisasyong pangkomunidad.

Ang Prop F ay:

- Magkakaloob ng tax relief (pagbabawas sa halaga ng ibinibayad na buwis) sa mga sektor na pinakanaapektuhan ng pandemyang COVID-19, kasama na ang mga tindahan, restawran, sining, at pagmamanupaktura;
- Tatanggalin ang payroll tax (buwis sa mga gastos sa suweldo, bonus, komisyon at iba pa) at buong pagtatransisyon sa sistema sa business tax (buwis sa mga negosyo), na higit na may katarungan sa pagkakatantay-pantay;

- Magbibigay ng eksempsiyon sa maliliit na negosyo mula sa gross receipts tax (buwis sa kabuuang kita);
- Ilalaan para sa paggamit ang mahigit sa \$700 milyon para sa pangangalaga sa bata at maagang edukasyon, kawalan ng tahanan, at iba pang mahahalagang serbisyo; at
- Lilikha ng bagong kita upang maprotektahan at mapanatili ang kritikal na mga serbisyo ng lungsod na nailagay sa panganib nang dahil sa inaasahang kakulangan na \$1.5 bilyon bunga ng pandemyang COVID-19.

Agad na matutulungan ng Prop F ang nahihirapan nang maliliit na negosyo at nagtatrabahong mga pamilya habang lumilikha ng pamumuhunang kinakailangan natin para sa pagbangong patas sa lahat, at mas malakas at mas may katarungan sa pagkakatantay-pantay na ekonomiya para sa ating hinaharap.

Bumoto ng Oo sa Prop F, ang Batas para sa Maliliit na Negosyo at Pagbangon ng Ekonomiya!

Mayor London Breed

Presidente Norman Yee, San Francisco Board of Supervisors

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Shamann Walton

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F.

Siyempre, mayroong mga hamon na hindi pa kailanman nararanasan, habang winawasak ng pandemya ang kalusugan at ekonomiya ng San Francisco, pinalalalim ang mga agwat sa lipunan, at itinutulak ang nahihirapan nang pamilya at negosyo sa kasukdulang sitwasyon.

Ipinahahayag ng mga may-panukala na makatutulong ang Proposisyon F upang mabilis na makapagsimula muli ang ating ekonomiya, makalikha tayo ng mas makatarungang sistema sa pagbubuwis sa mga negosyo, magkaloob ng bagong kita para sa kritikal na mga serbisyo ng lungsod, at matanggal natin sa pagkakatali ang mahigit \$700 milyon na mula sa dati nang naaprubahang mga buwis.

Sinusupportahan ko ang mas makatarungang sistema ng pagbubuwis sa mga negosyo at ang pagkakaroon ng sapat na kita para sa kritikal na mga serbisyo ng lungsod, pero hindi natin alam kung ilang negosyo ang naririyang pa rin sa San Francisco sa panahong binabasa ninyo ito, sa susunod na taon, o sa sampung taon mula ngayon. Hindi rin natin alam kung ano-anong uri ng negosyo ang

mayroon sa mga panahong iyon, kung ilang tao ang ineempleyo, at kung ilang tao ang magtatrabaho sa mga negosyong ito. Napakaraming hindi tiyak tungkol sa mundo sa kasalukuyan.

Dahil sa lubos na kawalang katiyakang ito, hindi ngayon, sa aking palagay, ang pinakamainam na panahon para gawan ng bagong istruktura ang ating lokal na mga buwis sa negosyo. Bagamat maaaring may ilang positibong epekto, maaari din namang may mas malalaki at hindi inaasahang kahihinatnan kung ihahambing sa mas kalmadong panahon. Magagandang ideya ang pagkakaroon ng higit na katiyakan, pagiging maaasaahan, at katatagan, habang binabawasan ang pagiging nagbabago-bago ng mga kita ng Lungsod. Maaaring isalang-alang muli ito ng mga botante dalawang taon mula ngayon, kapag nagkaroon na ng bagong normal na sitwasyon sa panahong iyon, sa pamamagitan ng pag-amyenda sa tsarter at sa hiwalay na ordinansa, at hindi sa pamamagitan ng pinagsamang panukalang-batas na tulad nito.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F. Salamat po.

David Pilpel

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F.

Ang Proposisyon F ay mahaba at komplikado na lubusang pagpapalit ng naririyang buwis sa negosyo ng Lungsod. Bagamat maaaring magandang ideya ito sa pangkalahatan, mahirap maintindihan ang epekto nito sa partikular na mga negosyo sa ngayon, at sa Lungsod sa kabuuan. Hindi ako talaga kumbinsido na kailangang palitan ang komplikadong mga porsiyento ng buwis sa panahon ng pandemya. Buong galang kong iminumungkahi na hindi ang Proposisyon F ang solusyon na kinakailangan natin sa panahong ito.

Problema rin para sa akin na ang panukalang-batas na ito sa balota ay pinagsamang pag-amyenda sa tsarter at ordinansa. Sa aking opinyon, bagamat maaaring may malapit na kaugnayan ang dalawang bahaging ito, dapat ay naging magkahiwalay na panukalang-batas ang mga ito, at maaaring nagkaroon sana ng wika kung saan mapapahintulutan ang bawat isa na maipatupad kapag kapwa naipasa ang mga ito. Hindi mahusay na gawain ang paghahalo ng pagbabago sa tsarter sa ordinansa, at hindi ito dapat gantimpalaan sa pamamagitan ng inyong suporta.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F. Salamat po.

David Pilpel

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Simple ang epekto ng pagpapasa sa Proposisyon F – agad itong magkakaloob ng ginhawa at suporta sa maliliit na negosyo at pamilya ng San Francisco. At ginagawa ng pandemyang COVID-19 na magkaroon ng higit na pangangailangan na maipasa ang panukalang-batas na ito.

Sa pamamagitan ng pagtatanggal sa payroll tax, hinihikayat ng Proposisyon F ang mga negosyo na mag-empleyong muli. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng eksempsiyon sa maliliit na negosyo para sa ilang buwis, pinagkakalooban ng Proposisyon F ang mga negosyong ito ng oportunidad na muling magkaroon ng matutuntungan at maiwasan ang pagsasara. Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng tax relief sa mga tindahan, restawran, sining, at pagmamanupaktura, tumutulong ang Proposisyon F sa muling pagtatayo ng mga sektor na pinakanatamaan ng pandemyang COVID-19.

At sa pamamagitan ng paglalabas ng mahigit sa \$700 milyon ng hindi pa nagagamit na pondo, namumuhunan ang Proposisyon F sa pangangalaga at edukasyon sa mga unang taon ng pagkabata, kawalan ng tahanan, at iba pang kritikal na serbisyo ng lungsod, habang lumilikha ng tinatayang 5,500 trabaho.

Tinitiyak ng pagpasa sa Proposisyon F na makatatayong muli ang San Francisco nang may mas malakas at mas may katarungan sa pagkakapantay-pantay na ekonomiya sa hinaharap.

Bumoto ng 00 sa Proposisyon F, ang Batas para sa Maliliit na Negosyo at Pagbangon ng Ekonomiya!

Mayor London Breed

Presidente Norman Yee, San Francisco Board of Supervisors

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Shamann Walton

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Nahirapan ba kayong bumoto dahil sa kapansanan?

TUMAWAG SA: 1-888-569-7955

Ang **Disability Rights California** ay nangangasiwa ng
Voting Hotline (matatawagang numero):

7:00 AM hanggang 8:00 PM sa Araw ng Eleksyon

**Tumatanggap rin kami ng mga tawag bago sa, at pagkatapos
ng eleksyon.**

Layunin namin ang tumulong sa mga botanteng may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na ekspiryensya sa pagboto, at tukuyin ang mga isyu na maaari naming tugunan.



G

Pagboto ng Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang pahintulutan ang mga residente ng San Francisco na bumoto para sa mga lokal na kandidato at lokal na panukalang-batas sa balota kung mamamayan sila ng U.S., at hindi bababa sa 16 taong gulang at naka-rehistro para sa pagboto?

OO HINDI

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang mga residente ng San Francisco na 18 taong gulang pataas at mamamayan ng Estados Unidos ay maaaring bumoto sa mga eleksyon ng San Francisco. Puwedeng bumoto ang mga botante ng San Francisco para sa mga lokal at pang-estadong kandidato, at para sa mga panukalang-batas sa balota, pati na rin para sa mga pampederal na kandidato.

Ang Mungkahì: Ang Proposisyon G ay pag-amyenda sa Tsarter upang pahintulutan ang mga residente ng San Francisco na bumoto para sa mga lokal na kandidato at lokal na panukalang-batas sa balota kung sila ay mamamayan ng U.S., at hindi bababa sa 16 taong gulang at naka-rehistro para sa pagboto. Kasama sa mga lokal na kandidato ang mga kandidato para sa mga katungkulan ng Lungsod, Board of Education (Lupon sa Edukasyon), at Community College Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala ng Kolehiyo ng Komunidad).

Hindi pahihintulutan ng Proposisyon G ang mga 16 at 17 taong gulang na bumoto para sa mga pang-estadong kandidato, pang-estadong panukalang-batas na nasa balota o pampederal na kandidato.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang Tsarter upang pahintulutan ang mga residente ng San Francisco na bumoto para sa mga lokal na kandidato at lokal na panukalang-batas sa balota kung sila ay mamamayan ng U.S., at hindi bababa sa 16 taong gulang at naka-rehistro para sa pagboto.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa "G"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon G:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing pag-amyenda ng tsarter ng mga botante, magkakaroon ito ng kaunting epekto sa gastos ng gobyerno.

Maaaring maasahan na magresulta ang pag-amyenda sa pagtaas ng bilang ng mga rehistradong botante para sa munisipal na eleksyon, nang hanggang sa humigit-kumulang 1.5 porsiyento kung magpaparehistro para makaboto ang mga 16 at 17 taong gulang nang gayon din ang porsiyento sa pangkalahatang populasyon. Magkakaroon ng karagdagang gastos ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) upang makagawa ng materyales para sa mga botante. Bukod rito, magkakaroon ng ilang gastos upang magsagawa ng mga pagsusumikap para sa edukasyon ng mga botante at pag-abot sa nasabing grupo ng mga botante. Kapag nakakalat sa loob ng siklo ng eleksyon na apat na taon, kakatawan ang karagdagang gastos sa maliit na dagdag lamang sa taunang gastos ng Department of Elections.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "G"

Noong Hunyo 30, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon G sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

BUMOTO ng Oo sa Proposisyon G: Vote16 SF, na para sa pagpapalawak sa mga karapatan sa pagboto.

Ang pagboto ang tuntungang-bato ng demokrasya at mahalaga ito sa kinabukasan ng San Francisco. Upang malutas ang mga hamon na pinakakailangang harapin agad, dapat ay lalo pa nating mapataas ang paglahok ng mga botante, sa kasalukuyan at hanggang sa hinaharap. Ito ang dahilan kung bakit boboto tayo ng **OO sa Proposisyon G**.

Higit na mas mababa ang lumalahok na mga botante sa Estados Unidos kaysa sa iba pang matatatag nang demokrasya, at pinakamababa ang mga lumalahok sa mga indibidwal na nasa edad 18-29. Gayon pa man, malinaw ang mga pananaliksik – kung mas maaaga ang unang pagboto ng indibidwal, mas malamang na maging mga botante na karaniwan nang bumoboto at panghabambuhay na ang mga ito.

Hindi maitatangi na naapektuhan ang mga 16 at 17 taong gulang ng mga desisyong ginagawa natin sa mga kahon ng balota ukol sa edukasyon, transportasyon, pabahay, pagpupulis, at pag-unlad ng ekonomiya. Nasa unahan din sila ng mga lokal, pambansa, at global na kilusan upang maisulong ang mga karapatang sibil at karapatang pantao, tugunan ang hindi pagkakapantay-pantay, wakasan ang karahasang dulot ng baril, ireporma ang ating criminal justice system (sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas) at harapin ang pagbabago ng klima. Taglay ng mga 16 at 17 taong gulang ang

gayon ding antas ng kaalaman sa sibika na tulad ng mga 21 taong gulang, at nakapagpakita na sila ng kapantay na mga antas ng kahusayan sa politika at aktibismo.

Muli at muli, napamunuan na ng San Francisco ang positibong pagbabago. Sa pamamagitan ng Proposisyon G, may isa na naman tayong pagkakataon na gumawa ng kasaysayan. Sa pagpasa ng panukalang-batas na ito, ang San Francisco ang magiging unang malaking lungsod sa U.S. na magpapalawak sa karapatang bumoto upang makasama ang mga 16 at 17 taong gulang. Maipakikita natin sa bansa na seryoso tayo sa pagtiyak na ang kabataan sa kasalukuyan ay magiging mga botanteng may impormasyon at pananagutan ng kinabukasan.

Samahan kami sa pagboto ng OO sa Proposisyon G.

Presidente ng Lupon, Norman Yee

Mayor London Breed

Superbisor Sandra Lee Fewer

Superbisor Matt Haney

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Shamann Walton

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

Ipinapakita ng mga pagboto kamakailan ang lubos-lubusang pagwawaksi sa pag-iisip na handa na upang bumoto ang mga 16 at 17 taong gulang.

Kasabay ng pang-aagaw ng pansin ng social media at nakasisindak na imahe ng mga riot o kaguluhan, video ng mga panatikong aktibista sa gitna ng matinding pamumuwersa ng mga kaedad, at kakulangan ng karanasan sa mga responsibilidad sa buhay tulad ng trabaho at pagbabayad ng buwis, mukhang lubos na may katwiran ang paghihikayat natin sa mga tinedyer na maghintay hanggang sa maging legal silang nasa sapat na edad pagsapit ng 18 taong gulang. Bumoto ng HINDI sa Prop G.

Bigo ang mga awtor ng Prop G na talakayin ang alinman sa iba't ibang problema na may kaugnayan sa buhay ng mga tinedyer. Inilista lamang ng mga awtor ang mga kasamahang taga-suporta ng proposisyon sa city hall sa pag-asang makukumbinsi kayong aprubahan ang panukalang-batas na ito. Tinanggal nila ang napakaraming negatibo at problematikong salik o factor, at hungkag at hindi matapat ang kanilang mga aksiyon.

Ang totoo nito, iniwasan ng Prop G ang pagtalakay sa pagdanas ng mga tinedyer ng maraming taon ng pagkakaroon ng pagkiling

o bias sa mga pampublikong paaralan, ang kawalan ng pagkakaiba-iba sa opinyon, ang hindi pa pagkakaroon ng maturidad upang makapagpasya at lubusang makaunawa, ang kakulangan ng karanasan sa totoong buhay at ang tendensiya ng mga tinedyer na magkaroon ng bigla-biglaang reaksiyon at mapusok na paggawa ng mga desisyon. Sumasang-ayon ang mga sikologo na ang wala pang maturidad at hindi pa ganap ang pag-unlad na pag-iisip ng tin-edyer ay sumusuko sa matinding impluwensiya ng kaedad at hindi napag-isipang mga kagustuhan.

Kalunos-lunos naman kapag nahikayat ang mga 16 at 17 taong gulang na bumoto sa isang paraan sa mga usaping sibiko na hahantong sa mga kahihinatnang makapipinsala sa San Francisco. Hindi natin mapahihintulatang mangyari ito. Samahan ako, ang mga magulang, at ang hindi mabilang na botante sa kabuuan ng lungsod sa pagsasabi ng HINDI sa Proposisyon G. Bisitahin ang www.VoteSF.org para sa iba pang opinyon.

Richie Greenberg

www.RichieGreenberg.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

Ang mga tinedyer ay mga bata, ayon sa batas. Responsibilidad ng mga magulang ang aksiyon ng kanilang mga anak, at ang pagtitiyak sa kapakanan ng mga ito.

Sa kasamaang palad, nakikita namin ang dumaraming ebidensiya ng indoktrinasyon sa kabataan ng mga paaralan ng San Francisco, kung saan napopolitika ang napakaraming aspeto ng mga usapin sa ating lungsod at ang ating mga buhay, kung kaya't hindi nakatatanggap ang bata ng pinakamabuting impormasyon upang makagawa ng tunay na impormadong desisyon. Nasa lahat ng lugar ang potensiyal ng pagkakaroon ng pagkiling o bias.

Ang tanging paraan upang makagawa ng mabuting desisyon, tulad ng kung paano boboto sa eleksyon, ay ang pagbatay ng desisyon sa maturidad at karanasan.

Mga bata ang mga tinedyer. Kailangan pa nila ng permiso upang makapunta sa field trip. Karamihan sa mga tinedyer sa lungsod ay hindi pa nagmamaneho, hindi nagtatrabaho, at hindi pa nakalalahok sa pagmamay-ari o pamamahala sa negosyo. Hindi pa nila kaya- hindi pa sila pinahihintulatang pumirma sa mga kontrata. Dagdag pa rito, hindi sila nagbabayad ng buwis, wala silang credit card account- samakatuwid, hindi pa dumarating sa kanila ang mga karanasan sa mundo ng adult o nasa sapat nang gulang.

Isipin na lamang ninyo ang pagboto ng tinedyer sa usapin na hindi nila mismo nararamdaman ang mga implikasyon? Dahil dito, dapat lamang mapahintulatang bumoto ang 16 o 17 taong gulang na tinedyer kung aktuwal na nauunawaan at nararamdaman na nila ang mga resulta at kahihinatnan ng kanilang mga desisyon. Nagbubukas ang mga pintuan ng oportunidad sa edad 18. Kung gayon, samahan ako sa pagboto ng HINDI sa Prop G.

Richie Greenberg
www.RichieGreenberg.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

Nasa balota ang Proposisyon G dahil pinamunuan ng mga 16 at 17 taong gulang sa San Francisco ang paglalagay nito sa balota. Pinamunuan natin ang kilusang ito noong 2016 at pinagsimulan at pinalakas natin ang suporta sa panahong iyon upang maipakilala ang panukalang-batas ngayong taon na ito.

Naipakita na ng mga 16 at 17 taong gulang ng ating Lungsod na mayroon tayong politikal na kakayahan at pananagutan upang maging nakikilahok at may impormasyong mga botante. Nagtatrabaho tayo, nagbabayad ng buwis, at may kontribusyon sa kasiglahan ng ekonomiya ng Lungsod. Pinamumunuan na rin natin ang mga lokal at pambansang kilusan para sa karapatang pantao, kawalan ng katarungan sa pagkakapantay-pantay sa lipunan, at reporma sa criminal justice system. Ngayon na ang panahon na malugod na tanggapin ang ating kasiglahan at pangalagaan ang ating sibikong partisipasyon, **hindi** ang sagkain ito.

Bukod sa malawak na suporta sa hanay ng mga lider ng ating Lungsod, may pangako ang Board of Education (Lupon ng Edukasyon) sa pagdaragdag sa kurikulum sa high school upang maihanda ang kabataan sa pagiging edukadong mga mamamayan at botante sakaling maipasa ang Proposisyon G. Hihikayatin ng kurikulum na ito ang kritikal na pag-iisip ukol sa mga isyung kinakaharap ng ating mga komunidad at titiyakin na

hawak ng kabataan ang mga kasangkapan upang maging edukado at may impormasyong mga botante.

Upang malutas ang mga hamon na kinakaharap ng ating lipunan sa ngayon at sa hinaharap, napakahalagang maging kalahok at palagiang botante ang ating kabataan. Matagal nang dapat nating nagawa ang makasaysayang hakbang na ito at sumasang-ayon dito ang mga lider ng San Francisco.

Samahan kami at bumoto ng 00 sa Proposisyon G.

Crystal Chan, Komisioner ng Kabataan sa Distrito 7
Josh Park, Dating Komisioner ng Kabataan sa Distrito 4

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



H

Neighborhood Commercial Districts (distritong mababa o katamtaman ang dami ng tao at magkahalong residensiyal at komersiyal ang gamit) at Pagbibigay ng Permits ng Lungsod

Dapat bang palitan ng Lungsod ang Planning Code (Kodigo sa Pagpapalano) para maparami ng neighborhood commercial districts ang mga pinahihintulatang paggamit, matanggal ang mga proseso ukol sa pag-aabiso sa publiko para sa mga bagong pinahihintulatang paggamit, at magtakda ng mas mabilis na proseso para sa permits?

OO	<input type="radio"/>
HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang Neighborhood Commercial District (distritong mababa o katamtaman ang dami ng tao at magkahalong residensiyal at komersiyal ang gamit) ay karaniwan nang komersiyal na corridor o lugar na matatagpuan sa labas ng downtown ng San Francisco, at kung saan, may mga komersiyal na paggamit sa unang palapag, at iba ang paggamit sa mas matataas na palapag.

Nagtatakda ang City Planning Code (Kodigo sa Pagpapalano ng Lungsod) ng mga pinahihintulatang paggamit sa mga naka-sonang residensiyal, komersiyal o industriyal na distrito. Ang bawat paggamit sa sona ng distrito ay maaaring pahintulutan, bigyan ng kondisyonal na pahintulot, o hindi pahintulutan. Nangangailangan ang kondisyonal na pahintulot ng malawakang masinsinang pag-aaral at pag-apruba ng Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano).

Para makapagbukas ng bagong negosyo sa San Francisco, posibleng mangailangan ang may-ari ng negosyo ng permits mula sa ilang ahensiya ng Lungsod, tulad ng Department of Building Inspection (Departamento ng Pag-iinspeksiyon sa mga Gusali) para sa konstruksiyon at pagre-remodel, at ng Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan) para sa pagbebenta ng pagkain.

Kailangang abisuhan ng indibidwal, na nag-aapply para sa building permit upang mapalitan ang gamit ng ari-arian sa ilang distrito, ang kanyang mga kapit-bahay ukol sa mungkahing pagbabago. Kailangang maipaskil ang mga abiso sa loob ng 30 araw, at sa panahong ito, hindi maaaring magbigay ng permits ang Lungsod, at puwedeng humiling ang mga miyembro ng publiko ng masinsinang pag-aaral mula sa Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano).

Ang Mungkahi: Papalitan ng Proposisyon H ang Planning Code (Kodigo sa Pagpapalano) para sa Neighborhood Commercial Districts upang:

- Maparami ang mga uri ng pinahihintulutan at binibigyan ng kondisyonal na pahintulot na paggamit, upang maisama ang mga aktibidad sa sining, pasilidad ng komunidad, serbisyong panlipunan, at mga restawran;
- Mapalawak ang paggamit ng mga lugar sa labas ng gusali ng ilang negosyo;
- Matanggal ang proseso ng pag-aabiso sa publiko para sa mga tao na gustong magsimula ng pinahihintulatang paggamit;
- Magtakda ng pinabilis na proseso ng pag-aapruba at pag-iinspeksiyon para sa mga permit; at
- Pahintulutan ang mga restawran na magkaloob ng espasyo para sa pagtatrabaho sa publiko sa mga araw na bukas ang restawran.

Bukod rito, gagawa ang Proposisyon H ng ilang tiyak na pagbabago sa Planning Code sa kabuuan ng lungsod, upang pansamantalang pahintulutan ang paggamit bilang tindahan sa mga bar at sa mga lugar para sa entertainment nang hanggang sa apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong palitan ang City Planning Code para sa Neighborhood Commercial Districts, at nang dumami ang mga pinahihintulatang paggamit, matanggal ang mga proseso ukol sa pag-aabiso sa publiko para sa mga bagong pinahihintulatang paggamit, at magtakda ng mas mabilis na proseso para sa permits.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa "H"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon H:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahi na inisyatibang ordinansa ng mga botante, tataasan nang kaunti hanggang katamtaman nito ang mga gastos ng Lungsod sa masinsinang pag-aaral, pag-aapruba, at pag-iinspeksiyon sa mga paggamit ng maliliit na negosyong tinatarget ng ordinansang ito.

Mangangailangan ang ordinansa ng koordinasyon at pagpapasimple ng masinsinang pag-aaral ng Lungsod sa mga permit para sa pagpapasimula, pagbabago, at/o pagpapatakbo ng komersiyal na paggamit ng storefronts o harapan ng mga tindahan sa nakatalagang neighborhood commercial districts ng lungsod at neighborhood commercial transit districts (distritong katamtaman o malaki ang bilang ng tao, magkahalo ang gamit at mahusay ang pampublikong transportasyon), at para makompleto ang masinsinang pag-aaral sa loob ng 30 araw. Iwawaksi na ang mga singil para sa karagdagang pag-aaral na itatakda nang dahil sa mga pagkakamali ng Lungsod. Babaguhin din para maging pangkasalukuyan, at palalawakin ng ordinansa ang mga batas sa pagsosona at nang masuportahan ang ilang maliliit na negosyo.

Kapag mangailangan ang lehislasyon na ito ng mas mahigpit na koordinasyon at aktibidad sa unang bahagi ng proseso sa masinsinang pag-aaral sa permit para sa mga espesipikong paggamit na ito, malamang na magkaroon ang Lungsod ng maliit hanggang sa katamtamang pangangailangan para sa mas maraming kawani sa mga departamentong nagbibigay ng permits, at sa gayon, makabuo ng bagong prosesong may koordinasyon, magkaloob ng kinakailangan na paunang pag-inspeksiyon, at tuloy-tuloy na makapagpatupad ng mas maikling panahon para sa pagtatapos ng masinsinang pag-aaral. Kasabay nito, kapag matagumpay na napaikli ng mga bagong proseso ang pangkalahatang haba ng panahon para sa pagbibigay ng permits, mas magiging kaunti ang mga aplikasyon para sa kondisyonal na paggamit, mababawasan ang mga itinatakda pag-aabiso sa publiko, at posibleng makatipid ang Lungsod sa oras ng mga kawani at sa gastos. Malamang na maging kaunti ang posibleng mawalang kita mula sa pagwawaksi ng kasunod na mga singil dahil sa pagkakamali ng Lungsod. Kapag matagumpay na naipatupad ang inisyatiba, posibleng magkaroon ng kaunting kontribusyon ang anumang pagdami ng aktibidad sa negosyo sa mga komersiyal na lugar sa komunidad ng Lungsod sa pagtanggap ng mas matataas na business tax (buwis sa negosyo) sa mga taon sa hinaharap.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "H"

Noong Hunyo 16, 2020, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ni Mayor Breed.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) ang Mayor na maglagay ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

Bumoto ng Oo sa Proposisyon H upang Mailigtas ang Ating Maliliit na Negosyo!

Natamaan nang nakapanlulugmok na suntok ng pandemyang coronavirus ang ating maliliit na negosyo. Nahihirapan nang manatiling buhay ang mga restawran, salon, at tindahan na umaasa sa mga kostumer na in-person ang pagtangkilil o pumupunta mismo sa mga lugar na ito.

Permanente nang nakasara ang mahigit sa 300 sa mga restawran ng ating lungsod, at maaaring mahigit 1,700 pa ang magsara sa pagtatapos ng taon. Magmula noong Pebrero, mahigit 200,000 taga-San Francisco na ang nakapag-file para sa unemployment (tinatanggap na pera ng nawalan ng trabaho mula sa estado). Habang kinakaharap natin ang marahil ay pinakamalala nang pagbagsak ng ekonomiya sa loob ng hene-henerasyon, kailangang gawin natin ang lahat upang mapanatiling bukas ang maliliit na negosyo at naka-employo ang mga tao.

Kailangang kumilos na tayo ngayon upang matiyak na hindi magsasara at bakante sa mga susunod pang taon ang maliliit na negosyo at mga merchant corridor (sona na nakatalaga sa pagnegosyo).

Makatutulong ang Proposisyon H sa naririyang nang maliliit na negosyo na makagawa ng mga adaptasyon sa panahon ng pandemya, at sa gayon, mapanatiling bukas ang kanilang mga tindahan at may trabaho ang mga empleyado. Sa pamamagitan ng pagputol sa red tape (labis-labis na mga patakaran) at pagpapasimple sa mahabang proseso ng pagkuha ng permit, makatutulong ang Prop H upang mapanatiling bukas ang mga negosyo sa komunidad at makalikha ng mga trabaho habang bumabangon tayo mula sa pandemya.

Ang Proposisyon H ay:

- Magpapahintulot sa mas maraming operasyon na nasa labas ng gusali at nasa mga bangketa at parklet upang makatulong sa mga negosyong magkaroon ng adaptasyon sa krisis na kinakaharap natin.

- Magpapahintulot sa mga cafe at restawran na maisama sa negosyo ang pagkakaroon ng mga workspace o espasyo ng trabaho, kung kaya't makalikha ng karagdagang mapagkukunan ng kita na makatutulong upang mapigilan ang permanenteng pagsasara.
- Masusuportahan ang bagong paggamit para sa sining at nonprofit, kung kaya't mapupunan ang mga bakanteng espasyo at mapanatili ang ating mga komersiyal na corridor na masigla at aktibo.
- Gagawing mas simple ang proseso ng pagkuha ng permit mula sa isang taon tungo sa isang buwan, kung kaya't matatanggal ang libo-libong dolyar sa dagdag na gastos para sa mga bagong negosyante.

Suportahan natin ang maliliit na may-ari ng negosyo at ang kanilang mga empleyado sa pamamagitan ng pagsasaayos sa ating may amat nang proseso ng pagkuha ng permit at panatiliing masigla at maunlad ang ating natatanging mga merchant corridor para sa ating lahat.

Iligtas natin ang ating maliliit na negosyo. Bumoto ng Oo sa Prop H.

www.SFSmallBusiness.com

Mayor London Breed

San Francisco Council of District Merchants (Konseho ng mga Negosyante sa Distrito ng San Francisco)

Golden Gate Restaurant Association (Asosasyon ng mga Restawran sa Golden Gate)

*Presidente ng Small Business Commission (Komisyon ng Maliliit na Negosyo) Sharky Laguana**

*Bise-Presidente ng Small Business Commission Miriam Zouzounis**

*Komisyoner para sa Maliliit na Negosyo Manny Yekutiel**

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon H.

Ipinahahayag ng mga may-panukala na nahihirapan na ang mga restawran, salon, at tindahan na manatiling buhay at na maililigtas ng Proposisyon H ang ating maliliit na negosyo. Siyempre, mayroong mga hamon sa ating lahat na hindi pa nararanasan kailanman, at kasama nang dumaranas nito ang mga restawran, iba pang maliliit na negosyo, at mga taong nagfa-file para sa unemployment (tinatanggap na pera ng nawalan ng trabaho mula sa estado), pero hindi tama na kinakailangan nating pumili sa pagitan ng pagsuporta sa maliliit na negosyo at ng pagkakaroon ng mahusay na pagpapalano ng lungsod.

Ayaw nating magsara ang maliliit na negosyo at mga merchant corridor, at maging bakante ang mga ito sa mga susunod pang taon. Ang gusto natin, at ang kailangan natin, ay ang napag-iisipan nang mabuti na pagkontrol sa paggamit ng lupa sa mga distrito, na naka-angkop sa pangangailangan ng bawat komunidad. Pinagsama-sama ng Neighborhood Commercial Rezoning Study (Pag-aaral sa Muling Pagsoona para sa mga Distritong Mababa o Katamtaman ang Dami ng Tao at Magkahalong Residensiyal at Komersiyal ang Gamit) ang mga interes ng mga komunidad at maliliit na negosyo upang iyan mismo ang gawin mahigit 30 taon na ang nakararaan.

Kailangang isagawa ang pagpapalit sa Planning Code (Kodigo sa Pagpapalano) nang may opinyon ng publiko at ng mga stakeholder o may interes sa Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano) at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), hindi bilang panukalang-batas sa balota. Makatutulong tayo sa mga naririyang nang maliliit na negosyo na maka-angkop sa pamamagitan ng pagtatanggal ng red tape at pagpapasimple sa mahabang proseso ng pagkuha ng permit, at magagawa natin ito sa pamamagitan ng lehislatibong proseso sa City Hall.

Kataka-taka na hindi kasama sa mga may-panukala ang sinumang miyembro ng Board of Supervisors at walang organisasyon mula sa komunidad. Mahalagang makabuo ng pagkakaisa sa mahahalagang usapin na tulad ng pagpapalano sa lungsod, kung kaya't dapat tayong magtrabaho nang magkakasama upang maisagawa ito nang may nararapat na pampublikong pagsusuri.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon H. Salamat po.

David Pilpel

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon H.

Ang Proposisyon H ay lubos na komplikadong ordinansa na pinapalitan ang mga kontrol sa paggamit sa lupa, at ng mga permit sa Lungsod. Hindi iniharap ang ordinansa sa Board of Supervisors sa pamamagitan ng regular na lehislatibong proseso, at hindi ito isinailalim sa mga pagdinig ng Planning Commission o ng Small Business Commission. Sa aking opinyon, ito ang eksaktong uri ng panukalang-batas na dapat hawakan ng City Hall at hindi ng mga botante. Buong galang kong iminumungkahi na hindi ang Proposisyon G ang solusyon na kinakailangan natin sa panahong ito.

Nabuo ang mga kontrol sa pagsosona ukol sa Neighborhood Commercial District (distritong mababa o katamtaman ang dami ng tao at magkahalong residensiyal at komersiyal ang gamit) mahigit 30 taon na ang nakararaan at maingat na naiayon ito sa pagdaan ng panahon upang matugunan ang mga inaalala ng mga komunidad at maliliit na negosyo, nang batay sa bawat kaso. Dito, hindi nagkaroon ng opinyon mula sa komunidad o sa maliliit na negosyo ukol sa pagbuo sa Proposisyon H ayon sa aking pagkakaalam, na hindi karaniwan para sa komplikadong pagkontrol ng paggamit ng lupa, at magiging mahirap na amyendahin ang iba't ibang uri ng seksiyon sa kodigo ng Lungsod na maaapektuhan sa susunod na tatlong taon, kahit na gusto o kailangang gawin ito ng mga developer, magkakapitbahay, nagpapalano, o ng gumagawa ng mga polisiya ng Lungsod.

Bagamat maganda ang batayang ideya na gawing mas madadalian ang maliliit na negosyo na nasa mga neighborhood corridor, maaari iyang ipatupad sa pamamagitan ng regular na lehislatibong proseso sa City Hall, nang may maingat na konsiderasyon sa pamamagitan ng makabuluhang mga komento ng publiko at magagamit ng opinyon mula sa mga may interes.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon H. Salamat po.

David Pilpel

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

Sama-samang Pag-aksiyon upang Mailigtas ang Ating Maliliit na Negosyo. Bumoto ng Oo sa Prop H.

Sa pamamagitan ng pagsuporta sa Proposisyon H, gumagawa tayo ng aksiyon NGAYON MISMO upang matulungan ang ating maliliit na negosyo na nagsasara na sa hindi pa nararanasang mga bilang sa panahong ito ng pandemya. Permanente nang nakasara ang 300 sa ating mga restawran sa lungsod, at mahigit sa 1,700 pa ang maaaring magsara bago sumapit ang Disyembre 2020. Nakita na natin ang mga natakpan na ng kahoy na mga bintana, at mga karatulang 'for rent (pinaaupahan)' sa ating mga merchant corridor, na pinagbabantaan kapwa ang sigla sa ating mga komunidad at kabuhayan ng mga may-ari ng negosyo at empleyado.

Hindi na makapaghintay ang ating maliliit na negosyo sa Board of Supervisors upang maiapasa nila ang lehislasyon na dapat ay naipasa na ilang taon na ang nakararaan. Habang nawasak na ng pandemya ang maliliit na negosyo, ginawa namang mahirap ng burukrasya at red tape na kinaharap na nila bago pa man ang COVID na maging mahirap sa kanila na magkaroon ng mga operasyon sa San Francisco.

Ang Proposisyon H ay resulta ng kolaboratibong proseso ng Small Business Commission ng Lungsod at ng pag-abot sa mas marami sa ating maliliit na negosyo, upang maisaayos na sa wakas ang sirang sistema ng pagkuha ng permit. Susuportahan ng Proposisyon H ang ating maliliit na negosyo na kumakapit na lamang sa hibla ng sinulid, sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na maka-angkop sa kasalukuyang krisis, at sa pagtatanggal sa red tape at sa buong taon na proseso ng permit upang bumaba sa 30 araw para sa bagong mga negosyo.

Hinihikayat namin kayo na gumawa ng aksiyon ngayon mismo upang matulungan ang ating maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Proposisyon H.

www.SFSmallBusiness.com

Mayor London Breed

San Francisco Council of District Merchants

Golden Gate Restaurant Association

Coalition for San Francisco Neighborhoods (Koalisyon para sa mga Komunidad ng San Francisco)

*Presidente ng Small Business Commission Sharky Laguana**

*Bise-Presidente ng Small Business Commission Miriam Zouzounis**

*Komisyoner para sa Maliliit na Negosyo Manny Yekutieli**

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Real Estate Transfer Tax (Buwis ukol sa Paglilipat ng Ari-arian)

Dapat bang permanenteng taasan ng Lungsod ang porsiyento ng transfer tax sa mga pagbebenta at pagpapaupa nang 35 taon o higit pa sa ari-arian, tungo sa 5.50% sa mga transaksyon na \$10 milyon hanggang \$25 milyon, at tungo sa 6.00% sa mga transaksyon na \$25 milyon o higit pa, para sa tinatayang karaniwang kita na \$196 milyon sa isang taon?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nangongolekta ang Lungsod ng transfer tax sa ilang pagbebenta, pati na rin sa mga kasunduan sa pagpapaupa (lease) na 35 taon o higit pa sa mga residensiyal at komersiyal na ari-arian sa San Francisco. Karaniwang nakabatay ang porsiyento ng buwis sa presyo ng pagbebenta ng ari-arian. Ang kasalukuyang mga porsiyento ng transfer tax ay:

Presyo ng Pagbebenta ng Ari-arian	Kasalukuyang Porsiyento ng Buwis
Mahigit sa \$100 at mas mababa sa, o katumbas ng \$250,000	0.50%
Mahigit sa \$250,000 at mas mababa sa \$1,000,000	0.68%
Mahigit sa \$1,000,000 at mas mababa sa \$5,000,000	0.75%
Mahigit sa \$5,000,000 at mas mababa sa \$10,000,000	2.25%
Mahigit sa \$10,000,000 at mas mababa sa \$25,000,000	2.75%
Hindi bababa sa \$25,000,000	3.00%

Kapag sa Lungsod ibinenta ang ari-arian, hindi ipinatutupad ang transfer tax. Kapag ibinenta ang ari-arian sa kuwalipikadong nonprofit para sa abot-kayang pabahay, hindi tataas sa 0.75% ang porsiyento ng transfer tax.

Nililimitahan ng batas ng estado ang halaga ng kita, kasama na ang kita mula sa buwis, na puwedeng magasta ng Lungsod sa bawat taon. Binibigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ang mga botante ng San Francisco na pahintulutan ang mga pagtataas sa limitasyong ito, para sa pinakamataas nang posibleng panahon na apat na taon.

Napupunta ang perang nakokolekta mula sa buwis na ito sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng Lungsod.

Ang Mungkahi: Tataasan ng Proposisyon I ang porsiyento ng transfer tax sa ilang pagbebenta, pati na rin sa mga kontrata ng pagpapaupa na 35 taon o higit pa sa ari-arian may presyo na hindi bababa sa \$10 milyon. Para sa ari-arian na may presyo sa pagbebenta na mas mababa sa \$10 milyon, hindi magbabago ang kasalukuyang porsiyento ng buwis. Ang mga mungkahing porsiyento ng buwis ay:

Presyo ng Pagbebenta ng Ari-arian	Mungkahing Porsiyento ng Buwis
Mahigit sa \$100 at mas mababa sa, o katumbas ng \$250,000	0.50% (walang pagbabago)
Mahigit sa \$250,000 at mas mababa sa \$1,000,000	0.68% (walang pagbabago)
Hindi bababa sa \$1,000,000 at mas mababa sa \$5,000,000	0.75% (walang pagbabago)
Hindi bababa sa \$5,000,000 at mas mababa sa \$10,000,000	2.25% (walang pagbabago)
Hindi bababa sa \$10,000,000 at mas mababa sa \$25,000,000	5.50%
Hindi bababa sa \$25,000,000	6.00%

Hindi ipatutupad ang pagtataas ng porsiyento ng transfer tax kung ibebenta ang ari-arian sa Lungsod o sa kuwalipikadong nonprofit para sa abot-kayang pabahay.

Tataasan din ng Proposisyon I ang limitasyon sa paggasta ng estado sa taunang kita sa buwis ng Lungsod, batay sa halaga ng karagdagang buwis na makokolekta sa ilalim ng mungkahing mga pagtaas ng porsiyento. Tatagal nang apat na taon ang mas mataas na limitasyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong taasan ang porsiyento ng transfer tax sa ilang pagbebenta pati na rin sa mga kontrata ng pagpapaupa na 35 taon o higit pa sa ari-arian may presyo na hindi bababa sa \$10 milyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa "I"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon I:

Tataasan ng mungkahing ordinansa ang ipinapataw na transfer tax sa ari-arian sa mga paglilipat na higit pa sa \$10 milyon, at sa aking opinyon, magdudulot ito ng malaki pero lubhang nagbabago-bago na karagdagang kita para sa mga serbisyo ng gobyerno.

Tataasan ng ordinansa ang porsiyento ng transfer tax sa mga ari-arian sa mga transaksyon na may halagang nasa pagitan ng \$10 milyon at mas mababa sa \$25 milyon nang mula sa 2.75% tungo sa 5.5%, at ang porsiyento sa mga transaksyong may halaga na \$25 milyon, at mas mataas dito, nang mula sa 3% tungo sa 6%. Sa pagpapatupad ng mga porsiyento ng buwis na ito sa kasalukuyang tinatayang halaga ng ari-arian para sa mga transaksyon na naganap sa pinakahuling siklo ng ekonomiya (mula 2008 hanggang 2020), ang taunang kita na nagresulta sana mula sa proposisyong ito ay may saklaw na sanang mababang bahagi na \$13 milyon hanggang sa mataas na bahagi na \$346 milyon, kung saan ang average o karaniwan ay \$196 milyon. Gayon pa man, malamang na hahantong ang pagdodoble ng porsiyento ng buwis sa mga transaksyong ito sa iba't ibang uri ng pagkilos at gawi upang maiwasan ang pagbabayad ng buwis, at mahirap na mahulaan ang anyo at panahon ng mga ito. Posibleng makaapekto kapwa sa transfer tax at kita sa property tax (buwis sa ari-arian) ang mga pagbabago sa presyo, dami, at anyo ng transaksyon ng pagbebenta, pati na rin ang mga epekto sa bagong konstruksiyon.

Bagamat tinataya namin na posibleng magresulta ang mungkahing ordinansa sa pangkaraniwan na karagdagang kita na \$196 milyon kada taon, mahalagang tandaan na ito na ang pinakamagbabago-bagong mapagkukunan ng kita ng Lungsod, at posibleng hindi magamit na paraan ang mga pagtayang nakabatay sa aktibidad ng nakaraang taon upang mahulaan ang mga kita sa hinaharap. Gagawing lalo pang nagpapabago-bago ang pinagkukunan ng kita na ito ng mungkahing panukalang-batas ukol sa buwis.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "I"

Noong Hunyo 12, 2020, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Mar, Preston, Haney, Ronen, Walton.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) ang apat o higit pang Superbisor na maglagay ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

Ang Prop I ay simpleng proposisyon. Hinihiling nito sa mga nagbebeenta ng ari-arian na may halagang \$10 milyon o higit pa—pangunahin na ang malalaking korporasyon o trusts (itinatabing pera) para sa mga ari-arian—na magbayad ng mas mataas na buwis kapag nagbenta ang mga ito ng ari-arian. Makatutulong ang kita na ito sa mga pinakanagdurusa sa panahon ng pandemya.

Walang pagbabago sa transfer tax (buwis sa paglilipat ng pag-aari) para sa karaniwang may-ari ng tahanan o ari-arian dahil mananatiling gaya ng dati ang mga buwis sa ari-arian na ibinenta sa halagang mas mababa sa \$10 milyon.

Sa panahong humaharap ang San Francisco sa \$1.7 bilyon na tinatayang kakulangan sa badyet sa loob ng susunod na dalawang taon, makakalapat ang panukalang-batas na ito ukol sa progressive tax (kita mula sa buwis kung saan tumataas ang porsiyento habang tumataas ang halagang binubuwisan) ng kailangang-kailangan na pang-emergency na pondo.

Mahalagang hakbang din ang Prop I upang mapigilan ang maramihan at sunod-sunod na pagpapaaalis sa tahanan na magdudulot ng higit na kawalan ng tahanan, sa kadahilanang hindi na makayanan ng mga umuupa na makapagbayad ng renta gawa nang pandemya. Noong Agosto, sama-samang ipinasa ng lahat ng miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang resolusyon, kung saan ginawa nilang pangunahing prayoridad para sa bagong kita ang **pang-emergency na tulong sa pagbabayad ng upa at sa permanenteng abot-kayang pabahay**. Makatutulong ito sa mga umuupa na nawalan ng trabaho at kita, at makatutulong din sa maliliit na nagpapauapa na umaasa sa kita sa upa para mabuhay.

Ang mga bilyonaryong tulad ni Jeff Bezos, na tumaas na ang net worth (halaga ng pag-aari) nang mahigit \$73 bilyon sa panahon ng pandemya, ay napakaganda ng kalagayan. Gayon pa man, nahihirapan na ang mga nagtatrabahong taga-San Francisco nang dahil sa sakit at sa pagkawala ng trabaho. Panahon nang hilingin sa

mga nagbebeenta ng mga gusaling nagkakahalaga ng mahigit sa \$10 milyon na magbayad ng kaunting dagdag upang matulungan ang mga nangangailangan.

Pakisamahan kami at **Bumoto ng Oo sa I**.

Superbisor Dean Preston

San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko)

Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)

San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)

Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay)

Eviction Defense Collaborative (Mga Magkakatuwang para sa Pagdepensa Laban sa Pagpapaaalis)

American Federation of Teachers (Amerikanong Pederasyon ng mga Guro, AFT) 2121

Service Employees International Union (Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo, SEIU) 1021

Alice B. Toklas LGBT Democratic Club (Alice B. Toklas LGBTQ na Samahang Demokratiko)

Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk LGBTQ na Samahang Demokratiko)

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Shamann Walton

Superbisor Matt Haney

Superbisor Gordon Mar

www.fairrecoveryssf.com

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

Huwag magpalihis sa politikal na retorika - gusto ng mga may-panukala na maniwala kayong buwis sa mga mansiyon ang Proposisyon I. Hindi ito gayon. Buwis ito sa maliliit na negosyo sa komunidad at sa mga bagong pabahay.

Bigo ang mga may-panukala sa pagbanggit na hindi lamang sa pagbebeenta ng ari-arian ipinatutupad ang Proposisyon I - ipinatutupad rin ito sa **maliliit na negosyo at sa pag-upa sa mga tindahan**. Nakikipaglaban na para manatiling buhay ang mga negosyong mom and pop (maliliit na negosyong karaniwang pinatatakbo ng pamilya). Sa panahon kung kailan napakarami na ang desperado nang sinusubukan na maibenta, maihinto, o magkaroon ng bagong negosasyon ang kanilang kasunduan sa pag-upa, itataas ng buwis na ito ang kani-kanilang upa at pagbabantaan ang kanilang mga safety net (proteksiyon mula sa paghihirap) sa mga sandali pa namang pinakahindi nila kayang bayaran ang mga ito.

Bukod rito, babayaran ang transfer tax (buwis ukol sa paglilipat ng ari-arian) hindi lamang ng mga nagsusumikap na makabenta ng gusali; babayaran din ito ng **mga nagsusumikap makapagtayo** ng kailangang-kailangan na mga unit ng abot-kayang pabahay. Ititigil

ng buwis na ito ang paglikha ng pabahay, gagawing mas mahal na naman ang mga tahanan, at magiging mas mahirap pang makahanap ng pabahay.

Nakararanas na ang San Francisco ng pinakamatinding pagbagsak ng ekonomiya sa isang henerasyon. Mahigit sa 175,000 indibidwal na ang walang trabaho, at mahigit sa 50% ng mga tindahan ang nagsara na nang walang katiyakan kung kailan magbubukas.

Lalo pang lumalala ang sitwasyon dahil nasabi na ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod na ito ang isa sa mga buwis na pinakanagbabago-bago ang kita sa San Francisco, at walang mga parametro na nasa Proposisyon I kung paano gagastahin ang pera.

Hindi nagtutugma ang retorika ukol sa panukalang-batas na ito sa realidad. Huwag nating tanggalan ng negosyo ang mga mom and pop. Bumoto ng Hindi sa Proposisyon I.

Gwen Kaplan, May-ari ng Maliit na Negosyo

Rodney Fong, May-ari ng Maliit na Negosyo

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon I upang maprotektahan ang maliliit na negosyo sa komunidad at ang abot-kayang pabahay.

Naisadlak na ng COVID-19 ang San Francisco sa pinakamatinding pagbaba ng ekonomiya sa loob ng 20 taon: mayroon nang mahigit sa 175,000 pagsingil para sa unemployment (tinatanggap na pera ng nawalan ng trabaho mula sa estado) at 50% na ng lahat ng negosyong tindahan ang nagsara na nang walang katiyakan kung kailan magbubukas.

Wawasakin ng agad na pagtataas ng buwis ang maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagbubuwis sa mga tindahan, restawran, bar, at nail salon sa komunidad. Gagawin nitong mas malala pa ang pagbagsak ng ekonomikya at itutulak ang maliliit na negosyo tungo sa pagkabangkarote dahil:

- Walang proteksiyon ang Proposisyon I para sa maliliit na negosyo.
- Magtataas ang Proposisyon I ng upa sa maliliit na negosyo sa komunidad, pagbabantaan ang kanilang mga safety net, at kukunin ang katatagan ng kanilang pinansiyal na kalagayan.

Ang puso at diwa ng ating Lungsod - ang mga negosyong mom and pop - ay humaharap na sa imposibleng sitwasyon. Gumagawa na sila ng napakahihirap na pagpapasya kung ano ang gagawin sa kani-kanilang espasyo, at magpapatong lamang ang Proposisyon I ng dagdag na pasanin.

Dahil sa Proposisyon I, mawawalan din tayo ng libo-libong bagong unit ng pabahay, kasama na ang daan-daang unit ng abot-kayang

pabahay at daan-daang trabaho sa konstruksiyon ng mga nasa unyon. Ito ay mga kailangang-kailangang tahanan, at gagawing mas mahal ng Proposisyon I ang pabahay sa San Francisco.

Mas malala pa rito, walang mga kontrol ang Proposisyon I kung paano gagastusin ang pera. Hindi kailangan ng City Hall ng mas maraming pera; kailangan nitong maging mas mahusay sa pera na mayroon na ito. Nadoble na ang badyet ng Lungsod nitong nakaraang 10 taon - samantalang tumaas na nang labis-labis ang kawalan ng tahanan at natanggal naman ang mahahalagang serbisyo.

Mapipinsala ng Proposisyon I ang maraming tindahan, restawran, bar, at nail salon sa komunidad, na nahihirapan na para lamang manatiling buhay sa panahon ng COVID-19 na krisis. Itigil ang pagsusumikap na itong magtaas ng buwis sa nahihirapan nang maliliit na negosyo sa panahon sa kasaysayan kung kailan pinakawasak na ang ekonomiya.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon I.

Gwen Kaplan, May-ari ng Maliit na Negosyo

*Rodney Fong, May-ari ng Maliit na Negosyo**

Larry Mazzola Jr., UA Local 38 Plumbers & Pipefitters Union (Mga Tubero at Tagakabit ng Tubo na Lokal 38 ng UA)

*Mary Jung, Dating Tagapangulo ng SF Democratic Party**

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I

Iyon lamang pagbebenta ng ari-ariang nagkakahalaga ng \$10 milyon o higit pa ang maapektuhan ng Prop I. Iyong lamang nagbebenta ng napakatataas na gusali at napakalalaking mansiyon ang magbabayad. Hindi magbabayad ng kahit isang sentimo ang mga may-ari ng tahanan at maliliit na negosyo.

Huwag magpaloko sa malalaking negosyo. Bilang mga may-ari ng maliliit na negosyo, gusto naming malaman ninyo ang facts o mga katunayan:

- **Inililihi nila kayo sa kung sino talaga ang kinakatawan nila.** HINDI maliliit na negosyo ang kinakatawan ng mga katunggali. Ang isa sa kanila ay Ehekutibong Direktor ng Chamber of Commerce (Konseho ng mga Mangangalakal), na kumakatawan sa higanteng mga korporasyon. Ang isa pa ay lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas) para sa industriya ng real estate.
- **Pagsisinungaling ukol sa epekto sa maliliit na negosyo.** Hindi nagbebenta ang mga tindahan, restawran, bar at nail salon sa komunidad ng ari-arian na nagkakahalaga ng \$10 milyon o higit pa. HINDI sila maapektuhan.
- **Tataas ang pagpapaalis sa tahanan at kawalan ng tahanan.** Kung wala ang pagpopondo ng Prop I sa pang-emergency na tulong sa upa, makakakita tayo ng mas maraming pagpapaalis sa tahanan at kawalan ng tahanan.
- **Gustong nilang kayo ang magbayad, hindi sila.** Ang kakulangan sa badyet ng San Francisco ay \$1.7 bilyon na. Kapag hindi tayo nagtaas ng kita mula sa mga MAKAKAYANAN namang magbayad, tayo mismo ang magbabayad sa mga gastusin.

Iniligtas ng Prop I ang maliliit na negosyo—pinananatili nito ang ating mga manggagawa sa kanilang mga trabaho sa pamamagitan ng pagpapanatili sa kanila sa kanilang mga tahanan.

Nakakita na ang mga bilyonaryo at malalaking korporasyon ng hindi inaasahang napakalalaking kita mula sa pandemya. Ang iba pang tulad natin ang siyang nagbayad sa gastos. Panahon na para tulungan ng pinakamayayaman ang mga naghihirap.

Mangyaring bumoto ng OO sa Proposisyon I.

Maliliit na negosyo sa San Francisco:

City Lights Books

Bi-Rite

Sam's Grill

The Booksmith

Casa Sanchez

The Animal Company

No Shop

Glama-rama! Hair Salon

Bird and Beckett Books

San Francisco Democratic Party

Sierra Club

Senior and Disability Action

Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang

Pabahay)

San Francisco Tenants Union

Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



J

Parcel Tax (buwis sa parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) para sa San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)

Dapat bang palitan ng Lungsod ang 2018 Parcel Tax para sa San Francisco Unified School District ng bagong buwis, kung saan papalitan ang taunang porsiyento ng buwis mula sa \$320 kada parsela tungo sa \$288 kada parsela, na iniaayon para sa pagtataas ng bilihin taon-taon, at nang may eksempsiyon sa mga tao na edad 65 o mas matanda pa, hanggang sa Hunyo 30, 2038, para sa tinatayang kita na \$48.1 milyon sa isang taon?

OO	<input type="radio"/>
HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang San Francisco Unified School District (School District) ay nagkaloob ng edukasyon sa humigit-kumulang 54,000 estudyante kada taon at nag-eem-pleyo ng humigit-kumulang 6,900 guro.

Noong Hunyo 2018, inaprubahan ng mayorya ng mga botante sa San Francisco ang taunang parcel tax upang magkaloob ng pondo sa School District (2018 School Parcel Tax o Buwis sa Parsela para sa mga Paaralan). Noong petsang Hulyo 1, 2020, ang porsiyento ng buwis na ito ay \$320 kada parsela ng nabuwisang ari-arian, na binabago para maiayon sa inflation kada taon. Mawawalan ng bisa ang 2018 School Parcel Tax sa Hunyo 30, 2038.

Maaaring magamit ng School District ang nakokolektang pera sa pamamagitan ng buwis na ito upang:

- Taasan ang suweldo at benepisyo para sa mga guro at iba pang empleyado ng School District;
- Damihan ang mga kawani at taasan ang pondo para sa mga paaralang malaki ang pangangailangan at mga paaralan sa komunidad;
- Magkaloob ng propesyonal na pag-unlad;
- Mamuhunan sa teknolohiya, kasama na ang digital na pag-aaral; at
- Pondohan ang mga pampubliko na paaralang tsarter.

Hindi kasama sa pagbubuwis na ito ang mga indibidwal na may edad 65 o higit pa bago ang Hulyo 1 ng tax year (taon batay sa pagbabayad ng buwis) kung nagmamay-ari sila ng interes sa ari-ariang binubuwisan, at kung ito ang ari-arian kung saan sila nakatira sa pinakamalaking bahagi ng taon.

Nahamon na sa hukuman ang 2018 School Parcel Tax, at posibleng maaari nang magamit o hindi pa maaaring magamit ng School District ang perang nakolekta sa pamamagitan ng buwis na ito.

Ang Mungkahi: Papalitan ng Proposisyon J ang 2018 School Parcel Tax, na inaprubahan ng mayorya ng mga botante, ng bagong parcel tax na kailangang aprubahan ng two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi) ng mga botante.

Simula sa Hulyo 1, 2021, papalitan ng Proposisyon J ang porsiyento ng buwis tungo sa \$288 kada parsela ng nabuwisang ari-arian. Iaayon batay sa inflation kada taon ang buwis na ito, at mawawalan ito ng bisa sa Hunyo 30, 2038.

Hindi kasama sa pagbubuwis na ito ang mga indibidwal na may edad 65 o higit pa bago ang Hulyo 1 ng tax year kung nagmamay-ari sila ng interes sa ari-ariang binubuwisan, at kung ito ang ari-arian kung saan sila nakatira sa pinakamalaking bahagi ng taon.

Gagamitin ng School District ang perang makokolekta sa pamamagitan ng buwis na ito para sa mga kaparehong layunin ng 2018 School Parcel Tax.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” simula Hunyo 1, 2021, gusto ninyong palitan ng Lungsod ang 2018 School Parcel Tax ng bagong buwis na papalitan ang

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



porsiyento ng taunang buwis mula sa \$320 kada parsele tungo sa \$288 kada parsele, na iniaayon para sa inflation kada taon, at hindi isinasali ang mga indibidwal na edad 65 o mas matanda pa.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa "J"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon J:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang iminumungkahing panukalang-batas ng mga botante, magdudulot ito ng kita sa buwis na humigit-kumulang sa \$48.1 milyon taon-taon. Katulad ng buwis na papalitan nito, itutuon ang pondong makukuha mula rito sa suweldo ng mga guro, pag-eempleyo, at iba pang layunin ng San Francisco Unified School District (SFUSD), nang ayon sa nakatukoy sa panukalang-batas.

Winawakasan na ng iminumungkahing panukalang-batas ang taunang parcel tax sa ari-arian sa San Francisco na inaprubahan ng mga botante noong Hunyo 2018 (Panukalang-batas G), na sa petsang Hulyo 1, 2021 ay magiging \$320 kada parsele, at papalitan ito ng parcel tax na \$288. Nahamon na sa hukuman ang katumpakan ng kasalukuyang buwis at naireserba na ang mga kita sa pagkakataong matalo ang Lungsod sa kaso sa hukuman, at kailangan nitong isauli ang ibinayad ng mga nagbayad ng buwis. Tataas ang iminumungkahing buwis sa pagdaan ng panahon habang iniaayon batay sa inflation ang porsiyento kada parsele, at ipatutupad ito mula Hulyo 1, 2021 hanggang Hunyo 30, 2038.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "J"

Noong Hunyo 16, 2020, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ni Mayor Breed.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) ang Mayor na maglagay ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J

Bumoto ng botong OO sa Proposisyon J upang Maprotektahan ang mga Paaralan ng San Francisco

Humaharap ang ating Lungsod sa hindi pa nararanasan kailanman na mga hamon, na ibinunga ng pandemyang COVID-19, at ng mga kakulangan sa badyet na lubos na nakapinsala sa mga paaralan ng ating Lungsod. Lalo pang nadagdagan ang mga problemang ito ng pangangailangan para sa mga bagong pamamaraan sa distance learning (pag-aaral na isinasagawa sa pamamagitan ng internet o learning kits) at ng mga itinatakhang pag-iingat upang maprotektahan ang ating mga anak, guro, at kawani. Papalitan ng Proposisyon J ang buwis na inaprubahan ng mga botante noong 2018, kung kaya't mapahihintulutan ang pampaaralang distrito na magkaroon ng pamamaraang magamit ang kailangang-kailangan na pondo. Hindi ito magtataas ng mga buwis.

Gugugulin ang mga pondo na mula sa Prop J upang mapabuti pa ang suweldo ng mga guro, at magawang moderno ang ating mga paaralan, sa pamamagitan ng pamumuhunan sa teknolohiya para sa digital (gamit ang internet) na pag-aaral na siyang magiging napakahalaga para sa edukasyon sa panahon ng COVID-19. Titiyakin ng Prop J na magkakaroon ng kinakailangang mga kasangkapan ang ating mga pampublikong paaralan upang patuloy silang makapagkaloob ng ligtas at mataas ang kalidad na edukasyon sa panahon ng pandemyang ito.

Nararapat lamang na mabayaran ang ating mga guro ng suweldo na sapat para mabuhay, at kailangang may kakayahan ang ating pampaaralang distrito na makapag-alok ng bayad na nakasabay sa kompetisyon, at sa gayon, magagawa ng San Francisco na makapanghikayat at makapagpanatili ng de-kalidad na mga edukador. Sa ngayon, kulang sa mga kawani ang karamihan sa ating mga paaralan dahil nakapag-aalok ang mga kalapit na distrito ng mas matataas na suweldo at mas mabababang gastos sa pamumuhay.

Popondohan din ng Prop J ang propesyonal na pagpapaunlad para sa mga guro at kawani, habang pinapalakas ang mga programa sa computer science at teknolohiya, at sa gayon, nasa posisyon na sila upang maging mahusay sa kolehiyo at makapagtapos nang handa upang makipagkompetensiya sa moderno at pandaigdigang ekonomiya.

Gagastusin nang buo ang mga pondong makokolekta sa pamamagitan ng Prop J upang mapaghusay ang San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco). Walang bahagi ng pondo ang maaaring makuha ng pang-estado o pederal na gobyerno at titiyakin ng oversight committee (komite para sa pangangasiwa), na siyang magpapasimula ng taunang pag-o-audit, na gagastusin ang lahat ng pondo ayon sa naipangako.

Samahan ang mga magulang, guro, lider sa negosyo at teknolohiya, at nagtatrabahong kalalakihan at kababaihan na bumoto ng OO sa J. Nararapat lamang na magkaroon ang mga bata sa San Francisco ng pamamaraang makakuha ng napakahusay na pampublikong edukasyon, at nararapat lamang na mabayaran ang mga guro ng suweldo na sapat para mabuhay.

Mayor London Breed

Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)

San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa)

Parents for Public Schools (Mga Magulang para sa mga Pampublikong Paaralan)

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON J - Nakatuon ang Pagbibiro sa atin!

Isa na namang hindi makatarungang paraan ng pagbubuwis ang kinakatawan ng parcel tax (buwis sa parsela), na kapag ipinasa ay bubuwisan ang lahat ng parsela ng mga ari-arian nang magkakapareho, gusali man ito ng Salesforce, o bahay na may 2 kuwarto sa Mission.

Bagamat binababaan ng Prop J ang 2018 buwis na ito nang \$22/ parsela, hindi nito iwinawasto ang batayang kawalang katarungan sa pagbubuwis sa bilyong dolyar ang halaga na mga gusali sa downtown nang kapareho sa pagbubuwis sa maliliit na bahay.

Pinahintulutan ng City Hall na maipasa ang gayong parcel tax, hindi ng 2/3 ng mga botante, kundi ng 50% + 1 lamang. Inihabla na ng ibang katunggali ang City Hall, kung kaya't itinatakda ng City Hall ngayon ang mayoridad na 2/3 upang maipasa ang Proposisyon J.

Huwag itong ibigay sa kanila! Bumoto ng HINDI!

San Francisco Taxpayers Association (Asosasyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa San Francisco)
Hukom Quentin L. Kopp (Retirado)

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

Makatutulong ang Proposisyon J upang makapanghikayat at makapagpanatili ng napakahuhusay na guro, at nang maging matagumpay ang mga bata sa San Francisco.

Ngayon, higit kailanman, kinikilala natin ang kahalagahan ng ating mga guro. Nararapat lamang na mabayaran ang mga guro ng Francisco ng suweldo na sapat para sa pamumuhay, at kailangang makipagkompetensiya ang ating pampaaralang distrito upang makapanghikayat at makapagpanatili ng de-kalidad na mga edukador sa mga panahong ito ng kawalang katiyakan.

Ang Prop J ay patuloy na magiging napakahalagang mapagkukunan ng pondo ng mga paaralan ng San Francisco upang mapaghusay at mapanatili ang mga akademikong programa sa pagbabasa, pagsusulat, matematika, siyensiya, at teknolohiya, at makapanghikayat at makapagpanatili ng mga de-kalidad na guro sa panahon kung kailan pinakakailangan ng mga ito.

Titiyakin ng Prop J na magkakaroon ang bawat bata sa bawat paaralan sa kabuuan ng San Francisco ng pinakamatataas ang kalidad na guro at pinakamahuhusay na programang pang-edukasyon, saan mang komunidad sila nakatira.

Inaayos lamang ng Prop J ang butas sa legal na sistema, upang maipagpatuloy ang napakahalagang pinagmumulan ng pondo para sa mga paaralan ng San Francisco NANG HINDI NAGTATAAS NG BUWIS. Sa pamamagitan ng pagboto ng oo,

tinitiyak natin na hindi matatanggalan ng pondo ang mga guro at klasrum sa panahong pinakakailangan ang mga ito.

Titiyakin ng Independent Oversight Committee (Independiyenteng Komite para sa Pamamahala) na naaangkop ang paggasta sa lahat ng pondo.

Nasa panganib na tayong mawala ang mga guro nating may dedikasyon, na walang pagod na nagtatrabaho upang masuportahan ang ating mga anak, at dati nang naghihirap upang mapagkasya ang kita bago pa man ang pandemya. Napapanahon nang makatanggap ang ating mga guro ng umento na makatutulong sa ating mga paaralan na makapanghikayat at makapagpanatili sa de-kalidad na mga edukador at mabawasan ang kakulangan sa guro ng Distrito.

Bumoto ng OO sa Prop J upang matulungan ang mga estudyante ng San Francisco na umunlad.

Alamin pa ang tungkol dito sa supportfschools.com

Palakas in ang ating Lungsod sa pamamagitan ng pagsuporta sa ating mga guro at bata. Bumoto ng OO sa Proposisyon J.

San Francisco Board of Education (Lupon ng Edukasyon ng San Francisco)

United Educators of San Francisco

United Administrators of San Francisco (Nagkakaisang mga Administrador sa San Francisco)

San Francisco Labor Council

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



K

Awtorisasyon para sa Abot-kayang Pabahay

Dapat bang magkaroon ang Lungsod ng awtorisasyon na magmay-ari, mag-develop, magtayo, bumili, o gumawa ng rehabilitasyon sa hanggang sa 10,000 unit ng pinauupahang pabahay para sa mabababa ang kita sa San Francisco?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: May iba't ibang uri ng programa para sa abot-kayang pabahay ang Lungsod, kasama na ang mga:

- Lumilikha, nagpapanatili, at nagpapahusay sa abot-kayang pabahay;
- Binabago ang pabahay na nasa presyo ng merkado tungo sa pagiging permanente na abot-kayang pabahay;
- Nagkakaloob ng utang sa mga bumibili ng bahay sa unang pagkakataon; at
- Tumutulong sa kuwalipikadong may-ari ng tahanan at umuupa na manatili sa kani-kanilang tahanan.

Itinatakda ng Konstitusyon ng Estado ang pag-apruba ng mayorya ng mga botante ng San Francisco bago:

- Makapag-develop, makapagtayo, o bumili ang Lungsod ng mga proyekto na paupahang pabahay para sa mabababa ang kita; o
- Makapag-develop, makapagtayo, o bumili ang mga nonprofit at kompanya ng mga proyekto na paupahang pabahay nang may pinansiyal na tulong mula sa mga pampublikong ahensiya.

Ang Mungkahi: Bibigyan ng Proposisyon K ang Lungsod ng awtorisasyon na magmay-ari, mag-develop, magtayo, bumili, o gumawa ng rehabilitasyon sa hanggang sa 10,000 unit ng pinauupahang pabahay para sa mabababa ang kita.

Sa ilalim ng Proposisyon K, maaaring magmay-ari, mag-develop, magtayo, bumili, o gumawa ng rehabilitasyon ang Lungsod sa mga unit na ito nang hindi nakikipagtrabaho sa mga non-profit o kompanya.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong bigyan ang Lungsod ng awtorisasyon na magmay-ari, mag-develop, magtayo, bumili, o gumawa ng rehabilitasyon sa hanggang sa 10,000 unit ng pinauupahang pabahay para sa mabababa ang kita sa Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa "K"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon K:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, magkakaroon ito ng kaunting epekto sa gastos ng gobyerno. Gayon pa man, sakaling magdesisyon ang mga gumagawa ng polisiya sa Lungsod na magpatuloy sa paglikha ng istruktura sa gobyerno at mag-empleyo upang lubusang magamit ang awtorisasyon na taglay ng ordinansa, malaki ang magiging gastos.

Isinasaad ng Artikulo 34 ng Konstitusyon ng Estado na hindi magde-develop, magtatayo, o bibili ng (mga) pabahay na proyektong mababa ang upa ang anumang pampublikong entidad nang walang pag-apruba ng mga botante na nasa hurisdiksiyon na karoroonan ng (mga) proyekto. Pagkakalooban ng mungkahing ordinansa ang Artikulo 34 ng awtorisasyon para sa 10,000 abot-kayang pabahay, at espesipiko nitong isinasaad na magkakaroon ang gobyerno ng Lungsod ng awtorisasyon na magmay-ari, mag-develop, magtayo, bumili, o gumawa ng rehabilitasyon sa mga unit na ito. Karagdagan dito, binibigyan ng mungkahi ang Lungsod ng awtorisasyon na gumawa ng anumang kinakailangang aksiyon upang maipatupad ang ordinansa nang sumusunod sa naaayong mga batas.

Kapag inaprubahan ng mga botante, ang susunod na kailangang gawin ng mga gumagawa ng polisiya ng lungsod ay ang pagtata-tasa at pagdedesisyon kung aling mga gawain ang direktang ipatutupad ng Lungsod (halimbawa, pagde-develop ng pabahay, pagbili ng ari-arian, konstruksiyon, pamamahala sa ari-arian at pag-aari). Ayon sa pagpapasya ng Lungsod, kasama na rito ang pagtukoy ng pagpapalawak o modipikasyon sa istruktura ng mga ahensiya ng lungsod, mga bagong proseso, pag-eempleyo, iba pang gastos, at ang pagkakaloob ng pondo para sa mga operasyon. Batay sa bilang ng mga unit na gustong makuha at

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



kinakailangang imprastruktura, bubuo ito ng malaki at makabuluhang pagdaragdag sa mga operasyon at gastos ng Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "K"

Noong Hulyo 28, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon K sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon K

Ang Artikulo 34 sa Konstitusyon ng California ay rasistang batik sa kasaysayan ng ating estado, na makitid na naipasa noong 1950 sa pamamagitan ng pagsuporta ng mga naniniwala sa segregasyon, upang mahadlangan ang abot-kayang pabahay at huwag mapahintulutan ang pagkakasali ng mga ltim na umuupa. Nananatili pa rin ito hanggang sa ngayon.

Isang hakbang ang Prop K tungo sa pagtatanggal ng rasismong pamana na ito at pagbibigay ng awtorisasyon sa paglikha ng hanggang sa 10,000 karagdagang unit ng permanente na abot-kayang pabahay sa San Francisco.

Walang gastos sa mga nagbabayad ng buwis ang pagbibigay ng awtorisasyon para sa mga bagong tahanan na ito.

Binibigyan din ng Prop K ng awtorisasyon ang paglikha ng munisipal na social housing (pabahay na kaloob ng gobyerno o nonprofit para sa mabababa ang kita at may espesyal na pangangailangan). Isa itong uri ng permanente na abot-kayang pabahay na para sa kapakanan ng publiko, kung saan naniningil ng mabababang upa at nagkaloob ng pabahay sa malawak na hanay ng magkakaiba ang kita, at napasimulan na ito sa Vienna at sa iba pang malalaking lungsod. Mahalaga at inobatibong stratehiya ang social housing upang matugunan ang pagkawala ng mga tinitirhang lugar at kawalan ng tahanan.

Dapat patuloy na sumulong ang San Francisco upang mabaligtad ang pagkawala ng tinitirhang lugar ng mga taong may kulay sa ating lungsod at babaan ang halaga ng pabahay upang makayanan ng mga nagtatrabahong tao na makapamuhay rito. Mahalagang hakbang ang Prop K sa direksiyong ito at sinusuportahan ito ng buong Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

Pakisamahan kami at **Bumoto ng Oo sa K.**

*Superbisor Dean Preston, Awtor
San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko ng San Francisco)
Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)
San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)
Eviction Defense Collaborative (Mga Magkakatuwang para sa Pagdepensa Laban sa Pagpapaalis)
Coalition on Homelessness (Koalisyon ukol sa Kawalan ng Tahanan)
Housing Rights Committee (Komite para sa mga Karapatan sa Pabahay)
Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay)
Jobs with Justice (Mga Trabahong may Katarungan) San Francisco
SEIU Lokal 1021
Senador ng Estado Senator Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Phil Ting
Miyembro ng Asembleya David Chiu
Presidente ng Board of Supervisors Norman Yee
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Shamann Walton
Superbisor Matt Haney
Superbisor Gordon Mar
Superbisor Sandra Fewer
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Catherine Stefani
SocialHousingSF.com*

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon K

Sinasabi ng mga may-panukala na binibigyang-awtorisasyon ng Prop. K ang “social housing ng munisipalidad.” Inaangkat ba nila ang Europeong termino na ito upang mailihis ang atensiyon ng mga botante mula sa bigong kasaysayan ng mga proyekto sa pabahay na pinatatakbo ng gobyerno dito mismo sa San Francisco?

Paano kung ang tradisyon ng mas mahusay na paggana ng social housing sa Europa ay dahil mismo sa limitadong papel ng gobyerno? Ayon sa pagkakatala ng awtor ng papel ukol sa social housing sa Europa (<https://bit.ly/344sjGI>):

“...nagtamasa ang mga tagapagkaloob ng social housing, kapwa ang munisipyo, at hindi ang munisipyo, ng malaki-laking awtonomiya sa pag-aksiyon sa malaking bahagi ng ika-20 siglo, ngunit sa nakaraang tatlung taon, nagkaroon ng transisyon sa sitwasyon kung saan mas naging mahigpit ang paghawak sa kanila ng sentral na gobyerno.”

Maaaring hindi nagkakataon lamang, pero iniuulat din nila na “para sa malaking bahagi ng ika-20 siglo, nakita ang social housing bilang bahagi ng solusyon sa mga problema sa pribadong pabahay; ngayon nakikita na ito bilang bahagi ng problema – na malulutas sa pamamagitan ng pagpunta sa pribadong sektor.”

Hindi matapat na ipinahahayag ng mga may-panukala na “walang gastos sa mga nagbabayad ng buwis” ang “pagbibigay-awtorisasyon” para sa 10,000 tahanan, habang isinasawalang-bahala na gumagastos ng **bilyon-bilyon** para sa *aktuwal na pagtatayo at pagpapanatili sa mga ito.*

Mayroon silang ipinapangako para sa lahat: Pabahay na “mabababa ang upa,” na “tutugon sa... kawalan ng tahanan” at “babaligtarin ang pagkawala ng tinitirhang lugar ng mga taong may kulay sa ating lungsod,” pero binibigyan ng pabahay ang mga residenteng “malawak ang hanay ng saklaw na kita.”

Walang duda na “abot-kaya” para sa mga tao na komportable ang kalagayang pampinanansiya ang mabababa ang upa na mga apartment na ito ng gobyerno. Pero paano ito nakatutulong sa mga walang tahanan, o sa mga taong hindi kaya ang presyo ng San Francisco at may “maling” etnisidad? Ipinagpatuloy ng pagkaloob ng pabahay batay sa kulay ng balat, sa halip na batay sa pangangailangan, ang rasismo na isinusumpa ng mga may-panukala.

*Libertarian Party of San Francisco (Partido Libertaryan ng San Francisco)
www.LPSF.org*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon K

“Ang Pabula ng Pabahay sa San Francisco”

Noong unang panahon, nagtayo ang mga independiyenteng builder ng pabahay sa San Francisco na kayang bayaran ng ordinaryong tao.

Gayon pa man, sa pagdaan ng panahon, nagdagdag ang mga politiko ng mga buwis, at ng mga patakaran. Sa partikular, ng mga regulasyon sa pagsosona, upang masiyahan ang mga NIMBY (tumututol na mga residente sa mungkahing development) na mayroon nang tahanan at ayaw makapagtayo ng anuman na malapit sa kanila, lalo na iyong para sa mahihirap.

Mas kaunting pabahay ang natayo, at nabigo ang supply (makukuha) na matugunan ang demand (pangangailangan). Naging mas mahal ang mga tahanan. Pero kinailangan pa rin ng mahihirap ng matitirhan. Ang mga politikong gustong makuha ang kanilang boto at pera ay nagsabi ng, “Iboto ninyo kami, bibigyan namin kayo ng abot-kayang pabahay!”

Dahil dito, nagtaas sila ng buwis (kung kaya’t naging mas mahirap sa mga tao na makayanang magbayad sa pabahay nang walang tulong) at ginamit nila ang pondo para sa pagtatayo ng mga proyekto para sa pampublikong pabahay – ang Sunnydale, ang Geneva Towers, ang Valencia Gardens, at iba pa. Pero hindi naging mahusay ang gobyerno sa pagpapatakbo ng pabahay. Nang maitayo na ang mga proyekto, pinabayaan na ang mga ito ng mga politiko at naging slums o magugulo at maruruming lugar.

Nagresulta ito ng lalong pagkatakot ng mga NIMBY na magkaroon ng mahihirap na tao o luma at sira-sira nang gusali na kalapit nila. Kaya nga’t sinuportahan nila ang mas maraming patakaran ng gobyerno ukol sa kung ano ang puwedeng maitayo

sa kung saan, at kung paano, at walang katapusang mga pagdinig. May gastos na pera ang lahat ng ito, kung kaya’t nagpataw ang mga politiko ng karagdagang singil sa mga builder upang sila ang magbayad.

Hindi naglaon, nangailangan ang mga builder ng mga konsultant upang matulungan silang masunod ang mga patakaran, at ng mga accountant para malaman kung paano nila mababayaran ang kanilang buwis nang hindi nalulugi. Kinailangan nilang magkaroon ng mga abugado, bayaran ang mga politikal na power broker (tao na may impluwensiya sa politika), at maging mga organisador ng komunidad upang mapigilan ang mga NIMBY sa paggamit sa mga pandinig para patayin ang kanilang mga proyekto.

Sa wakas, halos wala nang bagong pabahay na naitatayo. Kung ano man ang naitayo, ay naging napakamahal naman. Libo-libong mahihirap ang naging homeless at nasa lansangan.

“Kailangan ninyo ng abot-kayang pabahay!” sigaw ng mga politiko. “Bumoto para sa Proposisyon K at bibigyan namin kayo ng hanggang sa 10,000 bagong unit ng pampublikong pabahay!”

Putulin na natin ang siklo. Bumoto ng **HINDI** sa Prop K.

Libertarian Party of San Francisco

www.LPSF.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon K

Sinusuportahan ang K ng nagkakaisang koalisyon na kumakatawan sa diversity o mga pagkakaiba-iba sa San Francisco. Magkasama tayong tumitindig laban sa pamana ng rasismo at klasismo sa batas sa pabahay ng California at sinusuportahan ang mas maraming abot-kayang pabahay para sa mga kabahayan na mababa ang kita at uring manggagawa.

Kinakatawan ng mga katunggali ang fringe group (pangkat ng mga nasa labas at wala sa mayorya) na tumututol sa mga pampublikong paaralan, tumututol sa mga regulasyon para sa malinis na hangin at tubig, at pabor sa walang limitasyon na pagbabenta ng assault weapons (semiautomatic na riple, shotgun o pistola).

Ang kanilang “pabula” ukol sa pabahay ay iyon na talaga: hinabing kuwento na malayo sa realidad at walang batayan sa kasaysayan o mga katunayan o facts.

Kinakailangan lamang ang pag-oo sa K dahil 70 taon na ang nakararaan, naipanalò, nang napakaliit lamang ang agwat, ng pangkat na para sa segregasyon ang pag-amyenda sa Konstitusyon ng California na tinatawag na Artikulo 34. Layunin nitong harangan ang paglikha at pagpopondo ng pabahay para sa mga kabahayan na mababa ang kita at nakatuon ito sa mga taong may kulay. Ang pagboto ng Oo sa K ay hakbang tungo sa pagtatanggal ng mantsang ito ng rasismo sa ating konstitusyon.

Binibigyang-awtoridad din ng pag-oo sa K ang inobatibong anyo ng abot-kayang pabahay na tinatawag na municipal social housing. Isa itong solusyon na napatunayan na sa ibang bansa – sa Vienna, Austria, nakatira ang 62% ng mga kabahayan sa kung ano mang uri ng social housing, kung saan hindi gumagasta ang mga umuupa ng mas malaki sa 20-25% ng kanilang kita sa upa. Makatutulong ang pagbibigay-awtorisasyon sa municipal social housing sa ating mga pagsusumikap na gawing mas abot-kaya ang San Francisco at mabawasan ang kawalan ng tahanan.

Pakisamahan ang mga organisasyon at lider na kumakatawan sa bawat sulok ng ating lungsod, at bumoto ng Oo sa K.

San Francisco Democratic Party

Coalition on Homelessness

Affordable Housing Alliance

Housing Rights Committee (Komite para sa mga Karapatan sa Pabahay)

San Francisco Tenants Union

Jobs with Justice San Francisco

www.SocialHousingSF.com

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



L Business Tax na Nakabatay sa Paghahambing ng Suweldo ng Pinakamatataas na Executive sa Suweldo ng mga Empleyado

Dapat bang permanenteng magpataw ang Lungsod ng karagdagang buwis sa ilang negosyo sa San Francisco, kung saan kumikita ang tagapamahalang empleyado na pinakamatataas ang bayad, ng 100 beses na mas mataas sa panggitnang suweldong ibinabayad sa kanilang mga empleyado sa San Francisco, kung saan ang porsiyento ng karagdagang buwis ay magiging nasa pagitan ng 0.1%–0.6% ng gross receipts (kabuuang kita) o nasa pagitan ng 0.4%–2.4% ng payroll expense (gastos sa suweldo, bonus, komisyon at iba pa) para sa mga negosyong ito na nasa San Francisco, para sa tinatayang kita na nasa pagitan ng \$60–140 milyon sa isang taon?

OO	<input type="radio"/>
HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nangongolekta ang Lungsod ng tax sa gross receipts (Gross Receipts Tax) mula sa ilang negosyo sa San Francisco sa porsiyento na mula 0.16% hanggang 0.65% taon-taon.

Nagbabayad ang mga negosyong mahigit sa \$1 bilyon ang gross receipts, may 1,000 empleyado sa kabuuan ng bansa, at may administratibong mga opisina sa San Francisco ng administrative office tax o buwis sa administratibong opisina (Administrative Office Tax) batay sa kanilang payroll expense sa halip na sa kanilang gross receipts. Ang porsiyento ng buwis na ito ay 1.4% ng kanilang payroll expense.

Nililimitahan ng batas ng estado ang halaga ng kita, kasama na ang kita mula sa buwis, na puwedeng magasta ng Lungsod sa bawat taon. Binibigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ang mga botante ng San Francisco na pahintulutan ang mga pagtataas sa limitasyong ito, na tatagal nang apat na taon.

Ang Mungkahi: Magpapatay ang Proposisyon L ng karagdagang buwis sa ilang negosyo sa San Francisco kapag kumikita ang tagapamahalang empleyado nilang pinakamatataas ang bayad (Top Executive Pay o Pinakamatataas na Ehekutibong Suweldo) nang 100 beses na mas mataas kaysa sa panggitnang kita na ibinabayad sa kanilang mga empleyado sa San Francisco (Employee Pay o Suweldo ng Empleyado).

- Para sa negosyong nagbabayad ng Gross Receipts Tax, kung 100 beses na mas mataas ang Top Executive Pay nito kaysa sa Employee Pay, magbabayad ang negosyo ng karagdagang buwis na mula 0.1% hanggang 0.6% ng gross receipts nito sa San Francisco.

- Para sa negosyong nagbabayad ng Administrative Office Tax, kung 100 beses na mas mataas ang Top Executive Pay nito kaysa sa Employee Pay, magbabayad ang negosyo ng karagdagang buwis na mula 0.4% hanggang 2.4% ng payroll expense nito sa San Francisco.

Tataasan din ng Proposisyon L ang limitasyon sa paggasta ng taunang kita sa buwis ng Lungsod, batay sa halaga ng karagdagang buwis na makokolekta sa ilalim ng mungkahing buwis. Tatagal nang apat na taon ang mas mataas na limitasyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magpataw ng karagdagang buwis sa ilang negosyo sa San Francisco kapag kumikita ang tagapamahalang empleyado nilang pinakamatataas ang bayad nang 100 beses na mas mataas kaysa sa panggitnang kita na ibinabayad sa kanilang mga empleyado sa Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong magawa ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ukol sa “L”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon L:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordnansa ng mga botante, magresulta ito sa karagdagang taunang kita sa Lungsod na nasa saklaw ng \$60 milyon hanggang \$140 milyon, bagamat posibleng mag-iba rito ang mga resulta sa anumang taon, dahil sa mga kondisyon sa ekonomiya at pag-iiba-iba ng buwis. Ang mungkahing buwis ay

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



pangkalahatang buwis na idedeposito sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng Lungsod.

Lilikha ang mungkahing ordinansa ng karagdagang buwis na ipatutupad sa pangkalahatan sa lahat ng negosyong nagsasagawa ng anumang negosyo sa Lungsod, at kung saan mas mataas sa ratio na 100:1 ang suweldo ng tagapamahalang empleyadong may pinakamataas na bayad (“executive pay o ehekutibong suweldo”) kung ihahambing sa panggitnang suweldo na ibinabayad sa mga empleyado ng negosyo na nakabase sa Lungsod. Para sa mga negosyong bukod pa sa administratibong opisina, ang mga porsiyento na buwis ay porsiyento ng gross receipts na may kaugnayan sa Lungsod, at batay sa ratio ng suweldo ng mga ehekutibo, ay nasa saklaw na mula 0.1% hanggang 0.6%. Para sa mga negosyong may negosyo bilang administratibong opisina, ang mga porsiyento ng buwis ay porsiyento ng payroll expense na may kaugnayan sa Lungsod, at batay sa ratio ng suweldo ng mga ehekutibo, ay nasa saklaw na mula 0.4% hanggang 2.4%. Para magkaroon ng konteksto, may saklaw na mula 0.075% hanggang 0.650% ang mga kasalukuyang porsiyento sa gross receipts tax ng Lungsod, at nakabatay ito sa industriya at laki ng negosyo. Tataasan ng ordinansa ang limitasyon sa mga pinagkakagastusan ng lungsod batay sa halagang makokolekta sa loob ng apat ng taon.

Mahalagang tandaan na lubhang nagbabago-bagong mapagkukunan ng kita ng Lungsod ang buwis na ito. May kontribusyon ang makitid na pinagsisimulang pangkat ng inaasahang magbabayad, ang taunang pagbabago sa halaga at anyo ng suweldo ng mga ehekutibo, at ang potensiyal na panganib ng relokasyon na kaugnay ng pagtataas ng buwis, sa pagiging lubos na pagbabago-bago ng mungkahing buwis, at ang mga pagtatayang nakabatay sa aktibidad ng nakaraang mga taon ay posibleng hindi maging basehan sa panghuhula ng kita sa kinabukasan.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "L"

Noong Hulyo 28, 2020, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon L sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon L

NAGKAKASUNDO ANG MGA LIDER NG LUNGSOD UKOL SA OVERPAID EXECUTIVE TAX (BUWIS NA NAKABATAY SA LABIS-LABIS NA SUWELDO NG EHEKUTIBO)

Hindi pa tapos ang Pandemya. Naghahanda na ang mga lungsod sa kabuuan ng bansa para sa isa na namang malaking pagtaas ng bilang ng mga may sakit, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga kagamitang medikal at pag-eempleyo sa mga nars, doktor, first responder o unang tumutugon, at iba pang mahahalagang manggagawa para sa pangangalaga ng kalusugan. Kailangang maging handa ang San Francisco.

Inaasahang makakalap ang Prop L ng \$140 milyon taon-taon, na siyang magpapahintulot sa Lungsod na mag-empleyo ng daan-daang nars, doktor, at first responder.

Simple lamang ang buwis. Kapag naipasa ang panukalang batas, anumang malaking korporasyon na nagbabayad sa kanilang pinakamataas na ehekutibo ng 100 beses na mas malaki kaysa sa karaniwang manggagawa ay magkakaroon ng 0.1% surcharge (dagdag na bayad) na idaragdag sa kanilang taunang bayad sa business tax (buwis sa negosyo). Mas malaki ang inequity o kawalan ng katarungan sa pagkakatantay-pantay sa pagitan ng pinakamataas na ehekutibo at sa kanilang mga manggagawa, mas mataas ang surcharge.

Puwedeng maiwasan ng mga korporasyon ang buwis sa pamamagitan lamang ng pagbabawas sa bayad sa ehekutibo o sa pagtataas sa sahod ng kanilang mga empleyado.

Naniniwala kami na ang malalaking korporasyon na kayang bayaran ang kanilang mga ehekutibo ng milyon-milyong dolyar na suweldo taon-taon ay kaya ring magbayad ng kanilang makatarungang bahagi ng mga buwis upang makatulong sa atin na makabangon. Nitong nakaraang 30 taon, umakyat na nang husto ang suweldo ng mga ehekutibo sa Estados Unidos nang 940%. Sa kabila nito, tumaas lamang nang 11% ang suweldo ng regular na mga manggagawa.

Binibigyan ng insentibo ng Prop L ang mga kompanya upang mamuhunan sila sa kanilang mga manggagawa, hindi lamang sa kanilang mga ehekutibo.

Ang Prop L ang panukalang-batas na may pagsang-ayon ng nakararami at may malawak na batayang suporta. Pakisamahan kami sa pagboto para sa Prop L.

San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko ng San Francisco)

San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Miyembro ng Asembleya David Chiu

Senador ng Estado Scott Wiener

Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party David Campos

Superbisor Matt Haney

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Shamann Walton

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Ahsha Safai

Superbisor Norman Yee

Superbisor Sandy Fewer

Superbisor Rafael Mandelman

Abugado ng Distrito Chesa Boudin

Pampublikong Tagapagtanggol Mano Raju

Presidente ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) Mark Sanchez

Presidente ng City College Board of Trustees (Lupon ng mga

Katiwala ng Kolehiyo ng Lungsod) Shanell Williams

Dating Senador ng Estado Mark Leno

Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon L

Sa palagian nang parada ng mga lider ng city hall na mayroong katawa-tawa at nakapipinsalang lehislasyon, ang Proposisyon L na ang isa sa pinakanakabagabag na panukalang-balota na naiharap sa mga botante. Kahiya-hiya ang komedyang ito, puno ng mga pagkakamali, at hindi tamang lohika, na itinulak ng nakasisirang sosyalistang adyenda upang makakamkam ng perang pinaghirapang kitain sa panahong ito na nasa masamang kalagayan ang ekonomiya.

Maging malinaw tayo: Kasindak-sindak ang paglilihis mula sa katotohanan ng panukalang-ito sa balota. Kapag inaprubahan ito ng mga botante, walang mananal. Hindi nito masasalat ang suweldo ng CEO. Sa katunayan, ang mga negosyo ang masasaktan nito, na hahantong sa pagkalugi ng ating mga lokal na manggagawa na nasasaktan na nang dahil sa pandemyang ito.

Lubos na naghuhumangos dahil sa galit ang mga lider ng city hall upang makumpiska ang kita ng mga ehekutibo sa negosyo, at nang maparusahan sila, maging hantungan ng sisi, at gawing pantay ang mga kita. Lubos na mabibigo ang mga nagsipirmang nakalista na sumusuporta sa panukalang-batas na ito dahil malayong-malayo sa inaasahan ang kabayaran. Sa kabilang banda, lalo pang maitutulak

palabas ng Prop L ang mga negosyo ng lungsod at ang mga lugar para sa pagbebenta. Kalimutan na ang paghikayat sa mga negosyo sa lungsod sa hinaharap!

Mayroon na bang nauna rito kung saan ang gobyerno ng lungsod ang nagtatakda ng suweldo na dapat kitain ng tagapamahalang ehekutibo ng kompanya? Dapat matakot ang bawat taga-San Francisco sa antas ng kapangahasan na ito. Ang pagdidikta na ito na bawasan ang bayad para sa CEO ay nararapat lamang sa totalitaryong komunistang bansa, hindi sa Amerika. Wala kayong karapatan sa pinaghirapang kitain na pera ng sinuman.

Muli, kapag naaprubahan ang panukalang-batas na ito, sino ang mananal? Walang sinuman. Kung gayon, samahan kami at ang malawak na koalisyon ng mga dismayadong taga-San Francisco na mula sa iba't ibang paniniwalang pampulitika sa pagpapatunog ng alarma upang matutulan ang katawa-tawang buwis na ito at bumoto ng malakas na HINDI sa Prop L. Bisitahin ang www.VoteSF.org para sa iba pang impormasyon.

Richie Greenberg

www.RichieGreenberg.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon L

Sa simpleng salita, napakalinaw na walang edukasyon at wala ring praktikal na karanasan sa ekonomiya at istatistika ang awtor ng walang katwiran na panukalang-batas na ito sa balota.

Natamaan na nang labis ng kasalukuyang pandemya ang pinsala sa mga imprastruktura sa negosyo ng ating lungsod, at walang pinaglingkurang makabuluhang layunin ang proposisyon na ito.

Nakabatay ang suweldo ng mga empleyado sa karanasan at halaga sa kompanya. Sa pamamagitan ng pagsasabatas ng kakaiba at hokus-pokus na buwis sa suweldo ng mga ehektibo na siyang gustong ipataw ng Proposisyon L, mawawala na ang insentibo para sa pag-eepleyo ng bagong mga empleyadong entry-level o nagsisimula sa pinaka-ibaba (o sa pagbibigay muli ng pagsasanay sa kasalukuyang mga empleyado dahil sa mga pagbabago sa negosyo na idinulot ng COVID-19). Sa madaling salita, gagawing mas kaunti ang mga empleyadong mababa ang antas, o titigil na sa pag-eepleyo sa mga ito bilang pagtugon sa panukalang-batas na ito, sakaling maipasa. Bukod rito, malamang na mapigilan ng gayong buwis ang paghihikayat sa mga bagong negosyo na lumipat sa San Francisco, sa panahon na nakakakita tayo ng hindi pa nararasan kailanman na pagbagsak ng ekonomiya nang dahil sa pandemya.

Pakaisipin na ang paniniwala ng marami sa mga lider sa City Hall, lumikha ang sektor ng teknolohiya ng kawalan ng balanse sa ekonomiya - ngunit iwinawaksi ng mga lider din na ito ang katunayan na ang pinakamakabago at abanteng pasilidad para sa medikal na pananaliksik at ang mga sektor para sa serbisyong pampinansiya ay malaki ang epekto at base ng mga empleyado sa lungsod. Ang hindi mabuting obsesyon ng mga lider sa city hall sa social media at pang-impormasyong teknolohiya ang siyang bumubulag sa kanila sa realidad na nasa likod ng mga istruktura sa suweldo.

Higit pa sa simpleng social media tech ang San Francisco. Samahan ako sa pagtutol sa wala sa katwiran at kakaibang proposisyon na ito, at magpadala ng mensahe sa city hall na suportahan ang ating mga negosyo, at huwag itaboy papalayo ang mga ito. Bumoto ng HINDI sa Prop L.

Richie Greenberg
www.RichieGreenberg.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon L

Nagawa na ng San Francisco Democratic Party ang aming pananaliksik at opisyal kaming bumoboto ng oo sa Overpaid Executive Tax.

Ang Prop L ay pinagkaisahan nang marami na panukalang batas, at suportado ito ng mga Demokrata na mula sa iba't ibang paniniwalang pampulitika. Alam namin na sa panahong ito ng krisis, kailangang bayaran ng malalaking korporasyon ang makatarungang bahagi nila upang makatulong sa ating pagbangon.

Inaasahan na makakalap ang Prop L ng \$140 milyong dolyar bawat taon, kung kaya't mapahihintulutan ang lungsod na mag-eepleyo ng daan-daang nars, doktor, first responder at iba pang mahahalagang manggagawa para sa pangangalaga ng kalusugan.

Ipatutupad lamang ang Overpaid Executive Tax sa malalaking korporasyon na nagbabayad sa kanilang mga ehektibo ng 100 beses na mas malaki kaysa sa karaniwan nilang manggagawa. Maaaring maiwasan ng mga negosyo ang buwis sa pamamagitan ng pagbabayad sa kanilang mga ehektibo ng mas mababa o sa simpleng pagtataas ng suweldo ng kanilang mga empleyado.

Gusto kayong papaniwalain ng mga lider ng Republican Party (Partido Republikano) na masama ang anumang pagbubuwis sa mga korporasyon. Naniniwala sila sa isang lungsod kung saan hindi

dapat mag-ambag pabalik sa lipunan ang pinakamayayamang indibidwal.

Huwag maniwala sa mga taktika ng pananakot ng Republican Party. Ang San Francisco ang isa sa pinakakanais-nais na lungsod sa Estados Unidos para maging lokasyon ng mga kompanya. Kakaunti ang epekto o walang epekto sa mga kompanyang kayang magbayad sa kanilang mga CEO ng milyon-milyong dolyar sa isang taon ang maliit na 0.1% ng kanilang corporate tax (buwis sa korporasyon).

Malinaw ang pinagpipilian. Samahan ang malalaking korporasyon at ang Republican Party na tumututol sa Prop L.

O samahan ang San Francisco Democratic Party at ang daan-daan na Demokratikong lider at aktibista sa pagboto ng OO sa Prop L.

San Francisco Democratic Party

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



RR

Buwis sa Pagbebenta ng Caltrain

Upang mapanatili ang serbisyo ng Caltrain at masuportahan ang pagbangon ng ekonomiya sa rehiyon, mapigilan ang kasikipan ng trapiko, magawang mas abot-kaya at mas madaling gamitin ang Caltrain, mabawasan ang polusyon sa hangin sa pamamagitan ng mas malilinis at mas tahimik na elektrik na tren, magawang mas mabilis ang pagbibiyaha, at maging mas madalas at mas malaki ang kapasidad ng Caltrain sa pagitan ng mga county ng Santa Clara, San Mateo at San Francisco, dapat bang pagtibayin ang resolusyon ng Peninsula Corridor Joint Powers Board, na nagpapataw ng 30-taon na sales tax (buwis sa pagbebenta) na one-eighth (isa sa walong bahagi) na sentimo, nang may pangangasiwa at pag-o-audit, at nagkakaloob ng humigit-kumulang \$100 milyon taon-taon para sa Caltrain na hindi na makukuha ng Estado?

OO



HINDI



WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADONG TAGAPAYO NG COUNTY SA PANUKALA RR

Nilagay ng Pinagsamang Mga Kapangyarihan na Lupon ng Peninsula Corridor (JPB o Caltrain) ang Panukala RR sa balota, na magpapahintulot sa mga pagtitinging transaksyon at buwis sa paggamit (buwis sa pagbebenta) na 0.125 porsiyento (isa't-kawalong sentimo) sa mga County ng Santa Clara at San Mateo at sa Lunsod at County ng San Francisco (pinagsama-samang "ang Mga County") sa loob ng tatlung (30) taon, na tinatayang magbibigay ng humigit-kumulang \$100 milyon kada taon. Pinapahintulutan ang JPB na ilagay ang Panukala RR sa balota sa ilalim ng Seksyon 7286.65 ng Kodigo Sa Kita At Pagbubuwis ng California. Bago ang paglalagay sa balota, inaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor ang pagsusumite ng panukala sa mga botante para sa tatlong County at ng mga namamahaling lupon ng Awtoridad sa Transportasyon ng Santa Clara Valley (VTA), Distrito ng Sasakyan ng Paghahatid ng County ng San Mateo (SamTrans), at Awtoridad sa Transportasyon ng Munisipal ng San Francisco (SFMTA).

Sa kasalukuyan, ang Caltrain ay pangunahing pinopondohan sa pamamagitan ng mga pamasaha ng pasahero. Nagmumula ang karagdagang pagpopondo para sa Caltrain sa mga kontribusyon ng miyembrong ahensiya mula sa VTA, SamTrans, at SFMTA. Ang nakasaad na layunin ng buwis sa pagbebenta ay para magtayo ng bago at nakalaang mapagkukunan ng kita para pondohan ang pagpapatakbo at pangkapital na gastusin ng serbisyo ng riles ng Caltrain, at wala ng iba pang layunin. Gaya ng nakasaad sa kumpletong teksto ng Panukala RR, ilalaan ang mga malilikom na buwis para sa mga sumusunod:

1. Para suportahan ang pagpapatakbo ng mga antas ng serbisyo ng Caltrain sa buong corridor mula sa San Francisco hanggang Gilroy;
2. Para suportahan ang pagpapalawig sa serbisyo sa abalang oras ng Caltrain mula sa anim na tren kada oras bawat direksyon hanggang walong tren kada oras bawat direksyon, pati na rin ang pagpapalawig sa serbisyo sa Gilroy hanggang sa hindi bababa sa limang tren sa umaga at limang tren sa hapon;
3. Para buuin at ipatupad ang mga programa para palawigin ang paggamit ng serbisyo ng Caltrain at padaliin ang paggamit sa sistema ng mga pasahero mula sa lahat ng antas ng kabuhayan;
4. Para makatulong na pahasayin ang iba pang lokal, panrehiyon, pang-estado, at pederal na pamumuhunan para isulong ang mga pangkapital na proyektong kinakailangan para ipatupad ang 2040 Pananaw sa Serbisyo ng Plano sa Negosyo ng Caltrain, na pinagtibay ng Caltrain noong Oktubre 3, 2019; at
5. Para pagkalooban ang Caltrain ng tuluy-tuloy na pondong susuporta sa mga taunang pangangailangan sa pagpapatakbo, pagpapanatili, at pangkapital ng de-kuryenteng serbisyo ng Caltrain na magiging mas madalas at mas maraming makakasakay.

Pangangasiwaan at kokolektahin ng Kagawaran ng Buwis at Pangangasiwa sa Bayarin ng California ang buwis. Susuriin ng independiyenteng komite ng mga nagbabantay na mamamayan ang pangangasiwa sa mga malilikom na buwis sa pagbebenta.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66 $\frac{2}{3}$ % botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Ang botong "oo" ay isang boto para aprubahan ang isang buwis sa pagbebenta na 0.125% sa Mga County sa loob ng tatlung taon.

Ang botong "hindi" ay isang boto para hindi aprubahan ang buwis sa pagbebenta.

Kung may kahit dalawang-katlo ng lahat ng botanteng magpapatala ng balota ang boboto ng "oo" sa Panukala RR, aaprubahan ang buwis sa pagbebenta.

James R. Williams
Abugadong Tagapayo ng County, County ng Santa Clara

Mary E. Hanna-Weir
Kinatawang Abugadang Tagapayo ng County

Kung Paano Napunta sa Balota ang "RR"

Noong Agosto 6, 2020, inaprubahan ng Peninsula Corridor Joint Powers Board (Lupon ng mga Kinatawan mula sa mga Ahensiya ng Tatlong County ng Peninsula Corridor) ang resolusyon na naglalagay sa Proposisyon RR sa balota ng San Francisco County, San Mateo County, at Santa Clara County.

Pagkatapos nito, bumoto noong Agosto 7, 2020 ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon RR sa balota. Bumoto ang mga Superbisor nang ayon sa sumusunod:

Oo: Fewer, Haney, Mandelman, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton, Yee.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 56.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon RR

Argumento na Pabor sa Panukalang Batas na RR

Bumoto ng Oo sa Panukalang-batas na RR upang maiwasan ang kasikipan sa trapiko at iligtas ang Caltrain, na napakahalagang lifeline o inaasahan sa buhay para sa ating Lungsod.

Ang Caltrain ay napakahalagang bahagi ng network ng transportasyon ng Bay Area, pero nasa panganib tayong mawala ito nang dahil sa COVID-19.

Hindi magtatagal nang habambuhay ang pandemyang ito at babalik ang trapiko. Isipin na lamang ninyo kung gaano kalala ang magiging sitwasyon kung walang Caltrain na nagpapanatili sa milyon-milyong kotse na wala sa ating mga kalye taon-taon.

Ililigtas ng Panukalang-batas RR ang Caltrain mula sa pagsasara, at paghuhusayin ang sistema, na magkakaloob ng mas mabibilis at mas madadalas na tren, mas mahuhusay na koneksiyon sa BART at sa Muni, libo-libong trabaho na magaganda ang suweldo, at malilinis at mas tahimik na mga tren upang mabawasan ang polusyon sa ingay at sa hangin.

Ipinapakita ng mga pag-aaral sa transportasyon na ang mga pagpapahusay na dahil sa Panukalang-batas RR ay makapaglalagay ng katumbas ng dalawang lane ng trapiko sa Caltrain sa halip na sa ating mga highway.

Titiyakin ng istriktong pagpapanagot sa pinansiya — kasama na ang pangangasiwa at taunang pampublikong pag-o-audit — na gagastusin ang bawat sentimo ng Panukalang-batas RR ayon sa naipangako. Ayon sa batas, kailangang suportahan ng lahat ng pondo ang sistema ng Caltrain sa loob ng mga county ng San Francisco, San Mateo, at Santa Clara — walang maaaring makuha ang Estado o maaaring magamit para sa anumang iba pang layunin.

Bumoto ng Oo sa RR — Iwasan ang Trapiko, Bawasan ang Polusyon, Iligtas ang Caltrain

- Iwasan ang kasikipan ng trapiko
- Gawing mas maluwag ang trapiko sa mga Highway 101 at 280
- Bawasan ang polusyon sa ingay at sa hangin sa pamamagitan ng mas malilinis at mas tahimik na mga electric na tren
- Lumikha ng mga lokal na trabaho
- Paghuhusayin ang mga koneksiyon ng Caltrain sa BART at sa Muni
- Gawin mas may equity o katarungan sa pagkakapantay-pantay ang mga pamasaha at magkaroon pang lalo ng diversity o pagkakaiba-iba ng mga sumasakay
- Bawasan ang panahon ng pagbibiyaha
- Lalo pang magkaroon ng kaligtasan para sa mga sumasakay at naglalakad
- Ihanda ang Caltrain sa pagpapalawak ng serbisyo tungo sa Downtown San Francisco

Habang bumabangon ang Bay Area mula sa pandemya at bumabalik ang mga tao sa trabaho, babalik din ang kasikipan ng trapiko. Tiyakin natin na hindi tayo mawawalan ng napakahalagang kailangan sa buhay at ng abot-kayang alternatibong transportasyon sa proseso. Bumoto ng Oo sa RR.

Dianne Feinstein, Senador ng Estados Unidos
London Breed, Mayor, Lungsod at County ng San Francisco
Shamann Walton, Caltrain Board of Directors (Lupon ng mga Direktor ng Caltrain) at San Francisco Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco)
Janice Li, BART Board of Directors (Lupon ng mga Direktor ng BART)
Dominique Monie, Kasamang Tagapangulo, San Francisco Transit Riders (Mga Sumasakay sa Transportasyon sa San Francisco)

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon RR

Sagot sa Argumento sa Balota bilang Pagsuporta sa Sales Tax (Buwis sa Pagbebenta) para sa Peninsula Corridor Joint Powers Authority (CalTrain) — Proposisyon RR

TAMA NA, SOBRA NA!

Itataas ng Panukalang-batas RR ang porsiyento ng sales tax (buwis sa pagbebenta) nang mula 8.5 porsiyento tungo sa 8.625 porsiyento.

Maaaring hindi ito mukhang malaki, pero sa ganyang paraan nakakukuha ang mga gobyerno ng mas maraming pera mula sa karaniwang mga mamamayan: kaunti rito, kaunti roon, at hindi maglalaon, ay napakarami na.

Malala pa rito, regressive na buwis (kumukuha ng mas malaking porsiyento mula sa maliliit ang kita kaysa sa malalaki ang kita) ang sales tax. Gumagasta ang mga pamilyang mabababa ang kita ng mas mataas na porsiyento ng kanilang badyet sa mga bagay na pinapatawan ng sales tax kung ihahambing sa mga pamilyang matataas ang kita. **Dahil dito, ang mga pamilyang mabababa ang kita ang siyang pinakamatatamaan ng pagtataas sa sales tax ng RR.**

Partikular nang napinsala ang mga pamilyang mababa ang kita ng mga lockdown o hindi pagpapahintulot na lumabas sa bahay. Doble-dobleng suntok ang pagtataas ng sales tax na ito.

Ikinakatwiran ng mga may-panukala na “hindi magtatagal nang habambuhay ang pandemya.” Totoo iyan. Gayon pa man, totoo rin na **itatalag ang pagtataas ng buwis na ito nang hanggang sa 30 taon.**

Sa panahon ng pandemyang COVID-19, marami sa atin ang kinailangang maghigpit ng sinturon. Kailangang ganoon din ang gawin ng gobyerno. Kailangang magkasya ito sa malaki nang halaga ng pera na kinukuha na nito mula sa atin.

Huwag ninyong hayaan silang makakuha pa ng mas marami pa mula sa pera ninyo.

Panahon na para magsabi ng HINDI.

Padalhan sila ng mensahe.

Bumoto ng HINDI sa RR.

Eric Garris

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon RR

Argumento sa Balota Laban sa Peninsula Corridor Joint Powers Authority (CalTrain) Sales Tax — Panukalang-batas RR

Napakagandang rekurso ng Caltrain. Gayon pa man, kasalukuyan nang lubhang napinsala ang ating mga lokal na komunidad sa pagsasara ng gobyerno ng ekonomiya nang dahil sa krisis na pandemyang Covid-19. Hindi na kaya pa ng mabababa at panggitna ang kita at ng mga walang trabaho na magdagdag ng isa na namang regressive sales tax sa panahong ito, lalo na ang iyong naka-iskedyul na tumakbo sa loob ng tatlung taon.

Nang dahil sa pandemya, nagkaroon na ng mga tanong tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa pampublikong transportasyon sa pangkalahatan. Habang remote o mula sa malalayong lugar na nagtatrabaho ang mga manggagawa, na estado sa paggawa na malamang na magpatuloy sa nakikita nating hinaharap, **talagang wala lang pangangailangan na pondohan ang mas maraming serbisyo ng Caltrain at magagastos na pag-a-upgrade o pagpapahusay.**

Nawala na sa Caltrain ang mahigit sa 95% ng mga sumasakay dito sa panahon ng Covid-19. Bagamat maaaring makabalik ang mga sumasakay sa Caltrain sa pagdaan ng panahon, walang kabuluhan ang pagkolekta ng 30-taon na sales tax at ang paggasta ng malalaking halaga upang damihan pa ang serbisyo sa Caltrain, partikular na sa panahong nananatili pa rin ang sales tax na mayroon na tayo para sa transportasyon, at maaari nitong

pondohan ang Caltrain sa kasalukuyan at nakaraang mga antas ng serbisyo.

Pinopondohan ng naririyang nang transportation sales tax (buwis sa pagbebenta na nakalaan sa pampublikong transportasyon) ang tatlong ahensiya ng transportasyon ng mga county, ang Muni, VTA, at SAMTRANS, na siya namang nagbibigay ng subsidyo sa Caltrain sa pamamagitan ng \$30 milyon/taon mula sa pondo ng mga nagbabayad ng buwis. Pahihintulutan ng pagpasa ng mungkahing sales tax na para sa Caltrain ang Muni, VTA, at SAMTRANS na mapanatiling hawak ang \$30 milyon/taon para sa kani-kanilang sarili, sa halip na bigyan ng subsidyo ang Caltrain. Gayon pa man, ang mungkahing sales tax para sa Caltrain ay hindi lamang para palitan ang \$30 milyon/taon na mga subsidyo, at sa halip, makakalap ito ng \$100 milyon/taon, na magneneto ng karagdagang \$70 milyon/taon para sa Caltrain, at ng karagdagang \$30 milyon para sa iba pang ahensiyang pantransportasyon. At heto ang panukala sa panahong pinakahindi kayang magbayad ng taumbayan ng buwis, at kung kailan maaaring mas mabawasan ang paggamit sa transportasyon.

Mangyaring bumoto ng hindi sa sales tax para sa Caltrain, na Panukalang-batas RR.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang: www.SVTaxpayers.org

Eric Garris

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon RR

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon RR

Wala sa katwiran at walang impormasyon ang kaisa-isang katunggali na laban sa panukalang-batas RR, ngunit nagkakasundo kami sa isang mahalagang usapin: nawasak na ang ating mga komunidad ng COVID-19, at gayon din ang Caltrain at ang pampublikong transportasyon.

May mas mahusay pa tayong maggagawa kaysa sa pagbabalik lamang sa “dating normal” na walang-katapusang trapiko, mahahabang pagbibiyaha, at mas maraming polusyon.

Puwede tayong bumalik sa “bagong normal” na mas kaunting trapiko at mas malinis na hangin. Mahalaga ang RR sa pagtamo ng “bagong normal,” at sa paghahatid ng mga trabaho pabalik sa Bay Area.

Makatutulong sa atin ang panukalang-batas RR upang bumangon nang mas malakas kaysa sa dati:

Ang pagboto ng Oo sa RR ay magtatanggal sa libo-libong kotse mula sa mga highway araw-araw. Ipinapakita ng mga sarbey na babalik ang mga sumasakay sa pampublikong transportasyon. Kung wala ang Caltrain, mapipilitan silang magmaneho, kung kaya’t magiging mas malala pa ang trapiko kaysa sa panahong bago ang COVID-19.

Namumuhunan ang RR sa mas malinis, mas tahimik, at mas mabuti sa kapaligirang mga tren, kung kaya’t mababawasan ang polusyon sa ngay at sa hangin.

Pinoprotektahan ng RR ang Caltrain bilang abot-kaya at maasahang pampublikong transportasyon. Libo-libong mahahalagang manggagawa — tulad ng mga nars, guro, at first

responder — ang umaasa sa Caltrain araw-araw. Nararapat lamang sa kanilang magkaroon ng mabilis, hindi nagbabago-bago, at ligtas na transportasyon.

Titiyakin ng mga pangangasiwa at independiyenteng pag-o-audit ang pagiging bukas sa pagsisiyasat at pagpapanagot. Kailangang magbigay-suporta ang bawat sentimo sa mga pagsusumikap ng Caltrain na matanggal ang kasikipan ng trapiko at mabawasan ang polusyon.

Huwag magpabiktima sa mga taktika ng pananakot ng isang kritiko: Nagdaragdag lamang ang panukalang-batas RR ng isang sentimo sa binibiling \$8 at hindi kasama sa buwis ang mahahalagang bagay na tulad ng groseriya at gamot. Maliit na halaga lamang iyan upang mabayaran ang pag-iwas sa kasikipan ng trapiko at mailigtas ang Caltrain.

Oo sa RR — Iligtas ang Caltrain, Bawasan ang Trapiko.

RescueCaltrain.org

*David Chiu, Miyembro ng Asembleya ng Estado ng California**

*Aaron Peskin, Superbisor ng San Francisco**

*Sarah Cardona, Direktor ng Polisiya ukol sa Klima, Greenbelt Alliance**

Dominique Monie, Kasamang Tagapangulo, San Francisco Transit Riders

*Fran Weld, Nakatataas na Bise Presidente, San Francisco Giants**

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon; lumalagda ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Talatuntunan

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon — Nobyembre 3, 2020

A		G	Pagboto ng Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon	83
Accessible na pagboto at mga serbisyo	11	H	Neighborhood Commercial Districts at Pagbibigay ng Permits ng Lungsod	86
Address ng inyong lugar ng botohan (likod na pabalat)		I	Real Estate Transfer Tax	90
B		J	Parcel Tax para sa San Francisco Unified School District	94
Batas sa mga Karapatan ng Botante	4	K	Awtorisasyon para sa Abot-kayang Pabahay	98
D		L	Business Tax na Nakabatay sa Paghahambing ng Suweldo ng Pinakamatataas na Executive sa Suweldo ng mga Empleyado	102
Direktor, sulat mula sa	2	RR	Buwis sa Pagbebenta ng Caltrain	106
H			Lugar ng Botohan, kumpirmahin ang lokasyon ng . . . (likod na pabalat)	
Hindi mamamayan, pagboto sa eleksyon ng Lupon ng Edukasyon ng	19	M		
I		Maagang pagboto	6, 7	
Instruksiyon sa pagboto, mga	9	Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)		
Isinusulat-lamang (write-in) na mga kandidato, paano bumoto ng	9	Multilingwal na serbisyo para sa mga botante	14	
Itanong, mga madalas (FAQs).	16	N		
K		Nagkamali habang bumoboto, paano makakukuha ng bagong balota	7	
Kandidato at katungkulan, impormasyon tungkol sa mga	18	O		
Kandidato, Mga pahayag ng mga kuwalipikasyon		Online na mga kasangkapan na tulung sa mga botante (loob ng likod na pabalat)		
Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos	20	P		
Mga Kandidato para sa Senador ng Estado	21	Pagboto nang personal	7, 8	
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado	22	Pagboto sa pamamagitan ng koreo	6	
Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (kung naaangkop).	24	Pagkapribado ng inyong rehistrasyon, impormasyon ukol sa	10	
Mga Kandidato para sa Direktor ng BART (kung naaangkop).	39	Pagmamarka sa inyong balota	9	
Mga Kandidato para sa Board of Education	42	Pangkalahatang buod ng utang	54	
Mga Kandidato para sa Community College Board	47	Partido, mga pag-endoso ng	18	
Komisyon para sa mga Eleksyon	4	Petsa, mahahalagang mga (loob ng harap na pabalat)		
Komite para Gawing mas Simple ang Balota	3	Poll worker, recruitment ng mga (loob ng harap na pabalat)		
L		Programang Ligtas sa Tahanan	10	
Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante	3	R		
Lokal na mga panukalang-batas na nasa balota at mga argumento, impormasyon tungkol sa	53	Ranked-choice na pagboto	9	
A Bond para sa Kalusugan at Kawalan ng Tahanan, mga Parke at Kalye	60	Rehistrasyon, impormasyon tungkol sa	10	
B Department of Sanitation and Streets, Sanitation and Streets Commission, at Public Works Commission	64	S		
C Pagtatanggal ng Itinatakdang Pagiging Mamamayan para sa mga Miyembro ng mga Lupon ng Lungsod	68	Salitang dapat ninyong malaman	56	
D Pangangasiwa ng Sheriff	70	Sistema ng pagboto	10	
E Pag-eempleyo sa Pulisya	74	W		
F Lubusang Pagbabago sa Business Tax	78	Website ng Departamento ng mga Eleksyon (likod na pabalat)		
		Worksheet ng Balota	112	

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* at sa *Sing Tao Daily* sa Oktubre 21 at 22, at sa *El Reportero* sa Oktubre 23.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

MGA PROPOSISYON

MGA PROPOSISYON NG ESTADO	OO	HINDI
14 Mag-aawtorisa ng mga bonong magpapatuloy ng pananaliksik para sa stem cell.		
15 Pararamihin ang mga pinagmumulan ng pagpopondo para sa mga pampublikong paaralan, kolehiyo ng komunidad, at serbisyo ng lokal na gobyerno sa pamamagitan ng pagbabago sa pagtatasa ng buwis para sa pangkomersyo at industriyal.		
16 Magpapahintulot ng dibersidad bilang salik sa mga pagpapasya sa pampublikong trabaho, edukasyon, at pagkokontra.		
17 Ibabalik ang karapatang bumoto pagkatapos makumpleto ang sentensiya sa pagkakabilanggo.		
18 Babaguhin ang saligang-batas ng California upang pahintulutan ang mga nasa edad na 17 taong gulang na bumoto sa mga primarya at espesyal na halalan kung sila ay magiging 18 taong gulang sa pagsapit ng susunod na pangkalahatang halalan at sa ibang paraan ay magiging karapat-dapat bumoto.		
19 Babaguhin ang mga partikular na patakaran sa buwis sa ari-arian.		
20 Magbibigay ng restriksyon sa parol para sa ilang pagkakasalang kasalukuyang itinuturing na hindi marahas. Mag-aawtorisa ng mga sentensiya sa peloni para sa ilang pagkakasalang kasalukuyang itinuturing lamang na maliliit na pagkakasala.		
21 Palalawakin ang awtoridad ng lokal na gobyerno upang ipatupad ang kontrol sa upa sa residensyal na ari-arian.		
22 Bibigyan ng iksemsyon ang mga app-based na kumpanya ng transportasyon at deliberi sa pagkakaloob ng mga benepisyo ng empleyado sa ilang nagmamaneho ng sasakyan.		
23 Magtatatag ng mga iniaatas ng estado para sa mga klinikang dyalisis para sa kidney. Mag-aatas ng medikal na propesyonal sa lugar.		
24 Babaguhin ang mga batas sa pagkapribado ng mamimili.		
25 Reperendum sa batas na magpapalit sa piyansang pera ng sistemang batay sa pampublikong kaligtasan at panganib ng pagtakas sa ibang lugar.		
MGA LOKAL NA PROPOSISYON		
A Bond (utang ng gobyerno) para sa Kalusugan at Kawalan ng Tahanan, mga Parke at Kalye		
B Department of Sanitation and Streets (Departamento para sa Kalinisan at mga Kalye), Sanitation and Streets Commission (Komisyon para sa Kalinisan at mga Kalye), at Public Works Commission (Komisyon ng mga Pampublikong Gawain)		
C Pagtatanggal ng Itinatandang Pagiging Mamamayan para sa mga Miyembro ng mga Lupon ng Lungsod		
D Pangangasiwa ng Sheriff		
E Pag-eempleyo sa Pulisya		
F Lubusang Pagbabago sa Business Tax (Buwis sa Negosyo)		
G Pagboto ng Kabataan sa mga Lokal na Eleksyon		
H Neighborhood Commercial Districts (distritong mababa o katamtaman ang dami ng tao at magkahalong residensiyal at komersiyal ang gamit) at Pagbibigay ng Permits ng Lungsod		
I Real Estate Transfer Tax (Buwis ukol sa Paglilipat ng Ari-arian)		
J Parcel Tax (buwis sa parsela o buwis na nakabatay sa mga katangian ng ari-arian at hindi sa natasang halaga nito) para sa San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)		
K Awtorisasyon para sa Abot-kayang Pabahay		
L Business Tax na Nakabatay sa Paghahambing ng Suweldo ng Pinakamatataas na Executive sa Suweldo ng mga Empleyado		
MGA PROPOSISYON NG DISTRITO		
RR Buwis sa Pagbebenta ng Caltrain		





Worksheet ng Balota: Eleksyon sa Nobyembre 3, 2020

Para makatipid sa oras at makaiwas na makagawa ng mga pagkakamali sa inyong opisyal na balota, gamitin ang worksheet na ito tulad ng sumusunod:

1. Gawing reperensiya ang halimbawang balota na nasa Ingles na Pamplet o makukuha online sa sfelections.org/voterportal.
2. Para sa bawat labanan, suriin ang mga kandidato sa inyong halimbawang balota pati na rin ang mga isinusulat-lamang na mga kandidato sa sfelections.org/writein.
3. Isulat ang (mga) pangalan ng inyong mga piniling (mga) kandidato o markahan ang "Oo" o "Hindi" sa mga panukala sa balota gamit ang itinalagang espasyo.
4. Kopyahin ang inyong mga pinili mula sa ballot worksheet na ito sa inyong opisyal na balota.

MGA KATUNGKULAN

MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG PARTIDO

Presidente at Bise Presidente

Bumoto ng Isang Partido

MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE

Kinatawan ng Estados Unidos

Bumoto ng Isa

Senador ng Estado

Bumoto ng Isa

Miyembro, Asembleya ng Estado

Bumoto ng Isa

MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO

Miyembro, Lupon ng Edukasyon

Bumoto ng hindi hihigit sa apat

Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad

Bumoto ng hindi hihigit sa apat

Direktor ng BART

Bumoto ng Isa


Miyembro, Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco

Tanging ang mga botanteng nakatira sa mga distritong 1, 3, 5, 7, 9, at 11 ang maghahalal ng mga miyembro sa Lupon ng mga Superbisor sa eleksyong ito. Para matuto ng higit pa ukol sa ranked-choice voting, mangyaring tingnan ang pahina 9.

	1 Ika-1 Pinili	2 Ika-2 Pinili	3 Ika-3 Pinili	4 Ika-4 Pinili	5 Ika-5 Pinili	6 Ika-6 Pinili	7 Ika-7 Pinili
Distrito 1							
Distrito 3							
Distrito 5							
Distrito 7							
Distrito 9							
Distrito 11							



May mga Tanong ba Kayo?



Makakausap ang aming Voter Support team sa isang tawag o click lamang...

Makakausap ang mga operator ng telepono na nagsasalita ng iba't ibang wika, mula Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., at sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, (Oktubre 24–25 at Oktubre 31–Nobyembre 1), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m. Sa Araw ng Eleksyon, bukas ang aming mga linya mula 6:30 a.m. hanggang 8 p.m.

Maaari din ninyong ipadala sa anumang oras ang inyong mga katanungan sa pamamagitan ng koreo o email.



English: (415) 554-4375

Español: (415) 554-4366

中文: (415) 554-4367

Filipino: (415) 554-4310

TTY: (415) 554-4386



sfvote@sfgov.org



Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

O subukang gamitin ang isa sa mga nakatutulong na kasangkapan para sa online na botante:

- Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon sa registertovote.ca.gov
- Tingnan ang inyong rehistrasyon, humiling ng pamalit na balota, at iba pa sa sfelections.org/voterportal
- Mag-sign up para sa mga email, text, o tawag na notipikasyon ukol sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Planuhin ang inyong pagboto sa Nobyembre 3 na eleksyon sa sfelections.org/myelectionnavigator
- Matuto tungkol sa ranked-choice voting (RCV) at subukan ang aming kagamitan para sa pagpapraktis ng RCV sa sfelections.org/rcv
- Kumpiramahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan at i-check ang oras ng paghihintay sa sfelections.org/myvotinglocation

DEPARTMENT OF ELECTIONS

City and County of San Francisco
 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
 City Hall, Room 48
 San Francisco, CA 94102-4608
 Telephone: (415) 554-4375
 TTY: (415) 554-4386
 sfelections.org



NONPROFIT ORG.
 U.S. POSTAGE
 PAID
 SAN FRANCISCO, CA
 PERMIT NO. 2750

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.


Address ng inyong botohan:

Address na Pang-koreo / Mailing Address:




Accessible ba ang pasukan at ang lugar ng botohan?

Manatiling Malusog at Bumoto nang Ligtas, San Francisco!



I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail.

Awtomatikong magpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng balota sa koreo sa lahat ng rehistradong botante sa San Francisco sa Oktubre. Makaboboto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang botante sa Nobyembre 3 na eleksyon.



Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon.

Para mabilang, kailangang mai-postmark ang mga balotang ibinalik sa pamamagitan ng koreo bago o sa Nobyembre 3. Nabayaran na ang selyo ng pambalik na sobre para sa inyong balota na nakalakis sa inyong paketeng vote-by-mail. Bukas ang lahat ng 588 lugar ng botohan para sa pagboto nang personal o paghuhulog ng balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.



Subaybayan ang inyong balota.

Bisitahin ang sfelections.org/voterportal para i-check kung ang inyong balota ay natanggap at nabilang. Maaari din kayong mag-sign up para sa mga notipikasyon sa email, text, o voice alert ukol sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang loob ng pamplet na ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 o sa sfvote@sfgov.org, o bisitahin ang sfelections.org.